ANTING-ANTING

O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala



NENITA D. PAMBID

University of the Philippines Press

O Kung

INTERNATIONAL CENTER SEP 01 2005

ANTING-ANTING:

O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala

O Kung

ANTING-ANTING:

O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala

NENITA D. PAMBID

University of the Philippines Press
2000

Inilathala ng University of the Philippines Press

Karapatang-ari 2000 © Nenita D. Pambid

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring gamitin kapag walang pahintulot mula sa mayhawak ng karapatang-ari, maliban kung kailangang sipiin sa pagsusuri at pagsasaliksik na pang-akademiya.

ISBN 971-542-069-9

Tagapamahala sa Pamamatnugot at Produksiyon:
Laura L. Samson at *Armando Venerando L. Ilowa II*
Disenyo ng Pabalat:
Bones Calleja
Disenyo ng Pahinang Panloob:
Mariposa M. Clemente at *Arwin U. Ayson*
Tinipa ang teksto sa *Classical Garamond*
at ang mga pamagat sa *Corinna* at *CasablancaAntique*
Potograpiya:
Joseph Fortin at *Reuben Torres Domingo*

Inilimbag ng University of the Philippines Press Printery Division

3 1223 06403 2270

Nilalaman

Paunang Salita / xv

I. Introduksyon / 1

II. Si Ka Ambo, si Ka Bert, si Mang Ben at ang Anting-Anting / 33

III. Mga Mito at Simbolismo ng Anting-Anting / 55

IV. Mga Uri ng Anting-Anting / 117

V. Gamit, Oracion, Consagracion at Pag-aalaga ng Anting-Anting / 221

Panghuling Salita ni G. Prospero Covar / 261

Index / 265

Listahan ng mga Larawan

Bilang	Larawan	Pahina
Larawan Blg. 1.1.	Sulat na may tatak ng Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño	2
Larawan Blg. 1.2.	Pabalat ng katalogo ng mga paninda ng Peter's Mystical Book Center sa Avenida, Rizal	4
Larawan Blg. 1.3.	Mensahe ni Demetrio Sibal ng Saldem Commercial Enterprises	4
Larawan Blg. 1.4.	Mga Lihim na Lathalain	12
Larawan Blg. 1.5.	Anting-Anting ni Macario Sakay na matatagpuan sa US National Archives	22
Larawan Blg. 1.6.	Mula sa publikasyon ng Iglesia Watawat ng Lahi, sa kagandahang loob ni Dr. Prospero R. Covar. Ang trespico solo ojos ay simbulo rin ng Katipunan ni Andres Bonifacio.	24
Larawan Blg. 1.7.	Mga Bayani ng Ating Lahi (Iglesia Watawat ng Lahi)	26
Larawan Blg. 1.8.	Ang Bagong Jerusalem na pinaniniwalaang nasa Bundok Banahaw sa kasulukuyan	26
Larawan Blg. 2.1.	Ang "La Compaña" ay mahabang deretsong papel, kulay-puti at itinupi ng pa-trianggulo.	36
Larawan Blg. 2.2	Mga pahina ng notebook ni Ka Ambo sa panggagamot	38
Larawan Blg. 2.3.	Kataastaasang Ina	40
Larawan Blg. 2.4.	Atardar	40
Larawan Blg. 2.5.	Teksto ng panalangin ni Ka Ambo	42
Larawan Blg. 2.6.	Kataastaasang Ina, hindi pa nagsasabog ng biyaya	43
Larawan Blg. 2.7.	Karugtong ng Atardar	44
Larawan Blg. 2.8.	Ang Kadeusan sa Anyong Mata	46
Larawan Blg. 2.9.	Infinito Dios—hindi binyagan na iginuhit sa chaleco. Ipinagpapalagay na ang disenyong ito sa anting-anting ang pinakaluma sa lahat.	47
Larawan Blg. 2.10.	Harap ng chaleco	47
Larawan Blg. 2.11.	Siete Arkangheles (Cavite)	48

Larawan Blg. 2.12.	Siete Arkangheles (Batangas)	48
Larawan Blg. 3.1.	Atardar	56
Larawan Blg. 3.2.	Ang mga Kadeusan mula sa Kataastaasang Ina hanggang kay Bathalang Amang Rizal.	56
Larawan Blg. 3.3.	Ang koronasyon ni Apo Paniang bilang pinuno ng kultong Rizalista.	58
Larawan Blg. 3.4.	Dios na Liwanag	62
Larawan Blg. 3.5.	Panubo	62
Larawan Blg. 3.6.	Dios Animasola	62
Larawan Blg. 3.7.	Kanunununuan Infinito Dios	64
Larawan Blg. 3.8.	Labing-anim na espiritu	64
Larawan Blg. 3.9.	Uph Madac (babae) hawak ang liwanag ng araw at Abo Natac (lalake) hawak ang liwanag ng buwan	65
Larawan Blg. 3.10.	Araw at Buwan	65
Larawan Blg. 3.11.	Anim na espiritung ginawa ng Infinito Dios—nakakalikha at nakakawasak	66
Larawan Blg. 3.12.	Siete Arkangheles	66
Larawan Blg. 3.13.	Pitong Arkanghel na hindi binyagan	67
Larawan Blg. 3.14.	Luzbel o Lusbel o Luxbel o Becca (Lucifer)	68
Larawan Blg. 3.15.	Diez Mundos	68
Larawan Blg. 3.16.	Dalawa sa Pitong Susi	70
Larawan Blg. 3.17.	7 Llaves	70
Larawan Blg. 3.18.	Tatlong Persona ng Bulaklak	72
Larawan Blg. 3.19.	Santisima Trinidad	72
Larawan Blg. 3.20.	Consistorio del Santisima Trinidad	72
Larawan Blg. 3.21.	Pitong Kanunuan	74
Larawan Blg. 3.22.	Iba't Ibang Anyo ng Animasola	75
Larawan Blg. 3.23.	Tatlong Persona ng Bulaklak	76
Larawan Blg. 3.24.	Lumarat Laum (bersyon na galing sa *Logos*)	77
Larawan Blg. 3.25.	Sator	79
Larawan Blg. 3.26.	Si Pilato	84
Larawan Blg. 3.27.	Si Becca hawak ang alak at nilalasing ang mundo—simbolo ng materyalismo.	85
Larawan Blg. 3.28.	Tatlong Persona	88
Larawan Blg. 3.29.	Siete Arkangheles	90
Larawan Blg. 3.30.	Limang Kadeusan	92
Larawan Blg. 3.31.	Bulaklak ng Langit	94
Larawan Blg. 3.32.	Santisimo—Abonatac Uph Madac Dalawang Tao sa Litid ng Mundo	97

Larawan Blg. 3.33.	Ang Kasaysayan ng Unang Paglikha	98
Larawan Blg. 3.34.	Dalawang anyo ng matang may pakpak	102
Larawan Blg. 3.35.	Infinito Dios pang-combate	102
Larawan Blg. 3.36.	Infinito at Animasola	104
Larawan Blg. 3.37.	Infinito Dios—hindi binyagan	104
Larawan Blg. 3.38.	Facsimile de un Amuleto Tagalo	110
Larawan Blg. 3.39.	Adonay	110
Larawan Blg. 3.40.	Ang Sator sa Hebreo	112
Larawan Blg. 3.41.	Anting-Anting na Adonay na may kabalistikong inskripsyon	112
Larawan Blg. 3.42.	Kabalistikong Pentacles na nagsisilbing talisman	113
Larawan Blg. 4.1.	Dios Ama / Sator	127
Larawan Blg. 4.2.	Espiritu Santo / Sator	127
Larawan Blg. 4.3.	Infinito Dios Hindi Binyagan / Apat na Evangelista	127
Larawan Blg. 4.4.	Infinito Dios (Bihis o Binyagan) / Apat na Evangelista	128
Larawan Blg. 4.5.	Dios Ama at Mundo (baligtaran)	128
Larawan Blg. 4.6.	Infinito Dios (The God Infinite, Deus Infinito Hindi Binyagan) / Santisimo	128
Larawan Blg. 4.7.	STM Solo Mata (Infinito Dios Apat na Evangelista Walang Hanggan) / Animasola Mata ng Infinito (Mystic Eye with Wings)	129
Larawan Blg. 4.8.	San Zibar / Infinito	129
Larawan Blg. 4.9.	Ama Araw / Sagrada Corazon (Dios Ama)	129
Larawan Blg. 4.10.	Dignum Crucis / Mata (The Worthy Man's Amulet)	130
Larawan Blg. 4.11.	Matang Baligtaran o Lampasan	130
Larawan Blg. 4.12.	Dios Ama Supot ng Pera Kabilaan	130
Larawan Blg. 4.13.	Mata / Ina Tumatakas kasama ang Niño	133
Larawan Blg. 4.14.	Atardar Baligtaran (Ama / Birhen)	133
Larawan Blg. 4.15.	Infinito / Siete Virgenes	133
Larawan Blg. 4.16.	Alpha-Omega (Ama't Ina) / Mata ng Birhen	134
Larawan Blg. 4.17.	Araw / Cinco Vocales (Ama, Anak, Birhen)	134
Larawan Blg. 4.18.	Araw / Cinco Vocales (antigo, Bantug)	135
Larawan Blg. 4.19.	Araw / Cinco Vocales (bago, gawang Laguna)	135
Larawan Blg. 4.20.	Cinco Reales Baligtaran	136
Larawan Blg. 4.21	Crus ng Ama (7 Brasos, 7 Kapangyarihan ng Ama) / 9 pangalan ng Birhen	136
Larawan Blg. 4.22.	Mata (Ama) / Lukob (Ina)	137
Larawan Blg. 4.23.	Tetragramaton / Kataastaasang Ina (Nagsabog ng Biyaya)	137

Larawan Blg. 4.24.	Portuguez (San Zibar) / Dios Ama-Ina	138
Larawan Blg. 4.25.	Dios Ama / Birhen	138
Larawan Blg. 4.26.	Mata-Araw (Araw, Ama) / Anak	141
Larawan Blg. 4.27.	Santisimo / Santo Niño	141
Larawan Blg. 4.28.	Dios Ama nakaupo sa bato (Dios Ama at Mundo, God the Father Ruler of the World) / Salvador del Mundo (Jesus Savior of the World)	141
Larawan Blg. 4.29.	7 Llaves (Ama/Anak iisa ang kapangyarihan, timbang—iba't ibang panahon, iba't ibang anyo ni Kristo) / 7 Bakas, 7 Hari, 7 Arkangheles	142
Larawan Blg. 4.30.	7 Llaves (Ama-Anak) 7 Virgenes / 7 Bakas	142
Larawan Blg. 4.31.	Tres Ojos (Ama, Anak, Ina) [baligtaran]	145
Larawan Blg. 4.32.	Mata (Ama, Anak, Espiritu Santo) / Cruz (Anak)	145
Larawan Blg. 4.33.	Mata / Santisima (Birhen)	146
Larawan Blg. 4.34.	Mata ng Santisima Trinidad (Apat na Evangelista) / Santisima Trinidad	146
Larawan Blg. 4.35.	Mata (Ama) / Santisima (Birhen) Virgin Mary	147
Larawan Blg. 4.36.	Tatlong Persona (baligtaran) AHA-JAH	147
Larawan Blg. 4.37.	Tatlong Persona (kabilaan, tatsulok)	148
Larawan Blg. 4.38.	Tatlong Persona / Pagkabuhay	148
Larawan Blg. 4.39.	Tatlong Persona / Anak Salvador del Mundo	148
Larawan Blg. 4.40.	Tatlong Nuno (baligtaran)	151
Larawan Blg. 4.41.	Tatlong Nuno (wala sa likod)	151
Larawan Blg. 4.42.	Sagrada Familia / San Roque (antigo, 1576)	152
Larawan Blg. 4.43.	Sagrada Familia / San Roque (IETGA)	152
Larawan Blg. 4.44.	Sagrada Familia / San Jose	152
Larawan Blg. 4.45.	Sagrada Familia / Santisimo (malaki)	153
Larawan Blg. 4.46.	Sagrada Familia / Santisimo (antigo)	153
Larawan Blg. 4.47.	Sagrada Familia / Santisimo (maliit)	153
Larawan Blg. 4.48.	Sagrada Familia / Tatlong Persona	154
Larawan Blg. 4.49.	Sagrada Familia (baligtaran)	154
Larawan Blg. 4.50.	Sagrada Familia (baligtaran, antigo)	154
Larawan Blg. 4.51.	Sagrada Familia (baligtaran, malaki)	155
Larawan Blg. 4.52.	Sagrada Familia / Birheng Nakatuntong sa Buwan (The Immaculate Conception)	155
Larawan Blg. 4.53.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, maliit)	156
Larawan Blg. 4.54.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, malaki)	156
Larawan Blg. 4.55.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, estrelya)	156
Larawan Blg. 4.56.	Apat na Evangelista / Santiago de Galicia	159

Larawan Blg. 4.57.	Espiritu Santo / San Jose	160
Larawan Blg. 4.58.	Immaculate Conception / Miraculous Medal	163
Larawan Blg. 4.59.	Birhen Concepcion sa Kamay (wala sa likod)	163
Larawan Blg. 4.60.	Virgen Infinita na may Labindawalang Bituin (wala sa likod)	163
Larawan Blg. 4.61.	Virgen Infinita na May Labindalawang Bituin (wala sa likod)	164
Larawan Blg. 4.62.	Tatlong Corona (baligtaran)	164
Larawan Blg. 4.63.	Birhen Concepcion Magkadaop-palad (wala sa likod)	165
Larawan Blg. 4.64.	Birhen Concepcion (Tagunton)	165
Larawan Blg. 4.65.	Birhen Concepcion (Hindi pa nagsasabog ng biyaya; kopya)	165
Larawan Blg. 4.66.	La Purisima (wala sa likod)	166
Larawan Blg. 4.67.	Perpetual Help (baligtaran)	166
Larawan Blg. 4.68.	Madonna at Anak (antigo, baligtaran)	166
Larawan Blg. 4.69.	Solam Mitam o Matum / Egredeum Edere (The Mystic Eye with Three Virtues)	167
Larawan Blg. 4.70.	Solam Mitam o Matum (Peter's)	167
Larawan Blg. 4.71.	Tatlong Birhen (baligtaran)	168
Larawan Blg. 4.72.	Birhen Concepcion (baligtaran, bilog)	168
Larawan Blg. 4.73.	Birhen Concepcion / Pagkabuhay (malaki)	171
Larawan Blg. 4.74.	Birhen Concepcion / Pagkabuhay (maliit)	171
Larawan Blg. 4.75.	Crus Infinita (Birhen) / Cruz Infinita (Kristo)	172
Larawan Blg. 4.76.	HAH (Birhen) / JAH (Kristo)	172
Larawan Blg. 4.77.	Birhen Nagpapasuso (The Virgin of Honor) / Pagkabuhay	172
Larawan Blg. 4.78.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (malaki)	173
Larawan Blg. 4.79.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (luma nang kaunti)	173
Larawan Blg. 4.80a.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (antigo)	173
Larawan Blg. 4.80b.	Birhen Nagpapasuso / Pagkabuhay (maliit)	174
Larawan Blg. 4.81.	Del Carmen / Sacred Heart	174
Larawan Blg. 4.82.	Birhen ng Antipolo / Nazareno	174
Larawan Blg. 4.83.	Birhen Concepcion / San Jose	177
Larawan Blg. 4.84.	Birhen / Kalansay	178
Larawan Blg. 4.85.	Salvador del Mundo / Mata Niño	181
Larawan Blg. 4.86.	Santo Niño na may Ari at Santo Niño nakatapak sa mundo (isinusupot)	181
Larawan Blg. 4.87.	Santo Niño na may Ari (may sabitan)	182

Larawan Blg. 4.88.	Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]	182
Larawan Blg. 4.89.	Kamay na May Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]	183
Larawan Blg. 4.90.	Kamay na May Santo Niño (nakahubad) [wala sa likod]	183
Larawan Blg. 4.91.	Kristo Rey Nakaupo sa Trono (baligtaran)	184
Larawan Blg. 4.92.	Kristo Nakaupo sa Trono (bago, malaki, baligtaran)	184
Larawan Blg. 4.93.	Santo Kristo (baligtaran, antigo)	185
Larawan Blg. 4.94.	Santo Kristo (baligtaran, krus)	185
Larawan Blg. 4.95.	Dios Anak (baligtaran, bilog)	185
Larawan Blg. 4.96.	Apat na Paco (modern French version) / Isang uri ng Santo Kristo	186
Larawan Blg. 4.97.	Santo Kristo / (may likod)	186
Larawan Blg. 4.98.	Santo Kristo (baligtaran)	186
Larawan Blg. 4.99.	Ecce Homo / (likod) [maliit, ulo lang]	187
Larawan Blg. 4.100.	Ecce Homo (kabilaan)	187
Larawan Blg. 4.101.	Ecce Homo (nakatingala)	187
Larawan Blg. 4.102.	Santo Sepulcro (walang likod, may oliba)	188
Larawan Blg. 4.103.	Nazareno / Gabay ng Jihos Jesus	188
Larawan Blg. 4.104.	Crus na Bituin / Alpha-Omega	189
Larawan Blg. 4.105.	Iresumad / Matat	189
Larawan Blg. 4.106.	Iresumad / Matat (antigo)	189
Larawan Blg. 4.107.	Jesus Rizal (may likod paris ng rebulto)	190
Larawan Blg. 4.108.	Jesus Cristus (may likod paris ng rebulto)	190
Larawan Blg. 4.109.	Cordero ng Dios (baligtaran)	190
Larawan Blg. 4.110.	Anghel (may likod tulad ng rebulto)	193
Larawan Blg. 4.111.	Siete Arkangheles Mindanao (baligtaran)	193
Larawan Blg. 4.112.	San Rafael (may likod tulad ng rebulto)	194
Larawan Blg. 4.113.	San Rafael (may isda, may likod tulad ng rebulto)	194
Larawan Blg. 4.114.	Anghel sa lupa (kerubin) [may likod tulad sa rebulto]	195
Larawan Blg. 4.115.	San Miguel / Santiago de Galicia (malaki)	195
Larawan Blg. 4.116.	San Miguel / Santiago de Galicia (antigo, Bantug)	195
Larawan Blg. 4.117.	San Miguel / Santiago de Galicia (bago)	196
Larawan Blg. 4.118.	San Miguel / Santiago de Galicia (maliit)	196
Larawan Blg. 4.119.	San Miguel / San Cristobal	196
Larawan Blg. 4.120.	San Antonio de Padua (walang likod)	199
Larawan Blg. 4.121.	San Antonio de Padua (baligtaran)	199
Larawan Blg. 4.122.	San Pedro (rebulto na may sabitan) [baligtaran]	200
Larawan Blg. 4.123.	San Pedro (susi) / San Cristobal	200

Larawan Blg. 4.124.	Susi sa Langit (buo)	200
Larawan Blg. 4.125.	San Benito / Crus (maliit)	201
Larawan Blg. 4.126.	San Benito / Crus (malaki)	201
Larawan Blg. 4.127.	Pugot na Ulo ni San Pablo (baligtaran, Bantug)	201
Larawan Blg. 4.128.	San Cristobal (baligtaran, Bantug)	202
Larawan Blg. 4.129.	San Jose Tungkod (baligtaran)	202
Larawan Blg. 4.130.	Trompeta / San Jose	202
Larawan Blg. 4.131a.	Cavan / Susi	203
Larawan Blg. 4.131b.	Holy Peso. Señor Patriarca San Jose / Un Peso Sagrado y Verdadero (Magkakrus na Susi at Tatlong Korona, Roma 1000)	203
Larawan Blg. 4.131c.	Patriarca Señor San Jose, Virtude Comercio, Holy Pesos. Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1101. Libertad Silver, 40 mm. (May araw sa ibabaw ng dalawang magkakrus na susi) [baligtaran]	204
Larawan Blg. 4.131d.	Holy Peso. Patriarca Señor San Jose. Virtude Commercio / Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1001	204
Larawan Blg. 4.132.	Santiago de Galicia (rebulto)	204
Larawan Blg. 4.133.	Jehova Saday (pangalan ni Satanas; kaliwa; baligtaran)	207
Larawan Blg. 4.134.	Dragon Rojo (Bantug)	208
Larawan Blg. 4.135.	Kambal Tuko (One Lover Talisman) [walang likod]	211
Larawan Blg. 4.136.	Puting Duwende na Nagbibigay ng Suwerte, Babae at Lalaki May Supot (rebulto)	211
Larawan Blg. 4.137.	Agila / Lucky Piece (bahay ng honeybee)	211
Larawan Blg. 4.138.	Nag-aararo / Babae't Lalaki	212
Larawan Blg. 4.139.	Buddha (rebulto)	212
Larawan Blg. 4.140.	Maharajah's Mascot (baligtaran)	212
Larawan Blg. 4.141.	Talisman Venus (baligtaran)	213
Larawan Blg. 4.142.	Wheel of Fortune (baligtaran)	213
Larawan Blg. 4.143.	Tree of Life (baligtaran)	213
Larawan Blg. 4.144.	Seal of Jupiter (baligtaran)	214
Larawan Blg. 4.145.	Mascot "Good Luck" Charm (baligtaran) / Doce Zodiacos Horseshoe	214
Larawan Blg. 4.146.	Kamatayan (Bungo) / simbolo ng Masoneriya (baligtaran)	214
Larawan Blg. 5.1.	Birhen / Pagkabuhay (Replika ng anting-anting ni Apo Ipe)	222
Larawan Blg. 5.2.	Ang Anting-anting ni Heneral Tagunton	224
Larawan Blg. 5.3.	Cinco Vocales Koronados	226

Larawan Blg. 5.4.	Enerium Matam	227
Larawan Blg. 5.5.	Gloria Altissimo Deus	227
Larawan Blg. 5.6.	Sator Koronados	228
Larawan Blg. 5.7.	Mula sa katologo ng Peter's Mystical Center	230
Larawan Blg. 5.8.	Panalangin kay San Benito	230
Larawan Blg. 5.9.	Patalastas ng Peter's Mystical Book Center	231
Larawan Blg. 5.10.	Oracion ng San Miguel Santiago at Sagrada Familia at Santisimo	241
Larawan Blg. 5.11.	Oracion sa 7 Llaves	241
Larawan Blg. 5.12.	Oracion ni Ka Ambo na pang-consagra	244
Larawan Blg. 5.13a.	Pamamaraan ng consagracion ng Peter's Mystical Book Center (Ingles at Tagalog)	245
Larawan Blg. 5.13b.	(karugtong) Mga Panalangin	245
Larawan Blg. 5.14.	Aklat Secreto ng Kabalistico	246
Larawan Blg. 5.15.	Pagkokonsagra	247
Larawan Blg. 5.16.	Infinito Deus	250
Larawan Blg. 5.17.	Pag-aalaga ng Anting-Anting	251

Paunang Salita

Noong panahon ng Rebolusyong 1896, may mga ulat na may itinatagong anting-anting ang ilang rebolusyonaryong Pilipino. Tampok sa mga anting-anting na ito ang tinatawag na "Santisima Trinidad," ipinagpalagay na ginamit nina Emilio Aguinaldo at iba pang opisyal ng hukbong rebolusyonaryo. Ang ginamit naman ni Andres Bonifacio ay ang "Santiago de Galicia/Birhen del Pilar" at kay Antonio Luna, ang "Virgen Madre."

Noon namang panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, natagpuang suot ng isang nasawing "insurrecto" ang isang chaleco na may nakaguhit na larawan ng Infinito Dios at itinuturing iyon na isa ring anting-anting.

Ipinahihiwatig sa mga halimbawang ito, lalo na sa larawan ng Infinito Dios, na naging makabuluhan ang anting-anting sa saloobin ng mga Pilipino sa kanilang pakikipaglaban sa mga dayuhan para ipagtanggol ang Inang Bayan. Sapagkat hindi nakamtan ng masang Pilipino ang tunay na kalayaan at pagkakapantay-pantay, sinikap nilang matamo ang mga iyon sa ibang paraan. Ang mga maralita't api—na walang kapangyarihan dahil sa kahirapan—ay sumapi sa iba't ibang mga samahan at kapatirang milenaryo upang magtamo ng di-karaniwang kapangyarihan.

Noong 1967, ang Lapiang Malaya sa pamumuno ni Valentin "Tatang" de los Santos ay humingi ng mga pagbabago sa administrasyon ni Ferdinand E. Marcos. Mga itak at anting-anting lamang ang hawak nila nang walang-awa silang paslangin ng mga awtoridad.

Sa kasalukuyan, ang anting-anting ay ginagawa nang maramihan upang magtamo ng katuparan ang iba't ibang pangangailangan sa buhay, mapabanal man o hindi—*sacra* o *profana*. Ganito ang makikita sa mga katalogong ipinamamahagi nang libre sa Peter's Mystical Book Center at sa Saldem Commercial Enterprises, mga katalogong ipinagbibili naman ng ilang tindera ng anting-anting sa Quiapo. Ginagamit ang anting-anting sa pagpapagaling ng nakulam o naengkanto, sa panggagayuma, at maging sa panggagamot. May mga anting-anting na pinaniniwalaang nakapagbibigay proteksyon laban sa mga kapahamakan tulad ng bagyo, lindol, sunog, aksidente, at pananambang. Ang ilan naman ay sinasabing panlaban sa masasamang espiritu tulad ng nuno sa punso, tikbalang, duwende, lamang lupa atbp. May ginagamit din para suwertihin, umunlad ang negosyo, makapasa sa eksamen, maging maligaya at matiwasay ang pamumuhay ng pamilya, madaling makapanganak, o maging ligtas sa sakuna kung naglalakbay.

Ang panampalataya sa Nuno o Bathalismo ang katutubong pananampalataya ng mga Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila. Ito ang mitong pinaniniwalaan ng mga milenaryo sa Banahaw at ng iba pang samahan sa Maynila't karatig na lugar at maging ng mga taong naniniwala sa kapangyarihan ng anting-anting. Ngunit sa paglipas ng panahon, ang Dios-na-Tatlong-Persona-sa-Iisang-Dios—na ipinakilala ng mga Kastila sa mga Pilipino—ay maaaring "isinakatutubo" at inangkin ng mga Pilipino, o maaaring naging Hispanisado o inihulog (?) sa Kastila si Bathala.

Ayon sa kuwento, ang Infinito Dios ang una at pinakamakapangyarihan sa lahat. Lumikha siya ng dalawampu't apat na banal na mga espiritu at doo'y kanyang pinili ang Tatlo na nakilala sa mga tawag na: Talong-Persona-sa-Iisang-Dios, Sagrada Familia, at Santisima Trinidad. Ang Tatlo ay kanyang kinatulong at pinaganap sa kanyang mga planong paglikha na ginawa nila ni Maria o *Gumamela Celis*.

Nang mag-usap ang Tatlong Persona—Dios Ama, Dios Anak at Dios Espiritu Santo—tungkol sa mga bagay na kanilang nilikha, biglang nakisali at nakipagtaguan sa Tatlo ang Nuno o Infinito Dios. Buo ang akala ng Tatlo na sila ang nauna at may karapatang magplano ng mga lilikhain. Hindi nila nalalaman na naplano na pala ang lahat bago pa man sila nalikha.

Lubhang naguluhan ang Tatlong Persona sa misteryosong tinig na kanilang narinig at sa kanilang mga nakita: anyong matang may pakpak, liwanag, at isang matandang lalaki. Habang hinahabol ng Tatlo ang mahiwagang tinig, nagpalitan sila ng mga oracion o makapangyarihang salita hanggang makarating sa pintuan ng langit. Sa yugtong ito, ang Tatlong Persona ay tatawaging "Sagrada Familia."

Hindi alam ng Tatlong Persona na nagmula sila sa Iisang Dios—ang Nuno—na ang Dios Ama ay anak ng Nuno, at ang Dios Anak ay apo. Sapagkat hindi ito alam, ninais nilang sakupin at binyagan ang napagkamalan nilang diyos ng mga ereje upang mailigtas. Natapos ang habulan nang pumasok ang Nuno sa Bundok Boord. Pagkatapos ng labanan at batuhan ng mga oracion, at sa mabuting pakiusap, pumayag na magpabinyag ang Nuno (walang iniwan sa isang nakatatandang nagpapaunlak sa kahilingan ng isang nakababata) subalit gagawin ito sa pamamagitan ng sarili niyang kapangyarihan.

Inilabas ng Nuno ang kanyang daliri sa bato upang mabinyagan, tulad ng nakalarawan sa anting-anting na Infinito Dios. Gayunman ang nangyari, sinasabi ng isang kahiwagaan na hindi talaga nabinyagan ang Nuno.

Tatlo ang pinagmulan ng kuwento kung paano nakipaglaban ang Tatlong Persona sa Nuno, at kung paanong ang mito at ang mga oracion ay matatagpuan sa simbolismo ng anting-anting na Infinito Dios. Mabibili ang gayong anting-anting sa mga naglalako ng aklat-dasalan, kandila at medalyon sa Quiapo. Ang tatlo: (1) Melencio T. Sabino, *Secreto: Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan*

(walang palimbagan, 1950); (2) M.T. Sabino, *Karunungan ng Diyos* (1955); at (3) *Kasaysayan ng Langit Kapangyarihan Laban sa Kasamaan.*

Makikita mula sa teksto ng mito ng Infinito Dios ang iba't ibang kapangyarihan na ipinagpapalagay na taglay ng anting-anting na Infinito Dios. Maaaring gamitin ang anting-anting ng sinumang marunong magpaandar ng kapangyarihan at mag-aalaga nito.

Masasapantaha na nahirapang unawain ng katutubong isipan ang konsepto ng Tatlong-Persona-sa-Iisang-Dios, kung saan ang ikalawang personang si Jesus ay may mga magulang na karaniwang tao. Upang maging malinaw sa isipan, ang Tatlong Persona (*Holy Trinity* o Sagrada Familia) ay pinag-isa sa Nuno o Bathala at binigyan ng pangalang Kastila: Infinito Dios. Sinasabi ng mito na ang Infinito Dios ang una at pinagbubukalan ng lahat ng kapangyarihan; sa gayon, nawawala ang alinlangan sa isip na nililikha ng hiwaga ng Tatlong Persona o Santisima Trinidad, at ng Sagrada Familia (ang taong pamilya ni Jesus na ikalawang persona). Pinag-isa ng mito ang katutubong paniniwala sa mga anito (o pagsamba sa mga ninuno) at ang pananampalatayang Katoliko na dala ng mga Kastila; sa gayon, ginagawang Nuno at pinagmulan ng Kastilang Dios ang katutubong Dios na pinakamakapangyarihan sa lahat na si Bathala o Infinito Dios.

Masasabi na ang Infinito Dios o ang Nuno (katutubong Bathala ng mga Tagalog) ay ang henyo o galing ng mga Pilipino na napasok sa bato o anting-anting, na kailan man ay hindi nakapamulaklak at nakapanaig dahil sa kahirapan at kawalan ng kapangyarihan.

Ang patuloy na paniniwala sa kapangyarihan ng anting-anting sa lipunang Pilipino ay paalala na kinakailangan ang isang tunay na pagbabago tungo sa tunay na kalayaan at kaginhawahan ng masang Pilipino.

Salamat sa pagnanasang unawain at alamin ang kultura ng anting-anting. Ang anting-anting ay paksang kinatatakutan at sa matagal na panahon ay ipinagpapalagay na para lamang sa mga mangmang at hindi nakapag-aral. Pakikinabangan ng ibig umunawa sa pagkataong Pilipino ang pagdulog sa daigdig ng kababalaghan na ipinahihiwatig ng mga medalyong tansong kakikitaan ng mga simbolong pinaghalong Pilipino at Kristiyano.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga natipong kuwento at karanasan tungkol sa anting-anting mula sa mga nagtitinda, gumagawa, at gumagamit nito. Salamat kina Ka Ambo, Mang Bert, at Mang Ben sa pagtuturo sa akin ng mga libro at librito ng anting-anting na naglalaman ng mga mito na nakaukit sa mga mukha ng medalyon na mabibili sa pintuan ng simbahan ng Quiapo.

Mayroong limang kabanata ang aklat. Ang unang kabanata ay naglalahad ng mga naunang pag-aaral at pala-palagay tungkol sa anting-anting at ng kaugnayan

nito sa Rebolusyong 1896. Ang ikalawang kabanata ay tungkol kina Ka Ambo, isang manggagamot sa Pateros, Ka Bert na nagtitinda ng medalyon sa pintuan ng simbahan ng Quiapo, at Mang Ben na manggagawa ng medalyon sa Cavite at ang kanilang paniwala sa nagagawa o bisa sa kanilang buhay ng anting-anting o medalyon. Ang ikatlong kabanata ay nauukol sa mga mito ng Infinito Dios at Dios Ina at ng plano ng paglikha ng daigdig. Masalimuot ang mga mito na pinaghalong Kristiyano at Pilipino na nagtuturo ng kapangyarihan na maaring pakilusin sa paggamit ng anting-anting. Sa kuwento, ang pinakamakapangyarihan at bukal ng lahat ng kapangyarihan ay ang Infinito Dios o Bathala, ang Dios ng mga Tagalog. Ang ikaapat na kabanata naman ay klasipikasyon ng anting-anting ayon sa kadeusan na nakalimbag sa medalyon. Ang ikalimang kabanata ay nauukol sa gamit, oracion, consagracion o pagpapaandar ng bisa o kapangyarihan, at pag-aalaga ng anting-anting upang manatili ang bisa nito. Sa gamit, titingnan ang kabuluhan ng anting-anting sa Rebolusyong 1896 at sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Banal at dakila ang gamit ng anting-anting bilang pananggalang at sandata laban sa mga dayuhang mananakop. Sa kasalukuyan, nagiging sacra-profana ang gamit ng anting-anting.

Ang paglalakbay sa daigdig ng anting-anting ay mahirap dahil lihim na karunungan, at hindi maaaring pag-eksperimentuhan dahil sa paniwalang hindi dapat paglaruan ang kapangyarihan ng Kadeusan. Maaari lamang silang tawagan sa oras ng pangangailangan.

Ang pakahulugan at pananaw na inihahatag sa pananaliksik na ito ay mula sa isang kapos na isipan at isa lamang sa maraming maaaring ipakahulugan sa henyo ng Pilipinong sinasagisag ng anting-anting.

Tita Pambid
Daly City, California

ANTING-ANTING:

O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala

1

Introduksyon

Ang pananaliksik na ito sa anting-anting ay nagsimula sa pag-aaral ko sa tatlong "manggagamot" noong 1987. Ang tatlo ay kaugnay sa Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño na matatagpuan sa Kalye G. de Borja sa Pateros, Metro Manila. Una'y si Sister Jean. Ikalawa'y si Ka Ambo, ang gumamot sa ispiritwal na pagkakasakit ni Sister Jean (bago siya naging manggagamot mismo). Ang huli'y si Ka Felix, ang nagturo kay Ka Ambo at Sister Jean ng kanyang nalalaman sa panggagamot. Kay "Tatang" o Valentin de los Santos ng Lapiang Malaya natuto si Ka Felix.

Noon, hinahanap ko ang katutubong kalinangang Pilipino—o ang mga labi nito—na hindi natangay ng pananalakay ng kulturang kanluranin at pinag-aralan kung paano ito nakakaapekto sa kasalukuyang pamumuhay ng mga Pilipino. May sapantaha ako na makikita ito sa mga albularyo o sa mga katutubong manggagamot na walang kaugnayan sa simbahang Katoliko. Sila yaong tinatawag na "manggagamot na ualang pinag-aralan" sa mga katha ni Isabelo de los Reyes na nalimbag sa pahayagang *La Lectura Popular* noong 1890.[1] Subalit ayon kay Ka Ambo: "Sabi ng Espiritu, kami'y *divine healers*. Hindi albularyo, hindi espiritista, hindi yung nag-oopera, at hindi rin *faith healers*. Siya ang lulutas, ipaubaya sa Kanya kung ano ang ipaisip."

Una kong naging kaibigan si Sister Jean, nagtatag ng Samahang Santo Niño noong 1978. Nakilala ko siya sa pamamagitan ng kaibigan kong si Agnes Prieto Levin, information attaché noon sa embahada ng Pilipinas sa Beijing, People's Republic of China. Noong bandang 1983, ayon kay Agnes, may dati siyang kasamahan sa Ministry of Human Settlements noong panahon ni Marcos na laging tumatawag sa telepono. Sinasabi nito na may gagawin daw siya (Agnes) sa China at parating binabanggit ang Santo Niño. Hindi pa niya kilala si Sister Jean noon. Kung pagbabalikan sa isipan kung paano kami nakarating sa templo ng Santo Niño sa Pateros noong 1987, waring pinagtiyap ng pagkakataon ang lahat ng nangyari sa akin.

Si Yael, isang Israeli na kaibigan ng anak ni Eli Levin (asawa ni Agnes) ay bisita sa kanilang tahanan. Sumama sa Pilipinas si Yael upang hanapin ang tirahan ni Jean. Ayon kay Agnes, may ginamot si Jean sa Israel sa pamamagitan ng *distance healing* at dahil dito, gustong magpaturo ni Yael kay Jean ng panggagamot. Madali namang nakita ni Mang Juan, drayber ni Agnes, ang bahay ni Jean. Ang pagkikitang ito ang simula ng pagkakaibigan naming tatlo.



Samahang Santisima Trinidad
Samahang Sto. Niño
800 G. de Borja Street
Pateros, Metro Manila
Philippines

10 JUNE '9[illegible]
ISRAEL

STO NIÑO SOCIETY, HONGKONG

Sa Mga Minamahal Kong Kapatid
na nananampalataya kay CRISTO JESUS;
STO. NIÑO,

Una sa lahat ang taos puso kong [illegible] at pagbati sa inyo. [illegible] Banal na Benaisyon ng Ating Dakilang [illegible] ang [illegible] Diyos ay [illegible] sumainyo at ang biyaya ng kanyang dakilang [illegible] sa ating mga [illegible]. At [illegible] ang [illegible] hanggang kailanman habang tayo ay nabubuhay, at higit sa lahat sa [illegible] mapasama sa kanyang kaharian sa buhay na walang hanggan.

My dear Brother and Sister In Christ [illegible] these words because as [illegible] the [illegible], we [illegible] the Birth and [illegible] of Our Dear Lord Jesus [illegible] the salvation of mankind for whom He dearly loves [illegible]

"SO GOD CREATED MANKIND (HUMAN BEINGS) AS TO HIS LIKENESS."
— GENESIS: 1 27

Habang ako ay [illegible] sa Banal na [illegible] ng JERUSALEM (YERUSHALAYIM ang [illegible]) na kung saan [illegible] ang [illegible] sa buhay ng ating Panginoong Jesus,

Larawan 1.1. Sulat na may tatak ng Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño

Nang magpakilala si Agnes kay Jean, kapwa sila namangha: nasa address book ni Jean ang pangalan ni Agnes at ang address niya sa Beijing. May hinuha si Agnes na ang kaibigan niyang si Agnes Ver—manugang ni Fabian C. Ver, dating chief of staff ng Armed Forces of the Philippines—ang nagbigay ng impormasyon kay Jean. Si Agnes Ver, at ang iba pang asawa ng mga opisyal ng militar, ay matagal nang nagpupunta kay Sister Jean lalo na sa mga panahong may kailangan silang gawing mahalagang desisyon. Sa katunayan, si Ver ay regular na kumukonsulta at nagbibigay ng gamot, salapi, at iba pang tulong sa Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño.

Sa pagmamasid at pakikisalamuha sa kanila, sa pagsama sa kanilang mga lakad, ay naging kapalagayang-loob ko sila. Natuklasan ko rin na gumagamit sila ng mga oracion at panalangin. Ang mga iyo'y maingat na isinulat sa kani-kanilang notebook na itinatago at inuorasyunan upang hindi mapasakamay at masalaula ng mga taong hindi karapat-dapat makagamit nito. Ang mga oracion ay kaloob ng mga espiritu, gaya ng Espiritu Santo, Dios Ama, Anak, Ina, Santo Niño, Nazareno, Sacred Heart, Amang Doctor Rizal, at iba pa. Ayon kay Ka Ambo, ang ilan sa mga oracion ay galing pa sa ilang paring Heswita, ngunit ang mga sangkap at materyal ay katutubo. Napasakanila ang mga ito sa pamamagitan ng panaginip o kaya'y isinadiwa, naisip, nagmula sa kalikasan, ibinahagi ng kapwa mag-aaral sa ispiritwal, o nakuha sa panggagamutan.

Hindi makasasapat ang ganitong paliwanag sa makaagham na pamamaraan kaya sinikap kong ugatin ang pinagmulan ng mga oracion, hanggang matatanggap ng aking pag-iisip, pag-iisip na nahirati sa mga pamamaraan ng pormal na pag-aaral at iba pang mga konseptong kanluranin.

Sa aking paghahanap, humantong ako sa mga nagtitinda ng anting-anting sa pintuan ng simbahan ng Quiapo. Nakilala ko ang magbilas na Aling Cora Reyes at Ka Bert Lopez-Santos. Sa kanila ko nakuha ang karamihan ng mga librito ng oraciones patungkol sa kung paano gagamitin ang anting-anting. Sila rin ang nagpakilala sa akin kay Soli Topacio, ang nagdedeliber ng mga medalyon sa kanila. Si Soli ay pamangkin ni Mang Ben Herrera, ang gumagawa ng mga medalyon. Ang nagpalaganap naman ng gamit ng medalyon ay ang tiyo ni Mang Ben: si Tandang Ano o Icasiano Nasaire. Si Tandang Ano rin ang nagtatag ng samahang AKO, kung saan nag-aral si Ka Bert at si Mang Ben ng mga bagay na ispiritwal. Ang samahang AKO ay nasa Tagaytay, malapit sa daan papuntang Development Academy of the Philippines (DAP). Doon, hinihintay nila ang pagkagunaw ng mundo na diumano'y mangyayari sa taong 1995.[2]

Bukod kay Tandang Ano at Mang Ben, itinuro rin sa akin ni Ka Bert ang Peter's Mystical Book Center sa Avenida Rizal (malapit sa Goodwill Book Store), tulad ng nabanggit na ni Ka Ambo. Doon kumukuha si Ka Bert ng ilang librito.



Larawan 1.2.
Pabalat ng katalogo ng mga paninda ng Peter's Mystical Book Center sa Avenida, Rizal


SALDEM COMMERCIAL ENTERPRISES
2940 Anak Bayan, Paco, Manila 2802
Tel. No. 59-25-76

PLEASE NOTE: Customer living outside the Philippines
REGISTERED AIR MAIL
Prices listed in our catalog x 4

A PERSONAL MESSAGE

Dear friend:

First, let me extend to you my sincerest wishes and hope that you are enjoying God's everyday Blessings.

I sincerely hope that the following information concerning our rare books will help you solve your personal problems and create a wonderful new happiness in life.

They are all selected from the most dependable firms which I have contacted locally and abroad with the idea of helping you to have the satisfaction of owning these high quality merchandise. This is being done by MAIL to help you save TIME, MONEY and EFFORT in buying these wonderful books.

If there is anything not clear to you don't hesitate to write us and I will be glad to answer any specific question you may wish to ask.

Thanking you, and offering always the services that I can do for you now and in the future.

(Sgd.) DEMETRIO O. SIBAL
General Manager

1

Larawan 1.3.
Mensahe ni Demetrio Sibal ng Saldem Commercial Enterprises

Ang isa pang pinagmumulan ng mga drowing at testamento ng mga anting-anting ay ang Saldem Commercial sa Paco, Maynila. Ang asawa ni Mang Ben Herrera ay nagdedeliber ng medalyon rito subalit ang address nito ay nakuha ko sa isang librito tungkol sa iba't ibang gamit ng Sator (isang uri ng agimat na itinitinda ni Aling Cora sa Quiapo). Ang mga nabanggit na lugar na pinagmumulan ng anting-anting ay lugar ng mahihirap at maraming tao.

May matatagpuan ding mga ibinebentang anting-anting sa lugar ng mga turista, tulad ng ilang tindahan sa Ermita. Mangilan-ngilan lamang ang mga ito sapagkat may paniwala na malas ang pag-iingat ng mga anting-anting o mabigat sa buhay ang mga ito. Ang isang tindahan na dating regular na nagtitinda nito ay ang Things sa Greenbelt, Makati. Nakadispley ang mga medalyon sa isang kuwadro at sa ilalim ng bawat medalyon, may maikling salaysay tungkol sa gamit at bisa nito na sinulat ng kuwentista at pabliser na si Gilda Cordero-Fernando.

Sa tabi ng mga simbahan ng Santa Cruz, Quiapo, Paco, at Baclaran, at sa Cubao at Makati—sa mismong pusod ng kalunsuran—matatagpuan ang mga bagay na sumasagisag sa inaakala kong katutubong paniniwala at pananalig. Ang mga medalyon na may taglay na sariling pananaw sa mundo at kalinangan ay buhay na buhay sa kabila ng pag-unlad ng lipunan at pagsulong ng siyensiya. Nariyan lamang ang mga iyon, naghihintay na matuklasan, at bagamat hindi namamalayan, ay nanunuot pa rin sa ating kamalayan at nakaaapekto kahit paano sa pangkalahatang pagsulong ng bayan.

Maraming pumasok na tanong sa aking isip: ano ang nilalaman, tema, impluwensiya, panlipunan at pangkulturang kahulugan at implikasyon nito? Anong saloobin, kamalayan ang nakapaloob dito? Anong pagka-Pilipino ang mahuhugot dito? Kung karamihan sa mga taong bumibili ay nananalig sa bisa nito tulad ng sinasabi ng mga nagtitinda, tunay kayang may lakas o kapangyarihan ang mga medalyong ito? Sa gayon, magagamit kaya sa positibong pagbabago ang mga puwersang ito sa lipunan? Sa kabilang banda, pinatatatag nga ba ng pananalig sa medalyon at oracion ang superstisyon at piyudal na pananaw sa mundo? Isa ba itong hadlang sa pagsulong tungo sa makaagham na pananaw at pamumuhay? Sa taas ng presyo at sa estilo ng pangangalakal nito, maitatanong din: isa ba itong racket at panlilinlang sa tao?

Sa ilang nalimbag na lathalain nitong mga nakaraang taon, mababakas ang panunuya at hinanakit na ang anting-anting ay para lamang sa mga mangmang at mahihirap, at kailan man ay hindi mauunawaan ng mga nakapag-aral.[3] Tinitingnan ang anting-anting bilang isang pamamaraan ng pag-angkop sa buhay ng mga inaapi at mahihirap, yaong mga walang kapangyarihan at binabalewala sa lipunan.

Dahil sa mga katanungang nabanggit, kailangan ng sistematiko at masusing pag-aaral sa mga medalyon, pag-aaral na may paggalang at pagpapahalaga sa kakanyahan

ng bawat medalyon. May pagpapahalaga at paggalang sapagkat idinidikta ito o hinihingi ng kalikasan ng anting-anting. Ang kaalaman sa medalyon ay isang sagrado at lihim na karunungan. Maraming mahihirap ang naniniwala dito bagamat may gayon ding pananalig ang ilang nakaririwasa. Maselan ang pananaliksik dito sapagkat kung walang ingat at galang, hindi mabubuksan ang lihim nito. Sa gayon, tuluyan nang mababalot sa misteryo at kadiliman ang kultura ng anting-anting.

Para sa mga nag-iingat ng mga misteryo ng anting-anting, ang pag-alam sa lihim ng medalyon ay isang pag-aaral na ispiritwal na hindi karaka-rakang matututuhan, liban doon sa mga taong karapat-dapat matuto. Nagiging lakas ng mahihirap ang pagkakaroon ng lihim na karunungan; sa kanila mas makabuluhan ang karunungang ito at hindi naglalaho gaya ng materyal na kayamanan.

Ang Anting-Anting sa Panitikan at Kasaysayan. Mayaman ang panitikan at kasaysayan ng Pilipinas sa mga tala at banggit sa anting-anting at sa mga gumagamit nito. Madalas binabanggit sa mga kuwentong bayan ang mahiwagang mga bagay. Isinasalaysay ang isang mahiwagang panyo sa kuwento tungkol kay Don Juan Tiñoso.[4] Sa romansang Jaime del Prado naman, ipinakita ang pagtugon ni San Antonio sa panalangin ng pangunahing tauhan—nagpadala ng isang mahiwagang bolang garing, may kasamang sulat na nagtatagubilin ng wastong paggamit nito.[5] Sa huli, muling tinulungan ni San Antonio si del Prado; binigyan si del Prado ng isang mahiwagang sombrero na may tagabulag—hindi makikita ninuman ang taong may suot nito. Sa isa namang romansa na namatay ang pangunahing tauhang si Rodrigo de Villa, sinalo ni San Miguel Arkanghel ang pamumuno sa hukbo hanggang sa makamit nito ang tagumpay laban sa kaaway.[6]

Sa anting-anting, tumitingkad ang kagitingan hindi lamang ng mga pangunahing tauhan ng mito't alamat; tumitingkad din ang kagitingan ng mga tulisang tulad nina Tiagong Akyat, Nardong Putik, at Kamlon,[7] at ng mga tunay na bayani ng ating bayan.[8] Sa kabila ng palasak na kaalaman tungkol dito, kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral at pananaliksik tungkol sa anting-anting.

Ang una't seryosong pagtalakay sa anting-anting ay ginawa ni Wenceslao Retana sa kanyang *Supersticiones de los Indios Filipinos, Un Libro de Aniterias*.[9] May labinlimang sipi lamang ito na inilimbag sa Madrid noong 1894. Ayon sa kanyang *Aparato Bibliografico*,[10] ang *Supersticiones* ang pinakauna at natatanging pagtalakay sa anting-anting sa Pilipinas at marahil, sa buong daigdig. May tatlong librito ng oraciones na nakuha sa isang nadakip na tulisan sa Pangasinan. Nakakuwintas sa leeg ng tulisan ang mga librito, na animo'y eskapularyo. Kay Retana, ang mga librito ay mahahalagang etnograpikong dokumento kung kaya't minarapat niyang ilimbag ito nang buo kasama ng kanyang anotasyon. At tulad ng nagaganap sa kasalukuyan, pinansin din ni Retana ang hirap sa pangangalap ng mga impormasyon at materyal

tungkol dito dahil nauubos kaagad ang gayong mga dokumento at ang bentahan ay apat o limang beses ng orihinal na presyo.

Sa kanyang libro, inuri ni Retana ang iba't ibang amuleto[11] na pinaniniwalaan ng mga katutubong Pilipino. Mas akmang tawaging *brujerias* kaysa *aniterias* ang mga ito, ayon kay Retana, sapagkat sa kanyang pananaw, pawang mga pamahiin ang mga ito. Kanyang napansin na karamihan sa mga katutubo ay nagdadala ng iba't ibang bagay—nakasulat na dokumento, panalangin na may masamang intensyon, damo, ugat ng halaman, balat, buhok, katad o pelyeho, buto, bato, at iba pa—upang magkaroon ng kagila-gilalas na kapangyarihan, hindi magapi sa labanan, makatakas sa hustisya, magtamo ng kayamanan, magkamit ng pag-ibig ng isang babae, at iba pa. Nagdadala rin sila ng amuleto upang hindi tablan ng bala at may maipananggalang sa mga panganib at sakuna. Ang kanilang mga amuleto ay maliliit na librito na naglalaman ng mga dasal na may halong mga salitang Latin at Kastila. Ang iba naman ay gumagamit ng mga bato na natagpuan sa mga bangkay ng hayop, butil ng nanigas na bunga, at kalansay ng mga bata. Sa Tagalog, "anting-anting" ang tawag sa lahat ng mga bagay na ipinagpapalagay nilang may kapangyarihan. May anting-anting naman na kung tawagin ay "agimat." Kadalasan, ito'y maliit na piraso ng kahoy, bato, kabibe, ngipin ng buwaya, at iba pa na pinakamabisa—sa opinyon ng mga mapamahiin—upang ipananggalang sa sarili laban sa lahat ng uri ng kaaway. Ang inilathala ni Retana na tatlong librito ng oracion ay anting-anting para sa lahat ng nabanggit na kapangyarihan. Tulad sa mga artikulo sa kasalukuyan tungkol sa anting-anting, mahirap maunawaan ang kahulugan ng mga oracion o salita.

Pagkatapos ng Rebolusyong 1896 at ng Digmaang Pilipino-Amerikano, lumabas ang ilang artikulong nagbigay-pansin sa paggamit ng anting-anting ng mga rebolusyonaryong Pilipino (*tulisanes* kung tawagin ng mga Amerikano dahil sa Brigandage Act ng 1902[12]). Ilang halimbawa: *Harper's History of the War in the Philippines*, inedit ni Marrion Wilcox (1900);[13] "Amuletos Guerreros de la Pasada Revolucion," (1910); "El Anting-Anting," ni Paco Venegas (1911); at "Anting-Anting," ni Anak Bayan (1913). Ang tatlong huling artikulo ay nalathala sa *Renacimiento Filipino*.[14] Ang isa pang artikulo ay ang "Anting-Antings, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion," *Philippines Free Press* (1929).[15] Maiikli ang mga artikulong ito at kinikilala lamang o ipinababatid ng mga sumulat na para sa kanila, ang anting-anting ay isang palaisipan na kakatwa o kamangha-mangha.

Maging ang pangulo ng Rebolusyonaryong Pamahalaan na si Heneral Emilio Aguinaldo ay pinaniniwalaang nag-aangkin ng anting-anting.

> *Aguinaldo's power lies chiefly among the lowest class of natives who have a superstitious veneration for him that is quite inexplicable. They believe that he bears a charmed life and that no bullet or knife of the enemy can injure him. Not*

only do they wear on their chest in battle representations of religious symbols rudely drawn on cotton cloth, and carry in their mouths bits of parchment on paper with similar designs drawn in pencil in a magic circle (they call these charms anting-anting), but they even carry Aguinaldo's name as a fetish. There are many stories told among them of bullets glancing from his unprotected body and of his superhuman powers. This superstition concerning the young leader prevails only among Tagals.[16]

Isang palaisipan kung bakit naniniwala pa rin ang karamihan sa bisa ng anting-anting, sa kabila ng mahabang kasaysayan ng kasawian na tinamo ng mga katutubong gumamit nito laban sa mga mananakop. Hindi maunawaan ng mga dayuhang puti ang ganitong "kabayanihan" ng mga Pilipinong nakikihamok sa isang labanang walang iniwan sa paglalaban ni David at Goliath:

> *Why did not these men surrender? It was an exhibition of solid heroism, the like of which I shall not see again.*
>
> *At least over the graves of these men, whose actions we cannot quite understand, should be written the word "heroes." Many of these men wore anting-anting, or charms to preserve life...*[17]

Ganito rin ang pagtataka ng editor ng *Anting-Anting Stories and Other Strange Tales of the Filipinos* ni Sargent Kayme (1901):

> *...That the truly remarkable stories written by Sargent Kayme do not exaggerate the realities of this strange life can be easily seen by any one who has read the letters from press correspondents, our soldiers, or the more formal books of travel.*
>
> *Strangest, perhaps, of all these possibilities for fiction is the anting-anting, at once a mysterious power to protect its possessor and the outward symbol of the protection. No more curious fetish (sic) can be found in the history of folklore. A button, a coin, a bit of paper with unintelligible words scribbled upon it, a bone, a stone, a garment, anything, almost—often a thing of no intrinsic value—its owner has been known to walk up to the muzzle of a loaded musket or rush upon the point of a bayonet with a confidence so sublime as to silence ridicule and to command admiration if not respect.*[18]

Sa kuwentong pumaksa sa anting-anting, *Hindi Biro!... o Ang Anting-Anting*, (1919),[19] ginawang katatawanan ang ritwal ng pagtatamo ng anting-anting. Sa pagtatapos ang kuwento ay nawalan ng kaugnayan sa anting-anting at mahihinuha na kinasangkapan lamang ang panghalina ng anting-anting upang makaakit sa mambabasa. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumabas naman ang kuwentong "The Amulet" (1947) ni Edilberto K. Tiempo.[20]

Mula 1950 hanggang 1978, may mga artikulo at lathalain na lumabas sa iba't ibang magasin. Tulad ng mga nauna, kulang sa impormasyon ang mga ito at itinuturing na pamahiin, panatisismo o lihis na paniniwala kundi man kabaliwan, ang paniniwala sa anting-anting.[21] Sa artikulong "Fanaticism in the Philippines" ni Jose C. Balein (1959)[22], isinalaysay niya ang masaklap na pagkatalo ng Iglesia Watawat ng Lahi sa Bicol noong 1955 nang sumagupa ang mga kasapi nito sa konstabularya. Si San Juan—ang lider ng grupo—sampu ng kanyang mga kasama ay may suot na maliliit na pulang puso sa dibdib upang di-umano ay hindi sila tablan ng bala. Hindi nalalayo ang kasaysayan ng grupong ito sa nangyari sa mga kasapi ng Cofradia de San Jose ni Hermano Pule noong 1840.

Sa "Anting-Anting, the Native Defense Against Evil Contained in a Medal, or Amulet" (1962),[23] sinabi naman ni Ernesto A. Franco na ang paghahanap ng anting-anting ay gawaing hindi nauukol sa isang karaniwang nilalang. Sa Katagalugan, Kabisayaan at maging sa ilang panig ng Mindanao, ang paghahanap sa itim na karunungan ay para lamang sa mga taong matapang, mapangahas, at nasisiraan ng bait. May mga teoryang inilahad si Franco tungkol sa pinagmulan ng anting-anting.

Una, ayon sa mga albularyo, nanggaling ang anting-anting sa mga nilalang na tulad ng *kapre* (na naglalakad sa hatinggabi na kasintaas ng mga puno), *aswang* (kumakain ng laman ng tao at nag-aanyong hayop), *tianak* (sumisipsip sa dugo at lamang-loob ng sanggol sa pamamagitan ng mahabang nguso nito), *tikbalang* (nag-aanyong hayop upang linlangin at akitin ang kanyang biktima), *sigbinan* (nagiging buwaya), *manipulat* (may kapangyarihang pag-ibigin o pag-awayin ang dalawang tao), at *mangkukulam* o *manggagaway* (may manyika na tinutusok upang saktan ang isang tao).

Ang pinagmulan ng nasabing masamang anyo o mga nilalang ay naglaho sa paglipas ng panahon. Maraming naniwala na ang mga iyo'y nagkatawang-tao o naging masasamang anito, pagkaraa'y naging halaman, hayop o bagay na namiminsala sa sangkatauhan. Sa gayon, walang laban ang tao sa ganitong mga nilikha. Hindi pantay ang laban. At upang may maipananggalang, lumikha ang mga sinaunang Pilipino ng anting-anting na lubhang makapangyarihan. Sa pagkakaroon nito, nagiging isa siyang di pangkaraniwang tao na may angking kapangyarihang kasukat ng sa kaaway.

Ang ikalawang teoryang inilahad ni Franco ay tungkol kay Jesus at wala ito sa Bibliya: nag-aral si Jesukristo ng mahika sa India sa panahon ng kanyang kabataan—mula labintatlo hanggang tatlumpung taong gulang.[24]

Isa pang teorya tungkol sa pinagmulan ng anting-anting ay ang paniwala na dala ito ng mga misyonerong Espanyol.[25] Ang mga nauna sa mahihiwagang armas na ito ay malalaking bilog na mga metal na buong ingat na inukitan ng mga relihiyosong larawan at naglalaman ng mga lihim na salita. Ayon sa mga kuwento, nahabag ang mga Heswita sa mga katutubo na walang kalaban-laban sa mga sundalong Kastila at sa mga puwersa

ng paganismo; ang mga itak ay nagmistulang laruan laban sa pulbura at mga halimaw. Ito ang dahilan kung bakit ang mga pari ay nagpakalat ng anting-anting sa mga katutubo. Ayon sa sabi-sabi, napag-alaman ito ni Reyna Isabela kung kaya't ipinatapon ang mga Heswita.

Mula sa mga teoryang ito makikita ang pagsasanib ng Kristiyano at katutubong paniniwala sa ritwal ng pagtatamo, consagracion, pagpapaandar at pagsubok ng anting-anting.[26]

Mahal na Araw kung hanapin at subukin ang bisa ng anting-anting. May iba't ibang paraan ng pagkuha nito. Sa Batangas, ang mga tirong (ipinagpapalagay na mga propesyunal na Robinhood) ay nagpupunta sa sementeryo sa hatinggabi upang humanap ng puntod ng sanggol na kalilibing pa lamang.[27] Dapat, hindi pa nabibinyagan ang sanggol o kaya nama'y ipinalaglag ito. Inilalagay ito sa loob ng bumbong na kawayan na may maliliit na butas sa ilalim. Ang lumalabas na katas nito ay tinitipon sa isang bote at iniingatan hanggang sumapit ang Mahal na Araw. Pagtuntong ng Semana Santa, araw-araw na iinom mula sa bote ang tirong, mula Lunes Santo hanggang Biyernes Santo.

Ang pagsubok naman sa kapangyarihan ng isang anting-anting ay ginagawa kung Sabado de Gloria o Linggo ng Pagkabuhay. Ganito ang ritwal na ginagawa kung Sabado ng hatinggabi o bisperas ng Linggo: Maliligo sa isang batis, at upang masubok ang bisa ng anting-anting, tatalon sa matutulis na tulos ng kawayan. Kapag hindi nasaktan, gagawin ang susunod na pagsubok: hihiwain ng itak ang sarili. Sa ganito nagkakaroon ng *kabal* at *kunat* sa mga patalim ang isang tao.[28]

Nakukuha rin ang anting-anting sa sementeryo. Maaaring magpunta ka rito kapag alas dose ng gabi kung Miyerkoles Santo o Huwebes Santo at maglagay sa ibabaw ng nitso ng mga pagkain, isang baso ng alak, at dalawang kandila na may sindi. Bago maupos ang mga kandila, mauubos ng mga espiritu ang pagkain at alak, at makakaiwan ang mga iyon ng isang puting bato sa isa sa mga lalagyang wala nang laman. Makikipagtunggali ngayon ang naghahangad ng anting-anting sa espiritung tinatawag na lamang-lupa upang makuha ang anting-anting. Yaong may di-pangkaraniwang tapang o pangahas lamang ang gumagawa nito. Kadalasan, sila yaong nagiging punong rebelde o tulisan.

Sa Kabisayaan, isang paraan ng pagtatamo ng anting-anting ay ang paghukay sa puntod ng isang pusang itim na nakalibing sa magkakrus na daan, kung Biyernes Santo. Ipinagpapalagay din ng mga Bisaya na ang telang itinali sa ulo ng patay ay nagbibigay ng iba't ibang kapangyarihan: may sa tagabulag,[29] may kunat at kabal sa patalim, panlaban sa sakit, at nagbibigay ng suwerte sa sugal. Upang makuha, kailangang tatlong ulit na tumakbo paikot sa bahay ng patay. May higante siyang makakasagupa at mag-aagawan sila sa pagkuha sa mutya[30]; sa sandaling mapasakamay niya, dapat ilagay ang mutya sa kanyang kilikili.

Sa Mindanao, sinumang nais magkaroon ng galing ay nakikipaglaban sa demonyo sa pamamagitan ng pambayo ng palay, sa hatinggabi ng Todos Los Santos o Araw ng mga Patay. Kapag nagapi, mag-iiwan ang diyablo ng isang bato na magiging anting-anting. May paniwala rin sa Bisaya't Mindanao na makakakuha ng anting-anting kapag binantayan ang paglaglag ng mutya mula sa puso ng saging kung Biyernes Santo. May higanteng darating upang makipag-agawan sa pagkuha ng mutya. Kapag natalo ang higante, lululunin ng nanalo ang agimat[31] at magmula sa sandaling iyon ay hindi na siya matatalo sa anumang labanan.

Mga Lihim na Lathalain. Sa underground o lihim na publikasyon, mababanggit ang dalawang akda ni Melencio T. Sabino, ipinagpapalagay na tagapagtatag ng samahang Agnus Dei at kasamahan ni Icasiano Nasaire sa pagpapalaganap ng paggamit ng medalyon at lihim na karunungan. Ang una ay *Secreto: Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan* na nalimbag noong 1950. Nasa pabalat ng librito ang medalyong Sagrada Familia at Santisima Trinidad. Diumano, masaklaw na tinatalakay ng librito ang larangan ng lihim na karunungan. Ang pagbatid ng mga lihim na pangalan ng Diyos, ayon dito, ay kapangyarihan. Gayunman, hindi ito tuwirang nagpapaliwanag kung paano gagamitin ang medalyon at kung anong kapangyarihan mayroon ito. Isang teksbuk lamang na maituturing ang librito at kailangan pa ng isang guro upang maiugnay ang medalyon at ang nilalaman nito.

Hindi nalalayo ang ikalawang libro ni Sabino, ang *Karunungan ng Diyos* na nalimbag noong 1955. Pinalawak na bersyon lamang ito ng naunang librito at tumatalakay hanggang sa Bagong Tipan. Sinangguni ni Consolacion Alaras ang libro sa pagpapaliwanag niya sa adhikain at pagsulpot ng mga samahang milenaryo.[32] Dalawang medalyon ang nakalarawan sa *Karunungan*: ang Sagrada Familia / Santisimo Sacramento at ang Infinito Dios, kasama ang mito ng unang paglikha at ang ginamit na mga oraciones. Tulad sa naunang akda, wala rin itong tuwirang paliwanag kung paano gagamitin ang mga medalyon.

Hindi nakasaad ang palimbagan ng dalawang aklat na nabanggit sapagkat lihim ang sirkulasyon ng mga ito. Hindi madaling makakuha ng kopya at kung makabili man ay may kamahalan: ang manipis na librito ay P120.00 at ang makapal na *Karunungan ng Diyos* ay P1,500.00. Noong 1967, ayon kay Dr. Prospero Covar, P50.00 lamang ang *Karunungan ng Diyos*. May iba pang libro si Sabino subalit wala nang makuhang kopya sa kasalukuyan.

Maninipis lamang ang iba pang librito, at karamihan ay walang nakasaad na awtor, lugar at iba pang detalye ng paglilimbag katulad ng mga aklat ni Sabino. Ang mga librito na may hayag na awtor ay yaong mga sinulat ni Demetrio O. Sibal, may-ari ng Saldem Commercial. Narito ang ilan sa mga librito:

Aklat Secreto ng Kabalistiko. Kulay-berde ang pabalat nito at may sukat na 100 cms. x 128 cms. Naglalaman ito ng mga oracion at tagubilin kung paano "mapapalakas"



Larawan 1.4. Mga Lihim na Lathalain

ang kapangyarihan ng medalyon at magkakaroon ng kabal at kunat sa katawan upang hindi tablan ng bala ng baril o patalim sa loob ng 24 oras. Si Ka Ambo ang nagpahiram sa akin nito at ng kasunod na librito. Punit ang pahinang nagsasaad kung sino ang naglimbag. Hindi rin tiyak ang bilang ng pahina sapagkat marami ang nawawala. Sa kalaunan ng pananaliksik, natuklasan kong sinulat ito ng yumaong Demetrio Sibal. Marami pang ibang aklat si Sibal na mabibili.

The Kabbalistic Power of Occultism. May sukat itong 102 cms. x 128 cms. at katulad din ng mga naunang librito. Ang tanging ikinaiba'y nakasulat ito sa Ingles at Filipino. Nakatuon ang libro sa *psychic treatment of illnesses*, *psychic build-up*, at *psychic attack*. Ang ikalawang bahagi ay nauukol sa mga makabago at kanluraning mga gamot (halimbawa'y Phisohex, Benadryl, Casec, at Ambracyn) na mabibili sa mga botika, at may kasamang preskripsyon at dosis. Ginagawa ito upang ang panggagamot na ispiritwal ay masabayan ng panggagamot na materyal. Sa librito, magkakahalo ang kaalaman sa mahika, gayuma sa pag-ibig, suwerte sa kabuhayan at sa sugal, at iba't ibang aspeto ng pamumuhay. Sa ikalawang kabanata ginamit ng may-akda ang wikang Filipino. Mabibili ang librito sa Saldem Commercial.

7 Llaves, 7x7 Vertudes. May sukat itong 55 cms. x 71 cms., kulay-pula, at may 145 pahina. Ang aklat ay naglalaman ng serye ng motif na pito (ngunit walang paliwanag tungkol dito). Mga halimbawa: 7 llaves, 7x7 vertudes, 7 ojos, 7 cabesas, 7 sellos, 7 bakas, 7 cuerpos, 7 sulog, 7 brazos, 7 ilawan, poder de siete llaves, 7 espiritus, at iba pa.

Logos. May sukat itong 54 cms. x 98 cms., kulay-salmon ang pabalat, at binubuo ng 180 pahina. Ipinaliliwanag sa simula ang kahulugan ng logos at ilang oracion. Librito o katologo ito ng iba't ibang disenyo ng anting-anting o medalyon at iba pang simbolo't tauhan sa katutubong mitolohiya at sistema ng paniniwala.

Kababalaghang Lihim ng Niño Jesus. Kulay-asul ang pabalat, may sukat na 52 cms. x 81 cms., at may 91 pahina. Naglalaman ito ng mga kuwento tungkol sa mga kagila-gilalas na karanasang diumano'y batay sa buhay ng batang si Jesus. Kasama sa kuwento ang mga oracion sa pidgin Latin, kahalo ng salitang balbal upang ipakita kung saan magagamit ang mga oracion batay sa sitwasyon sa kuwento. Halimbawa'y yaong gamit sa may sakit, sa culebra, sa pagpapaamo sa mababangis na hayop, sa pagpapatigil ng dugo sanhi ng taga, at iba pa.

Kasaysayan ng Langit, Kapangyarihan Laban sa Kasamaan. Para itong librito ng novena, kulay-puti ang takip, may balot na plastic, may sukat na 70 cms. x 101 cms., at may 62 pahina. Ang unang bahagi ay tungkol sa mito ng paglikha ng langit at lupa, na kinakatawan ng anting-anting na Infinito Dios na hindi pa binyagan at Infinito Dios na nakadamit na kung tawagin ay binyagan. Sa pagtatalo ng Diyos Anak at ng Infinito ay nagbatuhan sila ng mga oracion. Sa pamamagitan ng kuwentong ito, ipinapakita sa mambabasa kung saan-saang mga sitwasyon at pagkakataon magagamit

ang oracion na sinambit ng mga tauhan sa kuwento. Ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng mga oracion para sa pakikipaglaban o para sa kabal, ayon kay Ka Ambo. Binubuksan ng bahaging ito ng oracion ang paksa tungkol sa muling pagkabuhay ni Kristo.

Libro Secreto De Crie Eleison. Kulay-asul ang pabalat, may sukat na 55 cms. x 73 cms., may 24 pahina. Nakalagay dito ang susi sa sekretong alpabeto at numero, at ang lihim na pangalan ng Diyos, subalit walang kasamang paliwanag. Mahigpit ang babala sa bumabasa na huwag gagamitin sa masama. Ang prinsipyong nakakahalintulad sa paggamit ng mga oracion ay ang mantra sa yoga—sa isip lamang at hindi binibigkas nang malakas. Malakas ang impluwensiya ng Katolisismo na mababakas sa paghiling sa bumabasa na magdasal ng Credo, Pater Noster at Ave Maria bago ipagpatuloy ang pagbabasa. Ginagarantiyahan ng aklat na makagagawa ng himala ang paggamit ng mga oracion.

Virgen Encanto de Dios, Viaje Sta. Maria. Kulay-berde ito, may sukat na 53 cms. x 73 cms., at may 43 pahina. Listahan ito ng mga oracion at gamit ng mga iyon. Karamihan sa oracion ay para sa panggagamot. Mayroon ding para proteksiyon at para makapaghimala ng pera—piseta at dies, na mahihinuhang panahon pa ng Kastila ang oraciong ito. Sa pahina 34, matatagpuan ang katutubong pangalan ng Infinito Dios na parang sinasabi: noong dumating ang mga Kastila, nabigyan ito ng pangalang Espanyol, subalit nanatiling katutubo. Sa aking hinuha, pinakamakapangyarihan at mabisa ang Dios na ito, Dios na ayaw pabinyag at nagtago sa bato na maaaring ipakahulugan na anting-anting. Karamihan sa mga oraciong nasa libritong ito ay yaong nasa notebook ni Ka Ambo.

Marami pang libro na sulat-kamay, malalaki ang limbag, at kasukat ng karaniwang libro subalit wala nang mabibiling kopya ngayon. Ang iba nama'y hindi talaga ipinamamahagi, para lamang sa personal na pag-aaral at ipinagpapalagay na nauukol sa mas mataas na antas ispiritwal.

Mga Pag-aaral tungkol sa Anting-Anting sa Pamantasan. Sa mga pag-aaral naman ng mga iskolar tungkol sa anting-anting, ang pinakabago ay yaong ginawa ni Ma. Bernadette G. Lorenzo-Abrera, "Ang Numismatika ng Anting-Anting, Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino" (1992). Inuri ni Abrera ang mga anting-anting sa likas at di-likas na anyo, at iniugnay ang anting-anting sa pagkadalisay ng pagkataong Pilipino. Mababanggit din ang kay Daniel J. Scheans at Karl Hutterer, S.V.D., "Some Oracion Tattoos from Samar" (1970)[33]; Richard Arens, S.V.D., "The Use of Amulets and Talismans in Leyte and Samar"[34], at ang "Librito sa Orasyones" ni Juan Calang noong 1900 na inedit, isinalin at nilagyan ng anotasyon ni Francisco R. Demetrio, S.J. (1972).[35] Nakatuon ang tatlong pag-aaral na ito ng mga pari sa oracion at sa mga anting-anting na mula sa

kalikasan, at walang nabanggit tungkol sa medalyon. Kung tutuusin, nauna na si Retana sa ganitong gawain noong 1894.

May mga pag-aaral naman na nagbigay-pansin sa paggamit ng anting-anting. Inilabas noong 1976 ng Lipunang Pangkasaysayan ang *Likas, Dyornal ng Kasaysayan*[36] at inilathala ang ilang pag-aaral tungkol sa Kilusang Mesiyaniko sa Pilipinas noong 1900-1906. Ilan sa mga samahan at lider ang Guardia de Honor de Maria; ang mga babaylanes at si Papa Isio, ang Kristong Itim at si Papa Rios, ang Papa ng Pilipinas; ang Santa Iglesia at si Felipe Salvador; ang mga Pulahanes, Dios-Dios, at iba pang maliliit na kilusan. Inilahad ng pag-aaral ang katangian ng mga kilusang ito: "ang paniniwala sa Mesiyas, na karaniwan ay tinatawag na Papa at ang kanyang kakaibang kapangyarihan; ang paniniwala sa anting-anting na nagbibigay sa nananalig ng bahagi ng kakaibang kapangyarihan ng Mesiyas o propeta; ang paniniwala sa kasarinlan, ang pagtutol sa Amerikano atbp."[37]

Bagamat iniugnay ang anting-anting sa mga kilusan, wala namang pagpapaliwanag sa kabuluhan ng anting-anting sa saloobin ng mga kilusang ito.

Sa kontemporaryong panahon, nasaksihan ng sambayanan ang madugong masaker ng mga kasapi ng Lapiang Malaya noong 1967. Sinabi ni Elizabeth Pastores (1977) sa kanyang pag-aaral na si Valentin de los Santos, pinuno ng Lapian, ay

> *claimed to possess anting-antings which would make him vulnerable (sic) to bullets... he was confident that he and other Lapiang Malaya members who had anting-antings on their breasts and pebbles in their mouths would not be hurt by bullets. He firmly believed that with their anting-antings on, the bullets will turn into snakes and will fall harmlessly around them.*[38]

Kakatwa na itinuring na baliw si de los Santos dahil sa pananalig sa anting-anting at sa pagkamatay ng kanyang mga naakit na tagasunod, gayong ang pangulo noon ng Pilipinas—na itinuturing na may responsibilidad sa madugong pagpatay sa mga kasapi ng LM—ay pinaniniwalaang nagtataglay din ng anting-anting.

Ang galing ni Marcos, ayon sa kuwento, ay isang manipis na piraso ng nanigas na halamang gamot[39] at nakabaon sa kanyang likod. Diumano, ipinamana ito sa kanya ni Gregorio Aglipay upang ipananggalang sa pakikihamok sa Bataan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ipinagpapalagay na Tagalog ang pinagmulan, maraming nagagawa ang anting-anting na ito kabilang na ang tagabulag (hindi nakikita ang may hawak nito kung kanyang naisin). Sinasabi ring magagamit ito sa pagbuhay ng taong sumakabilambuhay na.

Sa *Pasyon and Revolution*[40] (1979), pinag-ukulan naman ni Reynaldo Ileto ng mahabahabang pansin ang anting-anting kaugnay ng konsepto ng loob at kapangyarihan. Iniugnay niya ito sa konsepto ng kapangyarihan ng mga taga-Java na nahahawig sa ideya ng pagtitipon ng kapangyarihan ng mga nag-aanting sa

pamamagitan ng paglilinis at pagsasakripisyo lalo na sa panahon ng Mahal na Araw. Inilahad din niya ang mga pamamaraan ng pagtatamo ng anting-anting, katulad ng nabanggit sa artikulo ni Francia.

Nagbigay din si Ileto ng iba pang pamamaraan ng pagtatamo ng anting-anting na hindi nakakatakot. Ayon sa kanya, ang pinakapalasak na pamamaraan ay sa pamamagitan ng pagkuha ng mga bagay na ginamit o kaugnay ng mga ritwal kapag Mahal na Araw. Ang malaking pang-kuwaresmang kandila na *cirio pascual*, ang mga kandilang ginagamit sa seremonya ng ganap na kadiliman (lalo na yaong pinakahuling pinapatay); ang *monstrance* na pinaglalagyan ng banal na sacramento, ang mesa na pinagkukumunyunan, at maging ang batingaw na tumutugtog ng alas tres kung Biyernes Santo ay hinahati sa maliliit na piraso na nagsisilbing anting-anting. Sa ibang bayan, ang mga piraso ng papel ay sinusulatan ng mahiwagang ingkantasyon at inilulubog sa agwa bendita sa araw ng Linggo ng Pagkabuhay at sa gayo'y nagiging anting-anting. Marami pang maidadagdag na detalye na maituturing na kaalamang bayan, tulad ng mga sumusunod na salaysay mula sa Paete, Laguna:

> *Our great revolutionists and rebels used various forms of anting-anting. The one possessed by Asedillo, Ronquillo and even our common "beteranos" were in the form of medallions made of copper or bronze wherein images of the Sacred Family were engraved together with Latin scriptures... The only time these "anting-anting" medals were acquired was during the ceremony of the church on Good Friday.*[41]

Sa ating kasaysayan, ang anting-anting ay naging makabuluhang bahagi ng pakikihamok at pagtatanggol para sa kalayaan, katarungan, katwiran, at kabanalan. Sa kanilang pagsalakay, taglay ng mga kasapi ng Cofradia de San Jose ni Apolinario de la Cruz (1840) ang dignidad sa pagharap sa mga sundalong Kastila na nagpapakita ng kamalayan ng isang nagtataglay ng anting-anting. Naniniwala silang di sila tatablan ng bala ng mga Kastila kaya walang takot silang sumasalakay. Gayon din ang paniwala ng mga Katipunero na hindi miminsang pinag-ukulan ng pansin ng mga peryodista at historyador. Nalathala sa *New York Herald* noong Pebrero 1897 na lahat ng kawal sa hukbo ni Aguinaldo ay may suot na "scapularies and crucifixes around their collars... and also a band of red cotton cloth having another anting-anting secured inside."[42] Ayon pa rin sa ulat, si Aguinaldo naman ay may kasa-kasamang dalawang batang lalaki na nagsisilbing anting-anting na magliligtas sa kanya sa panganib. Ipinagpapalagay ng mga tauhan ni Aguinaldo na ang kanyang mga tagumpay sa labanan ay bunga ng kanyang makapangyarihang anting-anting. Itinuturing siyang "possessed of magic powers; he could foresee the future; he was invulnerable; he had a magic sword by waving which he could turn bullets in their flight."[43]

May sapantaha si Ileto na naniniwala si Aguinaldo sa anting-anting sapagkat kailangan siyang umayon sa paniniwala ng kanyang mga sundalong magsasaka tungkol

sa kung ano ang dapat taglayin ng isang taong makapangyarihan. Ayon kay Claudio Miranda, may akda ng *Costumbres Populares* (1911), sa "matatalinong opisyal," ang anting-anting ay "a simple stimulant to infuse valor and maintain that serenity and cold bloodedness which all the armies of the world need."[44]

Ikinuwento ni Hen. Artemio Ricarte, sa kanyang *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa mga Kastila,*[45] kung paanong si Eusebio Di-Mabunggo, pinuno ng mga tagapagtanggol ng Cacarong de Sili sa Bulacan, ay namahagi sa kanyang mga tauhan ng mga bilog na piraso ng papel; sa gitna nito, may nakasulat na krus na napapalibutan ng mga salitang Latin. Habang may inuusal siyang mahiwagang pormula, nilululon ng kanyang mga tauhan ang mga papel at buo ang pananalig na maliligtas sila sa kapahamakan. Sa gayon, sa kanilang paniwala ay napasakanila ang kapangyarihang natipon sa parang ostiyang mga papel na iniuugnay sa kamatayan at pagkabuhay ni Kristo. At upang magkabisa ang kapangyarihan ng anting-anting ay may binigkas na mahiwagang pormula si Eusebio. Sinabi rin niya sa kanyang mga tauhan na sinumang matanaw niya sa sandali ng pakikihamok at kanyang nabasbasan ay makakalaya sa panganib at kahirapan ng buhay.

May paniwala si Ileto na hindi maitatatwa na si Eusebio Di-Mabunggo ay may matinding konsentrasyon ng kapangyarihan sa kanyang pagkatao kaya nagawa niyang pukawin o antigin ang ilang tao sa pamamagitan lamang ng kanyang tingin. Tinurol din ni Ileto ang katotohanang ito sa partikular na yugto o pangyayari sa kasaysayan ng rebolusyong Pilipino ay nagpapahiwatig sa atin na ang sambayanang Pilipino, sa pamumuno ng mga karismatikong lider, ay nakihamok nang buong tapang laban sa mga Kastila. Subalit higit pa rito, itinuturo ang isang mundo ng kaisipan na siyang pinagsasaligan ng pakikibaka ng masa. Sa kabila ng madalas na banggit sa anting-anting sa mga dokumento at sa mga panayam sa mga beterano ng Katipunan na nagtuturo sa makabuluhang papel na ginampanan sa pag-iisip at motibasyon ng mga rebeldeng magsasaka, tulisan, sundalo at maging heneral ng rebolusyon, ang paksa ay hindi pa nabibigyan ng dalubhasang pag-aaral at atensiyon. Ayon kay Ileto, ang suliranin marahil ay nag-uugat sa pagtutol ng moderno, rasyunal at maka-agham na pag-iisip na pag-aralan, kundi man tanggapin ang katotohanan ng naiibang konseptuwal na sistema. Ang ganitong uri ng pananaw, dagdag pa ni Ileto, ay nakakahadlang sa maaaring pag-aralan sa nakalipas sapagkat ang kalakhan nito ay hindi maunawaan sa kasalukuyan, kaya winawalambahala na lamang ito.

Samantala, may maikling artikulo si Dr. Prospero R. Covar tungkol sa anting-anting na nalimbag sa *Sagisag* noong 1979 at muling nalimbag sa *Asian Studies* noong 1980 sa higit na mas mahabang anyo ng pagtalakay.[46] Sa artikulo, nabanggit niya ang tungkol sa *Karunungan ng Diyos* na pinaghahanguan ng mga oracion para sa anting-anting. Tulad ni Ileto, sinabi niya na ang pagpipinitensiya ng nag-aanting ay hindi lamang upang magsisi ng kasalanan kundi upang mapangalagaan ang kanilang mga

anting-anting at linisin ang kalooban para maging karapat-dapat na "templo ng kapangyarihan ng anting-anting." Binanggit din sa artikulo ang iba't ibang posibilidad na pinagmulan ng anting-anting subalit wala rin itong mas malalim na paliwanag. Ang artikulo ay panimula lamang at maliit na bahagi ng isang mas malawak na kaalaman at kakaibang daigdig ng mga konsepto; isang pananaw sa mundo na matagal nang nakaugat sa kamalayan ng mga katutubong Pilipino at naging pananggalang laban sa pananakop ng mga dayuhan.

Kung may pananaliksik mang nasulat na kakikitaan ng pang-unawa at pagmamalasakit, ito ay ang pag-aaral ni Romeo A. Solina, isang estudyante ni Dr. Covar sa Unibersidad ng Pilipinas: "Talismanic Tradition Among Tagalogs" (1979).[47] Sinuri ni Solina ang tatlumpu't limang medalyon ayon sa gamit, at ibinigay niya ang mga oracion na kanyang nakuha mula sa gumagawa ng anting-anting sa Baclaran.[48] Nagbigay din siya ng maikling paliwanag tungkol sa pagpapaandar at pag-aalaga ng anting-anting. Iminungkahi rin niya na gumawa pa ng mga pag-aaral tungkol sa anting-anting hindi lamang ng mga Tagalog kundi maging ng iba pang mga rehiyon upang makabuo ng *Filipino theogony* o sistema ng pananampalataya na mahahango mula sa mga talisman at ng mga kaukulan nitong oraciones.

Bukod sa mga nabanggit, may isang bungkos pa ng papeles sa National Archives na ang pamagat ay "Asuntos de Anting-Anting" na tumutukoy sa mga kaso kaugnay ng anting-anting sa Catbalogan noong 1884-1885. Mayroon din isang sipi ng oracion na nagsisilbing anting-anting sa panggagamutan na matatagpuan sa bungkos na tinatawag na "Sediciones y Rebelliones, Medico Titulares."

Ang Tradisyon sa Anting-Anting ng mga Tagalog. Ang paniniwala sa anting-anting ay laganap di lamang sa katagalugan kundi maging sa buong kapuluan. May mga anting-anting mula sa kabisayaan, sa mga Muslim sa Mindanao, at sa mga kabundukan sa Norte. Subalit ang napakaraming disenyo at uri ng anting-anting na makukuha mula sa iba't ibang rehiyon ay isang napakalawak na pag-aaral na nangangailangan ng interpretasyon at sintesis. Bilang panimula, ang pag-aaral na ito ay itutuon lamang sa anting-anting ng mga Tagalog na nasa anyong medalyong yari sa tanso.

Matatagpuan ang mga medalyong tanso sa Metro Manila, Tanay, Laguna, Batangas at Cavite. Sapagkat ang mga lugar na ito ay urbanisado, ano man ang maging resulta ng pag-aaral ay maaaring magbigay pahiwatig o palatandaan sa mga tumatagal na sangkap ng tradisyon na nanaig sa kabila ng edukasyon at modernisasyon.

Ang Pagbibigay Kahulugan sa Anting-Anting. Saan nagmumula ang wasto o tamang interpretasyon? Paano malalaman ang wastong kahulugan? Ang kahulugan ng anting-anting ay natatakdaan ng lipunan, at ng mga taong gumagawa, nagtitinda,

at gumagamit nito. Ang katotohanan ng pagpapakahulugan ay makukuha rin sa lipunan o sa kalinangan na pinagbuhatan ng anting-anting. Sa gayon, hindi lamang iisa ang kahulugan o interpretasyon.[49] Depende na rin ito sa taong nagbibigay kahulugan at sa kulturang kanyang pinanghahawakan.

Sa gayon, ang pagbibigay kahulugan sa anting-anting (na kilala sa medalyong tanso na nabibili sa Quiapo) ay makukuha sa konteksto ng lipunang Pilipino na nagsupling dito at kung saan din nabubuo ang sistema ng pagpapakahulugan o pagbibigay katuturan. Sa kabilang banda, ang anting-anting ay nagsupling naman ng kanyang sariling kultura. Ang bawat aspeto ng kultura ay maaaring bigyang pakahulugan. Sa pag-aaral na ito, susuriin ang kultura ng anting-anting upang maihayag ang nakatago nitong kahulugan.

Bago tumungo sa pagsusuri ng kultura ng anting-anting ay lilinawin muna ang kahulugan nito. Ganito ang katuturan ng anting-anting ayon sa diksyunaryo nina P. Juan de Noceda at P. Pedro de Sanlucar (NS), *Vocabulario Lengua Tagala* (1860):

> *Anting-Anting pc. Cosa superticiosa (sic) en que creen que con ella no recibira ningun dano de los enemigos. Generalmente se hacen malhechores los que lo tienen en confianza de que no recibiran dano de cualquier genero de armas en sus saqueos y atajamientos y cuando fuesen perseguidos de la justicia. Unas veces es la bezar, o la que ellos llaman mutya. Otras veces el Evangelio escrito en un librito o papel. Otras veces las cosas sagradas. Como un pedazo de ara la raspadura del caliz o patena y otros por el estilo.*[50]
>
> *[Mga obheto o bagay na nauukol sa pamahiin, na pinaniniwalaan ng mga katutubo, na sa pamamagitan nito ay hindi sila masasaktan ng kanilang mga kaaway sa kahit anong paraan. Kadalasan o sa pangkalahatan, ang mga nagtataglay nito ay nagiging masasamang tao. Tiwala sila na hindi masasaling ng kahit anong uri ng armas sa kanilang pananalakay at panloloob, at kung tinutugis man ng hustisya. Kung minsan, ito'y gamot na pangontra o tinatawag nilang "mutya." Kung minsan, ito ay ang ebanghelyo na nakasulat sa librito o papel. Kung minsan, ang mga ito'y sagradong bagay. Tulad ng mga piraso ng altar, kinayod na kalis o patena (platong pinaglalagyan ng ostiya) at iba pang mga bagay na katulad nito.]*

Sa gayong kaagang panahon makikita na iniuugnay na ang anting-anting sa mga salarin at masasamang-loob, o may bias na ang pagpapakahulugan.

Ang amuleto naman ay itinuturing na "gamot na tagalhi, bolong, o bugang gamot na nalalaban sa Dios." Kasingkahulugan ito ng supersticion, tagalhi, pangatahoan (babaylan), pamahiin, paniniwala na ang may taglay nito ay hindi masasaktan, aguimat, dupil, galing.[51]

Subalit kung pipigain ang kahulugan ng anting-anting, makikita na isang mabuti o positibong bagay ang idinudulot ng anting-anting. Kay Pedro Serrano Laktaw o

PSL (1914),[52] ang anting-anting ay nangangahulugan ng "amuleto" at kasingkahulugan ng "agimat; dupil; galing; gulo; mutya." Sa *Diksyunaryo ng Wikang Filipino* o DWF (1989) ito ay nangangahulugan ng "agimat, mutya, galing."[53] Ang agimat ay nangangahulugan ng amuleto; matipid, maayos, mabuting mamanihala na walang inaaksaya. Sipag, ingat, pagkakalinga. (PSL) Kung kaya may "maagimat na tauo," o "hombre cuidadoso." (NS, 1860). Samantala, ang bulong, ang pagbulong (ng pare sa ostiya) ang itinumbas sa "consagracion (de la hostia)." (PSL) Ginagamit ito sa pangungusap na "Ano kaya ang nasa ostia at sa caliz kung mabulungan na?" (Quien esta en la hostia y en el caliz despues de la consagracion? (PSL). Noong 1860, ganoon na rin ang kahulugan ng "bolong": Ya se toma por las palabras de la consagracion. Nagbobolong ang Padre nang mahal na Hostias. Con mabolongan na ang alac, ay cagyat napapaui ang pagca alac. Al decir las palabras en el caliz, se va el ser de vino.(NS) Sa kasalukuyan, ang bulong ay hindi na itinutumbas sa consagrar at hindi rin matatagpuan sa *Diksyunaryo ng Wikang Filipino* ang kahulugang consagrar para sa bulong. Sa halip, ang consagracion ay matatagpuan sa mga librito ng oraciones at sa pagbibinyag o pagbabasbas ng anting-anting upang gumana ang potensiya at bisa nito.

Buti ang isa pang kasingkahulugan ng anting-anting: kabutihan, o kagandahang loob; ganap nang anoman (perfeccion); pagbuti o paggaling. Kasingkahulugan nito ang aliwayway; binay; buray; galing' igi; tino. (PSL) Sa Noceda at Sanlucar, hindi ito katumbas ng anting-anting kundi "Hermosura, lindeza, adornar"—mga positibong konsepto pa rin. Ang dupil naman ay amuleto na "pinaniniwalaang nagtataglay ng birtud o kapangyarihan na hindi tinatablan o nasasaktan ng bala, sandatang di itinutudla at hindi naman de fuego o kinakargahan ng polvora, halimbawa, puñal, espada, at iba pa sa sinomang nagtataglay nito." (PSL) Sa kasalukuyan, ang dupil ay nangangahulugan ng "agimat, anting-anting, galing, mutya; kabal, kalyo o katiisan sa palo, kung minsan ay makapal na sapin sa puwit ng papaluin na inilalagay nang palihim." (DWF) Samantala, ang literal na kahulugan ng dupil ay "Tapadera... Dupil nang dorongauan... takip... o tagpi." (NS) Nangangahulugan din ito ng "Kunua... hindi totoo; walang laman at marupok; walang kabuluhan." (NS) Subalit may positibo ring kahulugan tulad ng "Kagalangan, Pagtupad; pagsunod nang ganap sa ipinaguutos." (NS)

Ang isa pang positibong kasingkahulugan ng anting-anting ay galing o mabuting palad: "Suerte; fortuna; prosperidad. sinon. de palad, aliwayway; buray; buti; binay; igi; husay; ginhawa; tino." (PSL) Sa kasalukuyan, ang buti ay nangangahulugan ng "pagbuti o paglakas na muli ng isang maysakit; kawalan ng sakit; buti. Hindi pangkaraniwang katangiang taglay ng isang tao lalo na sa paggawa ng mga bagay na may kahiwagaan; agimat; anting-anting. Singkahulugan ng dupil, kabal." (DWF) Noong 1860, ang kahulugan ng galing ay "cosa buena" (NS) pero hindi amuleto.

Ang mutya ay katumbas din ng sambulanang (PSL) na hindi na ginagamit. Nagmumula ito sa mga hayop, prutas tulad ng niyog, limon, atbp., at ulo ng ibon. (PSL) Sa kasalukuyan, pawang positibo ang kahulugan ng mutya: "Anting-anting, gayuma, agimat. Tanging babaing pinag-uukulan ng pagmamahal. Magandang dalagang nahirang na patnubay ng isang pagdiriwang o kasayahan. Bukodtangi, tangi, pinakakatangi; bugtong. Darling, irog, giliw, mahal." (DWF) Wala sa Noceda at Sanlucar ang salitang mutya.

Sa mga kasingkahulugan ng anting-anting, masasabing ang tanging negatibong kahulugan ay ang gulo o golo, na hindi na ginagamit na katumbas ng anting-anting sa kasalukuyan. Nangangahulugan ito ng "Hechizo de amores"(NS) o gayuma.

Ang salitang anting-anting sa kasalukuyan ay singkahulugan din ng anib at talisman. Sa Ibanag, ang tawag ay anting, bagamat sa Pangasinan, ang salitang ito ay nangangahulugan ng pamahiin.[54] Ang anting-anting ay amuleto laban sa panganib, sakit, at maging sa kamatayan (may anting-anting sa bala at sa saksak). Ang pag-anting ay nangangahulugan ng pamahiin. Sa Bahasa Melayu, ang salitang *anting* ay nangangahulugan ng "swinging, dangling." Sa Javanese, ang anting-anting ay nangangahulugan ng "ear pendants"[55] o hikaw.

Ipinakita ni P. Richard Arens sa kanyang pag-aaral, "The Use of Amulets and Talismans in Leyte and Samar," ang kaibhan ng dalawang bagay na kapwa tinatawag na anting-anting, terminong tumutukoy sa pangkalahatang gamit ng mahiwagang kapangyarihan. Ang amuleto (pacontra; sumpa; hapin sa lawas) ay pang-iwas o panlaban sa barang, aswang, diwata at maaari ring panghalina o pampaibig; ang talisman naman ay nagdadala ng suwerte o nagdudulot ng mga katangian (qualities).[56] Gayunman, hindi niya gaanong binigyang-diin ang pagkakaiba ng dalawang ito sapagkat kung minsan, may mga bagay na kapwa pang-iwas at nagdadala ng suwerte. Ang ilang halimbawa ng amuleto ay ang mga sumusunod: brillante, diamante, pangil ng buwaya, sinunog na buto, buhok, pakpak, goma, agwa bendita, at isang oracion na isinulat sa papel na inilalagay sa loob ng kapirasong telang itim at kailangang isuot lagi kahit sa pagtulog. Nagsisilbi ring amuleto ang kalmen, Agnus Dei na medalyon, mga dahon at damo mula sa malalayong lugar, langis, asugui (mercury), abo ng itim na pusa, guinarapa (love potion) at balat ng kahoy; gayundin ang mga *oracion tatoo*[57] o *oracion amulet* na nagsisilbing proteksyon laban sa lahat ng panganib, aksidente at masamang intensyon ng tao.

Sa kabilang dako, ang mga sumusunod naman ang mga halimbawa ng talisman: piskador (kingfisher), puting lupang pagong, at butiki na may dalawang buntot para sa sugal; halamang kusul na tinatawag ding mutya, doce pares anting-anting (larawan ng labindalawang (12) apostoles na ginamit noong Digmaang Pilipino-Amerikano para sa kabal at kunat o invulnerabilidad; buto ng itim na pusa, tuay-tuay o tuhod ng patay na tao mula sa sementeryo, mutya ng tindok (isang uri ng saging), itlog ng



Larawan 1.5. Anting-Anting ni Macario Sakay na matatagpuan sa US National Archives (Mula sa aklat ni Reynaldo Ileto na *Pasyon and Revolution*)

JESUS
MARIA Y JOSE
JUSTA CRU
CRUCEM
VENCIT MUNDUM
C S S M L
N D S + M D.
Cruzes Hoc patibulum su bire vutuiste ut inimici con cede nobis signatorumes super Lucem vultus tui + Domine.+
Crusis Furgato alte deposee tres cruzes erute Sunt
EST VICTORIA QUE VENCIT
Ascendit decite rignabit aligno ridemit nos.
SANTAM subit qui in Fernum con fregit nos
CRUZ EST ARBOR + dignisima imparadi si medio si Luata fulci da nquisevit firmamento
CRUZES
QUEM FA CIEVAT QUIS
EGO SUM VIA BENIDICTUS VOBIS FACDAD PRIDEUM
Hom
Curpuris
N R L B S P M T

OCTIIN VENOBIS +
DEUM.
Cristum APILATI +
SALVA me.
Secut Deus Hom
Curpuris
EGO SUM
FAC DEUS
+ EGo Sum +
Quisit autem Qui vencit Mundum +
CRISTO MISIRERE +
Jesus Filius Dei est
NOR NO NOT + Fedis
HAP
Quis es iste ex Gloria que HABITAT +
AREA DEUS me us ite FAME
S. EDUOIEL
S. BRAQUIEL
EGO sum pastor bu nus obium via veritas est vita Sic Deus Deligsit Mundum
MR Y + R.
Pater ves ter exulta vit ut viderit diem meum CA rrsimi + Quod natum est ex DEO +
Hoc esimen cur. pus Christi San Lificar mi Sa YAMI
EGO SUM CRUXI FIXUS SAL YAMI
S C Æ R G
P + E. M. R. R. M. E. + B
S. URIEL
S. SEATIEL
Jam solre sidit igneus Amavitum Do minus celebremus quoniam Fac minus Deus ter
L N A + B
EGO SUM Hom Hoc + Ynim + Curpuris +
Sn. MIGUEL
Alisimi Dei MARIE animam meam +
REX GLORIE Jesus cor SAr nobis
Laudate Dominum in Sanctus Ejus in firmamento Ejus +
Adorate in mon te Sancto Ejus. +
Misirere mihi +
BARCAM DEPOSITAM DEUM
Hiparo Podero so SARASIL EGO SUM HOM MEUM +
Percum De um Reum Re unam Ym bulum
Ego sum quid est homo quis in mol uiste el canti cum emite Sajitas LUAS
Exaltate Dominum Deum Nostrum +
JESUS PATER NOSTER
JOSEF JESUS Y MARIA
EGO SUM Misereren bro Nor Not
EGo sum est moriatum hom.
EGo sum quisit quisit quisum + Quid +
Cruz Cristo SALVAMI
R M

tagak para hindi makita o tagabulag, abo ng itim na pusa, guinarapa at balat ng kahoy.

Mapupuna mula sa mga halimbawang ibinigay mula sa Leyte na hindi gaanong malinaw ang kaibhan ng mga materyal na ginagamit para sa amuleto at talisman.

Sa kanyang maikling pag-aaral na "Talismanic Tradition Among Tagalogs," ipinakita ni Solina ang pagkakaiba ng amuleto at talisman hindi ayon sa gamit kundi sa yari. Ayon dito, ang amuleto

> *is an article of jewelry worn on the person and is said to have therapeutic value for warding off evil. Some of the many possible forms of amulets include pendants, key chains, lockets, brooches, lapel pins, armbands, charm bracelets, tie clips, ankle bracelets, rings, tie tacks... It is best, although not mandatory, to wear the amulet in such a way that it touches bare skin.*[58]

Ang mga talisman sa kabilang banda ay may gamit din na panlaban sa masama subalit nasa bulsa, bag, o sutlang lalagyan, isinusuot na nakakuwintas subalit nakatago at hindi inilalantad.

Ang amuleto ay maaaring mga bagay na natural o galing sa kalikasan tulad ng mga hiyas, bato, bahagi ng hayop tulad ng paa, ngipin at iba pa; samantalang ang talisman kadalasan ay gawa ng tao at may mga ukit o umbok.

Ang mga terminong "pagpapaandar, pagpapagana o pagbibigay ng bisa, pagkoconsagra o pagbuhay" ay upang magkaroon ng ninanais na kapangyarihan ang isang talisman, o anting-anting sa pamamagitan ng pagtupad ng ilang ritwal.

Ayon sa tradisyon, ang talisman ay higit na mabisa kung ito'y ginawa mismo ng gagamit. Ang mga materyal na maaaring gawing talisman ay parchment, sutlang tela o papel. May mga talisman na linen o cotton tulad ng isinuot ni Macario Sakay[59] (Larawan 1.5) at ng iba pang rebolusyonaryo at tulisan. Mas mahirap mang gawin, ang pinakamatibay ay yaong yari sa metal. Madalas na tansong dilaw o pula, o tumbaga ang metal na ginagawang talisman. Mayroon ding yari sa ginto, lata at tingga; mayroon ding yari sa luwad o kaya'y kahoy tulad ng kay Andres Bonifacio.[60] Ang pinakapalasak na talisman o anting-anting ay yaong mga medalyong mabibili sa may pintuan ng simbahan ng Quiapo na siyang paksa ng pag-aaral na ito.

Ang batayan o saligan ng pag-aaral na pinagkunan ng samu't saring impormasyon tungkol sa kasaysayan at kultura ng anting-anting ay ang mga sumusunod: pag-aaral ng unang grado ng panggagamot kay Ka Ambo sa Pateros; mga notebook ni Ka Ambo at Mang Bert, libro, librito, testamento at mga katologo ng anting-anting na mabibili at mahihingi sa mga nagtitinda nito sa Quiapo, Avenida Rizal, Paco, Makati, Cavite, at Tanay; pakikipanayam sa iba't ibang taong may kinalaman sa anting-anting: mga nagtitinda, gumagawa, nagde-deliber, sa taong ipinagpapalagay na nagpasimuno ng pagpapakalat nito, at ilang taong gumagamit, pati na ng mga mamimili. Nagsaliksik



Larawan 1.6. Mula sa publikasyon ng Iglesia Watawat ng Lahi, sa kagandahang loob ni Dr. Prospero R. Covar. Ang trespico solo ojos ay simbulo rin ng Katipunan ni Andres Bonifacio.

din sa Filipiniana Division, Rare Book Collection ng Pambansang Aklatan, National Archives, Lopez Memorial Museum, at sa Main Library ng Unibersidad ng Pilipinas.

Kinapanayam rin ang mga pribadong kolektor ng mga anting-anting at librito na sina G. Antonio Bantug at G. Ambeth Ocampo. Kinunsulta rin ang mga tesis, disertasyon at aklat na nasulat at nalimbag ukol sa mga grupong milenaryo na siyang itinuturo ng kasaysayan na gumagamit ng anting-anting.[61]

Nagkaroon din ng pagkakataon na tunghayan ang mga dokumento ng ilang kapatiran[62] tulad ng *Aklat Bathalismo Inang Mahiwaga* (1940?) ni Venancio Wagan na nakabase sa Nueva Ecija; "Maikling Kasaysayan ng Kgg. Angel Lorenzo, Supremo Nacional ng K.A.L.K." (patula) at "Ugat K.A.L.K. (Kapatirang ang Litaw ng Katalinuhan) Mga Ninuno Natin at ang Panahon ng mga Kastila sa Pilipinas, Mga Ulat ng Kgg. Angel Lorenzo, Dakilang Patnugot ng P. ng K.A.L.K." December 20, 1936. Ang dalawang manuskrito ay kapwa makinilyado at sinulat ni Gng. Salud Fandino Nuevo. Ang kapatirang ito ay may simbahan dati sa Tandang Sora (kung saan di-umano naganap ang sigaw ng Pugad Lawin), sa Laguna at sa Quezon.[63] Sa samahang Iglesia Watawat ng Lahi na nakabase sa Lecheria, Calamba ay nabasa ang polyeto na "Bagong Liwanag, Ang Tinig ng Katotohanan" Ika-7 Taon, Ika-4 na pagkalimbag, Marso, 1970, pati na ang kanilang dalawang aklat ng dasalan. Nakatulong din sa pag-unawa sa anting-anting ang pag-aaral ng mga awit at altar ng mga samahang Sagrada Familia, Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, Spiritual Filipino Catholic Church at Tatlong Persona Solo Dios.[64] Ang tatlong huling samahan ay matatagpuan sa paanan ng Bundok Banahaw. At upang madagdagan pa ang kaalaman at pag-arok ng kultura ng anting-anting ay namuwesto rin ang may akda sa Banahaw[65] at dumaan sa ritwal ng puripikasyon o paglilinis tulad ng mga nagpapalakas ng potensiya at bisa ng anting-anting. Sumama rin ako sa lakaran patungo sa bundok ng Susong Dalaga at sa pagsuot sa malaki at madilim na kuweba nito sa paghahanap ng anting-anting, lunas, pananggalang at pang-combate o sa mga mangkukulam at sa mga masasamang espiritu.[66]

Sapagkat ang pag-aaral ay limitado sa pagsusuri ng mga medalyong anting-anting, ang mga sumusunod na aspeto lamang ang tatalakayin sa kultura ng anting-anting: ang mga taong nakatulong sa pagtuklas at pag-unawa sa daigdig ng anting-anting, saan matatagpuan, saan ginagawa, at paano ginagawa; mga mito at simbolismo; pag-uuri ng anting-anting; gamit, consagracion, oracion at pag-aalaga ng anting-anting.

Inaasahan na ang pag-aaral na ito, sa kabila ng mga kakulangan, ay makapag-aambag sa pag-unawa ng sikolohiya at kalinangang Pilipino na nakaugat sa anting-anting—na dahil sa mga dayuhan at sa dala nitong mga institusyon at istrukturang pang-ekonomiya, pampulitika at pangkultura, ay nalimutan na ang kabuluhan. Harinawang ang pag-aaral ay maging isang hakbang tungo sa pagkilala ng mga Pilipino sa kanilang likas na pagkatao at pagka-Pilipino.



Larawan 1.7. Mga Bayani ng Ating Lahi
(Iglesia Watawat ng Lahi)



Larawan 1.8. Ang Bagong Jerusalem na pinaniniwalaang nasa Bundok Banahaw sa kasalukuyan

Mga Tala

[1] Matatagpuan ang sipi ng *La Lectura Popular* sa Main Library ng Unibersidad ng Pilipinas, Filipiniana Division. May petsang 30 Octubre de 1890.

[2] Panayam kay Tandang Ano Nasaire, tagapagtatag ng Agnus Dei, kinikilalang ama ng Samahang AKO sa Tagaytay, at nag-imbento't gumawa ng mga unang molde ng anting-anting o medalyon na ginagamit ngayon ni Mang Ben Herrera sa paggawa ng anting-anting. Disyembre 1987.

[3] Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: Nita Umali Berthelsen, "Anting-Anting, Magic Amulet," *Weekly Nation* (June 26, 1976), pp. 35-36; Gilda Cordero-Fernando, "Philippine Amulets," *Barilla*, The Central Bank Money Museum Quarterly, vol. v, No. 1, (January 1978), pp. 8-13; Luning B. Ira, "Shazzam! for a Charmed Life," *Wingtips*, (Philippine Airlines), Vol. 2, No. 2, (July September, 1976), pp. 18-19.

[4] Dean S. Fansler, *Filipino Popular Tales*, Folklore Associates, Inc., Pennsylvannia, p. 283.

[5] Damiana L. Eugenio, *Awit and Corrido, Philippine Metrical Romances*, (Quezon City: University of the Philippines Press, 1987), p. xxxiii.

[6] *Ibid.* at *passim*.

[7] Jose A. Quirino, "Philippine Anting-Antings," *Philippines Free Press*, (December 1, 1956), p. 10.

[8] Roman Joven, "Anting-Antings, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion," *Philippines Free Press*, Manila, Septiembre 28, 1929. Nasa Rare Book Collection ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas; Reynaldo Clemeña Ileto, *Pasyon and Revolution, Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*, (Quezon City, Metro Manila: Ateneo de Manila University Press, 1979).

[9] W.E. Retana, *Supersticiones de los Indios Filipinos, Un Libro de Aniterias*, (Madrid: Vda. de M. de los Rios, 1894). Tingnan ang Prologo.

[10] Retana, *Aparato Bibliografico de la Historia General de Filipinas* (Madrid, 1906), p. 1317.

[11] Ang salitang amuleto, agimat, talisman, mutya, dupil, galing ay kasingkahulugan ng anting-anting. Sa dakong huli ay bibigyang kahulugan ang anting-anting at ang iba pang mga terminong ginagamit kaugnay nito.

[12] *Philippine Literature: A History and Anthology*, Bienvenido Lumbera at Cynthia Nograles Lumbera, mga editor (Manila, Phils.: National Book Store, 1982), pp. 102-103.

[13] *Harper's History of the War in the Philippines*, inedit ni Marrion Wilcox (New York and London: Harper and Brothers Publishers, 1900).

[14] Amuletos Guerreros de la Pasada Revolucion, *Renacimiento Filipino* (7 Octubre 1910); Paco Venegas, "El Anting-Anting" (21 Septiembre, 1911); Anak Bayan (sagisag sa panulat), "Anting-Anting," *Renacimiento Filipino* (1913), isang serye ng mga artikulo.

[15] Roman Joven, "Anting-Anting, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion," *Philippines Free Press* (Septiembre 28, 1929), p. 54.

[16] *Harper's*, p. 69.

[17] *Ibid.*, p. 169.

[18] Sargent Kayme, *Anting-Anting Stories and Other Strange Tales of the Filipinos* (Boston: Small Maynard and Company, 1901), p. vi.

[19] Jose R. Francia, *Hindi Biro!... o Ang Anting-Anting* (Sta. Cruz, Manila: Stange Press, 1919).

[20] Edilberto K. Tiempo, "The Amulet," *Philippines Free Press* (May 17, 1947), p. 6.

[21] Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: "They collect Anting-Antings," *This Week*, Sunday Magazine of the *Manila Chronicle* (October 8, 1950), pp. 22-23; Leopoldo R. Serrano, "Anting-Anting, and Why Filipinos have Learned to Laugh at Danger," *Saturday Mirror Magazine* (May 15, 1954), pp. 6-9; Bibsy M. Carballo, "The Filipino Fetish for the Pseudo-Religious," *Mirror* (June 8, 1968), pp. 4-7; Gilda Cordero-Fernando, "Whammy Against the Evil Eye," *Graphic* (June 12, 1968), pp. 38-44; Manuel V. Alcantara, Jr., Colored Photographs of Bronze Reproduction of Old Filipino Amulets, *Mirror* (June 22, 1968); Emelina B. Soriano, "Quiapo's Charm Market," *Sunburst* (June 1972), pp. 37-39.

[22] Jose C. Balein, "Fanaticism in the Philippines," *This Week*, XIV, No. 2 (January 11, 1959).

[23] Ernesto A. Franco, "Anting-Anting, the Native Defense Against Evil Contained in a Medal, or Amulet," *Sunday Times Magazine* (September 23, 1962), pp. 10-11.

[24] Pinaniniwalaan din ito ni Bonifacia (Pacing) Suarez, pari at kapatid ng Suprema ng Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios sa Parang, Sta. Lucia, Bundok Banahaw. Ayon naman kay Mang Ben Herrera, nakarating na ang aral ni Kristo sa Pilipinas bago pa man dumating ang mga Kastila sa pamamagitan ni San Pablo na ayon sa kanya ay nakarating ng dulong silangan dili iba't ang Pilipinas batay anya sa Bibliya.

[25] *Ibid.* Sinabi rin ito ni E. Aguilar Cruz, "Anting-Anting," *Express Week* (Nobyembre 22, 1973), p. 12. Ayon sa kanya, sinulat ni Isabelo de los Reyes, tagapagtatag ng rebolusyonaryong simbahang Filipino, na ang anting-anting ay dala ng mga prayle sa Pilipinas. Sa palagay ni Aguilar, ang tinutukoy ni de los Reyes ay mga iskapularyo, mga polyeto ukol sa mga debosyon sa mga santo, medalyon, at mga sagradong larawan na may mga panalangin sa likod katulad ng mga istampita. Sa kanyang palagay, ang anting-anting ay ang bersyon ng mga Pilipino ng "amuleto ng mga prayle." Ganito rin ang haka ni Retana sa *Supersticiones*, p. xiii.

[26] Sa bandang huli ng pag-aaral ay ipaliliwanag ang kahulugan ng pagpapaandar, pagbuhay, o consagracion (divination and charging) ng anting-anting, pati na ang pamamaraan nito.

[27] Hanggang ngayon ay buhay pa rin ang paniniwalang ito sa ilang kababayan natin hinggil sa pagpapalakas ng hawak na anting-anting o gamit. Inilahad ito ni G. Natalio Carandang, 47 taong gulang, tubong Tanauan, Batangas, nagtatrabaho sa Supply and Property Management, University of the Philippines Administration, Diliman, Quezon City.

[28] Kabal at kunat ay anting-anting laban sa mga patalim at ano mang armas na matatalas at nakakahiwa, o nakakasugat. Hindi nahihiwa (resiliency) o nasusugatan ng mga matatalas na armas.

[29] Tagabulag ay nangangahulugang hindi nakikita ng kaaway ang may taglay ng anting-anting ngunit nakikita ng kanyang mga kaibigan.

[30] Mutya ang tawag ng mga Tagalog sa anting-anting subalit mas partikular ang gamit. Halimbawa ay mutya sa igat upang maparis kay Houdini na parang palos; mutya sa bato upang hindi magapi sa suntukan; mutya sa langka para suwertihin sa negosyo; mutya sa sampaloc na maaaring hilingan ng kahit ano. Nid Anima, "Anting-Anting," *Witchcraft Filipino Style* (Quezon City, Philippines: Omar Publication, 1978), pp. 48-49.

[31] Agimat—kasingkahulugan ng anting-anting.

[32] Consolacion R. Alaras, *Millenarian Discourse: Ang Pagbubukas sa Tipan ng Mahal na Ina.* Disertasyon sa Ph.D. sa Pilosopiya, Kolehiyo ng mga Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas (Abril 19, 1987).

[33] Daniel J. Scheans and Karl Hutterer, S.V.D., "Some Oracion Tattoos from Samar," *Leyte-Samar Studies* (Tacloban City, Philippines: DWU Graduate School Publication, 1970), IV, No. 1, pp. 29-45.

[34] Richard Arens, S.V.D., "The Use of Amulets and Talismans in Leyte and Samar," Folk Practices and Beliefs of Leyte and Samar, *Leyte-Samar Studies* (Tacloban City, Philippines: DWU Graduate School Publication, 1971), V, Nos. 1 and 2, pp. 122-137.

[35] Juan Calang, "Librito sa Orasyones." Isinalin at may anotasyon ni Francisco R. Demetrio, S.J. Museum and Archives Publication No. 7, Department of Philippine Studies, Xavier University, Cagayan de Oro City. Mimeographed, 1972.

[36] *Likas, Dyornal ng Kasaysayan*, inedit ng U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. Press, 1976), I, 1.

[37] *Ibid.*, p. 52.

[38] Elizabeth A. Pastores, "Religious Leadership in Lapiang Malaya: A Historical Note," *Filipino Religious Psychology*. Edited by Leonardo N. Mercado, Divine World University, Tacloban City, 1977.

[39] Hartzell Spence, *Marcos of the Philippines: A Biography* (Manila, Philippines: Marcos Foundation, 1982), p. 17.

[40] Ileto, *Pasyon and Revolution* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979), p. 29. Ang mga sumusunod na mga tala ay hango mula sa aklat na ito.

[41] *Ibid.*, p. 30.

[42] *Ibid.*, p. 33.

[43] *Ibid.*, p. 142.

[44] *Ibid.*, p. 34. Itong sipi ay nagmula sa aklat ni Claudio Miranda, *Costumbres Populares* (Manila: Imprenta "Cultura Filipinas," 1911), p. 64.

[45] *Ibid.*, Artemio Ricarte, *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa manga Kastila* (Yokohama, 1927, p. 109; si Miranda (*Costumbres*), sa p. 611 ay may inilarawan ding insidenteng nakakahawig nito na isang kompanya ng mga sundalo na kumain ng ostiya na may nakasulat na mga Lating balbal bago sumagupa sa labanan.

[46] Prospero R. Covar, "Potensiya, Bisa at Anting-Anting," *Sagisag* (Abril 4, 1979), p. 50; Covar, *Asian Studies*, XXVIII (April, August, December, 1980), pp. 71-78.

[47] Romeo A. Solina, "Talismanic Tradition Among Tagalogs," a term paper for Anthropology 201 under Dr. Covar (1979).

[48] Ayon kay Soli Topacio at kay Mang Ben Herrera, Maloy ang pangalan ng gumagawa sa Baclaran na naninirahan na sa Amerika sa kasalukuyan.

[49] Umberto Eco, *Semiotics and the Philosophy of Language* (Indiana University Press, 1986), p. 24; Roland Barthes, *Writing Degree Zero and Elements of Semiology*, trans. Jonathan Cope (Great Britain: St. Edmundsberry Press, 1984), p. 109.

[50] Juan de Noceda y P. Pedro de San Lucar, *Vocabulario Lengua Tagala* (Manila: Imprenta de Ramirez y Giraodier, 1860), p. 366.

[51] *Ibid.*, p. 43; p. 616; p. 313; p. 237.

[52] Pedro Serrano Laktaw, *Diccionario Tagalog-Hispano* (Manila, Islas Filipinas: Imp. y Lit de Santos y Bernal, 1914) II. 1, 2, Ediciones Cultura Hispanica (Madrid, 1965).

[53] *Diksyunaryo ng Wikang Filipino*, Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, Instructional Materials Corporation, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, National Bookstore, Inc. Lathala sa ika-200 Taon ni Balagtas (Mandaluyong, Metro Manila: Cacho Hermanos, Inc., 1989).

[54] Jose Villa Panganiban, *Diksyunaryo-Tesauro Pilipino-Ingles* (Lungsod Quezon: Manlapaz Publishing Co., 1972).

[55] *Ibid.* Ang etimolohiya ng salitang anting-anting ay nagmula rin sa diksyunaryo ni Panganiban.

[56] Arens, pp. 122-123.

[57] Scheans and Hutterer, pp. 29-30.

[58] Solina, pp. 3-4. Kinuha ang kaibahan ng amuleto at talisman mula sa aklat ni L.W. de Laurence, *The Great Book of Magical Art* (Chicago: de Laurence Co., 1915), p. 127.

[59] Ito'y larawan mula sa U.S. National Archives na nalathala sa fly leaf ng libro ni Ileto, *Pasyon and Revolution*.

[60] Panayam kay G. Antonio Bantug, anak ni Dr. Jose P. Bantug, numismatiko. Pebrero 19, 1989. Dating consultant sa Central Bank Money Museum. Minana niya ang mga antigong medalyon na ginamit sa Rebolusyong 1896 atbp. kakaibang anting-anting mula sa kanyang ama.

[61] Ang mga ito ay ang mga sumusunod, bukod kay Alaras na nabanggit na sa unahan: Bangele G. Alsaybar, "New Person, New Nation: An Interpretive Anthropological Study of the Lapiang Malaya", M.A. thesis in Anthropology, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines (1987).

Prospero R. Covar, "The Iglesia Watawat ng Lahi: A Sociological Study of a Social Movement," unpublished Master's thesis, University of the Philippines, (October, 1961). Covar, "The Iglesia Watawat ng Lahi: An Anthropological Study of a Social Movement in the Philippines," Ph.D. dissertation, University of Arizona (1975).

Marcelino Foronda, Jr., *Cults Honoring Rizal*, Originally published in *Historical Bulletin* 5 (December, 1961).

Vicente Marasigan, S.J., *A Banahaw Guru, Symbolic Deeds of Agapito Illustrisimo* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985).

Teresita B. Obusan, "Tatlong Persona Solo Dios: A Study of a Filipino Folk Religion," Masteral thesis presented to the Philippine Studies Program, Asian Center, University of the Philippines, Q.C. (1986).

Guillermo M. Pesigan, "Pag-akyat sa Tuktok Banahaw: *Mistica* Drama-Rituals for Possible Salvation (Three Days in December, 1986), A paper presented to the Faculty of the Ph.D. Program in Philippine Studies, U.P., In partial fulfillment of the requirements for the course PS 293, Structural Anthropology (April, 1986).

Pesigan, "Religion in Society: A Study of the Mt. Banahaw Complex," A Research Proposal submitted to the Institute of Southeast Asian Studies for a Community Network Award (February, 1986).

Takefumi Terada, "The Spirit Cult of Santo Niño, An Anthropological Study of Popular Religiosity in the Philippines," Ph.D. dissertation, College of Social Sciences and Philosophy, U.P. (March, 1987).

Motoe Terami-Wada, "The Iglesia Sagrada ng Lahi, A Social Movement in the Philippines," papel na ginawa para sa Anthropology 275 (March 16, 1987).

Yeung Yeung Yu, "Quiapo Church: A Study of its Life-style and Rituals," M.A. thesis, Department of Psychology, University of the Philippines, Q.C. (1981).

[62] Ang mga ito'y sa kagandahang loob ni Dr. Prospero R. Covar. Kaugnay nito, binasa ko rin ang mga sumusunod na akda na bagama't padaplis ang ugnayan sa anting-anting ay nakatulong din sa pag-unawa nito:

Gregorio L. Aglipay, *Novena del Dr. Jose Rizal, dedicada a las mujeres filipinas* (Manila: Imp. y Lit. de J. Fajardo, 1919).

Isabelo de los Reyes, *La Religion del "Katipunan" o sea la Antigua de los Filipinos* (Madrid: Palma Alta, 1899).

Landa F. Jocano, *Folk Medicine in a Philippine Municipality, An Analysis of the System of Folk Healing in Bay, Laguna, and its Implications for the Introduction of Modern Medicine* (Manila, Phils.: National Museum, 1973).

Pedro A. Paterno, *La Antigua Civilizacion Tagalog* (Colegio de Sto. Tomas, 1915).

Jose P. Rizal, *La Curacion de los hechizados* (1895).

[63] Ito'y ayon sa panayam kay Dr. Nilo Ocampo, propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa U.P. na masigasig na nagsasaliksik at sinusundan ang iba't ibang kapatiran.

[64] Ang dalawang papel na sinulat ko ay ang mga sumusunod: "Ang Tradisyon sa Awit ng Tatlong Samahang Milenaryo: Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios; Bathalismo, Inc., (Inang Mahiwaga); at, Sagrada Familia," para sa Panitikan ng Pilipinas 201, Ang Tradisyon sa Panitikang Tagalog, sa ilalim ni Dr. Bienvenido Lumbera, unang semestre, 1988-1989; "Ang Simbolismo at Ikonograpiya ng mga Kapatiran at Samahan sa Banahaw," para sa Humanidades 298, Special Problems in Phil. Art and Society, unang semestre, 1988-1989, sa ilalim ni Prof. Alice Guillermo.

[65] Ang ritwal ng pamumuwesto ay isang paglalakbay na sakripisyo, isang pamamakas kay Kristo. Ayon sa paniwala ng mga tao sa Sta. Lucia, and Santong Lugar (Holy Land) ay nalipat sa Bundok Banahaw dahil sa giyerang nagaganap ngayon sa aktuwal na lugar. Kung kaya, matatagpuan sa Bundok Banahaw ang Bagong Herusalem, Santos Kalbaryo, atbp. sa mga batis, talon, bundok, bato, at makikipot na kuweba na kinakailangang gumapang upang makapasok at makalabas dito. Tingnan ang: Rene D. Somera, "Pamumuwesto ng Bundok Banahaw," salin ni Nilo Ocampo. Matatagpuan ang orihinal sa *Philippine Studies* 34:1986:436-51.

[66] Ang lakaran na ito patungo sa kuwebang malaki sa Bundok ng Susong Dalaga ay may misyon na makakuha ng gamit o anting-anting para sa anak ni G. Porfirio Mariano noong Septiembre 4, 1987, unang Biyernes ng buwan. Si Evelyn na nasa Hawaii ay pinaniniwalaan ng mag-asawang Mariano na nakulam at kailangang makakuha ng pangontra o anting-anting sa mga mangkukulam. Ang kamag-anak naman ni Jean diumano ay pinatay sa kulam at kailangang makakuha ng pangontra o anting-anting sa mga mangkukulam. May mahaba akong paglalarawan sa misyon na ito sa aking papel na "Ang mga Manggagamot ng Pateros," papel na sinulat para sa Anthropology 225, unang semestre, 1987-1988 sa ilalim ni Dr. Prospero R. Covar.

2

Si Ka Ambo, si Ka Bert, si Mang Ben at ang Anting-Anting

Si Ka Ambo at ang Ugnayan ng Oracion at Anting-anting sa Panggagamot. Agosto, 1987. Nagsimula akong mag-aral sa unang grado ng panggagamot na ispiritwal kay Ka Ambo. Siya ang nagturo sa akin sa ugnayan ng panggagamot at anting-anting. Sa loob ng dalawang taon, halos linggo-linggo ay nasa Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño ako, nagmamasid at nag-aaral kay Ka Ambo. Nagpupunta rin ako noon kay Ka Felix at Sister Jean.

Isinilang si Ka Ambo noong Mayo 3, 1927 sa Silay, Negros Occidental. Pablo Guiguinto ang tunay niyang pangalan. "Ambo" o "Bosyo" ang kanyang pangalang ispiritwal. Ang kanyang mga magulang ay sina Apolinario Guiguinto at Consolacion Renoy. Patay na ang kanyang ina at kaisa-isang kapatid. Nag-aral siya sa Negros Occidental High School. Noong 1942, maestro karpintero ang trabaho niya at kumikita ng P1.00 isang araw. At sapagkat may pusong adbenturero, lihim siyang sumakay sa barkong pangkargamento ng isang Intsik para lumuwas ng Maynila. Sa kasamaang-palad, nahuli siya at ipinatapon sa Isla de Higante malapit sa Mindoro. Noong Hulyo 1946, pumasok siya sa Philippine Scout bilang tagapaglaba ng kumot sa First Quarter Master Laundry sa V. Luna Hospital. Noong 1947, nalipat siya sa First Infantry Training Regiment, nag-aral ng combat tactics at small arms assembly and disassembly. Noong 1950, nakipag-isang dibdib siya kay Purificacion Patacsil, tubong-Nueva Ecija.

Si Ka Ambo ang gumamot kay Sister Jean. Anang espiritung lumangkap kay Jean: "Ipagpatawad ninyo kung naistorbo ko kayo. Bakuran ninyo ang apo ko para huwag saniban. Naaawa ako [sa kanya] dahil maraming gustong manloko." Ayon kay Ka Ambo, si Sister Jean ay naatasan na maging tagapag-ugnay. Noong madalas pang bumaba ang espiritu, masaya sila. Kapag Mahal na Niño ang bumababa, nagsasayaw nang nakaluhod si Sister Jean—upang maging mistulang batang maliit. Dalawang Niño ang bumababa. Isang limang taon—hindi pa matatas magsalita, at mapagbiro—at isang trese años na nangangaral. Diumano, si Mel (asawa ni Jean na nasa Germany noon) ang nagtatago ng mga tapes ng mga pagbaba ng Niño at iba pang mga espiritu na lumalangkap kay Jean. Ayon kay Ka Ambo, ang espiritu ay madalas na nangangaral kung paano tayo naging tao at nanghuhula ng mga

mangyayari sa darating na panahon. Ayon sa espiritu, ang mga bahay sa susunod na henerasyon ay hindi na tulad ng nakikita ngayon. Sa larangan ng eleksyon, alam na niya kung sino ang mananalo; marami rin siyang alam sa siyensiya at iba pang kaalaman sa daigdig (halimbawa, alam niya kung saan lalagpak ang satellite). Ang di nalilimutan ng espiritu ay manawagan sa mga tao na lagi at madalas na magdasal ng santo rosaryo.

Paano nagsimula at sino ang nagturo kay Ka Ambo na manggamot?

Ayon sa kanya, nagpakita ang Sacred Heart—putol at hindi buo ang katawan gaya ng nakikita ngayon. Ngunit hindi nagkalakas-loob si Ka Ambo na kausapin iyon. Pagkaraa'y ang Kaitasan naman ang nagpakita. Nagkalakas-loob na siyang magsalita: "Ano po ang maipaglilingkod ko sa Inyo?" Ang sagot: dapat niyang iwan ang kasalukuyang trabaho at gamutin ang ibang tao. Kinabukasa'y pumasok pa rin siya sa trabaho pero pagdating doon, nalaman agad niya sa mga kasamahan na kasama siya sa mga nabawas. Nang muling bumaba ang Espiritu, nagwika ito: "Sinabing huwag ka nang pumasok, e."

Minsan, nagpagamot ako kay Ka Ambo. Sa loob ng gamutan ay may nakapaskel sa dingding na larawan ng Birhen na may hawak na rosaryo (inilabas ito kaugnay ng Marian year). May mga sinipi ring pangungusap sa Bibliya na isinulat sa kartolinang kulay-kahel—Isaias 58: 6-12, Juan 2:4-6, at Juan 2:9-11—ni Brother Mel D. Gumboc, Sr. Nakasulat sa itaas ng isang poster: "Santisima Trinidad, The Center of the Unified Faith, Santo Niño Missionary."

Naputol ang aking pagmamasid nang itanong ni Ka Ambo ang buo kong pangalan. Pagkatapos, nagpunta siya sa isang sulok na sadyang inilaan para sa ritwal na ito. Sinindihan niya ang isang isperma at binali-bali naman ang isa pa, at inilagay sa putol na sandok hanggang sa matunaw. Ginagawa ito habang mataimtim na nagdarasal. (Ang sabi, putol na "Sumasampalataya Ako" ang inuusal niya.) Pagkatapos, itinapon ang tunaw na kandila sa isang palangganang may tubig. Ang nagkahugis na kandila ay kinuha at sinipat sa may dakong pinto sa may liwanag. Biniro raw ako ng duwende—nasaktan ko. Sumasakit daw ang likod ko at may diperensiya sa sikmura. Totoo nga at naalala kong iyon din ang sinabi ni Mrs. Jovita Orara,[1] kasamang guro sa Unibersidad ng Pilipinas, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Pagkatapos ng diagnosis na ito ay pinaupo ako ni Ka Ambo sa isang bangko. Pinahubad niya ang sapatos kong goma at ipinapatong ang mga kamay sa ibabaw ng tuhod. Pakiramdaman ko raw kung may lalabas na singaw na init o lamig. Pagkatapos, hinipan niya ang aking bumbunan at magkabilang tainga, pagkatapos ay ang batok. Hindi siya tumigil hanggang sa may nararamdaman pa akong singaw na mainit at malamig. Hindi ko naman talaga nararamdaman ang pagsingaw na ito. Ewan kung kulang lamang ako sa konsentrasyon o sa paniniwala. Pagkatapos, pinahiga niya ako sa isang papag na kawayan na may latag na pulang

tela at sadyang ginagamit sa panghihilot. Hinilot niya ang aking sikmura. Marami raw bukul-bukol. Marami nang beses akong nakapunta rito kay Ka Ambo at ganito parati ang pamamaraan niya ng panggagamot sa kahit sinong pasyente. Habang nanghihilot, sinabi niya na lima talaga ang Dios at nasa Bibliya ang mga pangalan nito subalit tatlo lamang ang karaniwang itinuturo o inihahayag. Sabi niya, "Tingnan mo, hindi mo mabibigkas ang iyong pangalan kung hindi mo sasambitin ang ngalan ng Dios." Tinanong ko kung anu-ano ang mga ito. Ang Kadeusan daw ay ang A E I O U o yung Cinco Vocales. Yaong vowels, ayon sa kanya, ay pangalan ng Dios.

Minsan, may isang nakahigang babae sa papag at nananangis, masakit ang tiyan, at dinudugo. Sinabi ni Ka Ambo na hindi siya nagtutunaw ng bata dahil labag ito sa panggagamot. Hindi alam ng babae kung sino ang ama ng bata dahil naka-drug siya noon. Naglalabada siya para sa mga turistang Arabyano. Madali lang naman daw mag-social climb ayon sa kanya. Nahihilo nga raw siya, natumba siya sa putikan at hindi niya alam kung ano ang nangyari sa kanya. Pinagdadasal siya ni Ka Ambo sa Santo Niño sa loob ng kapilya subalit ayaw niyang tumalima. Ayaw niyang humingi ng tawad. Matigas ang kanyang loob. Gayunpaman, inabutan siya ni Ka Ambo ng pangontra laban sa masama. Samantala, itong kasama niyang babae ay naiinip at kailangan pa niyang mamili ng paninda para sa kanyang tindahan. Hindi naman niya madala sa doktor ang pasyente at wala raw siyang pera. Hindi niya kaanu-ano ang pasyente. Nang makita niyang may inaabot si Ka Ambo sa pasyente, humingi naman siya ng galing para sa tindahan. Kumuha si Ka Ambo ng papel at may isinulat dito. Nagtagubilin siya sa babae na idikit ito sa loob ng tindahan. Para sa galing, nagbigay ng karagdagang limang piso ang babae sa donation box.

Isinangguni rin ng babae ang kanyang suliranin tungkol sa katulong sa bahay na malikot ang kamay. "Ano ang pangalan?" sabi ni Ka Ambo. Sinabi. "A, wala sa pirmi ang isip. Nasa kanya ang mabuti at masama." (Sa loob-loob ko, ganoon naman talaga sa lahat ng tao).

Nang makaalis na ang pasyente, sabi niya sa akin na sayang daw at hindi ko inabutan ang nahuli niyang mangkukulam. Dinidikitan daw ito. Yung palasinsingan ng pasyente ay dinidikitan ng kanyang hinlalaki hanggang sa halos mabali ang dulo ng daliri at umaray sa sakit ang pasyente. Kapag sumigaw sa sakit ang pasyente, nangangahulugan na may sapi itong espiritu.

Madalas na nagpapagamot sa kanya yaong mga walang pera at mga hindi mapagaling ng doktor. Katulad ng mga batang inabutan ko noon na saksakan nang payat, o yaong social worker na dating kasingganda ang katawan ni Miss Aruba subalit ngayon ay patpat na. Kadalasan, kasama ang pangangaral niya sa panggagamot. Mahusay rin naman siyang makinig sa mga suliranin at agam-agam ng mga pasyenteng nagtutungo roon. Mayroon siyang isang pasyente na matabang babae na halos araw-araw ay nagpapahilot sa kanya pati na sa maseselang parte ng

katawan. Ang babaeng ito ay nagpapatulong sa kanya para paamuin ang lalakeng kanyang nakukursunadahan. Ang babaeng ito katulad ng iba pa ayon kay Ka Ambo ang sa tuwina'y nagsisilbing pagsubok sa kanya. Katulad noong minsan, aniya, inutusan siya ng Niño na umakyat ng Banahaw. May ipinain sa kanyang babae, labing-walong taong gulang. Kasama niya ito sa bundok nang sampung araw. Pero napagtagumpayan niya ito kaya't tuwang-tuwa ang Niño sa kanya. Hindi naman daw parating nagtatagumpay sa misyon. Kung minsan ay hindi niya nakukuha ang dapat makuha.

Marami siyang nalalamang alamat at kuwento ng kababalaghan para sa akin. Tulad noong ibon sa gubat na nahuli ng kanyang kaibigan na naging libro; o yaong lasing na may nakasalubong na kabaong at dahil dito'y nawala ang kalasingan at nakakuha ng isang libro. Ang nasabing libro, kung binubuksan ng ordinaryong araw, ay tumataas kasama ang nagbabasa, maliban lamang kung Biyernes. Kaya kung minsan, habang nagpapastol ng kalabaw, makikita ang taong ito na nakaangat sa lupa dahil na-master na niya ang laman ng libro. Ayon kay Ka Ambo, ang ilan sa mga oracion ay galing sa mga Heswita; ngunit ang mga sangkap at materyal ay katutubo.

Mayroon din siyang libro na kung tawagin ay *La Compaña*[2] ngunit hindi pwedeng kopyahin. Liban dito, lahat ng iba pa niyang gamit at librito ay ipinakopya niya sa akin. Ang ilan sa mga ito ay nagkapalad na maisalin ni Padre Filomeno Valdemoro,[3] isang paring sekular. Labindalawang taon nag-aral ng Latin si Padre Valdemoro sa Unibersidad ng Santo Tomas at nagtuturo ngayon ng wikang ito sa Departamento ng European Languages sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Lungsod ng Quezon.



Larawan 2.1. Ang "La Compaña" ay mahabang deretsong papel, kulay-puti at itinupi ng pa-trianggulo. Naglalaman ng mga poder na ipinaloob sa latang trianggulo. Kulay-pula ang takip nito, para proteksyon. Ang nasa dulong kaliwa ang pabalat nito. Halos ganito ang laki ng libro.

Ayon kay Ka Ambo, pitong tao lamang daw ang may kopya ng *La Compaña* sa buong Pilipinas; isa siya sa pitong mapapalad na ito. Diumano, ito'y pinagkaisahan ng mga Arkangheles at tinatawag ng Espiritu na mahica blanca o white magic. Ang mga oracion ay magagamit sa masama at dahil Divino'y mas matindi ang bisa. Ngunit hindi rin daw ito umaandar o gumagana sa kamay ng mga taong walang pananalig. Sa aklat na ito matatagpuan ang panghalina sa tao at sa hayop; anuman ang hilingin, ipagkakaloob; pakatihin ang tubig o palakihin ito. May oracion na nakamamatay, mayroon ding nakabubuhay; maaaring lumakad sa tubig, o makita ang Espiritung Banal. May dalawampu't walong oraciones ang librong ito.

Minsang magkakuwentuhan kami, bumalik ang aming pag-uusap sa Kadeusan. Mayroon daw "basag" yaong A E I O U—mga lihim na pangalan ng Dios na nagbibigay ng kapangyarihan: Adra, Egosum, Iroc, Ovuv, at Utrunum. Sa lahat ng relihiyon, iisa lang naman daw ang tinatawagan. Sa pakahulugan na mas madaling maunawaan aniya, ang A ay Ama, E ay Dios Ina, I ay Dios Anak, O ay Dios Espiritu Santong Wagas at ang U ay Dios Ubod Utak Karunungan Kalangkap ng Dilim at Buong Liwanag. Samakatwid, ang dilim at liwanag ay iisa, wika ni Ka Ambo. Kaisa sila, si Satanas at si Jesus. Panginoon din iyon at nasa dalawampu't apat na alagad ng Poder ng Infinito Dios at maaaring mapag-utusan. Ang kanyang tinutukoy ay si Luzbel o Lucifer. Iisa lamang daw ang Kadeusan at naghihiraman lamang ng pangalan. Ang Espiritu Santo ang pinaglagakan ng lahat ng kapangyarihan pero Espiritu silang lahat. At sabi raw ng Dios: "Ikutin mo man ang mundo, hindi mo Kami makikita." Ayon kay Ka Ambo, sampung taong nawala si Kristo. Sabi raw ni Kristo: "Ikutin mo ang lahat ng inaral Ko. Kahit na anong saliksik n'yo sa Amin, hindi n'yo Kami matatagpuan. Makikita lamang ninyo Kami kung kayo'y patay na. Ang kamatayan ang pintuan para makapasok sa buhay na walang kamatayan. Walang langit, walang lupa. Tayo ang lumilikha niyan," dagdag pa ni Ka Ambo. Ayon pa rin sa kanya, ang Omnipotente ng Pilipinas ay si Dr. Jose Rizal o Bathalang Amang Rizal na siyang Hari ng mga Engkantadong Divino.

Sabi pa ni Ka Ambo, lahat tayo ay may pisi sa bumbunan, hindi sa pusod. Kapag walang kamalayan, maaaring pumasok ang Divino Espiritu para makipagtalastasan. Ayon sa kanya, ang mabigat sumanib ay yaong duwende o ligaw na espiritu sapagkat ang sinasaniban nito ay bumubulagta. Ang mga duwende, sirena, at gubat ay nanggaling "sa bawat tilamsik ng pawis hablig" ng Dios noong ginagawa Niya ang mundo. Tayo ay nilikha Niya dahil wala siyang mapagkalibangan. Gumawa Siya ng tao para may salain. Pero mahal Niya ang tao. Tungkol sa pagkakasakit, meron daw kuwento diyan. Ipinagkatiwala ang Kaban ng Tipan sa Inang Ispiritwal



Larawan 2.2. Mga pahina ng notebook ni Ka Ambo sa panggagamot

o Birheng Maria. Mahigpit ang tagubilin na huwag itong bubuksan subalit sumuway ang Birhen kaya nagkaroon ng karamdaman ang tao.

Ayaw daw ng Kadeusan ang nakikipagtalo. Idinagdag pa ni Ka Ambo na ayon sa Espiritu, "Hayaan mong magpunta ang maysakit, hindi ikaw ang hahanap sa kanila. Ang Kadeusan ay may sariling pamamaraan. Bihira ang pumupunta dito na hindi itinuro. Kailangang parating manalangin. At kung mananalangin, mainam na humarap sa silangan sapagkat naroroon Sila," ani Ka Ambo. "Bahala ka sa pamamaraan, basta galing dito," sabay turo sa kinalalagyan ng puso.

Isa sa mga bagay na lubha akong interesadong malaman noong nag-aaral kay Ka Ambo, ay kung sinu-sino ang mga Dios na kanilang pinaniniwalaan o tinatawagan, bukod sa limang nabanggit na niya sa akin. Gusto kong malaman kung ano ang kanilang konsepto ng daigdig at kung paano ito nalikha. Parati kong naririnig kay Ka Ambo ang Infinito Dios, at kay Sister Jean, ang Animasola. Ang Animasola ay naririnig ko rin sa aking yumaong Tiyo Bado, isa ring manggagamot gaya ni Ka Ambo. Nakakalito nang bahagya sapagkat may Santisima Trinidad, Dios Ama, Dios Ina, Dios Anak, at Dios Espiritu Santo na kabilang sa Cinco Vocales; may Sagrada Familia, Amang Doktor Rizal, at Siete Arkangheles. Upang maunawaan ko ang mga ito, ipinahiram sa akin ni Ka Ambo ang iba pang notebook niya ng mga oraciones kasama ang kanyang paliwanag. Mayroon doong mga oraciones na magagamit para matugunan ang lahat ng pangangailangan sa mundo. May Poder ng Infinito Dios, Poder ng Dios Ina, mga oraciones ng Siete Llaves, at iba pa. Wala ring sawa si Ka Ambo sa pagpapaliwanag tungkol sa panahon na wala pang mundo sa abot ng kanyang nalalaman. Sa kanya, ang mga kuwentong ito ay mga kaalamang ispiritwal.

Tungkol sa Mahal na Birhen, ayon sa kanya, Am Aram ang ngalan ng bumaba mula sa Siete Virgenes na pinaghunusan. Ipinakita niya sa akin ang mga drowing na naglalarawan sa Mahal na Birhen o Dios Ina (Larawan 2.3) at sa Dios Ama na nagpapakita ng ugnayan ng Dios Ina sa Ama na kanyang pinagmulan (Larawan 2.4). Ang tawag sa huling larawan ng Dios na may nakatitik na malaking Egosum ay Atardar.

Sa pamamagitan ng dalawang larawang ito, mas madali kong naunawaan at napag-ugnay ang mga oraciones sa notebook. Ang lahat ng nakasulat sa larawan ay kapangyarihan at sa gayon, nagsisilbing proteksyon o pananggalang sa kasamaan at sakuna. Sa madaling salita, ang mga ito'y anting-anting. Ang mga nabanggit kong poder at oraciones sa mga notebook ay patungkol sa mga larawang ito na itinuturing na sagrado at may angking kapangyarihan. Sa pamamagitan ng oraciones o panalangin, maaaring matawagan ang mga Espiritu o Kadeusan upang mahingan ng tulong sa oras ng kagipitan at pangangailangan.

Larawan 2.3. Kataastaasang Ina

Larawan 2.4. Atardar

Sa isip-isip ko, ito marahil ang tinatawag na sinkretikong pananampalataya ng mga Pilipino na pinaglangkap na teolohiyang Katoliko at katutubong interpretasyon o pagpapalagay. Tingnan halimbawa ang sumusunod na kuwento ni Ka Ambo tungkol sa Mahal na Birhen. Ang ibig sabihin ng MP na makikita sa larawan ng Mother of Perpetual Help ay "Mabun Paramitam" at kung sakaling nakakaharap sa masamang sakuna, ang pagsambit nito ng taong nasa panganib ay magdudulot ng dagling kaligtasan. Ito raw ang mga salitang namutawi sa bibig ng munting Jesus na kalong-kalong ng Birhen nang biruin Ito ng mga anghel at kunin ang sandalyas Nito. Bukod dito ay mayroon ding Birhen sa buwan na ang pangalan ay Baphomet o dilim at liwanag, kaliwa't kanan.

Sa paglalagom, tinuruan ako ni Ka Ambo ng unang grado ng panggagamot sa pamamagitan ng pagtawag sa limang Kadeusan at paglilinis sa pamamagitan ng pidgin Latin na dasal o oracion at ng Paglilinis ni Haring David. (Tingnan ang sulat-kamay na panalangin ni Ka Ambo sa susunod na pahina: Larawan 2.5). May tatlong araw bago ko namemorya ang mga dasal. Sa madaling araw ng ikatlong gabi, napanaginipan ko na bumaba ang Espiritu Santo sa aking diwa. Ayon kay Ka Ambo, hindi na siya gumagamit ng ganitong mga dasal; diretso na lamang siya sa Itaas.

Mula Oracion Tungo sa Anting-Anting. Nobyembre 1987. Nagtungo kami sa kamag-anak ni Ka Ambo sa Tanay upang makita ang iba pang mga larawan at libro. Wala roon si Pekto, ang kanyang pinsan na nag-iingat ng mga libro ng oracion. Iminungkahi sa akin ni Ka Ambo na hanapin sa Goodwill Bookstore ang *Encanto de Dios*. Naisip ko agad na walang ibinebentang libro ng oracion at mga kauri sa mga komersyal na tindahan ng libro. Inakala kong nagbibiro si Ka Ambo subalit mukha naman siyang seryoso. Sa pagtagal-tagal ng aking pananaliksik, natuklasan kong ang Peter's Mystical Book Center—na nagtitinda ng mga anting-anting at librito sa kalye Katubusan at Avenida Rizal, Borja Building—ay malapit sa Goodwill Bookstore.

Pagbungad sa pinto ng tahanan, dalawang larawan—guhit-kamay—ng Birhen na tinatawag na Kataastaasang Ina ang bubulaga sa sino mang papasok. Nakakuwadro ang mga ito. Ang isa'y solong larawan na may kasamang mga kerubin at nakatapak sa isang ahas na nasa ibabaw ng mundo (Larawan 2.6). Ang isa naman ay katulad ng naunang larawan na ibinigay sa akin ni Ka Ambo bagamat mas detalyado. Tila nakalarawan ang relasyon ng iba't ibang banal na Espiritu mula sa Kataastaasang Ina hanggang makarating kay Amang Doktor Rizal. (Larawan 2.7). Ayon kay Ka Ambo, sa kumpletong larawan nito ay nasa ibabaw ng Kataastaasang Ina ang Atardar o Dios Ama. Nanggaling daw ang mga larawang ito kay Nana Nelia na madalas nakikipag-usap noon kay Amang Rizal doon sa kuweba sa San Isidro. Sa katunayan, ang mga larawan ay may pirma pa ni Nana Nelia sa likod. Ayon kay



Pagsisisi ni Haring David

(Maawa ka sa akin -3X) ayon sa iyong kagandahang loob Oh Diyos
Isama mo ako sa karamihan ng iyong malumanay na kinaawaan.
Pawiin mo po ang aking kasalanan. Sapagkat kinikilala ko na
akoy nakagawa ng pagkakasala sa iyong harapan at sa
iyong paningin at ang kasalanan koy laging nasa harap
ko. Hugasan mo ako ng lubos sa aking mga kasalanan.
Liban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala, sapagkat sa kasalanan
ako ipinaglihi ng aking ina.
Linisin mo po ako ng buleh upang akoy maging malinis,
hugasan mo po akong mabuti upang akoy maging maputi
pa kaysa nieve, upang ariin kang ganap kong nagsasalita
ka at upang maging malinis kong humahatol ka na.
Narito ikaw na nagnanasa ng katotohanan sa loob na
sangkap, sa kublling bahagi ipinakikilala mo po sa akin ang
karunongan. Paringgan mo po ako ng awit ng kagalakan
upang ang mga buto na iyong binali ay mga galak. Ikubli
mo po ang iyong mukha sa aking kasalanan, likhaan mo po
ako ng malinis na puso oh Diyos, at magbago ng isang matuwid
na Espiritu sa loob ko. Huwag mo po akong paalisin sa iyong
harapan at huwag ding bawiin ang iyong Santong Espiritu sa
akin. Ibalik mo po sa akin ang dating pagkakaligtas at alalayan
ng mga kusang Espiritu. Kong magkagayon aakayin ko ang
mga mananalangsang, ituturo ko ang iyong mga bakas at ang
mga makasalanan ay manga hihikayat sa iyo.
Iligtas mo po ako sa salang pagbububo ng dugo, Oh Diyos,
ikaw na Diyos ng aking kaligtasan at ang aking dila ay aawit
ng malakas ukol sa iyong katuwiran. Panginoon, buksan mo po
ang aking bibig at ang aking labi ay nagsasaysay ng iyong
kapurihan. Batid kong di ka nalulugod sa ako mang handog
o hain liban sa aking katapatan. Ang handog ko oh Diyos ay
bagbag ng loob, bagbag na may pagsisising puso sa iyo. Oh
Diyos, hindi mo ito wawaling kabuluhan. Likhaan mo ako ng
malinis na puso, ng malinis na kaisipan katulad ng iyong
mabuting kasiyahan sa sion. At itayong muli ang mga kuta
ng Jerozalem. Kong mag kagayon malulugod ka na sa hain na
katuwiran, sa hain na susunugin, at susunugin pang buo at ang
handog ko sa iyo ay ang aking malinis na puso, pananampalataya,
pananalig, pagdakila, pagpupuri at pagibig.
(Maawa ka sa akin oh Diyos -3X) iyan po ang aking
panalangin.

Larawan 2.5. Teksto ng panalangin ni Ka Ambo



Larawan 2.6. Kataastaasang Ina, hindi pa nagsasabog ng biyaya.



Larawan 2.7. Karugtong ng Atardar

Ka Ambo, kaya raw madalas si Amang Rizal noong bata pa sa Tanay ay dahil dinadalaw niya ang kanyang ispiritwal na Tatay at Nanay—kung kaya "Tanay" ang itinawag sa lugar. Ngayon ay hindi na binababaan si Nana Nelia ng Amang Doktor kaya hindi na sila nagpupunta rito. Ang dahilan, ayon kay Ka Ambo, ay nakalampas na ang pitong taon ng paggamit sa ipinagkaloob na kapangyarihan at nakatakdang mawala na kung hindi makakapasa sa pagsubok.

Inilibot nila ako sa kabahayan at napagpasyahang tumigil nina Ka Ambo at ng kanyang hipag sa kuwarto ng anak nitong nasa Saudi. Tila ginagayuma raw yata ng isang babae na mas matanda rito dahil bahagi ng kinikita nito ay nauuwi sa babae. May nakasabit na larawan ng mga mata na nakakuwadro sa dingding. (Larawan 2.8). Sinwerte naman ako't ipinahiram din ito sa akin upang maipakopya. Napansin ko ang isang malapad na anting-anting sa altar. Nakasandal ito sa rebulto ng Sagrada Familia. Infinito Dios, sabi sa akin ni Ka Ambo. Tingnan mo, anya, ang mga letra diyan; katulad ng mga letra na nakabalabal sa Atardar. "Pareho 'yan. Nauutusan 'yan. Iyan 'yung 24 alagad na sa gitna ay may kaliwa, itim o masama. Bawat isa ay sumasagisag sa bawat oras sa loob ng isang araw. Kung sino'ng nakatapat sa bilang ng oras, siyang dapat tawagan at utusan." Agad naalala ang listahan ng 24 na alagad ng Infinito Dios na ipinakopya niya sa akin na may kasamang oracion.

Ikinuwentong muli sa akin ni Ka Ambo na bago nilikha ang mundo—na nalikha na pala—nais binyagan ng Dios Anak ang Infinito Dios subalit ayaw Nitong pabinyag kaya't nagtago sa loob ng bato. Sa gayon nang bibinyagan na ang Infinito Dios, ang nabinyagan ay mga daliri lamang. Iyon daw ang nakalarawan sa anting-anting. Samakatwid, sabi ko sa kanya, mga oracion ang nakalilok sa medalyon—at kung dadasalan gabi-gabi ay mapapagana ang bisa nito matapos ilantad sa apat na elemento—apoy, tubig, lupa, hangin—ang medalyon ng tatlong araw sa tatlong magkakasunod na unang Biyernes ng bawat buwan. Ang medalyong hawak ko, aniya sa akin, ay antigo at ipinamana lamang, di tulad ng mga nabibili sa Quiapo. Samakatwid, sabi ko sa aking sarili, dapat akong magtungo sa Quiapo.

Hindi kami kaagad nakaalis dahil ipinagamot pa kay Ka Ambo ang manugang na lalaki ng kanyang hipag. Naglangis sila ng tatlong niyog, ipinainom ito sa lalaking sa palagay nila'y nakulam, upang mapurga at malinis ang sikmura. Nang magsuka't magtae na itong manugang at saka pa lamang nakaranas ng ginhawa. Ipinakita nito ang kanyang anting-anting kay Ka Ambo at nakiusap na kargahan ito upang gumana. Ayaw sana ng hipag ni Ka Ambo at baka gamitin lang daw sa masama. Binugahan ito ni Ka Ambo ng oracion at saka ibinalik sa may-ari.

Gabi na kaming nakauwi ni Ka Ambo ngunit kapwa masaya sa nakuhang mga larawan. Masaya rin naman ang aming mga iniwan.



Larawan 2.8. Ang Kadeusan sa Anyong Mata



Larawan 2.9. Infinito Dios—hindi binyagan na iginuhit sa chaleco. Ipinagpapalagay na ang disenyong ito sa anting-anting ang pinakaluma sa lahat. May larawan nito sa *Harper's* (1900, p. 121) (Likod).



Larawan 2.10. Harap ng chaleco



Larawan 2.11. Siete Arkangheles (Cavite)



Larawan 2.12. Siete Arkangheles (Batangas)

Si Ka Bert at ang mga Anting-Anting sa Quiapo. Isang araw na bumabagyo at walang pasok sa eskwela, naisipan kong saliksikin ang mga nagtitinda ng anting-anting sa may pinto ng simbahan ng Quiapo. Una kong namataan si Ka Albert Lopez-Santos.

Nagsimula siyang magtinda ng mga medalyon noong 1953. Walo ang anak at tanging pagtitinda ng anting-anting ang kanyang ikinabubuhay. Tatlumpo't limang taong gulang ang panganay niya at labingwalo naman ang bunso. Mayroon pa raw siyang ampon na nasa Grade I na. Araw-araw siyang nagtitinda ng anting-anting mula umaga hanggang gabi, kahit Linggo at araw ng pangilin.

Ayon sa kanya, noong una, mga lima lamang silang nagtitinda ng medalyon sa Quiapo. Mga kumpare at kumare niya. Ang isa pa nga ay hipag niya. Medyo mahal daw ang benta niya ng mga medalyon dahil nalalaman niya kung ano at saan ang gamit nito. Pero hindi raw siya basta-basta nagtuturo sa kahit sinong lumapit kahit kung minsa'y gusto niyang makatulong. Dahil kapag ang aral ay ginamit ng tinuruan sa masama, siya na nagturo ang binabalandrahan, kinakastigo at napaparusahan. Sampung taon daw bago "maka-survive" o makabawi ang kabuhayan at sampu ng mga anak ay apektadong lahat.

Dalawa ang pinagmumulan ng mga medalyon. May yaring-Quezon-Batangas at may yaring-Cavite. Dahil mas pulido ang pagkakaukit nitong huli, mas popular ito. Isa pang ibang pagkakakilanlan ay ang sabitan. Ang sabitan ng yaring-Cavite ay bilog at hindi nakakasakit; yaong sabitan ng yaring-Batangas ay flat at matalas o makanto. Tingnan ang medalyon na Siete Arkangheles (estrelya) na yaring-Batangas at ang Siete Arkangheles na yaring-Cavite (Larawan 2.11 at 2.12). Pansinin na kakaiba ang sabitan ng anting-anting na medalyon sa ordinaryong medalyon: parallel sa katawan.

Minsan, nakatagpo ko ang lalaking nagdadala ng mga medalyon na yaring-Batangas at sinabi ko sa kanya na gusto kong magpunta sa pagawaan. Bawal magpunta, aniya, sa pagawaan. Kahit siya mismo ay hindi nakakapunta doon at tinatagpo lamang siya sa isang lugar kung may ipabebenta. Hindi na ako nagpumilit. Sinuswerte naman, naabutan ko minsan si Soli Topacio na nagde-deliber ng mga medalyong gawa ng kanyang tiyo sa Cavite. Regular niyang dinadalhan si Aling Cora Reyes, hipag ni Ka Bert, ng mga medalyon. Sa tagal ng panahon na inilagi ko sa mga pintuan ng simbahan ng Quiapo, naging kapalagayang-loob ko na rin si Aling Cora. Mas marami siyang paninda kaysa kay Ka Bert, lalo na kapag Mahal na Araw. May tinda siyang chaleco, panyo, larawan ng Atardar, Sator, Apat na Sulok, librito ng oracion, rebulto ng Santo Niño at mga damong gamot. Nang ipinakilala niya ako kay Soli, sinamantala ko ang pagkakataon at sinabing nais kong mainterbyu ang kanyang tiyo at kung maaari, makapunta rin sa gawaan ng anting-anting. Tuwang-

tuwa ako nang pumayag si Soli at ibigay ang direksyon ng kanilang tirahan sa Noveleta, Cavite.

Si Mang Ben sa Gawaan ng Anting-Anting. Disyembre 1, 1987. Nakapanayam ko si G. Ben Herrera, manlililok ng medalyon sa kanilang tahanan.

Si Mang Ben, dating platero, ay maglalabindalawang taon nang gumagawa ng medalyon buhat nang tumigil sa pamamasukan. Kinse anyos pa lamang ay trabahador na siya sa pagawaan ng medalyon. Noong makapanayam ko si Mang Ben, 43 taon na ang kanyang edad.

Ang mga disenyo ng medalyon ay galing sa kanyang tiyo, si Icasiano Nasaire o Tandang Ano, tagapagtatag ng Samahang AKO sa Tagaytay. Ang mga disenyo ayon kay Mang Ben ay mga kopya sa "orihinal." Orihinal yaong medalyon mismo na kung minsan ay napapakiusapang makopya mula sa may-ari na lumalapit sa kanya para magpagawa ng medalyon. Ang mga taong ito ay nag-aaral ng mga kaalamang ispiritwal. Ayon sa kanya, nagkakalapit-lapit ang mga taong ito. Bagaman siya ay baguhang nag-aaral, ang lumalapit naman sa kanya ay mga matatanda nang nag-aaral.

Minana ni Mang Ben ang paggawa ng medalyon kay Tandang Ano na ang tawag sa kanya ay: "kaisa-isang walanghiyang pamangkin." Tuwing nakakaipon ng kaunting pera si Mang Ben, bumibili siya ng gamit sa hanapbuhay. At nang sapat na ang kanyang mga gamit na naipundar, saka siya nagsarili.

Noong 1987, ang halaga ng pagpapagawa ng bagong medalyon ay P1,500.00. Mahirap at matagal ang paggawa ng bagong disenyo ng medalyon. Una, iginuguhit ni Mang Ben ang disenyo sa tansong eksakto na ang sukat at hugis ng kalalabasan ng medalyon. Matapos maiguhit ang disenyo, pagtitiyagaan namang ukitin ang bawat detalye nito. Itong medalyong inukit o orihinal ang siyang magiging molde na imamarka sa lupa o buhangin; pagkatapos, magtutunaw ng tanso na ibubuhos sa bakas ng orihinal na medalyon. May moldehan kung tawagin na siyang pinaglalagyan ng lupa kung saan iminamarka ang medalyon. Ang moldehan ay nabibiyak sa gitna na pinagsasaklob kung nakuha na ang marka ng magkabilang mukha ng medalyon.

Sa umpisa, atubili si Mang Ben na ipaalam ang proseso ng paggawa ng medalyon dahil sa kompetensiya ng pagawaan ng medalyon sa Quezon, Batangas, at Laguna. Nangangamba siyang baka malaman ng kanyang mga kakumpetensiya ang pamamaraan niya ng paggawa ng medalyon. Ganoon pa man, ayon sa kanya, anumang pilit ang gawin ng mga iyon para tuklasin ang kanyang sekreto ay walang nangyayari dahil walang makakapagturo sa kanila. Pumayag lamang siya nang sabihin kong hindi siya dapat mag-alala dahil hindi ako espiya at hindi ko gagayahin o nanakawin ang kanilang kaalaman. Sinabi ko rin na hindi niya kailangang sabihin pa ang sekreto, iyon lamang mga bagay na maaari niyang sabihin.

Marami pa kaming napagkuwentuhan tungkol sa kung paano nilikha ang mundo, at batay sa aming pag-uusap, makikita na matatag ang kanyang pag-aaral na nakaugat sa Bibliya. Naniniwala siya na may bisa ang mga oracion. Wika nga niya, "Mantakin mong ang mga Kastila ay may baril at superyor na armas, samantalang sibat lamang ang dala ng mga Pilipino." Naniniwala siyang talagang may mga oracion na nakapipigil sa putok ng baril. Naniniwala rin siya na mas superyor ang ispiritwal na kaalaman ng mga katutubo kaya kinailangan ng mga Kastilang sunugin ang mga kasulatan at burahin ang katutubong paniniwala sa isip ng mga Pilipino. Hindi totoong gawa ng diablo ang mga kasulatan at paniniwalang iyon. Ayon sa kanya, nakarating na rin ang mga aral ni Kristo sa kapuluan ng Pilipinas bago pa dumating ang mga Kastila.

Kung nais ko raw matuto, tulad ni Ka Bert, pinayuhan niya akong magpunta kay Tandang Ano sa Tagaytay. Si Tandang Ano diumano ang nagpakalat ng mga librito at mga anting-anting. Sa katunayan, si Tandang Ano ang nag-disenyo at gumawa ng mga moldehang bakal na ginagamit sa kasalukuyan ni Mang Ben. Datapwat matapos magpakita at makausap ni Tandang Ano ang Nanay ng Buhay o Mahal na Birhen, tinalikdan niya itong mga aklat at anting-anting.

Kung ilang beses din akong nagpabalik-balik kay Mang Ben hanggang sa maging palagay ang loob niya sa akin. Mas gusto niyang tawaging medalyon (ayon sa kanya ay "kapirasong tanso na may bukol") kaysa anting-anting ang mga ito. Sa kanyang pakahulugan, ang anting-anting ay laban sa Dios. Balintuna nga sapagkat ang mga medalyong ito—na mas kilala ng karamihan sa tawag na anting-anting ayon sa mga may alam tungkol dito—ay maaaring gamitin sa pangkukulam. At dito, sumasang-ayon si Mang Ben, si Ka Ambo, at si Ka Bert.

Sa may isang taong pagpunta-punta ko kina Mang Ben, nasaksihan ko ang pag-unlad ng kanilang kabuhayan. Noong huling punta ko nga, sementado na ang kanilang sahig at may mga bintana at pintuan na rin ang kanilang tahanan.

Ang Paggawa ng Anting-Anting. Disyembre 14, 1988. Maghapon akong nanood ng paggawa ng anting-anting.

Umaga pa lamang ay kailangang nakahanda na ang mga sumusunod na gamit: isang buong palayok na katamtaman ang laki; iskrap na tanso (gripo, bisagra, turnilyo atbp.); isang kahong yari sa kahoy, katamtaman ang lalim, at may lamang dinurog na palayok (o Korean soil, ayon kay Ka Bert sa Quiapo); maliit na brotsa na ginagamit sa pagpipintura; brotsang bakal; gunting; ilang piraso ng kaha ng sigarilyo o papel na ginupit ayon sa hugis ng anting-anting; pangkalos (kikil o plastic na ruler); silindrikal na kahoy na may tatlong dali ang haba; at mga anting-anting na kokopyahin. Kailangan din ng isang timbang tubig na paglulubugan ang bagong-hangong medalyon; lagareng-bakal para pamutol ng malalaking piraso ng tanso;

kerosene o gaas; air compressor; mesa na mapagpapapatungan ng kahon at iba pang mga gamit; moldeng bakal na bilog na magkasaklob (isang "babae" at isang "lalaki"; napapaghiwalay ito at kapag magkasaklob na ay may butas na maaring pagdaanan ng ibinubuhos na tunaw na tanso); kalan; kutsarita; borax na pandalisay ng tanso; gunting; plais o kahit anong maaaring panghawak ng mainit na tansong tinutunaw at ng medalyong kahahango pa lamang; kandila; at posporo o lighter.

Ang unang ginawa ni Mang Ben ay nilagare sa tatlo ang buong palayok. Pagkatapos ay pinaandar niya ang compressor. Kinuha niya ang isang bahagi ng palayok, inilagay doon ang mga piraso ng tanso, at isinalang sa apoy. Isang plais ang ginamit ni Mang Ben upang ipitin at hanguin sa apoy ang palayok na may tanso. Dahil sa mahabang karanasan sa paggawa ng medalyon, alam niya kung tunaw na ang tanso sa tunog at silab ng apoy. Upang humiwalay ang dumi sa tanso, hinaluan ni Mang Ben ng isang kutsaritang borax ang tinunaw na tanso.

Bago pa man sindihan ang compressor ay nakahanda na ang mga molde na pagbubuhusan ng tunaw na tanso. May katulong na lalaki si Mang Ben na gumagawa nito.

Una, ang molde ay bibiyakin o hahatiin sa dalawa. Pupunuin ng lupa ang babaeng molde. Kailangang siksik na siksik ang lupa. Ang lupa ay dapat kainaman lamang—hindi basa, hindi rin naman tuyo. Tubig lamang ang inihahalo sa lupa. Kapag siksik na siksik na ang lupa, imamarka ngayon ang unang mukha ng medalyon sa moldeng babae. Subalit bago ito gawin, kailangang linisin ng brotsa ang medalyon upang masiguro na walang alikabok o duming nakadikit. Sa gayon, masisiguro na malinaw ang kalalabasan ng disenyo. Sa pagkuha ng impresyon o bakat ng anting-anting, maingat itong inilalapat sa moldehan na puno na ng lupa. Pagkatapos, marahang pinupukpok ng bilog na kahoy sa ibabaw upang bumaon nang husto at makuha nang malinaw ang mga detalye ng disenyo. Ngayon, lalapatan ng papel ang palibot ng medalyon sa pamamagitan ng paggupit ng padron nito. Kaha ng sigarilyo ang ginagamit nila. Inihahanda na ang mga guhit-balangkas na papel ng iba't ibang hugis ng anting-anting na kokopyahin bago pa man magsimulang magtrabaho. Kapag nalapatan na ng papel ang lahat ng medalyon, maingat na isasaklob ang kabiyak na molde o moldeng lalake. Ang ibabaw o takip ng molde ay natatanggal. Kapag magkalapat na ang moldeng babae at moldeng lalaki, pupunuin ng lupa ang buong moldehan. Inuuna ang ibabaw ng papel hanggang sa mapuno ang moldehan. Tulad ng dati, kailangang siksik ang lupa. Kakalusin ang sobrang lupa at saka muling ikakabit ang takip. Bubuksan ngayon ang dalawang molde. Maingat na aalisin ang papel na nakapalibot sa medalyon. Kasunod nito, aalisin na ang mismong medalyon. Ang lupa sa moldehan na may impresyon na ng anting-anting o ang molde ay uukitan ngayon ng daanan ng tunaw na tanso.

Bago buhusan ng tunaw na tanso, hinihipan muna ni Mang Ben ang moldeng babae at moldeng lalaki, at pagkatapos ay idinarang sa apoy. (May maliit na kalan na yari sa lata na sinisindihan para lamang dito at pinapatay kung hindi na kailangan.) Idinadarang ang molde sa apoy upang hindi sumabog ang lupa sa sobrang init ng tunaw na tanso. Pagkatapos mapainit sa apoy, ang moldeng lalaki at babae ay pagsasaklubin. Ngayon, handa na ang mga molde sa pagbubuhos ng tunaw na tanso.

Si Mang Ben mismo ang nagbubuhos sa molde. Pagkabuhos, iaabot ni Mang Ben sa kanyang katulong ang molde. Si Mang Ben ngayon ay buhos na lamang nang buhos ng tunaw na tanso. Binubuksan naman ng kanyang katulong ang mga moldehan, kinukuha ang nabuong medalyon, binobrotsa ito, at saka inilulubog sa tubig. Ang lupa galing sa mga nagamit na molde ay itinataktak sa isang tabi. Makikita sa proseso ng paggawa na ang anting-anting ay dumaraan sa tinatawag na apat na elemento—lupa, apoy, hangin at tubig—na ginagamit sa alchemy.[4]

Kapag naubos na ang lupa at nagamit nang lahat ang moldehan, tatanggalin yaong mga nakadikit sa moldehan at muling iipunin ang lupa. Dinudurog yaong buo-buo at saka sinasala para pinuhin nang husto. Kapag durog na durog na ang itim na lupa, nilalagyan ito ng tubig na tamang-tama lamang ang dami at muling hinahalo. Pagkatapos, muling mauulit ang prosesong inilarawan na.

Dikit-dikit pa ang mga medalyon pagkahango sa moldehan. Ang katulong na lamang ni Mang Ben ang nagpi-finishing o nagkikinis nito. Nilalagare upang magkahiwa-hiwalay, lilihahin upang luminis at kuminis, kikikilin, at lalagyan ng butas ang sabitan. Kapag gusto ng bibili na magmukhang luma, pinapahiran ng kandila ang medalyon. Iba-iba ang gusto ng mga mamimili: makintab na makintab, pulang-pula, o itim na itim.

Kapag tapos na ang lahat, ipapasa ang mga medalyon kay Soli upang ilista sa notebook kung sino ang nagkikil, at kung ilan at ano ang uri ng mga medalyon. Handa nang dalhin ang mga medalyon kina Aling Cora at Ka Bert sa simbahan ng Quiapo. Nagdadala rin si Misis sa kanyang kumare sa Saldem Commercial sa Paco, at sa mga tindera ng anting-anting sa simbahan ng Baclaran.

Isang mahirap at masalimuot na paglalakbay ang pagtuklas at pag-unawa sa lihim na daigdig ng anting-anting. Sa tulong ni Ka Ambo ay nakita ko ang ugnayan ng oracion at anting-anting sa paggagamutan. Si Ka Bert naman, na nagtitinda ng anting-anting sa Quiapo, ang naglinaw ng mga mito na nakapaloob dito. Si Mang Ben, tagapagmana ng mga orihinal na molde ng medalyong pag-aari ni Tandang Ano, ang humawi ng misteryong nakalambong sa pinagmulan ng mga simbolismong nakaukit sa anting-anting. Sa kabila ng lahat ng ito, malayo pa rin ang lalakbayin upang ganap na maunawaan ang lihim na daigdig ng anting-anting—tulad sa mahabang paglalakbay ng mga anting-anting na ginawa ni Mang Ben mula Cavite

patungong Baclaran, Quiapo, Paco, Ilocos, Mindanao at iba pang bahagi ng Pilipinas, at maging sa ibayong dagat tungo sa mga taong bubuhay at mag-aalaga sa mga medalyong ito.

Mga Tala

[1] Si Ginang Orara ay pinaniniwalaang psychic at nakakakita ng mga kulay ng aura at mga espiritu.

[2] "La Compaña" ang anting-anting ni Ka Ambo. Galing raw ito sa mga Heswita. Dahil mausisa, hinanap ko ang ganitong pamagat sa aklatan ng Ateneo de Manila University, Loyola House of Studies. Napag-alaman ko na ang aklat na *La Compaña de Jesus* o Society of Jesus ay napakaraming tomo at ang mga ito'y walang tinutukoy na kapangyarihan ng anting-anting.

[3] Ayon kay Padre Valdemoro, walang katuturan ang mga oraciong ito. Pidgin Latin na pinaghalu-halong Latin, Espanyol, Griyego at gibberish. Ang ilang mga dasal na napagtiyagaang kilalanin ni Padre Valdemoro sa kabila ng balbal na anyo ng oracion ay ang "Come Holy Spirit" at ang mga dasal sa Latin na ginagamit sa exorcismo.

[4] Ang alchemy, ayon sa *The World Book Encyclopaedia* (World Book Inc. U.S.A.: Chicago London Sidney, 1984) vol. I, p. 318, ay pinaghalu-halong agham, mahika at relihiyon. Naniniwala ang mga alchemists na ang lahat ng bagay ay binubuo ng isang walang hugis na sustansiya. Inakala nila na ang sustansiyang ito ay naging apat na elemento—lupa, hangin, apoy, at tubig—kapag pinagsama-sama sa mainit, malamig, basa o tuyo. Para kay Mang Ben, ang apat na elemento ay ang Dios.

3

Mga Mito at Simbolismo ng Anting-Anting

Retablo ng Paniniwala

Ang saligan ng pag-unawa sa simbolismo at kahulugan ng anting-anting ay nagmula kay Ka Ambo. Sa unang pagkarinig ng kuwento tungkol sa mga "Kadeusan" ay hindi agad ito mauunawaan. Hindi ko agad nakita ang kaugnayan nito sa mga medalyon. Nagsimulang luminaw ang kanyang sinasabi nang ipakita niya ang medalyon ng Infinito Dios sa altar ng kanyang kamag-anak sa Tanay. Ito ang naging susi upang mabuksan ang lihim na natatago sa medalyon.

Kung pagmamasdang mabuti ang mga medalyon na itinitinda sa may pintuan ng simbahan ng Quiapo, makikita sa mukha nito ang pira-pirasong bahagi ng mga bagay na inilalarawan sa Retablo ng Paniniwala: ang Mahal na Birhen—tulad sa Miraculous Medal—na tinatawag na Kataastaasang Ina; ang Atardar o larawan ng Dios Ama kasama si Jesus Rizal (may pahiwatig na pinaikling bersyon ito ng buong Retablo; nasa pagitan ng dalawang Dios ang iba pang Kadeusan); at ang mga mata. Ito ang mga Kadeusan na pinaniniwalaan ni Ka Ambo at ng mga grupong milenaryo.

Maipaliliwanag sa dalawang larawan (Larawan 3.1 at 3.2) ang Retablo ng Paniniwala: ang Atardar o Dios Ama na animo'y nakalutang sa mga ulap o lumilipad sa papawirin, at ang Kataastaasang Ina kasama ng iba pang banal na espiritu at ni Rizal.[1] Nasa mga larawang ito ang kabuuan ng paniniwala at konsepto ng unang paglikha at ng buhay sa daigdig. Nasa itaas ang Dios Ama (tinatawag ding Infinito Dios o Atardar) na may hawak na tabak at may balabal. Siya ang Bathalang lumikha ng lahat—isang Superman, kung ilarawan ng iba, na pinagmamasdan ang kanyang mga nilalang habang lumilipad.[2] Siya rin ang Dios na nagtago sa loob ng bato at ayaw magpabinyag sa Tres Persona (ito naman ang Dios ng mga mananakop na Kastila na nag-uusap tungkol sa paglikha ng mundo).

Ayon kay Mang Ben,[3] si Kristo ay kilala na ng mga katutubong Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila. Naniniwala sila na mas mabisa at makapangyarihan ang katutubong pananampalataya sapagkat "may mga orasyon na nakakapigil sa pagputok ng baril."

Mahalaga sa pag-unawa ng Retablo ng Paniniwala ang sanaysay ni Prospero Covar. Gayundin ang mga mito na nauukol sa Dios Ama, Dios Ina, Dios Anak, sa

Larawan 3.1. Atardar. Ang Dios Ama o Infinito Dios kasama ang pitong Nunong Babae o Siete Virgenes. Ang nasa gitna ay ang Mahal na Birhen o Kataastaasang Ina. Galing sa pabalat ng katologo ng Saldem Commercial Enterprises.



Larawan 3.2. Ang mga Kadeusan mula sa Kataastaasang Ina hanggang kay Bathalang Amang Rizal.

Infinito Dios, at iba pa na kaugnay ng paglikha. Ihahanay rin ang mga medalyon o anting-anting na sumasagisag sa kuwentong inilalahad pati na mga librito. Sa dakong huli, makikita ang larawan ng mga simbolismong ginagamit ng mga samahang milenaryo upang maipakita ang pagkakatulad nito sa anting-anting.

Ang Retablo ng Paniniwala ang nagsisilbing balangkas ng sistema ng pananampalataya na nakabatay sa mito ng Infinito Dios o ng unang paglikha.

RETABLO NG PANINIWALA

Sa kabuuan, ang ispiritwalidad ng Filipino ay ayon sa kanyang pananampalataya sa retablo ng paniniwala. Nakaluklok sa kalangitan ang Infinito Dios. Siya ang naghahari sa sandaigdigan at sanglibutan. May tatlong katauhan ang Infinito Dios. Ito ay ang Santisima Trinidad na binubuo ng Dios Ama, Dios Anak, at Dios Ina. Ito ay ayon sa katutubong teolohiya.

Ang Dios Ama ay ang Dios ni Abraham at ni Moises. Noong unang panahon nakilala siya sa pamamagitan ng tinig o boses. Sa simbolismo ng mga Pilipino siya ay trespicu na may mata sa loob. Kilala ito na Ohos Animasola.

Ang Dios Anak ay walang iba kundi si Jesus na bumaba sa lupa, nagkatawang tao, nabayubay sa krus, umakyat sa langit, at umupo sa kanan ng Dios Ama.

Ang Dios Ina ay bumaba sa lupa, nagkatawang tao rin subalit sumakatao sa iba't ibang pinagpalang mga babae (at sa aking palagay maging mga lalake man) na sinusunod ng iba't ibang samahan katulad ni Maria Bernarda Balitaan (sa kaso ng Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios sa Banahaw), Victoria Vera Piedad ng BROMOKI (Brotherhood of Mother's Kids sa Pilila, Laguna), Josefina Lopez (Larawan 3.3) at iba pa.

Ang iba't ibang panahon ng paghahari ng Dios Ama, Dios Anak, at Dios Ina dito sa lupa ay ayon na rin sa pinagkasunduan sa konsistoryo ng Santisima Trinidad.

Sa konteksto ng katutubong teolohiya na itinuturing na apokripal sa Biblia, ang Dios Ama ang unang naghari sa daigdig. Ipinaalam Niya sa sangkatauhan ang kanyang naisin sa pamamagitan ng tinig o boses. Gayon ang nangyari kay Eva at Adan nang palayasin sila sa paraiso, kay Nunong Noe nang gunawin Niya ang mundo. Sa pamamagitan din ng banal na tinig ibinigay ang Sampung Utos (at sa pamamagitan din ng banal na boses ayon kay Suprema Isabel Suarez ng Ciudad Mistica kung papaano nadiskubre ang mga kuweba o puwesto sa Bundok Banahaw na tumatayo sa mga banal na lugar ng lumang Palestina.)

Ipinagwalang-bahala ng sangkatauhan ang pagmamahal ng Dios sa Kaniyang nilalang. Nalusak sa pagkakasala, kaya't minarapat ng Santisima Trinidad na pababain sa lupa ang Dios Anak sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao upang iligtas ang sanglibutan. Gayon nga ang nangyari. Si Jesus ay nagkatawang-tao, ginawa ang kanyang ministeryo, ipinako sa krus, umakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Dios.

Subalit nagpatuloy sa gawang pagkakasala ang sangkatauhan kahit na nga tinubos Niya sila sa pamamagitan ng Kaniyang grasya dahilan sa Kaniyang lubos

Larawan 3.3. Ang koronasyon ni Apo Paniang bilang pinuno ng kultong Rizalista. Ang larawan ay sa kagandahang loob ni G. Noel Pangilinan ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, U.P.

na pag-ibig. Ang konsistoryo ng Santisima Trinidad ay muling nagpulong at Kanilang pinagkasunduan na panahon na upang ang Dios Ina naman ang bumaba sa lupa.

Sa konteksto ng katutubong paniniwala ang Dios ay may tatlong persona. Ang bawat persona ay may kaluluwa. Ang tao ay mayroon ding kaluluwa. Ang kaluluwa ay maaaring humiwalay sa katawan ng tao nang pansamantala o lubusang yumao gaya ng pagkamatay ng katawang-lupa. Sa paniniwalang ito nakasalalay ang penomenon ng sapi o langkap. Ang espiritu ng Dios Ama, Anak o Ina ay lumalangkap o sumasapi sa sinomang Kanilang pinili o pinagpala na kilala bilang medium, talaytayan, babaylan, catalonan o kasangkapan. Maging ang kaluluwa ng santo at santa, pati na rin ang mga bayani ng lahi, tampok si Dr. Jose Rizal, ay sumasapi rin. Maaari ring sumapi ang kaluluwa ng mga yumao, pati na rin ang mga anitong naglipana sa kalikasan.

Ang bisa ng paniniwalang Pilipino ayon sa retablo ay nakasalalay sa pananampalataya—ang pananampalatayang makapaglilipat ng bundok.

Ang iba't ibang samahang pangrelihiyon ay binibigyan diin ang iba't ibang bahagi ng retablo ng paniniwala. Ito ang batayan ng kanilang pagkakaiba-iba at pagkakawatak-watak.[4]

Sinasalamin din ng retablo ng paniniwala ang istruktura ng pamilya—ang pagkakaroon ng Ama, Ina, at Anak sa pamilyang nuclear na siyang karaniwang pamilya sa Pilipinas.[5]

Ang retablo ng paniniwalang Pilipino ay iba't ibang kapahayagan ng malawak na karanasan ng iisang pananampalataya, potensiya, bisa, pagsasakripisyo, at paggawa ng mga sangkap ng Pilipinong ispiritwalidad.[6]

Mga Mito Tungkol sa Infinito Dios

May iba't ibang mito sa paglikha ng mundo subalit may elemento sa lahat ng ito na hindi nagbabago—ang pangyayaring nalikha na ang mundo bago pa man magsimulang lumikha ang Tatlong Persona. Lingid sa Tatlong Persona na ang Nuno (o ang Infinito Dios) ang lumikha ng lahat at siya ring pinagmulan nila. Maaaring ipakahulugan na ayon sa mitong ito, mas makapangyarihan at una pa sa lahat ang Bathala ng mga katutubo kaysa Dios ng mga Kastila na ekspresyon din ni Bathala o ng Infinito Dios.[7]

Ang sumusunod na mga mito ay hango sa aklat ni Sabino, *Karunungan ng Dios*. Nilagyan ng pamagat ang bawat mito upang madaling mapagtagni-tagni ng babasa ang mga kuwentong sa unang pakiwari'y hindi magkakaugnay. May anotasyon ang bawat mito upang maging gabay sa pagtatagni-tagni ng mga kuwento. Tatalakayin din ang mga medalyon at larawang hango sa *Logos*[8] upang makita kung paano isalin ang mga mito sa simbolismo, batay sa mga pangyayari sa kuwento na ipinagpapalagay

na sagrado at pinaniniwalaang nag-aangkin ng kapangyarihang magagamit sa oras ng pangangailangan.

Gabay sa pagdulog sa tekstong itinuturing na sagrado ng ating mga kababayan ang madalas banggitin ng mga cultural workers sa Mindanao sa pakikipag-ugnay nila sa mga katutubo:

> "Our first task in approaching another people, another culture, religion is *to take off our shoes*, for the place we are approaching is holy, else we may find ourselves treading on man's dream, more seriously still, we may forget that God was there before our arrival."[9]

Dios na Liwanag. Noong hindi pa nalilikha ang mundo, ang Dios ay isang walang hanggang liwanag na sumasaklaw sa lahat ng dako. Naging hugis-bola ito sa simula ngunit nang lumaon ay naging hugis-tao at tinawag sa iba't ibang pangalan: "Animasola," "Ulilang Kaluluwa," o "Walang Hanggang Dios."

> Noong hindi pa nalilikha ang daigdig at hindi pa lumalalang ang Dios, walang makikitang anuman kundi liwanag. Ang liwanag na ito ang tanging sumasaklaw at bumabalot sa lahat ng dako; walang sinumang makapagsabi kung saan ito nagmumula at kung saan natatapos. Ang liwanag na ito ang tinatawag na Dios, sapagkat walang Dios na matatawag liban dito.
>
> Di naglaon ay ipinasiya ng Dios na lalangin ang mundo: binawi niya ang liwanag sa buong paligid, sa lahat ng dako, upang magkaroon ng kadiliman o lugar na walang laman. At doon niya ilalagay ang kanyang mga lilikhain. Unti-unti, lumiit ang nasabing liwanag hanggang maging isang bilog na kung pagmamasdan mula sa itaas ay tila ulo ng sambalilo. Dahil sa kataasan at katayugan ng nasabing liwanag, inilarawan ito ng propetang si Isaias na "mataas at matayog na tumatahan sa walang hanggan" (Isaias 57:15). Ayon sa Kabalam, ang nasabing liwanag ay tinatawag na "Ainsoph" o tanging liwanag na tumatahan sa kaitaasan na walang katapusan at walang hanggan. (Mga Awit 119: 121-145). (Larawan 3.4)
>
> Walang ano-ano, ang nasabing bola ng liwanag ay nagkaroon ng hiwa o gahi sa dakong ibaba. Ang hiwa'y naging bibig na binukalan ng mga titik, salita, at pangungusap. Pagkatapos, sa gawing itaas ng bibig ay nagkaroon ng dalawang munting butas na nilabasan ng hangin. Iyon ang naging ilong. Sa gawing itaas naman ng ilong ay nagkaroon ng dalawang butas na magkalayo. Ang mga ito ang naging mga mata na nilabasan ng apoy. Kahanay ng mata—sa magkabilang gilid—ng nasabing bola ng liwanag ay nagkaroon ng dalawang butas: ito naman ang naging dalawang tainga na nilabasan ng hangin at agwat. Sa madaling sabi, itong bola ng liwanag ay naging mukha ng isang tao. (Larawan 3.5)
>
> Sa gawing ilalim ng mukha ng liwanag ay nagkaroon ng tulo na lumaki at humaba hanggang maging isang katawan. Sa itaas ng katawan ay nagkaroon ng dalawang tulo sa kaliwa't kanan: ito ang mga naging kaliwa't kanang braso. Sa

ibaba naman ng katawan ay nagkaroon din ng dalawang tulo na siyang naging dalawang hita, dalawang binti at dalawang paa. Ang nasabing liwanag ay natulad sa isang tao at tinawag na "Animasola" o "Ulilang Kaluluwa" o "Walang Hanggang Dios."[10] (Larawan 3.6)

Dios na Walang Hanggan. Sa kuwentong ito, ang Dios na Walang Hanggan ay siya ring Infinito Dios. Batay na rin sa paglalarawan sa *Logos*, iisa lamang ang tinutukoy na Dios sa mga mitong ito: ang Infinito Dios.

Ang tunay na anyo ng "Infinito Dios" o "Dios na Walang Hanggan" ay isang matang may pakpak (Larawan 3.7). Nang hindi pa nalilikha ang daigdig, paikot-ikot lamang ito sa alapaap at pabago-bago ng anyo. "Eloim" ang kanyang pangalan. Una niyang nilikha ang labing-anim na espiritu. Ang dalawa rito ay si Uph Madac at si Abo Natac. Si Uph Madac ang naghahawak ng liwanag ng araw; si Abo Natac naman, ang liwanag ng buwan. Anim ang pagala-gala sa labas ng mundo sapagkat ayaw nilang sumali sa paglalang ng mundo. Pito ang naging Arkanghel sa labas ng mundo at isa ang tumalsik at nakatalikod. Itong huli ay tinawag sa iba't ibang pangalan: "Becca," "Luxbel," o "Lucifer," ang hari ng mga anghel ng kadiliman. Ang mito ng Pitong Susi ay tungkol sa mga arkanghel na ito.

Pagkatapos ng paglikha nitong labing-anim na espiritu ay lumikha pa ng walo na makakatulong ng Infinito Dios. Lima rito ay nagpabinyag kay Kristo habang nakapako sa krus ngunit hindi nabinyagan dahil namatay si Kristo. Ang tatlong naiwan ang naging tatlong persona na binigyan ng Dios ng buong kapangyarihan na lumikha at gumawa ng lahat ng bagay na dapat likhain at gawin. Sa kabuuan, dalawampu't apat na espiritu ang unang nilikha ng Infinito Dios.

Ang mitong ito ang nagpapakilala sa mga pangunahing tauhan ng dulang nilikha at pinamahalaan ng Infinito Dios. Makikita sa mga sumusunod na mito ang pagbubukas ng mga tunggalian ng mga tauhan habang ginagampanan nila ang papel na nilikha at ibinigay ng Infinito.

NOONG WALA PANG MUNDO

Noong wala pang mundo, ayon sa banal na kasulatan, ang Dios na Walang Hanggan (Infinito Dios) ay paligid-ligid sa alapaap. Pabago-bago siya ng ayos ngunit ang tunay niyang anyo ay isang matang may pakpak na nakabalabal. Sa balabal ng dakilang Dios nakasulat ang unang titik na E ng kanyang kabanal-banalang pangalan, "Eloim." Sinumang makaalam at makasambit nito ay hindi daranas ng anumang hirap sa kabilang buhay.

Naisip ng Dios na kailangan niya ng makakatulong sa lahat ng gawain. At habang nag-iisip ay bigla siyang pinawisan. Nang haplusin ng kanyang kanang pakpak ang mga butil ng pawis na tumalsik ay naging labing-anim na "Espiritu"



Larawan 3.4. Dios na Liwanag



Larawan 3.5. Panubo



Larawan 3.6. Dios Animasola[11]

ang mga iyon at kanyang binigyan ng kani-kanilang tungkulin at kalagayan. (Larawan 3.8)

Ang dalawang kauna-unahang nilalang ay ang dalawang matanda na tumatahan sa litid ng lupa sa magkabilang panig sa labas ng mundo. Sila ang may hawak sa araw at buwan at nasa kanilang kapangyarihan ang pagbibigay ng liwanag sa sansinukob. Ang kanilang mga pangalan: Uph Madac at Abo Natac.

Anang Dios sa dalawang pinakamatanda: Matim Rueac, kayong dalawa ang maghahawak at magbibigay ng liwanag sa Araw at sa Buwan. Ikaw, Uph Madac, ang maghahawak sa liwanag ng Araw. Ikaw naman, Abo Natac, ang maghahawak sa liwanag ng Buwan. Kayong dalawa ang magbibigay ng liwanag sa sansinukob. (Larawan 3.9 at 3.10)

Ang anim na iba pa ay ayaw tumanggap ng anumang kaloob ng Dakilang Dios. At ang naging gawain nila ay ang magpagala-gala sa labas ng mundo. Ito ay sina Elim, Borim, Morim, Bicairim, Persalutim at Mitim. (Larawan 3.11)

Ang pitong natitira ay ang tinatawag na pitong kanunuan sa labas ng mundo, na walang iba kundi ang pitong Arkanghel na hindi binyagan: sina Amaley, Alpacar, Amalic, Apalco, Arago, Arco, at Azcarague. Sila ang pitong Arkanghel na tagapag-alaga at bantay sa sansinukob, at tagapamagitan sa Dios at sa tao. (Larawan 3.12 at Larawan 3.13)

Yaong isang tumalsik sa malayo at nakatalikod ay tinawag na Luxbel (Larawan 3.14) ng mga Angheles o ilaw sa kalangitan. Ang kanyang pangalan ay Becca. Nang lumaon, tinawag siyang "Lucifer," ang hari ng mga angheles ng kadiliman. Ang kanyang kasaysayan ay matutunghayan sa Testamento ng Diez Mundos. (Larawan 3.15)

Inisip ng Dios na muling lumalang ng iba pang kakatulungin. Habang nag-iisip ay muli na naman siyang pinawisan. Nang haplusin ng kanyang kaliwang pakpak ang mga butil ng pawis na tumalsik ay naging walong Espiritu ang mga ito. Lima sa walong ito ang lumapit at bumati kay Kristo noong siya'y nakabayubay sa Krus, ikatlo ng hapon ng araw ng Viernes Santo, kung kaya biglang lumindol, kumidlat at nagdilim at di magkakitaan sa ituktok ng kalbaryo. Hiniling ng limang ito kay Kristo na binyagan sila ngunit hindi nangyari ang kanilang kahilingan: nang oras na yaon ay biglang napugto ang hininga ng dakilang mananakop at tagapagligtas ng sanlibutan. Hindi sila nabinyagan at patuloy nilang tinaglay ang dati nilang mga pangalan: Istac, Inatac, Isnatac, Tartaraw, at Sarapao. Ang kanilang kasaysayan ay matutunghayan sa Testamento ng Santa del Arca.

Ang huling tatlong Espiritu ay naging Tatlong Personas. Sila ang binigyan ng Dios ng buong kapangyarihan sa paglikha at paggawa ng lahat ng bagay na dapat likhain at gawin. Nakasulat ang titik M sa mata ng bawat isa: Magugab, Mariagob, at Magob.[12]



Larawan 3.7. Kanunununuan Infinito Dios



Larawan 3.8. Labing-anim na espiritu



Larawan 3.9. Uph Madac (babae) hawak ang liwanag ng araw at Abo Natac (lalake) hawak ang liwanag ng buwan



Larawan 3.10. Araw at Buwan



Larawan 3.11. Anim na espiritung ginawa ng Infinito Dios—nakakalikha at nakakawasak



Larawan 3.12. Siete Arkangheles



Larawan 3.13. Pitong Arkanghel na hindi binyagan. Sa bawa't antas ng paglalang ay nag-iiba ang mga pangalan ng mga tauhan subalit sila pa rin iyon. Ang Siete Arkangheles na hindi binyagan ay naging binyagan matapos ang combate ispiritwal. Sila rin ang 7 Nuno, 7 Susi o Llaves sa pitong suson ng langit at sila rin ang Pitong Tatak.

Larawan 3.14.
Luzbel o Lusbel o Luxbel o Becca (Lucifer)



Larawan 3.15. Diez Mundos

Pitong Susi. Hango ang mito ng Pitong Susi sa Apocalipsis tungkol sa Huling Paghuhukom. Ang Pitong Susi ay mga arkanghel na nilikha ng Infinito Dios mula sa dalawampu't apat na espiritung nalikha na niya. Inilalahad sa mito ang tungkulin ng naturang mga anghel.

> Sa aklat na lihim ng Pitong Susi na kasama ang Pitong Tatak, walang sinuman—pinakamalakas man sa mga anghel, arkanghel, kerubin at serapin, maging ang mga kaluluwa sa purgatoryo, ang mga demonyo sa impierno, o ang sinumang tao sa sansinukob—ang may kapangyarihang magbukas o tumingin sa aklat ng Dios na kinatititikan ng mga panahong darating at sa mga mangyayari pa.
>
> Ang Pitong Tatak na nabanggit ay nagtataglay ng Pitong Ulo, bawat ulo ay may isang Sungay, bawat dulo ng pitong sungay ay may isang Mata na tumitingin at nagmamasid sa lahat ng dako ng sansinukob. Sila ang makapangyarihang naglalagda ng hatol sa masasamang tao, at nagbibigay ng gantimpala sa mabubuti at may mga pusong tapat.[13]

Tatlong Persona. Nagpatuloy ang *Karunungan ng Diyos* sa pagtalakay ng tatlong persona matapos ipakilala ang mga tauhan sa mga kuwento ng paglikha.

> Bago nagsimula sa paglalang ang Tatlong Personas, ay nag-usap muna sila at naupo sa mga tungkong bato na kung tawagin ay Piedra Mental (Bait), Piedra Crisol (Alaala) at Piedra Amor (Loob). Noong sila'y nakaupo na ay nakatanaw sila ng tatlong liwanag na nagbubuhat sa kailaliman na tumataas hanggang sa tumigil sa tapat ng bawa't isa sa kanila. Nang kanilang pagmasdan sa bawa't isa sa kanila ay may nakatapat na tatlong titik na S.T.M. na nagliliwanag at nagniningning na lubhang nakasisilaw kung pagmasdan. Lubhang nagtataka ang Tatlo sa hiwagang nakikita at ng pagmasdang muli ay nakita ng bawa't isa na sa kanilang tapat ay may tigatlong salitang nakasulat: Seliam Talugoam Magugam, Sumitam Tucsam Meeliam, Selitam Temitam Macam. Sa ganitong pangyayari ay nagpatuloy rin sa pag-uusap ang Tatlo.[14]

Mga Mito ng Dios Ina Animasola sa Panahon ng Dios Ama Fooc at ang Pagpaplano ng Panahon ng Dios Anak

Ganito ang pagpapakilala ng Dios (isang babae) sa mito: Ako ang Tangi't Una (Animasola), ang pinagmulan ng may hawak ng liwanag at ng dilim na liliwanagan. Ibig sabihin: siya, ang Dios na Liwanag, at ang Walang Hanggang Dios (o Infinito Dios) ay iisa. "Amuman" ang ngalang nakasulat sa kanyang balabal. Siya ang una sa pitong birhen (sa mito, ang unang nilalang ay pitong birhen na ang isa'y si Animasola o Amuman).

Larawan 3.16. Dalawa sa Pitong Susi



Larawan 3.17. 7 Llaves

Lumalang si Amuman ng bulaklak na may tatlong persona: sina Magubab, Mariagob, at Magob. Ipinasok ang bulaklak sa loob ng kristal, at ipinasok ang kristal sa isang gintong kaban. Pinabantayan ito sa pitong arkanghel na kanya ring nilikha.

Lumikha ang ikatlong nuno (isa sa mga birhen) ng tatlong banal na espiritu. Ang ikaapat ay lumikha rin ng tatlo at gayon din ang ginawa ng ikalima.

Nagtangka ring lumikha ang dalawampu't apat na espiritu. Nagsalita ang Dios na anyong mata at nagpakilala: "Ako ay mata, ako ang Dios ninyo, at ako ang espiritung tunay ng kaliwanagan; ako ang alaala, bait, loob." Lumalabas sa kuwentong ito na ang tinig ay mas mataas sa Amuman at Siete Virgenes.

Ang dalawampu't apat na espiritu o matatanda ay pinagkaisahan naman ang Birhen na lumabas sa kristal na ipinasok sa kaban. Ang birhen ay ang bulaklak na walang iba kundi si Maria sa langit, sa lupa, at sa himpapawid. Naniniwala sa tatlong Mariang ito ang mga samahang Ciudad Mistica de Dios, Tatlong Persona Solo Dios at Bathalismo, Inang Mahiwaga. Sa ibang pakahulugan, ang tatlong Birhen na nag-uusap at lumalalang ay siya ring Tatlong Persona o Santisima Trinidad.

Sa kalagitnaan ng mito, magpapakilala ang tinig bilang Dios Fooc, na sa paniniwala ng siete virgenes ay kanilang pinagmulan. Batid rin nila na ang tinig na ito ang naghahawak ng lahat ng kapangyarihan. Ayon sa Dios Fooc, siya ay "Mula sa walang pinagmulan at hanggang sa walang hanggan." Samakatwid, siya rin ang Infinito Dios o Dios na Walang Hanggan. Pinakamakapangyarihan man siya sa lahat at walang kapantay, binigyan pa rin niya ng kalayaan ang nunong babae na lumikha. Nilikha nito, bukod sa mga espiritu, ang Sator o apat na arkanghel na umaalalay sa apat na sulok ng mundo.

Matapos lumikha ng mabubuting espiritu na paris nila ang tatlong nunong babae (sina Helnag, Amuman, at Hemspag), binalak nila, kasama ng Dios Fooc, ang pagbaba ng Santisima Trinidad Helnag upang magkatawang tao. Si Helnag ay ikalawang Persona ng unang nunong babae, si Amuman. Nilikha rin ng tatlo si Luxbel, ang magdudulot ng pasakit na pagtitiisan ng ikalawang persona. Naisip din ng tatlo ang gagawing Ina ng Anak ng Dios na magkakatawang-tao, pati na ang lalaking magpapasan ng krus ng kamatayan. Inisip na rin nila ang kanyang pangalan. Ayon sa Dios Fooc, nalikha na niyang lahat ito. Nilikha naman ng tatlong H.A.H. ang hahatol sa Anak ng Dios na si Pilato. Sinabi ng Dios Fooc na siya na rin ang gawing katawan ng Ina na sasakop sa taong makasalanan. Sa gayon, ang Kristong Tagapagligtas, ang Dios Fooc, at ang ikalawang Persona na si Helnag, ay iisa. Nilikha na rin ang Apat na Pako ng H.A.H. na lingid sa kanila'y nalikha na ng Dios Fooc. Ang Ikalimang Pako ay nilikha naman ng ikalimang Nuno sa pamamagitan ng oracion. Ipinadala na rin ang mga salita sa Rotulo kay Pilato. Ang mga salita ay INRI—ang kahulugan ay pangalan ng Anak na babae ng Dios. Sa kabilang dako, nilikha naman



Larawan 3.18. Tatlong Persona ng Bulaklak



Larawan 3.19.
Santisima Trinidad



Larawan 3.20.
Consistorio del Santisima Trinidad

ng H.A.H. ang krus ni Kristo pati na ang dalawang taong magpapako. Ang dalawang taong ito ay pinapasok muna sa loob ng bato hanggang sa dumating ang takdang panahon at araw na sila'y dapat lumabas upang gampanan ang kanilang papel.

MITO NG ANIMASOLA, 7 VIRGENES O DIOS INA

Nang wala pang mundo, sa lawak ng kadiliman ay biglang gumuhit ang matatalim na kidlat at kulog na kagulat-gulat, at pagkatapos ay lilitaw na lamang ang isang babae na ang mukha'y nagliliwanag at nagniningning na di matitigan at siya'y nangusap ng ganito: Ako ang Una at Nag-iisa (Animasola), ako ang pinagmulan ng naghahawak ng liwanag at ng dilim na liliwanagan. Nang ito'y masabi ay muli siyang nangusap ng pitong makapangyarihang salita: Amuman, Aguiec, Ahiera, Actamte, Actuab, Animasua, Abducam. Nang ito'y matapos ay muli siyang nangusap: Sexseim, at nang ito'y masabi ay umulit naman ang kidlat at kulog na kagulat-gulat at ayaw huminto. Sa ganitong pangyayari ay muling nagsalita ang Animasola: Pergumpan, at ang kulog at kidlat ay biglang tumigil at biglang nagliwanag. Sa pagliliwanag na ito ay nakita na lamang na nakasulat ang kanyang kabanal-banalang pangalan sa kanyang kamahal-mahalang balabal: Am-um-an. Iyan ang kanyang pangalan, at siya ang kauna-unahan sa pitong kanunununuang babae na kung tawagin ay Pitong Birhen (Siete Virgenes). Ang pangalan naman ng anim na birhen ay: Aguiec, Ahiera, Actamte, Actuab, Animasua, Abducam. (Tingnan muli ang larawan ng Pitong Birhen, Larawan 3.21)

Sa iba't ibang bahagi ng katawan ng Birheng Animasola ay nasusulat ang iba't ibang mga salita na makapangyarihan.[15]

Ang sumusunod na mito ay isa pang klase ng paglalang ng Siete Virgenes.

VIRGEN

Sinabi ng una at pinakamatanda sa lahat sa pitong nunong babae na lilikha siya ng isa pang babae. Aniya: Sigtimucam Suibiim. Pagkasabi, isang bulaklak ang lumitaw at kanyang hinawakan. Nagsalita ang bulaklak: Sa aking pagka-Dios at kapangyarihan, bilang pangalawa ko Magubab; sa aking pagka-espiritu Mariagob; at sa aking pagka-Dios Magob. At muling nagsalita ang Bulaklak: Lumarat Laum, at bago isinunod Pigmituim Quip, at ang Bulaklak ay biglang napasok sa loob ng bato na parang kristal, at nang mapaloob na ay muling nagsalita: Cuimtarap Ucsim, at ang batong kristal ay biglang naghilom.

Lumikhang muli ang unang nunong babae ng pitong Arkanghel na pawang may mga kapa o balabal, at ang kanilang mga pangalan ay Masiante, Oleonte, Pagam, Sixte, Cararonte, Moliniator at Memril. Ang Pitong Arkanghel na ito ang



Larawan 3.21. Pitong Kanunuan



Larawan 3.22. Iba't Ibang Anyo ng Animasola



Larawan 3.23. Tatlong Persona ng Bulaklak

pinagbantay sa kabang ginto na kinalalagyan ng batong kristal na kinapapalooban ng bulaklak. Ang kabang gintong nasabi ay bigla na lamang lumitaw, at nang sabihin ng nunong babae: Pergumpan, ang kaban ay nabuksan at ipinaloob ang kristal, at nang sabihin namang: Sexseim, ang kaban ay nasarhan.

Nang mapaloob na ang bulaklak sa kaban, ang pitong nunong babae ay nagbatian. Ang pangalawang nunong babae ay muling bumati sa anim. Sa pamamagitan ng kanyang mga salitang ito na naging buhay, lumitaw ang pawang Espiritong Banal. Ang pangatlong nunong babae ang sumunod na bumati at sa kanyang mga salita ay lumitaw ang tatlong Espiritu na isang lalaki at dalawang babae. Nagsalita naman ang ikalima at lumitaw naman ang isang lalaki at dalawang babae. Huling bumati ang ikaanim at ikapitong nunong babae.

Ang pangalan ng Mahal na Birhen sa pagkabulaklak na S. T. M. ay Sanctisman, at siya ang bulaklak na lumitaw at siya rin ang katawan:

Lumarat Ehic—Ang pangalan ng Birhen sa pagkabata.

Lumarat Manaut—Ang kanyang pangalan sa pagkabulaklak.

Lumarat Laum—Ang kanyang pangalan sa pagka-Reyna sa langit.

Am-um-an: Ako ang una at ako rin ang huli, ang lahat ng bagay ay nagmula sa akin at lumabas sa akin, at ako ang lumikha ng mga tunay kong Espiritu, at yaong lahat na gagawin nila ay magbubuhat naman sa AMA ng AMA ng Dios Ama. Matapos siyang magsalita, ang bango'y humalimuyak at biglang lumitaw ang pitong bakas sa batong tuntungan.[16]

Larawan 3.24. Lumarat Laum (bersyon na galing sa *Logos*)

Lumikha pa ng ibang espiritu ang tatlo sa pitong birhen. Sa simula'y ayaw kumilala ng mga espiritu, ngunit nang magpamalas ng kapangyarihan ang mga birhen, nangatakot at natulala ang mga iyon.

Naito naman ang salita ng Dignum Crucis, at ito ang pinagkaisahan ng pitong namakas:

Dignum, Magnum, Icam, Macam, Miham, Ham, Gayim. Ang mga salitang ito, ang sabi sa banal na kasulatan ay may kapangyarihang makapagbigay liwanag.

Ito ang pinapasukan at nilalabasan ng pitong ilawan. Upang magkaroon at mawala ang liwanag ay ganito ang sasabihin: Saut Ugnat Digmat. Ito ang tatlong baytang ng kauna-unahang hagdan.

Naito naman ang lihim ng Pangalawang Hagdan:

Gensdura, Amatuidery Nubesubdensa Gestabatulnise Lathaliburnos Haecjam

Ito naman ang aakyatan at papanaugan sa nasabing hagdan:

Abcuantor Ornelis Inviolator Trisim Encanto Sub Deum Sudam

Helnag. Ito ang pangalawang katawan ng kauna-unahang nunong babae, at sa katawang ito nagbuhat ang pitong nunong lalaki o pitong matanda. Naito ang kanilang pinagkaisahan: Hurmat, Hupnat, Vermat. Iyan ang tatlong baytang ng pangalawang hagdan.

Naito ang lihim ng Pangatlong Hagdan:

Plausucinter, Tremenda-Cujus, Subjestusdesit, Arumdudator, Havet, Aspiantedivo, Susponte-Supjesit, Pendentis-Dei, Novendecim, Gracaego.

Hemspag. Ito ang ikatlong katawan ng kauna-unahang nunong babae, at sa katawang ito nagbuhat ang sampung kanunununuang lalaking nabanggit. Ito naman ang kanilang pinagkaisahan: Actuab Agramte Aram. Naito naman ang pinagkaisahan ng H. A. H.: Helnag Amuhan Hemspag. Ito ang tatlong baytang ng pangatlong hagdan.

Matapos malikha ang mga nasabing espiritu ay ayaw kumilala sa tatlong nunong babae. Nagsalita ang tatlo at nangatakot ang kanilang mga nilikha at matagal na oras na hindi nakakibo.[17]

Nilikha rin nila ang Sator o apat na Arkanghel na umaalalay sa apat na sulok ng mundo. Bukod dito ay ginawa na rin nila ang impierno at si Luxbel na sa simula pa lamang ay natapos nang likhain ng Infinito Dios.

Ang apat na Arkanghel na umaalalay sa Apat na sulok ng mundo: Adonadam, Rehop, Ognat, Saugnat. Sa loob at sa apat na sulok ng mundo ay may limang krus:

T
E E T — Ito ang axis o ehe ng mundo
N

S
O A R—
T

A
P R O — Ito ang nasa apat na sulok ng mundo.
E

O
R P A—
E

R
A O S—
T

Ang limang krus na ito ay ang: SATOR AREPO TENET OPERA ROTAS.[18]





Larawan 3.25. Sator
Itinago ni Sabino, hindi inihayag. Ang mga libro ukol dito ay sinasabing ginto ang sulat.

ANG PAGGAWA SA KABABAAN

Ang tatlong nunong babaeng Amhuman, Aguiec, Ahiera ay nag-usap na isangguni nila sa Dios Fooc ang kanilang balak na gawin ang kababaan. Sinagot sila ng Dios Fooc at ang sabi: Lubos ang inyong karunungan at magagawa ninyo ang inyong ibig. Nagkaisa ang tatlong Birheng H.A.H. (Helnag, Amhuman, Hemspag) at nag-usap na sila ang gagawa.[19]

Nang matapos na ang mga nasabing gawain ng pitong nunong babae, ang isang pinakamatanda sa lahat ay nagsalita: Quiriam Quisam. Nang ito'y masabi ay biglang nagliwanag sa kanyang harapan, at may nagsalitang tinig na ang sabi: Mucte Oc Murub. Sumagot naman ang nunong babae: Yari na ang lahat ng bagay; bakit hindi ka pa pakilala kung ikaw ay sino? Tumugon ang Dios Fooc at ang sabi: Mula sa walang pinagmulan at hanggang sa walang hanggan ay isa lamang ang ibibigay ko sa iyo: *Sisinisinitim*. Sa sinabing ito ng Dios Fooc ay nayanig ang buong dako ng nunong babaing kausap at parang sasabog ang nasabing lugar. Sa pagpapakilala ng Dios Fooc na siya ang makapangyarihan sa lahat na walang kapantay, ay isinunod ang isang salitang: *Seseheresejenem*. At biglang nagdilim ang nasabing lugar, at may kahalong kulog at kidlat at hanging malakas na walang katulad, at ang tangi lamang tahimik at maliwanag ay ang kinalalagyang lugar ng Dios Fooc. Sa ganitong pangyayari ay may lumapit sa kanya na limang banaag o limang katao na tuhod ang inilalakad. Nagpakilala ang lima at sa kanilang sinabi ay tumigil ang lindol, napawi ang dilim at biglang nagliwanag. Sumagot naman ang Apong Babae at nagsalita ang Dios Fooc: Pakikilusin ko ang apat na elemento at gagawin ang higit na inyong nakita at siya'y nagsalita.

Sumagot ang Apo at ang sabi: Ikaw ang Dios namin, at kami'y nagmula sa iyong katawan at wala ring kamatayan. Sumagot ang Dios Fooc: Ikaw ang makapangyarihan sa iyong nasasakupan at huwag mo akong tawagin at ang iyong mga gagawin ay hindi ko panghihimasukan. Nagsalita ang nunong babae at ang tanong: Sino ang kauuwian ng lahat ng aming katawan, at ano ang ayos ng sa amin ay Lumalang? At saan nagbuhat ang aming pangalan? Sumagot ang Dios Fooc ng ganito—Ako lamang ang nakatatarok ng lahat ng lihim at hayag, at ang bagay na ito ay hindi dapat malaman nino man: Huccium Priam Molon Pus Sihis. Sa salitang ito ay hindi nakakibo ang nunong babae at nakatayo siya na parang ipinako. Muling nagsalita ang Dios Fooc at nakapagsalita ang nunong babae at lumapit. Ibinigay ng Dios Fooc sa nunong babae ang lihim niyang pangalan.[20]

PINAGKAISAHAN NG DALAWAMPU'T APAT NA MATATANDA

Nagsalita ang dalawampu't apat na matatanda. Matapos nilang magsalita ay may sumagot na tinig sabay biglang nagdilim at umugong at nayanig ang kanilang kinatutuntungan, at ang kanilang mga ilawan ay nangamatay at nawalan ng liwanag. Ang sabi ng tinig ay ganito: Ako ay mata, ako ang Dios ninyo at ako ay espiritung

tunay ng kaliwanagan; Ako ang Ala-Ala, Bait, Loob. Nagsalita ang ilan sa mga matatanda at sinagot naman muli sila ng tinig. Biglang nawala ang tinig at biglang nagliwanag, at ang kanilang nakita na nakaukit sa bato ay dalawang bakas ng paa na may nakaukit na tig-isang titik na E at M, at nang ito'y makita ng unang nunong babae ay nagtaka at ang wika: Diyata't may mataas pa sa akin,—at sino kaya Siya? Sa nangyaring ito ay ginamit na lahat ang lubos niyang kapangyarihan, nguni't walang nangyari at hindi rin niya nakita at hindi nakilala ang nasabing tinig. Sa nangyaring ito ang Birhen Amuman ay nalungkot nguni't siya'y nilapitan ng anim niyang kasama at binati. Napawi ang lungkot ng unang nunong babae at muling nagsalita ang tinig na ikinahimbing ng pito. Dumating ang mga anghel na may dalang tig-isang korona na ipinutong sa ulo ng pitong birhen, at sa korona ng unang Birhen ay may sagisag pa at may matang nakasangkap: H.A.H. Iyan ang sagisag na nakasulat sa korona. Nang siya'y putungan ay nagsalita ang tinig.

Nang magising ang pitong Birhen ay pawang nangagtaka kung bakit silang lahat ay may tig-isang korona sa ulo. Pinag-oracion sila ng tinig at biglang sumikat ang kahanga-hangang liwanag na may pitong rayos o silahis na pumutong sa ulo ng bawa't isa sa pitong birhen. Naito ang pitong titik na nilabasan ng pitong sinag o pitong rayos. A.T.A.R.D.A.R. Ang sabi ng boses ay ganito: Ang sinomang makaalam sa aking pangalang iyan, ay hindi ko hahatulan, at kung sasampalatayanan, patay man ay mabubuhay.

Sa yugtong ito ng mga pangyayari, ang kabang ginto ay nabuksan at biglang namukadkad ang bulaklak sa loob ng bato, at nagkaroon ng limang talulot. Ito ang naging bulaklak ng mundo.

Nang putungan ng korona sa langit ang Birhen ang kanyang pangalan na nasulat sa kanyang noo ay Erais. Ang pangalan ng Birhen na Ina ng Dios ay Marmatam. Ang Gumamela Celis nang ipanaog sa lupa ay naging Maria. Ang Birheng Maria nang iakyat sa langit ay naging Reyna ng Sangkalangitan.

Nang ang Birhen ay puputungan na ang sabi ng Nuno: Ikaw ang reyna ng lahat ng mga Angheles. Ikaw ang reyna ng lahat ng mga espiritu. Ikaw ang mananalo at pupugot sa ulo ng Ahas na puno ng mga manunukso at, Ikaw ang Ina, at Anak na lalaki, at Anak na Babae, sa langit at sa lupa.[21]

Nagpatuloy ang Dios na pinagmulan ng lahat. Ang aking pangalan sa mata at balabal ay may tatak, na pawang kauna-unahan sa lahat at ikaw lamang anak ko ang siyang mag-iingat, at ako'y may isang pangalan diyan na ikaw lamang Anak ko ang siyang nakakaalam, at ang lahat ng susi ng kalangitan ay kapangyarihan mo ang magtatangan, at ang halamang ito'y abutin mo at alagaan at kung iyan ay lumaki ay siyang gagawing krus na kamamatayan ng Anak mong mananaog sa lupa na tutubos sa sala ng sanglibutan, subali't ang pagka-Dios niya ay hindi mamamatay at siya rin ay buhay.

At binalingan naman ng Dios si Lusbel at ang sabi: At ikaw naman Lusbel, ang anak kong ito'y iyong kilalanin, ang iya-anak niya'y iyong pintuhuin, susundin mo siya't iyong sasambahin at ang Ngalan niya'y huwag hahamakin.

Umalis ang Infinito Dios at nagbalik na muli sa dating kinalalagyan.[22]

ANG PLANO NG PANAHON NG DIOS ANAK

Pinagkaisahan: H.A.H. ng Dios Fooc at ng kanunununuang babae ang pagpanaog sa lupa ng Santisima Trinidad Helnag upang siyang magkatawang-tao. Ang nunong Helnag ay bilang pangalawang katawan ng pinakamatanda sa pitong nunong babae at ito ang pinagkaisahan ng Dios Ama at Dios Ina na maging Pangalawang Persona na magkakatawang tao na mananaog dito sa lupa.

Nagsalita ang nunong Helnag: Hindi dapat maging babae ang papanaugin, kailangang maging lalaki; kung gayo'y sino ang magiging katawan ko? Hitum Avetillo Quis Lovel Carcar Gascat—at naging isang lalaki ang nunong Helnag na babae. Amicamiamitam—Iyan ang pangalang lumabas at nilabasan ng babaing naging lalaki na tutupad ng buong misterio sa sangkalupaan at sangkatauhan. Ang kaganapan ng mga bagay na ito ay kung mananaog na dito sa lupa.

Sa ganitong pangyayari ay nagsalita ang Dios Fooc sa tatlo at ang sabi: Huwag na kayong magpagod sa gagawing Ina na mananaog sa lupa na magbabata ng madlang kahirapan sapagka't wala pa kayo ay nilikha ko na ang magiging Ina na magbabata at magtitiis ng lahat ng hirap upang pagkatapos ay bibihisan siya ng walang hanggang kaluwalhatian at saka magsasalita. Sa sinabi ng Dios Fooc ay biglang nagliwanag ang santong lugar. Nagsalita naman ang tatlong H.A.H. at sa kanilang sinabi ay biglang lumuhod sa tatlo si Lusbel.

Sumagot naman ang tatlo sa salita ng Dios Fooc, at ang tanong ay ganito: Sino naman ang lalaking magpapasan ng krus na kamamatayan? At ano ang kanyang magiging pangalan? Sumagot ang Dios Fooc: sa mula't mula pa nang pag-isahin ko kayong tatlo, ay may mga pangalan na siya na aking ibininyag. Nagsalitang muli ang tatlo ng ganito: Sino ang hahatol sa Anak? Hindi mahahatulan ng isang tao lamang ang isang Anak ng Dios. Nangusap ang Nunong Helnag at ang sabi: hindi ako papayag na isang tao lamang ang hahatol sa Anak ng Dios. Nangusap din ang Nunong Hemspag at ang sabi: walang tao na dapat maging katawan ng hahatol sa Anak ng Dios. Nangusap din naman ang pinakamatandang nunong babae: lalong hindi maaari na isang babae ang magiging katawan ng Ina na sasakop sa taong makasalanan.

Ang sagot naman ng Dios Fooc sa tatlo ay ganito: Ang inyong gagawin ay sa aking pagka-Dios magbubuhat; kayong tatlo ay magkaisang lumalang ng isang taong hahatol, at sa magiging Kristo na Tagapagligtas ay ako ang inyong gagawin. Ang utos ng Dios sa tatlo ay gawin nila ang tao na magkakapisan ang Espiritu, ang laman at ang buto.[23]

Sa pamamagitan ng mga oracion ay nakalikha ng tao ang tatlong H.A.H. Pinagkalooban ng Dios ang tao ng mga sumusunod na dote: Impasibilidad, Agilidad, Claridad, at Subtilidad. Gumamit ng mga oracion ang tatlo upang maganap ang

mga sumusunod: pumasok ang Espiritu; gumalaw ang katawan; pasukan ng apat na bagay ang katawan; makapagsalita si Pilato; at mahusto ang pagkatao ni Pilato.

Ang Dios Fooc naman ay nag-oracion upang huwag makita ang katawang espiritu, maging natural ang pagkatao ni Pilato, at makita ang nagiging katawan ni Pilato. Pagkatapos ay inorasyunan at kinonsagra ng Dios Fooc si Pilato, at saka bininyagan sa lahat ng mabubuting espiritu.

> Anang H.A.H. kay Pilato: Ikaw ang aming pinagkaisahan na hahatol sa tatawaging Emmanuel sa kalooban ng nag-utos sa iyo.[24]

Inisip ng H.A.H. ang pakong itutusok sa Anak ng Dios at ang krus na pagpapakuan. Nag-oracion ang tatlo upang lumitaw ang apat na pako. Magkagayon man, ang tunay na lumikha ng apat na pako ay ang Dios Fooc. Nag-oracion din ang pinakamatandang babae upang mabuo ang ikalimang pako sa Rotulo.

MGA SALITA SA ROTULO NA IPINADALA NG DIOS KAY PILATO

> Nang iyutos ng Dios sa dalawang anghel na dalhin kay Pilato ang mga titik na isusulat sa Rotulo ay nakita ni Pilato ang anim na titik, subali't ang dalawang titik ay biglang nagliwanag at nawala at hindi na niya nakita. Ang mga titik na ipinadala ng Dios kung basahin ay INERIM, at ang dalawang titik na nawala ay ang E at ang M. Ang salitang Inerim ay pinagsalit-salit na titik ng tunay na palayaw ng Anak na Babae ng Dios, at ang E.M. ay siyang tunay na pangalan. Ang Inerim ay Emirim at ang E.M. ay Emerenciana Mitam.
>
> Ang natira at naiwan kay Pilato ay apat na titik na INRI, na ang kahulugan ay apat na salita:
>
> Subtilidad: Igni
> Impasibilidad: Natura
> Agilidad: Renovator
> Claridad: Integra
>
> Ang isa pang malawak at matayog na kahulugan ng INRI ay Tubig, Apoy, Hangin at Lupa.[25]

Pinagkaisahan din ng tatlong H.A.H. na likhain ang Mahal na Krus na pagpapakuan kay Kristo upang matubos ang kasalanan ng sanlibutan. Sinang-ayunan naman ito ng Dios Fooc. Nagsalita ang tatlo at ang nalikhang krus ay binasbasan ng Dios Fooc. Inorasyunan itong muli upang ang ubod at diwa ng apat na elemento ay pumasok sa krus.

Nilikha na rin ng H.A.H. ang dalawang taong magpapako kay Kristo sa krus. Pinapasok muna ang dalawa sa loob ng bato upang pagdating ng takdang araw ay muling lumabas at makilala.

Larawan 3.26. Si Pilato

ANG PAGLIKHA KAY LUZBEL

Lumikha naman ang Nunong Helnag ng isang itlog na kristal na itim at saka ginamit ang Claridad, Subtilidad, Impasibilidad.

Nang ito'y matapos ay sinabi ng Nunong Helnag: Sa utos ko ay lumitaw at lumabas ka Luzbel. Ang itlog na itim ay nabasag at lumitaw si Luzbel, at bininyagan ng Becca. Si Becca ay walang malay, hindi makapagsalita at parang pipi. Nagkaisa ang H.A.H. (Hucman Amumam Hucram) na si Becca ay bigyan ng unawa at talino at buuin at pagalawin ang lahat ng sangkap sa katawan. Nagsalita ang tatlo at si Becca ay nakagalaw at nakapagsalita. Ang punong dahilan kung kaya nilikha ng tatlo si Becca ay upang siya ang magsabog ng madlang hirap at pasakit na titiisin ng pangalawang persona na magkakatawang-tao sa lupa at ng lahat ng tao sa lupa.

Binigyan ng mga pagsubok ng H.A.H. si Becca kung ito'y makapagpapasan ng mga hirap at sakit sa lupa. Ang una nilang ginawa ay pinagdilim ang buong kapaligiran at si Becca naman ay biglang nagtatakbo sa malaking takot. Nagsalita si Becca upang magliwanag. Ang pangalawang pagsubok ng tatlo ay ginawang lipos ng sugat ang buong katawan ni Becca. Hindi natiis ni Becca ang tadtad ng sugat niyang katawan at kaagad niyang ginamot ng asupre at nagsalita. Kagyat gumaling ang sugat niya sa buong katawan. Ang huli at bilang ikatlong pagsubok ng H.A.H. ay ang biglang pagkaramdam ni Becca ng tatlong bagay: Gutom, uhaw at pagod. Sa hindi na halos mabata ni Becca ang tatlong tiising ito ay nagsalita siya. Sa mga sinabing makapangyarihang mga salita ay nawala si Becca at hindi na nagpakita.[26]



Larawan 3.27. Si Becca hawak ang alak at nilalasing ang mundo—simbolo ng materyalismo.

Iba pang Mito ng Dios Ina sa Panahon ng Dios Ama

Magkakaugnay ang limang mitong ito at may kinalaman sa Dios Ina: (1) ang pagpapakilala ng Infinito Dios sa Birhen; (2) ang pagliliwaliw ng Mahal na Birhen kasama ang kanyang mga kapatid; (3) ang paglalang ng Infinito Dios sa walong tao; (4) ang kasaysayan ng Tatlong Persona; at (5) ang paghingi ni Luzbel ng kapangyarihan sa Infinito Dios.

Ipinaliliwanag sa unang mito kung bakit pinakamataas ang Mahal na Birhen sa lahat ng nilikha at kung ano ang kanyang taglay na labindalawang kapangyarihan (sinasagisag ng labindalawang bituin sa kanyang korona).

Isinasalaysay sa ikalawa ang pamamasyal ng Birhen kasama ang kanyang limang kapatid, at kung paano nila natuklasang may nauna na palang labing-anim na tao sa kanila. Makikilala rin nila ang mga iyon, anang Infinito Dios. May walong iba pang nilikha at isa rito ang mananaog sa lupa upang tubusin sa pagkakasala ang sanlibutan. Ang tinutukoy ay ang pangalawa sa Tatlong Persona na hinugot mula sa walo.

Ang ikatlong mito ay katulad din sa mito ng Dios na Walang Hanggan: dalawampu't apat na espiritu ang unang nilikha na siyang pinaghugutan ng Tatlong Persona; itong tatlo ang gagawa ng mga bagay na hindi pa nagagawa ng Infinito. Ang Infinito at ang Tatlong Persona ay iisa sapagkat lumilikha ang tatlo alinsunod sa kalooban ng Infinito.

Binibigyang-pansin sa ikaapat na mito ang Tatlong Persona sa nilikhang walo (nasa ikatlong mito). Dito natuklasan ng Tatlong Persona—at ito ang paulit-ulit na mensahe sa lahat ng mito—na may mga nalikha na pala: "Diyata't may iba pang dios kaysa atin?" Nabigo sila nang sila'y magtangkang lumikha nang hindi tinatawagan ang Infinito. Subalit kasama ng Infinito Dios, nangyari ang lahat ng bagay na naisin nila.

Ang huling mito ay pinagsama-samang maiikling kuwento. Sinubok at inihambing ni Luzbel ang sariling kapangyarihan sa Tatlong Persona. Napatunayan niyang mas makapangyarihan sa kanya ang tatlo. Nagtungo siya sa Birhen sa kabila ng tagubilin ng Infinito na igalang iyon. Inalisan ng liwanag si Becca o Luzbel ng Birhen. Dito niya nalaman na mas makapangyarihan pala siya sa Birhen. Sa ginawa'y pinarusahan ng Infinito si Becca. Gumawa si Becca ng maraming masasamang espiritu na kanyang makakasama, bilang ganti sa Infinito.

ANG PAGPAPAKILALA NG INFINITO DIOS SA BIRHEN

Ako ang Kataastaasan, magpapahintulot sa kahit kaninong Anak kong Babae sa kaliwang balikat ko mananaog. Sa isang daan at isang pinto ay doon ko ipaloloob, labing dalawang bituin ang tataglaying kapangyarihan. Sasambahin siya ng kalahat-lahatang mga Angeles, sa ulo niya ipuputong ang korona at labing dalawang bituin. Ako ay gagawa ng isang bulaklak. Ang bulaklak ay sisimulan ng isang babaeng hindi matitigan at nakasisilaw. Narito ang *cetro* Anak ko na kapangyarihan mo. May tatlo ka pang kapatid na mababa sa iyo ang kapangyarihan. Hindi mananaig sa iyo ang tukso, ang tao at mababangis na hayop ay mangangayupapa sa iyo.[27]

May mga pangalan ang labindalawang bituin maging ang korona ng Birhen. Ang lahat ng mga ito ay mga kapangyarihan. (Tingnan ang mga pangalan sa Retablo ng Paniniwala.)

ANG PAGLILIWALIW NG MAHAL NA BIRHEN

Noong nagliliwaliw ang Mahal na Birhen na kasama ang pitong Arkanghel na sina San Miguel, San Gabriel, San Rafael, San Uriel, San Seatiel, San Judiel at San Baraquiel, na pinanununghan nila ang kalupaan, kabundukan at mga kapatagan ay nilapitan ang Mahal na Birhen ng tatlong babae na kanyang kapatid, ngunit hindi siya matitigan sapagka't ang kanyang kaningningan ay lubhang nakasisilaw. Nagsalita ang Birhen upang mawala ang kanyang ningning, at siya'y nilapitan ng kanyang tatlong kapatid. Silang apat ay nag-awitan nguni't hindi nila alam na sila'y pinanonood at pinakikinggan ng Infinito Dios. Sa kanilang mga pag-awit lalapit ang kanilang dalawang kapatid na lalaki at sila'y binati. Silang anim ay sama-samang naglakad, at sa paglalakad nila ay nakatagpo sila ng tatlumpu't dalawang bakas ng labing anim na tao, at sa gayon ay nagsalita ang dalawang

kapatid na lalaki: Tayo pala'y may iba pang kasama; Sino kaya sila? Sumagot ang Infinito Dios: Makikita rin ninyo sila, at gagawa pa rin ako ng walo, at isa sa walong ito ay mananaog sa lupa upang tubusin sa pagkakasala ang lahat ng taong makasalanan. Biglang nawala ang Infinito Dios at hindi nila nakita. Yao'y sa pamamagitan ng isang oracion na kasama ang mga titik na A.E.I.O.U. Ang nasabing limang titik ay siyang ginamit sa tatlong krus na ibinendisyon ng Infinito Dios sa Mahal na Birhen na Anak niyang Babae.

ANG PAGLALANG NG INFINITO DIOS SA WALONG TAO

Lucjinum. Nang ito'y masabi, ang Infinito Dios ay pawang pinawisan at nang kanyang haplusin at iwaksi, ang pawis na tumalsik ay naging walong tao. Ang lima ay binigyan ng tungkulin na tulungan ang mga nasa panganib na humihingi ng tulong. Ang kanilang mga pangalan ay: Istac, Inatac, Isnatac, Tartaraw, Sarapao. Ang tatlo ay siyang ginawang Tatlong Persona at binigyan ng Infinito Dios ng higit na kapangyarihan. Ang kanilang mga pangalan ay sumikat sa kanilang mga mata. Ang mga pangalan na sumikat sa kanilang mga mata ay pawang S.T.M. At nangusap ang Infinito Dios: Kayong Tatlo ay ako rin at ako, at ang tumawag sa inyo ay tumawag din sa akin. Kayong Tatlo ang gagawa ng mga bagay na hindi ko pa ginagawa, at kung ako'y inyong kasama ang lahat ng bagay ay magagawa ninyo, at wala kayong bagay na magagawa kungdi kalooban ko.

Bago umalis ang Infinito Dios sa Tatlo ang bilin ay ganito: Ako at ako rin ang inyong tatawagin sa anomang inyong gagawin, at ang sinomang hindi magdaan sa Anak kong Birhen, ay hindi rin nagdaraan sa akin. At ang Infinito Dios ay umalis.

KASAYSAYAN NG TATLONG PERSONA

Naglakad naman ang Tatlong Persona. Noong sila'y naglalakad ay dumating sila sa isang lugar na kaharian ng mga bata. Ang mga bato ay kasing-lalaki ng malalaking palasio. Ang mga bato ay nagsigulong na patungo sa Tatlong Persona. Nagsalita ang Tatlo at sa kanilang sinabi ay nagkadurog-durog at naging mga punong kahoy at mga damo na may iba't ibang kulay.

Nagpatuloy ang Tatlo sa kanilang paglalakad. Walang ano-ano ay nakita sila ng isang kalapati na may daladalang bulaklak sa tuka. Sa gayon ay nagsalita ang Dios Ama: Walang ibang makagagawa nang anoman kungdi tayong tatlo lamang. Nagsalita naman ang Espiritu Santo: Makagagawa ako higit sa ating nakita. At nagsimulang gumawa ang Tatlo. Sinubukan nilang palubugin ang bundok na kanilang natatanaw ay hindi nila natuyo. Ginawa nila ang mga punong kahoy na maging ibon na katulad ng kanilang nakita ay hindi nila magawa. Pinag-isa na nila ang kanilang tatlong kapangyarihan ay wala pa rin nangyari. Sa gayo'y nagsalita ang Infinito Dios: Kung hindi ninyo ako tatawagin ay wala kayong magagawa. Hindi makapaniwala ang Tatlo sa kanilang narinig. Sa gayo'y nagsalita muli ang tinig: Ako ang inyong Dios at kung ibig ninyong makilala ay masdan ninyo ang



Larawan 3.28. Tatlong Persona

sangkalupaan, ang mga kabundukan at ang mga karagatan. Nagmasid ang Tatlo at walang ano-ano ay biglang kumidlat at kumulog at biglang nagdilim ang sangtinakpan, at nang muling magliwanag ay wala na ang kalupaan at ang mga kabundukan gayundin ang karagatan at walang makitang anoman maliban sa alapaap at mga panoorin. Ang Tatlo ay nagtaka at nagsipanggilalas, kaya't ang tanong: Diyata't may iba pang Dios kay sa atin? Subali't nang samahan sila ng Infinito Dios ang lahat ng bagay na ibigin nila ay nangyayari.

ANG PAGHINGI NI LUZBEL NG KAPANGYARIHAN

Ave Notera—Ang bati ni Luzbel sa Infinito Dios, at saka lumapit, at ang sabi: Ama, akong iyong anak na si Becca, hindi mo po ba pagkakalooban ng kapangyarihan na gaya ng kapangyarihan na ipinagkaloob mo sa Tatlo? Hindi ako papayag na hindi mo ako pagkalooban ng tulad sa ipinagkaloob mo sa kanila. Sila'y nakagagawa ng mga kababalaghan ako'y, hindi.

Ang sagot ng Infinito Dios kay Becca ay ganito: Yumaon ka at tawagin mo ang aking Pangalan at makagagawa ka, subali't hindi mo maaring lampasan o pantayan man ang kapangyarihan ng Tatlo. Umalis si Becca na tungo ang ulo at masama ang loob. Hinanap niya ang Tatlong Persona at nang makita niya ay sinimulan niya ang paggawa.

Tumawag si Becca sa Infinito Dios at lumikha siya ng tatlong malalaking ibon na buhat sa putol na sanga ng kahoy sa pamamagitan ng ilang mga pangungusap. Pagkatapos niyang inihagis sa itaas ay naging malalaking ibon na tinungo ang Tatlong Persona upang silain. Nang matanaw ng Tatlong Persona ang tatlong malalaking ibon ay naging mga punong kahoy at ang isa ay naging bundok. Ang dalawang punong kahoy ay siyang pinagkunan ng dalawang krus na pinagpakuan kay Dimas at Gestas.

Sa gayong nangyari ay sumama ang loob ni Becca sapagka't nabigo ang kanyang hangarin. Nagalit siya dahil sa nangyaring pagkabigo. Tinungo niya ang Mahal na Birhen, subali't hindi siya makalapit dahil sa kaningningan ng labing dalawang bituin na nakaputong sa ulo. Ginamit ang kanyang karunungan at nag-oracion. Sa kanyang sinabi ay nawala ang liwanag ng labing dalawang bituin at nakuha ni Luzbel. Ang Birhen ay nagtaka dahil sa biglang pagdidilim at hindi magkita. Si Luzbel ay biglang umalis at nagpunta sa Infinito Dios, at ang wika: Ama, ako pala'y may higit na kapangyarihan kaysa sa babae na iyong binigyan ng labing dalawang bituin, kaya hindi ako maaaring kumilala sa kanya at hindi nararapat ipailalim sa kanya ang aking kapangyarihan, sapagka't nakuha ko ang kanyang kaliwanagan nang hindi niya nalalaman.

Luzbel—ang sabi ng Infinito Dios—bakit mo ginawa ang gayon? Hindi ba sinabi ko sa iyo na siya'y igagalang mo at huwag lalapastanganin? Magbalik ka at isauli mo sa kanya ang iyong kinuha, at humingi ka sa kanya ng tawad. Kung siya'y lalabanan mo ay ako ang iyong nilabanan at saka nangusap ang Infinito



Larawan 3.29. Siete Arkangheles

Dios. Sa kanyang sinabi ay hindi nakakilos at parang ipinako sa kinatatayuan at ang buong katawan niya ay ginitian ng pawis mula ulo hanggang paa, at saka muling nagsalita pa ang Infinito Dios at ang dalawang paa ni Luzbel ay bumaon sa batong kinatutuntungan. Pinarusahan siya ng Ama dahil sa kanyang ginawa. Nang magsalitang muli ang Infinito Dios ay nakaalis si Luzbel, at dito na nagsimula ang kanyang paghihiganti. Sa kanyang kapangyarihang taglay ay gumawa rin siya ng maraming espiritong masasama na kanyang makakasama.[28]

Ang Infinito Dios, si Maria, at ang Tatlong Persona

Ang bulaklak na nilikha ng unang nunong babae sa Siete Virgenes (Mito ng Dios Ina Animasola sa Panahon ng Dios Ama Fooc at ang Pagpaplano ng Panahon ng Dios Anak) ay nasa mito ring ito. Ito rin ang mitong tinalakay sa pag-aaral na "Millenarian Discourse: Ang Pagbubukas sa Tipan ng Mahal na Ina" (1987) ni Consolacion R. Alaras.

Sa mito, si Bulaklak ang unang nilikha ng Infinito Dios at kinatulong sa paggawa ng plano ng mundo. Minsan, umalis sandali ang Infinito Dios upang likhain ang Averni o Impierno. Mahigpit ang kanyang tagubilin kay Bulaklak na huwag bubuksan ang kanyang kaban. Kapag siya'y sumuway, ang Birhen ay bababa sa gagawing lupa at magpapasakit upang tipunin ang mga sumabog at nangawalang birtud.

At sumuway nga ang Birhen kaya natupad ang kanyang pagbaba sa lupa. Nang handa nang lahat ang plano, nilikha ng Infinito ang mga kakatulungin na anim na espiritu, at pagkaraa'y walong espiritu (katulad sa mito ng Dios na Walang Hanggan). Sa huling walo sa dalawampu't apat kinuha ang Tatlong Persona—kilala rin sa mga tawag na "Tatlong Persona sa Iisang Dios," "Sagrada Familia" o "Santisima Trinidad"—na siyang magsasagawa ng plano ng Infinito at Maria.

Nag-uusap ang Tatlong Persona—Dios Ama, Dios Anak at Dios Espiritu Santo—tungkol sa kanilang mga lilikhain nang biglang pumasok sa usapan ang Infinito Dios. Hindi alam ng Tatlo na nalikha na ang lahat at sila mismo ay nagmula sa Infinito Dios.

Nagtaka ang Tatlo sa mahiwagang tinig na nagmumula sa matang-may-pakpak, liwanag, at isang matandang lalaki. Habang hinahabol ng Tatlong Persona ang mahiwagang tinig, patuloy ang pag-usal nila ng mga oracion upang mahuli ang Infinito, at nakatakas ang Infinito sa kanila. Pagdating sa pintuan ng langit, biglang tinawag na "Sagrada Familia" ang Tatlong Persona. Hindi alam ng Tatlong Persona na nagmula sila sa iisang Dios: ang Nuno o ang Infinito Dios. Hindi nila alam na ang Dios Ama ay anak ng Nuno, at si Jesus—na ikalawang Persona—ay apo ng Nuno. Dahil hindi nga nila alam, inakala nilang dapat masakop at mabinyagan ang napagkamalan nilang Dios ng mga erehe upang ito'y maligtas. Natapos ang habulan,

Larawan 3.30. Limang Kadeusan

taguan at batuhan ng oracion nang pumasok ang Nuno sa isang bato sa Bundok ng Boord.

Pagkatapos ng pakiusapan at tunggalian ng kapangyarihan ng Infinito at ng Tatlo, pinagbigyan ng Nuno ang kahilingan ng kanyang apo na siya'y pabinyagan, subalit sa bisa ng sarili niyang kapangyarihan at hindi sa kapangyarihan ng Dios Ama. Ito ang dahilan kung bakit sa anting-anting na Infinito Dios ay hindi binyagan ang Nuno. Makikita na inilalabas ng Nuno ang kanyang daliri sa batong pinagtaguan upang mabinyagan habang inuusal ang mga salitang ibibinyag sa kanyang sarili.

Ang mitong ito na ikinuwento ni Ka Ambo ay matatagpuan sa tatlong lihim na libro at librito na aking nabili sa gumagawa at mga nagtitinda ng anting-anting: Melencio T. Sabino, *Secreto: Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan* (Librito, walang palimbagan, 1950), pp. 42-58; M.T. Sabino, *Karunungan ng Diyos* (1955), pp. 22-40; at *Kasaysayan ng Langit at Kapangyarihan Laban sa Kasamaan*, pp. 28-44. Ang teksto ng tatlong ito ay magkakapareho maliban sa *Secreto* na nasa wikang Kastila.

Ipinapakita sa mito ng Infinito Dios kung paano nakipaglaban ("combate" sa mga gumagawa ng anting-anting) sa Nuno ang Tatlong-Persona-sa-Iisang-Dios, at kung paanong ang mito at mga oracion ay inilarawan sa anting-anting na Infinito Dios.

Pagkaraan ng "combate" sa pamamagitan ng salita, mahihinuha sa mito ang mga kapangyarihang taglay ng agimat na Infinito Dios. Ilan sa kapangyarihan o kababalaghang ito ang: tagaliwas, tagabulag, tagalihis, pambato, pamako ng espiritu, pambuhay, pangkalas, nagdaraang hindi nakikita, at nakakapaglagos sa mga dingding at pader.

NANG WALA PANG MUNDO[29]

Mito ng Dios Ina at Tatlong Persona at ang Pagbibinyag sa Infinito Dios

Inisip ng Dios na bago siya magsimula ng paglikha ng anomang bagay ay magkaroon siya ng isang kasangguni na makakatulong. Sa kanyang pag-iisip ay sumipot sa kanyang ulo ang limang titik na may sinag at nagniningning sa anyo ng limang talulot na naging isang mayuming bulaklak. Ang bulaklak na ito ang tinatawag na Gumamela Celis na ang ibig sabihin ay bulaklak ng langit, o bulaklak ng mundo (rosa mundi), at ang limang titik na nabanggit ay dili iba kungdi ang matamis na pangalang M-A-R-I-A, na sa wikang Siria ay Miriam na ang kahulugan ay kataastaasan.

Nang hindi pa lumilikha ang Dios ay hindi pa ginagamit ang pangalang Maria. Bulaklak lamang ang tawag ng Dios sa naging kauna-unahang bunga ng kanyang pag-iisip.



Larawan 3.31. Bulaklak ng Langit

Ang unang inihanda ng Dios na pasimula ng kanyang paglikha ay ang Impierno o Averni na nasa ibaba at dakong kailaliman. Ganito ang sabi niya kay Bulaklak: "Ikaw muna ay aking iiwan, bantayan mo ang aking kaban ng Tipan na huwag mong pangangahasang buksan, at kapag hindi mo sinunod ang aking bilin sa iyo, ay mananaog ka sa aking gagawing lupa at magpapakasakit upang tipunin ang mga sumabog at nangawalang birtud." Nang masabi ng Dios ang gayon, ay nanaog na siya sa kailaliman upang ihanda ang isang malungkot na tahanan ng kanyang mga piling Arkanghel na lilikhain na magsusuwail sa kanya.

Nang makaalis na ang Dios, ay binuksan ni Bulaklak ang nasabing kaban ng Tipan sa hangad na makilala ang katotohanan at katuparan ng mga sinabi sa kanya. Nang mabuksan na ang kaban ay biglang lumabas ang tatlong letrang "B" na may mga pakpak at nagsilipad. Ang tatlong titik na nabanggit ay ang Bam Bau Bim na tatlong salitang kung sabihin ay Tres Virtudes na lubhang mahimala at makababalaghan. Nang magkagayon ay biglang isinara ni Bulaklak ang kaban, subali't ang tatlong "B" ay nakalabas na at hindi na niya nakita.

Ginawa na ng Dios ang plano o ang anyo ng kanyang mga lilikhain at gagawin: tubig, apoy, hangin, lupa, langit; mga kahoy at halaman, mga tao at mga hayop, araw, buan at bituin, nguni't una at higit sa lahat ay ang mga banal na Espiritu na kakatulungin niya sa paglikha at paggawa. Nang mayari na ang nasabing Plano, ay ipinakita ng Dios kay Bulaklak na kanyang kasangguni at sinabi naman nito na "tumpak at mabuti kung Espiritual, nguni't kailangan baguhin ang iba kung gagawing Material," sapagka't ang plano ng Dios ang malalaking kahoy at matataas ay malalaki ang bunga at ang maliliit at mabababa ay maliliit naman ang bunga. Sinabi ni Bulaklak na kung ang mga kahoy na yaon ay ilalagay sa lupa ay kailangan ang lalong malalaki at matatayog ay siyang dapat bigyan ng maliliit na bunga, at ang maliliit at mabababang halaman at gumagapang sa lupa ay siyang dapat bigyan ng malalaking bunga, sapagka't sinabi ni Bulaklak na ang matatayog at malalaking kahoy ay sisilungan ng mga tao at hayop kung nadadarang sa init ng araw, at kung ang malaking bunga ng kahoy ay mahinog at hindi makaya ng tangkay ay malaglag at sa pagkakataong ito ay may taong nakasilong at mabagsakan ay maaring mamatay o mapinsala ang tao, kaya't ito ay dapat baguhin ang sabi ni Bulaklak. Ito ang kauna-unahang pagsira ng Dios sa kanyang mga nilikha, ang sabi sa Banal na Kasulatan.

Ginawa ng Dios ay binago. Ang malalaki at matatayog na kahoy ay siyang pinapagbunga ng maliliit, at ang maliliit na halaman ay siyang pinapagbunga ng malalaki ayon sa payo ni Bulaklak. Nang nakahanda na ang lahat ay inisip ng Dios na likhain na ang kanyang mga kakatulungin.

Nang siya'y nag-iisip ay bigla siyang pinawisan sa taguilirang kanan, at nang kanyang iwaksi ang labing anim na wisik ng pawis ay naging labing anim na Espiritu. Muli siyang pinawisan sa taguilirang kaliwa at walong butil na pawis naman ang sumipot at nang iwaksi ay naging walong Espiritu rin. Ganyan ang sabi sa kasaysayan. Sa dalawampu't apat na ito ay hinugot niya ang tatlo na magsisiganap at tutupad sa kanyang ginawang plano. Ito ang tinatawag na tatlong makapangyarihan

Avelator Avetemi Avetillo. Ito ang Tatlong Persona o Santisima Trinidad na nag-uusap upang pasimulan ang paglikha.

Nang nag-uusap na ang Tatlo ay nakatanaw sila sa malayong malayo sa dakong kailaliman, ng tatlong liwanag na nagniningning na tumataas at patungo sa dakong kinalalagyan nila. Ang buong akala ng Tatlo ay sila lamang ang una at sila lamang ang Dios, ngunit nang makakita sila ng iba ay sumaloob nila na may iba pang Dios na katulad nila. Ang nasabing liwanag nang malapit sa tatlong nag-uusap ay tumapat ang isa sa bawa't isa at ng kanilang mamasdan ay tatlong titik na nagniningning S.T.M. na ang sabi sa kasaysayan ay Sau Tum Mup na naging tatlong bato na kanilang uupuan. Nang sila'y uupo na, ay nakita nila sa ibabaw ng bawa't bato ay may tig-isang salitang nakasulat na Ardam, Aradam, Adradam. Ang tatlong salitang ito ay siyang tunay na pangalan ng Tatlong Personang nag-uusap. Ang mga Pangalang ito ay dapat sabihin kungdi doon lamang sa karapatdapat pagsabihan.

Sa pag-uusap ng Tatlo ang pinagkaisahan nila na gawin ay palitawin ang lupa, subali't nang lumitaw ang lupa ay gayon na lamang ang kanilang pagkataka at panggigilalas sa kanilang nakita na pitong bakas na hindi nila maubos malirip kung bakit nagkaroon ng gayon ay hindi pa sila lumilikha ng tao, kaya't inisip nila na hanapin upang makilala kung sino-sino ang mga may bakas niyaon. Sa kanilang paglalakad ay natagpuan nila ang nasabing pito, subali't nang tanungin nila upang makilala ay ayaw magsabi ng kanilang pangalan, at ang sagot pa sa Tatlo ay wala silang pakialam sa kanila at sila'y hindi nila nasasakupan, at ang sabi pa sa kanila: Nang hindi pa yari ang sangtinakpan, gumawa na kami ng aming sariling tahanan, sa litid ng mundo kami tumatahan. Sa sagot na ito ay iniwan na ng Tatlo ang dalawa upang magtuloy sa kanilang upuan at magpatuloy na sa kanilang paglikha at paggawa.

Pinagkayarian ng Tatlo na gawin ang liwanag na tatanglaw sa sangsinukob, at sinimulan na nga nila ang paggawa sa araw. Nang mayari na nila ang araw ay hindi nila mabigyan ng lubos na liwanag, ng ningning at ng init. Walang ano-ano ay nakarinig sila ng isang tinig na nagsasabi na ang tanging makapagbibigay ng kailangan nila sa araw ay ang matandang babae na kanilang nakita na tumatahan sa litid ng lupa, kaya ang ginawa ng Ama ay inutusan ang Anak sa sinabing matandang babae upang hingin ang kanilang kailangan. Nang lumakad na ang Dios Anak ay biglang nagdilim ang dinaraanan at hindi niya malaman ang patutunguhan kaya't siya'y napatigil at sa pagkatigil niya ay may tinig siyang narinig na nagsabi sa kanya na ganito ang iyong sabihin upang magliwanag at nang makita niya ang kanyang daraanan. Ang salita ay ganito: Lihis Taguitac Sagranatac Paparonatac. Nang ito'y masabi, biglang nagliwanag ang kanyang daraanan, kaya't siya'y nagpatuloy. Nang siya'y dumating sa litid ng lupa na tinatahanan ng nasabing matandang babae ay tumawag siya, nguni't walang sumasagot bagama't nararamdaman niya na may mga tao sa loob. Nang siya'y ayaw buksan at ang matandang babae ay hindi niya makausap, ay nagbalik siya sa Amang nag-utos upang ipagbigay-alam ang nangyari. Nang matanto ng Ama ang nangyari ay



Larawan 3.32. Santisimo—Abonatac Uph Madac
Dalawang Tao sa Litid ng Mundo.

pinabalik ang Anak at tinuruan Ito ng mga salitang babanggitin na makapagbubukas sa pinto ng tahanang kueba ng matanda.

Nang dumating ang Dios Anak sa pinto ng nasabing kueba ay tumawag siya sa matandang babae at nang siya'y ayaw buksan ay sinambit ang mga salitang sinabi sa kanya ng Ama. Matapos niyang banggitin ang mga nasabing pangungusap, ang pinto ng kueba ay biglang nabuksan at lumabas ang matandang babae. Sinabi ng Dios Anak ang kanyang sadya. At ipinagkaloob naman ng matanda ang hinihingi ng Dios Anak. Dumukot ang matandang babae sa kanyang sukbitan at isang bubog na nagniningning ang iniabot sa Dios Anak, at ang bilin ay ikuskos ang nasabing bubog sa mukha ng araw upang magningning, magliwanag at magka-init. At gayon nga ang ginawa ng Dios Anak, ikinuskos sa mukha ng araw, at ang araw ay uminit, nagningning at nagliwanag.

Nasa ganitong kalagayan nang sila'y makarinig ng isang tinig na hindi nila mapagsiya, kaya't kanilang sinundan at nang kanilang abutan ay isang ulilang liwanag ang kanilang nakita. Tinanong nila kung sino siya at ang sagot sa kanila ay siya'y mata, at biglang lumagpak sa kanilang harapan ang isang matang may pakpak. Nang kanilang darampútin ay biglang lumipad ang matang may pakpak at kanilang hinabol hanggang sa gitna ng dagat. Ang matang tumalsik ay biglang nabasag at naging tatlong piraso na naging tatlong isda at sa katawan ng bawa't isa



Larawan 3.33. Ang Kasaysayan ng Unang Paglikha

Ito ang larawan ng kasaysayan ng unang paglikha. Makikita ang Dios Ama na nakalukluk sa kaitaasan, ang Dios Ina na may S.T.M. sa dibdib na kung tawagin ay Birhen nagsabog ng biyaya, Dios Anak na pasang krus at Dios Espiritu Santo. Sila rin ang Tatlong Persona o Sagrada Familia na nagko-consistoryo na pawang nagmula sa Dios Ama. Makikita rin ang pitong bakas, Birheng nagpapasuso at mga Kerubines. Ang larawang ito ay makikita nang pira-piraso sa mga medalyon o anting-anting.

ay nakasulat ang tig-isang salita na AramAcdamAcsadam. Nang sundan ng Tatlong Persona ang tatlong isda ay lumubog at nawala at naging tatlong batong lumubog sa pusod ng karagatan. Sinusundan din ang mga ito ng Tatlong Persona at hindi hinihiwalayan hanggang sa nang sila'y sumapit sa lugar na yaon, ay nakakita sila ng isang malaking bato. Sa libis ng nasabing bato ay may isang matandang naglalakad, at siya ay kanilang sinundan, at ganito nga ang sabi sa kasaysayan.

Sa bahaging ito ng kuwento ay makakaengkuwentro ng Tatlong Persona ang Infinito Dios. Dito masasaksihan ang combate ng mga Kadeusan pati na ang mga oracion na kanilang ginamit upang makalikha ng kababalaghan.

Nang ang Tatlong Persona'y naglalakad sa kaibuturan ng dagat, nakasumpong sila at nakamalas, isang matandang naglalakad sa libis ng bato Ara ang pamagat. Sa gayon ang Dios Ama ay nangusap: Sanctus Deus; ang Dios Anak ay sumagot: Sanctus Fortis; Espiritu Sancto'y nagsulit: Sanctus Immortalis, nguni't may sumagot na boses wika'y Miserere Nobis. Ang Tatlo'y lumingon pagdaka sa boses na nagbadya, aba anong katakataka, tayo pala'y may kasama. Halina't ating hanapin at nang ating masumpungan, subali't nang matagpuan ang matandang sinusundan sa bato'y nasok pagkuan. Yaong batong pinasukan walang pintong dinaanan, ang bato'y saan man tingnan ay buo at parang hininang. Nang ang langit ay masarhan sa Nunong pinasukan sa Tatlong Personang mahal walang makabukas sinoman. Ito ang ipinahayag sa Nunong ipinangusap na ang bato ay bumukas: Limbor Calicatab Sancto Titab Et Llvis Sarac. Ito ang ibubukas mo sa pinto ng Paraiso sa tabi ng Getsemani kung ang pinto ay sarado: Aram Manlapac Calinaboc Calicaboc Mortalitaem Saloctil, Alicatab Calarcar Catarcar Sancto Pater Tritiyo.

Nang ang bato ay masarhan sa Nunong pinasukan sa Tatlong Personang mahal walang makabukas sinoman. Ginawa ng Tatlong Persona sa langit agad umakyat, tumuntong sa alapaap at sila ay nangag-usap. At kanilang sinasambit yaong wikang matatamis: Sanctus Deus, Sanctus Fortis, Sanctus Immortalis, sumagot na naman ang boses at ang wika'y Miserere Nobis. Pinaghahanap na pilit ng Tatlong Dios sa Langit, kaya't ang sa Amang sulit hanaping pilit ang boses. Ang Anak ay inutusan na hanapin pagpilitan. Sa kanilang pag-uusap biglang sumipot ang liwanag sa ulunan ng Tatlong Persona at yaon ang ikaapat. Agad ipinahabol ng banal na Dios Ama kay Jesus na anak niya ngunit ito'y di inabot at di nakita. Sa kanilang paghahabulan ang matanda ng aabutan doon sa bato Omo ang ngalan matanda'y nasok pagkuan. Yaong batong pinasukan walang pintong dinaanan, ang bato'y saan man tingnan buo at parang hininang. Nang ang bato ay masarhan sa matandang pinasukan walang makabukas sinoman... Poon kungdi ikaw po lamang... Sabi ni Jesus na mahal, kita ngayo'y bibinyagan, matanda'y tumugon na ayaw nitong pasakop sa Apo. Katawa'y malata parang nanglulumo, sa pagkakaupo doon sa bato Omo. Ang sabi ni Jesus ang pinto ay iyong ibukas. Lambucanus. Yaong batong nasasarhan ay

bumukas kapagkuan, namalayan... Noong lumabas sa bato ang Nunong Infinito, ang kanya naman tinungo ang masayang Paraiso. Sinundan kapagkaraka, ng banal na Tatlong Persona at doon nila nakita liwanag na kaaya-aya.

Nang dumating ang Sagrada Familia sa pinto ng Paraiso, ay nakatanaw sila ng isang maligayang liwanag na walang katulad, at sa gitna ng nasabing liwanag ay nakaupo ang Infinito Dios sa kanyang dakila at kamahal-mahalang trono. Nang mamalayan ng Infinito Dios ang ninanais ng Sagrada Familia na makalapit sa kanya upang siya ay binyagan, ay agad sinabi ang ganito: Cuiveritatis Verbum Egosum. Sa winikang ito, ang Sagrada Familia ay napatigil at hindi nakatuloy, kaya't si Jesus ay nagwika naman:

Oh, makapangyarihang Milam, haring tinatawag ng mga erejes, ako'y naparito sa iyo upang ikaw ay aking binyagan. Nang matalos ng Infinito Dios ang gayong sinabi ni Jesus ay nangusap naman siya ng ganito: Hipario Del Rapto Sigit Hiparo Sigit. Nang ito'y masabi ay biglang naparam sa kanilang mga mata yaong maligayang liwanag, sampu ng Infinito Dios ay hindi nila nakita, kaya't muling nagwika si Jesus: Oh, makapangyarihang Milam, haring pinopoon at Dios na walang hanggan ng mga erejes,[30] ako ang ikalawang binyagan. Nang ito'y marinig ng Infinito Dios ay biglang nagtindig sa kanyang pag-upo sa luklukang trono at habang siya'y lumalakad ay ganito ang sinasabi: Sarjas Guimpas Ratal Macaguimpas Suplent Salvator. Naramdaman ng Sagrada Familia na ang Infinito Dios ay lumalabas sa Paraiso nguni't hindi nila nakikita kungdi naririnig lamang nila ang yabag ng mga paa at sila ay natiguilan at hindi nakasunod agad, nguni't nang kanilang sundan ay nakasapit na ang Infinito Dios sa bundok ng Boord. Nang sila'y dumating sa nasabing bundok, ay nabasa nila na nakasulat sa mga dahon ng kahoy ang dalawang letra na L.M. at ang Infinito Dios ay nakapasok na sa loob ng nasabing bundok.

Sa ganito ay nagsalita na naman si Jesus: Oh, makapangyarihang Milam, hari ng mga erejes, ako ang abang si Pascual na naparito sa iyo upang ikaw ay binyagan. Ang Infinito Dios ay sumagot: Maigsac Eigmac. Sa winikang ito ay nalinlang ang paningin ni Jesus at hindi niya makita ang Infinito gayong nasa tabi lamang niya...

... kaya't si Jesus ay nagwika ng ganito: Hogare Nughum. Sa winikang ito ni Jesus ang Infinito Dios ay biglang sumuling-suling at hindi maalaman ang kanyang patutunguhan nguni't siya'y hindi hinihiwalayan ni Jesus at siya'y sinusundan at pinakikiusapan na pabinyag upang maging binyagan at maraming bagay ang ipinangako ni Jesus sa lupa at sa langit man kung tatanggapin niya na siya ay pabinyag.

Nang maramdaman ng Infinito Dios ang nangyayaring ito sa kanya, ay biglang nagwika ng: Cuiveritatis Verbum Bulhum. Nang ito'y masabi, si Jesus ay hindi makapangusap....

... kaya't ang Amang nag-utos kay Jesus ay biglang nagwika naman: Procultis Bohob. Nang ito'y masabi ang Infinito Dios ay hindi makakilos...

... kaya't nagwika naman siya: Supnerit Hulhum Malamuroc Milam at siya'y nakagalaw at biglang sinunggaban niya ang isang batong sillar na ang bigat o timbang ay may isang daan at limampung arroba at nasa'y ipalo kay Jesus...

Ang sillar ay batong ginagamit sa paggawa ng pader. Sa kabilang banda ang kahulugan ng arroba ay bigat ng 25 libra o 11 1/2 kilo.[31] Samakatuwid ang "150 arroba" ay may bigat na 1,725 kilos, sobra-sobra upang mawalan ng ulirat at masawi ang isang tao. Kung sa bagay sila'y mga Dios.

... kaya't biglang sinabi ni Jesus ang Igsac at ang dalawang kamay ng Infinito Dios ay hindi makagalaw, at saka isinunod ang Igmac at biglang nabitiwan ang hawak na bato, at saka sinundan ng Igot Hum at ang Infinito Dios ay biglang nalugmok sa tinutuntungang bato na may ilang sandali, nguni't ang ginawa ni Jesus ay ibinalik ang pangungusap at ang Infinito Dios ay pinagsaulan ng malay.

... Nang makita ng Infinito Dios ang nangyayaring ito sa kanya ay biglang sinambit ang kamahalmahalan niyang pangalan na Lamuroc Milam. Ito'y isinigaw nang ubos-lakas ng boses na kagulat-gulat at biglang nagdilim ang sangtinakpan at lumindol ng malakas...

... subali't nang makita ng Mahal na Birhen ang nangyayaring ito ay biglang sinambit ang Magsias Bolhum at biglang tumigil ang lindol, napawi ang dilim at biglang nagliwanag.

... At si Jesus naman ay biglang nagwika ng Pactenit Egolhum. Nang ito'y masambit ang Infinito Dios ay biglang lumubog sa tinutuntungang bato at hindi nakakilos na parang naengkanto, at inisip ni Jesus na ilagay ang bundok ng Boord sa gitna ng dagat na parang nakabitin...

... nguni't ang mahal na Birhen ay nagsalita naman ng ganito: Edeus Gedeus Dedeus Deus Deus Deus Egosum Gavinit Deus, at hindi na natuloy ang iniisip ni Jesus nang ito'y masabi ng Mahal na Birhen...

... Ang ginawa ni Jesus ay pinakiusapan ang Infinito Dios kaya't ang sabi: Elim—katawan pagka-Dios Ene Manum—baras ng pagka-justicia, ako'y naparito sa iyo, Exias—ikaw ay pabinyag, Esui Esuperatis Exianibus—sa pangalan na Ama, Anak at Espiritu Santo, sumangayon ka sa akin.

Ang sagot ng nasa loob ng bato: Hindi ako papayag na walang pangyayari, sino ang iyong Ama, sino kang naparito at sinong nag-utos sa iyo. Ako ang Ama ng iyong Amang tinuran. Ako ang unang lumitaw. Isang Dios na naghahawak at dapat pagkunan ng kapangyarihan.

Ang sabi ng Dios Anak: Ako ang Anak ng Dios na dapat sundin. Hari ng langit at ng lupa, Dios na walang katapusan na kinauuwian ng lahat ng bagay, wala kungdi ako at ang Ama ko lamang, ang dapat magbinyag sa iyo upang makapasok ka sa aking bakuran. Ang sagot ng nasa loob ng bato: Hindi ka dapat makialam sa hindi pumapasok, sa lumalabas sa iyong bakuran. Ako ang Dios na dapat sundin. Ikaw ang bibinyag, ako ang siyang marapat.





Larawan 3.34. Dalawang anyo ng matang may pakpak

Larawan 3.35. Infinito Dios pang-combate

Ang sabi ng Dios Anak: Ikaw ang Ama ng hindi binyagan, hindi ka dapat mapasok sa pinto ng kalangitan, kung hindi ka papayag na sa akin ay pabinyag, hindi ka masasakop ng aking katawan at kapangyarihan, ako ang nagtatangan ng ilaw at kalangitan.

Ang sagot ng Infinito Dios: Ako ang ilaw ng kalangitan, magbubukas at bubuksan ng kapangyarihan na naghahawak ng lahat ng bagay. Ang sabi ng Dios Anak: Exiam Miram. Ikaw ay pabinyag sa pangalang iyan at ang sinomang tumawag ay hindi dadanas ng anomang hirap sa kabilang buhay. Tatawagin kang ikalawa ng aking katawan, sa pangalan ng aking Ama, sa pangalan ng Espiritu Santo, sa kapangyarihan ng Santisima Trinidad, ang siya kong ibibinyag sa iyong katawan. Dios sa mula at walang hanggan, na walang katawang pagka-Dios.

Ang sagot ng nasa loob ng bato: Ako ang Santisima Trinidad, lumabas at nilabasan na nagbibigay ng kapangyarihan, Dios na hindi matarok, isang Dios na tunay, at kayo ang Bait, ang Loob at Ala-ala. Ganyan ang sabi ng Nuno bilang pagsang-ayon sa hangad ng Apo. Ako'y pabibinyag sa kapangyarihan ko at sariling lakas, ngayon ako ay papayag, sundin mo balang ipangungusap.

Walang mahuhulog, walang kahirapan, ni dilim walang dadaanan, sabog ang impierno, ang limbo ay waray, mabuksan ang langit, ako ang daraan. Aking isusuot daliri ko sa labas, ako'y pabibinyag, sa pangalan ko rin doon magbubuhat. Ako'y isang Dios sa Ama, sa Anak, sa dunong, kapangyarihan at lakas, tatawaging Dios na Tatlong Persona.

Bago umakyat sa langit ang Tatlo, ay nag-iwan muna ng dalawang salita na dili iba't ang kanyang lihim na pangalan na M.M. (Macmamitam Maempomaem) Señor Dios de los Ejercitos at Gloria ng Pitong Mundo. Ang sabi niya ay ganito: Ito ang iniwan kong pangalan sa lupa noong ako'y maengkanto sa bundok ng Boord, at nang umakyat na sa langit ang tatlo ay itinuro kay Jesus ng Ama ang pangalan ng Infinito Dios na nakasulat sa sikat ng araw. Tangi rito, ay nag-iwan pa siya dito sa lupa ng dalawampu't apat na pangalan ng dalawampu't apat na matatanda na nakapalibot sa Dios Ama sa langit na kaitaasan.

Sa pamamagitan ng medalyon o anting-anting na Infinito Dios, maaaring tawagan ng isang taong nasa panganib (o sitwasyong kahawig) ang kapangyarihan ng Infinito Dios. Magagawa ito kung alam ng isang tao ang lihim na karunungang isinalaysay sa unahan.

Sa Infinito Dios nanggaling ang disenyo ng iba pang medalyon. Ang doktrina o mito ng Infinito Dios, kasama ang paniwala sa kapangyarihan ng salita na magmilagro o magpakita ng kababalaghan, ay nakaukit sa medalyon. Ang kapangyarihang ito ay binubuhay ng pananalig at panalangin ng tao ngayon.

Mahaba pa ang kuwento at nagwawakas ito sa Bagong Tipan ng Bibliya. Ang mga kuwentong sumusunod ay katuparan ng mga plano at balak ng Konsistoryo o pag-uusap ng Tatlong Persona at ng Infinito Dios.



Larawan 3.36. Infinito at Animasola

Larawan 3.37. Infinito Dios—hindi binyagan

Maiiba lamang ang daloy ng kuwento sa nalalaman nating palasak na bersyon sa pagpasok ng mga detalyeng itinuturing na apokripal ng establisadong relihiyon (Katoliko at Protestante, halimbawa). Pinakainteresante ang mga sinipi sa unahan sa paglalangkap nito ng katutubong kaisipan at ng balangkas Kristiyano upang mabuo ang isang bago at kakaibang teolohiya, may sariling kakanyahan at katiyakan, at walang kaduda-dudang Pilipino.

Ang Unang Tipan ay tungkol sa Dios Ama at sa panahon ng paglikha; ang Ikalawang Tipan ay sa Dios Anak at sa kanyang pagliligtas sa sansinukob sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus; ang Ikatlong Tipan ay sa Dios Ina at sa kanyang pag-ako sa kasalanan ng sanlibutan na hindi pa rin nagsisisi sa kabila ng pagkamatay ng Dios Anak sa krus at ng napipintong pagkagunaw ng mundo at Huling Paghukom sa 1996; at ang huli, ang pagsipot ng Bagong Langit at Bagong Lupa ("Lupang Pangako" sa iba) na walang iba kundi ang Pilipinas, ang bayan na tanungan ng lahat ng bansa at mamumuno sa pamahalaang ispiritwal. Lahat ng pangyayaring ito ay alinsunod sa napagkasunduan sa Konsistoryo ng Tatlong Persona.

Lahat ng paniniwala at pagpapahayag na ito ay nakapaloob sa mga awit, miyural, altar, at ritwal ng mga samahan at kapatiran sa Bundok Banahaw, at sa lahat ng kauring sangay at grupo sa buong kapuluan. Matatagpuan din ang mga simbolismo ng mga kapatiran sa mga medalyong tanso (higit na kilala sa tawag na "anting-anting") na ipinagbibili sa paligid ng simbahan ng Quiapo. Gayunman, itinatanggi ng mga nabanggit na kapatiran ang kaugnayan ng kanilang pananampalataya sa mga anting-anting na itinuturing na kontra-Kristo at mas mababa sa mga natural o mula-sa-kalikasang galing na anting-anting.

Isang halimbawa ang "dignum," isang kahoy na pinaniniwalaang mga dasal, panalangin, at oraciong pinagsama-sama, nahulog sa lupa, nagkaroon ng materyal o pisikal na anyo, at nanggaling sa kalikasan o sa Dios. Ayon sa kanila, higit na mabisa ang dignum (o kaya'y ang kahoy na may gumamela celis) mula sa kalikasan kaysa medalyong gawa lamang ng tao. Ang medalyon ay iwinaksi na ni Tandang Ano, tagapagtatag ng AKO at kasa-kasama ni Matandang Sabino sa Agnus Dei na nagpakalat ng paggamit ng medalyon.

Mula sa putul-putol na mga mito, lumalabas na iisa lamang ang lahat ng ito: ang Infinito Dios, Kataastaasang Ina, Animasola, Amuman, Santisima Trinidad, Sagrada Familia, at Dios Fooc. Ang mga mito ay walang iniwan sa isang dakilang dramang panrelihiyon: ang Infinito Dios ay direktor at manunulat ng iskrip, at ang iba pang kapangyarihan na nagmula sa Kanya ang mga nagsisiganap. Siya ang tanging pinagmulan subalit iba't iba ang naging pagpapahayag at pamamaraan, gaya ng makikita sa watak-watak na mga kapatiran at samahang milenaryo sa buong kapuluan.

May palagay na sa dalawang huling magkasunod na larawan kinopya ang imahen ng Dios Ama, Bathala, o Atardar, at ang imahen ng Tatlong Persona sa mga altar ng K.A.L.K., Bathalismo, at Tatlong Persona Solo Dios. Mabibili hanggang ngayon ang mga larawang ito sa may simbahan ng Quiapo.

Ang paglalangkap ng katutubong paniniwala at ng Katolisismo ay makikita sa altar ng mga kapatiran. May paliwanag rito si Salud Nuevo sa kanyang mga tala tungkol sa K.A.L.K. (Kapatirang ang Litaw na Katalinuhan, Kataastaasang Ama ng Lupa't Kalangitan), na itinatag noong 1935.

Layunin ng K.A.L.K., ayon kay Nuevo, na: "magpalaganap ng tunay at katutubong pananampalataya ng Bayang Pilipino; ipakilala na tayo'y may sariling kinagisnang pananampalataya, paniniwala at pananalig na hindi hatid at minana lamang sa mga dayuhan."[32]

Tulad sa Ciudad Mystica de Dios (CMD), Tatlong Persona Solo Dios, Bathalismo, at Spiritual Filipino Catholic Church, naniniwala sila kay Bathala o Dios Ama. Ayon pa rin kay Nuevo:

> Ang mga larawang nakalagay sa mga dambana, Panalanginan sa Templo at maging sa mga bahay ng mga aktibong kasapi ay larawan ng KIT. Ama ng Lupa at Kalangitan. Ang anyo ng makapangyarihan manlalalang ang tinawag nilang Solo Dios na nakasakay po sa rayos at matang nanganganinos na nakapagbabago ng anyo. Ang altar sa simula ay may Maria, Jesus na nakadipa at Jose, San Roque. Kung kaya anya tayo'y ganyan ay maraming mga manang, sisimba sa Templo Rizal di papasok kung wala iyon. Kung hayaan na muna tayo'y makibagay na. Kung panaho'y dumating na wala niyong matitira...
>
> Ngunit ang ating altar ang nasa gitna'y si Rizal, Burgos, Bonifacio, Malvar, Jacinto't Luna't del Pilar, Lapulapu at Mabini at saka si Tandang Sora, Apolinario dela Cruz, Graciano Lopez Jaena.
>
> Anupa't lahat ng ito ay banal na Pilipino. Nakalagay na nga rito sa altaran nitong Templo.[33]

Ayon naman kay Venancio Wagan, Supremo Obispo ng kapatirang Bathalismo Inang Mahiwaga, Inc. sa Nueva Ecija, sumasampalataya na ang mga Pilipino sa isang Bathala bago pa man dumating ang mga Kastila.[34] Nang lumaon, dahil walang kalayaan sa pagsamba, natutong makisama ng mga Pilipino upang hindi usigin ng mga Kastila. Bininyagan ang kanilang Bathala at tinawag na "Infinito Dios" (Dios na Walang Hanggan). Kastila man sa pangalan, nanatili pa rin itong Pilipino sa diwa.

Mahalaga ang impormasyong ibinigay ni Ka Bert hinggil sa mga naunang larawan ng Infinito Dios.

Ang mga larawan (o pigura) at titik (o letra) sa anting-anting ay galing sa mito ng Infinito Dios o Doctrina ng Infinito Dios. Gayunman, ang hindi batid ay kung

paanong ang mito, mula sa salita, ay naging mga pigura at titik o acrostics, tulad ng makikita sa mukha ng anting-anting. Mangyari pa, hindi rin batid kung sino ang gumawa nito. Batay na rin sa kaunting kaalaman tungkol sa kasaysayan ng medalyong anting-anting, walang matibay na patunay kung kailan naisalin ang mito sa medalyon at kung kailan nabuo ang mito ng Infinito Dios.

Ang mga sumusunod ay ilang interpretasyong maibibigay batay sa doktrina ng Infinito Dios, isang matatag at laganap na paniniwala sa kasalukuyan:

1. Nalathala sa *Supersticiones de los Indios Filipinos, Un Libro de Aniterias* (1984) at *Aparato Bibliográfico* (1906), mga libro ni Wenceslao Retana,[35] ang dalawang larawan ng "Facsimile de un amuleto cogido a un insurrecto tagalo" (Laguna).

Sa una, makikita ang Tatlong Persona o Santisima Trinidad na Pater (Ama), Filios (Anak), at E.P.T. (Espiritu Santo); Agios Otheos, Agios Ichiros, Agios Athanatos (Griyego); Sanctus Deus, Sanctus Fortis, Sanctus Immortalis (Latin, Holy God, Mighty or Strong God, Immortal God). Makikita rin ang Solo Mata o Ulilang Mata na may mga letrang A.D.N.Y. o Adonay (The Lord sa Hebreo), at ang animo'y krus ni San Benito.

Sa pangalawa, muling makikita ang Solo Mata at Adonay na nakapaloob sa animo'y bato. Mahihinuha na ang iba pang nasa larawan ay ang Santo Niño o Niño Jesus, puso ni Jesus (JHS); Tatlong Persona—Dios Ama, Dios Anak, at Dios Ina na nakatirintas at pawang nakalutang sa ulap; at ang isa pang Dios na may lumalabas na mga salita sa bibig.

Sa dalawang larawan, mapupuna na hindi Tagalog ang teksto ng anting-anting. Pawang Latin, Griyego, at Hebreo ang mga salita. Mahihinuha na bagamat naggugumiit ang Dios ng mga Pilipino at ipinagpapalagay na mas una at makapangyarihan sa Dios ng mga Kastila, nananatili ang katotohanan na nagapi ang mga Pilipino at nakapanaig ang mas malakas na armas ng mga Kastila sa pulitika at maging sa relihiyon. Ito marahil ang hinanakit ng mga babaylan. Iniangkop o ginamit nila ang Latin at iba pang balbal na wikang Accadian—animo'y tore ng Babel na hindi magkaunawaan—upang mahawakan din nila ang kapangyarihang sa akala nila'y idinudulot ng banyagang wika sa mga Kastila. Isang halimbawa ang oracion na ginagamit sa pagbabasbas ng ostiya. Dahil hindi makapanaig si Bathala o ang Nuno, hindi naging mahalaga ang paniniwala ng mga Pilipino; hindi ito naipahayag at naging isang lihim na karunungan.

2. Ayon kay Pedro Paterno sa kanyang *La Antigua Civilizacion Tagalog* (1915) ang tawag sa iisang Dios na may lalang ng lahat ay Bathala. Isinusulat ang ngalan ng Dios na ito sa pamamagitan ng tatlong katinig na B, H, at L, tulad sa Hebreo na I, H, at V (Jehova).[36] Ang pagsulat ng H (kung bigkasin ay tulad sa paghinga) sa

katutubong paraan ay ∫ , gaya ng silahis ng araw na nagmumula sa langit upang magbigay ng liwanag sa kadiliman. Ayon pa rin kay Paterno, ito rin ang unang pangalan ng Dios na pinakasimple at unang namumutawi sa labi ng sangkatauhan —ang Ha o Ah o Aj, ang panggitnang pantig sa ngalang Bathala. Ang Babae naman, aniya, ay isinusulat sa matandang tagalog na ᜊ ᜊ o ᜊ , at Lalaque: ᜎᜎ o ᜎ . Kaya sa salitang Bathala, ᜊ∫ᜎ , matatagpuan ang babae, lalake at liwanag o espiritu. Ito ang dahilan, ayon kay Paterno, kung bakit batid na ng mga Tagalog ang misteryo ng Santisima Trinidad bago pa man dumating ang mga Kastila. Waring si Paterno at si Isabelo de los Reyes (*La Religion del "Katipunan" o seá La Antiqua de los Filipinos*. Publicada por la Delegacion Filipina en Europa, Madrid, 1899)[37] lamang ang nagbigay ng ganitong paliwanag.

3. Makikita na ang pigura/imahen ng Infinito Dios noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Isang patunay ang retrato ng isang Pilipinong nasawi sa digmaan ng panahong iyon: nakaguhit ang Infinito Dios sa suot niyang chaleco. Nalathala ang naturang larawan sa *Harper's History of War in the Philippines* noong 1900.[38] Mahihinuha na maraming taon nang naniniwala ang mga Pilipino sa Infinito Dios: sa isang mahalagang yugto sa kasaysayan ng bansa, humingi dito ng tulong ang mga Pilipino upang itaboy ang mga kaaway na Amerikano.

4. Matapos ang limampung taon, nalathala ang *Secreto: Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan* ni Melencio T. Sabino. Tinatalakay ng libritong ito ang mito ng Infinito Dios. Sa "Maikling Paliwanag" (walang pahina) niya sa librito, waring pinagsama-sama lamang ni Sabino ang mga dati nang paniniwala sa Infinito Dios at sa paglikha nito sa mundo, mula sa mga pira-pirasong lihim ng mga librito ng karunungan at mga aklat na tulad ng: *Bibliya, Kabbalah, Misterio Principal, Siete Llaves, Milagros de Jesucristo, La Compania De Jesus, Viaje de Santa Maria, Encanto de Dios, Morals and Dogma* ng Amerika at iba pa.

5. Sa pagitan ng 1900 at 1950, si Tandang Ano Nasaire—tagapagtatag ng AKO—ay kasa-kasama na ng Matandang Sabino—awtor ng *Karunungan ng Diyos* (1955) at *Secreto*...—sa samahang Agnus Dei. Abala sila sa pagsasalarawan ng mito ng Infinito Dios at ng kanilang paniniwala. Isang libritong naglalarawan ng salita ay ang *Logos*. Inilipat din sa tansong medalyon ang mga larawan ni Tandang Ano na isang alahero. Siya rin ang gumawa at nag-imbento ng mga moldehan ng anting-anting na minana ni Mang Ben Herrera, na hanggang ngayon ay ginagamit pa rin sa paggawa ng medalyon. Galing ang mga impormasyong ito kay Ka Bert Lopez-Santos at Mang Ben, kapwa nag-aral sa AKO.

6. Alam ni Ka Ambo—ng Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño ng Pateros—ang tungkol sa mito ng Infinito Dios at ng unang paglalang. Ikinuwento niya ito ayon sa kanyang pagkakatanda. Sa kanya rin unang nakita ang medalyong Infinito Dios, mga larawang nakaguhit ang Dios Ama-Atardar, Kataastaasang Ina,

at ng kabuuang Retablo ng Paniniwala na nagmula sa mga Rizalista ng Tanay. Ang kabuuang Retablo ng Paniniwala ang tila pinakamalaking anting-anting sa panggagamot at nagagamit sa lahat ng pangangailangan.

7. Ang dalawa pang pinagmumulan ng mga larawan, librito, at medalyon ay si Peter Montañez ng Peter's Mystical Book Center at si Demetrio O. Sibal (yumao na) ng Saldem Commercial Enterprises. Sa isang panayam kay Alex Buenvenida sa Saldem (diumano'y apo siya ni Emilio Aguinaldo sa parte ng kanyang inang Famy ang apelyido), sinabi niyang magkakilala sina Montañez at Sibal subalit hindi nagpapalitan ng kaalaman tungkol sa paggawa ng mga mistikal na gamit. Karaniwang ipinagbabawal ang pagpunta sa gawaan ng mga anting-anting at mga bagay na tulad nito, sa pangamba ng may-ari ng pagawaan na kopyahin at nakawin ang pamamaraan nila ng paggawa. Lalong humigpit ang pagbabawal ngayong malakas ang kompetisyon ng mga medalyong galing Laguna-Batangas-Quezon (pangit man ang yari) at mga gawang Cavite (mabili at maganda ang yari).

8. Isa pang pinaghanguan ng larawan ay ang kalendaryong "La Omnipresencia de Dios" at ang ipinagbabawal nang larawan ng Tatlong Persona Solo Dios ng mga Katoliko.

Maaari ngang ginamit ng mga makabayang Pilipino ang pagsasalarawan ng mga Dios ng mga Kastila upang higit na matanggap ng mga Pilipino—na karamiha'y Katoliko Romano—si Bathala.

Dagdag: Mga Anting-anting na Kabalistiko

Mababakas ang impluwensiyang Judaeo-Romano sa mga inilahad na mito ng Infinito Dios at mga ibinigay na halimbawa ng anting-anting. Patunay dito ang mga salitang tunog-Latin (palasak sa mga anting-anting at maging sa mga orasyon) at ang malawak na paggamit ng mga inisyal (mga panimulang titik ng salita). Ang *Kabbalah*, kadalasa'y binabanggit bilang batis ng karunungang *occult*, ay may isang sistema ng pag-aaral ng *Notariqon*.[39]

Sa Notariqon, ang unang mga titik ng salita ay ginagamit upang muling bumuo ng bagong salita (isang uri ng *acronym*.) Sa ganitong pamamaraan, itinatago ang tunay na kahulugan at intensiyon ng anting-anting mula sa mga hindi nakauunawa.

Kung minsan ay may mga wastong replika ng mga talismang Kabalistico. Ang tanging kaibhan: *romanized* ang mga titik sa halip na Hebreo (orihinal na titik). Dalawang halimbawa ng anting-anting na mula sa *Kabbalah* ay ang Sator at ang Adonay.



Larawan 3.38. Facsimile de un Amuleto Tagalo



Larawan 3.39. Adonay

Ang Larawan 3.40 ay tinatawag na "The Second Pentacle of Saturn." Ginagamit ito sa lahat ng kaaway at nakakapagpasuko sa mga palalong espiritu. Ito rin ang tinatawag na "sator":

SATOR
AREPO
TENET
OPERA
ROTAS

Ang sator ang pinakaperpektong anyo ng dobleng akrostik kung isasaalang-alang ang ayos ng mga una't huling titik.[40] (Basahin: ang mga unang letra ng bawat salita mula itaas pababa, ang mga huling letra mula ibaba pataas.) Paulit-ulit na binabanggit ang bagay na ito sa mahika noong Edad Media. Sa kasalukuyan ay walang nakaaalam kung saan nanggaling ang pentacle na ito.

Ang bersikulong Hebreo na pinagbatayan: "*His dominion shall be also from the one sea to the other, and from the flood unto the world's end.*" (Psalm 62:8). Ang siping ito sa Hebreo ay binubuo rin ng 25 titik. Ang kabuuang numerical na halaga nito kasama ng pangalang Elohim ay katulad ng kabuuang numerical na halaga ng 25 titik sa kuwadro.

Ang anting-anting sa Larawan 3.41 ay kinopya sa isang *grimoire* na may ngalang "The Greater Key of Solomon."[41] Ang kaliwang bahagi ay sinasabing "unang pentacle ni Jupiter": itinuturo nito sa mayhawak ng anting-anting kung paano makapag-aari ng mga lugar na may kayamanan. Nasa kanan ang "pangalawang pentacle ni Mercurio": ito ang ipinagpapalagay na nagdudulot ng mga pangyayari at mga bagay na hindi umaayon sa kaayusan ng kalikasan. Ang makabuluhang aspeto nito ay ang transliterasyon ng Hebreo sa Romanong mga titik: ang mga salita sa pagkakabaybay ay hindi tumutugon sa orihinal. Halimbawa, ang nasa kaliwa ay TzDQIH (Zedechia); sa itaas DVCHIH (Javachiah); at NTHVNIAL (Neomiel) sa kanan. Ang gayong "anomalya" ay makikita rin sa kanang pentacle. Ang pagsasalin ay ibinatay sa tunog at hindi sa kaalaman tungkol sa alpabetong Hebreo.[42]

Ang mga larawan ng mga Dios bilang mata ay maaaring hinango sa Bibliya: "*If therefore thine eye be single, thy whole body shall be full of light.*" (Mateo 6:22). Ayon kay Yogananda, kapag malalim ang *meditation*, ang iisa (solo ojo) o ispiritwal na mata ay nakikita sa loob ng panggitnang bahagi ng noo.[43] Ang matang ito—na nakababatid ng lahat ng bagay—ay may iba't ibang pangalan sa Banal na Kasulatan: ikatlong mata, tala ng silangan, panloob na mata, kalapati na bumababa mula sa langit, mata ni Shiva, mata ng intwisyon, at iba pa.



Larawan 3.40. Ang Sator sa Hebreo[44]



Larawan 3.41. Anting-Anting na Adonay na may kabalistikong inskripsyon



Larawan 3.42. Kabalistikong Pentacles na nagsisilbing talisman[45]

Paglalagom

Sa pagtalakay na ito, nakita na ang doktrina ng Infinito Dios, kasama ang paniniwala sa kapangyarihan ng salita na gumawa ng milagro o kababalaghan, ay naiukit ng tao sa medalyon at patuloy na binubuhay sa pamamagitan ng pananalig at panalangin.

Sa pagkabuo ng anting-anting na yari sa medalyong tanso, nauna ang salita o kuwento na isinasalarawan sa medalyon. Mula sa kuwento ng paglalang at sa paniniwalang ang Infinito Dios ang una at pinakamakapangyarihan sa lahat, mababanaag ang kapangyarihan o kababalaghan na maidudulot ng anting-anting. Samakatwid ang mito ng Infinito Dios ang teksto ng anting-anting. Ang medalyon o anting-anting ang bagay na pampahiwatig o tagapagpahiwatig, na tumatayo para sa pahiwatig o sa tinutukoy mismo, ang kapangyarihan ng Dios o mahika o kababalaghan. Ilalahad sa Ikalimang Kabanata ang paraan upang mapag-ugnay ang medalyon o anting-anting at ang kapangyarihan ng dios o kababalaghan sa pamamagitan ng paglalarawan kung paano ginagamit ng tao ang anting-anting.

Mga Tala

[1] Ang larawan ng Atardar ay galing sa pabalat ng katalogo ng panindang anting-anting at galing ni Sally Sibal ng Saldem Commercial Enterprises. Ang pamagat: *New Exciting General Catalog*, walang petsa ng pagkakalimbag. Sadyang iba-iba ang imprentang ginamit upang hindi

magkaroon ng pagkakataon ang sinumang imprenta na mapakinabangan ang katalogo dahil watak-watak ito. Ang larawan naman ng Kataastaasang Ina ay nagmula sa Tanay na sinadya namin ni Ka Ambo sa tahanan ng kanyang hipag. Ito ang larawang nabanggit sa unang kabanata. Ayon sa hipag, nagmula ito sa kuweba sa San Isidro, kay Nana Celia na dating binababaan ni Amang Doktor Rizal.

[2] Interpretasyon ni Dr. Covar.

[3] Interbyu na ginawa ko noong ikalawang semestre ng 1987-88 para sa pag-aaral na may pamagat na "Mula Oracion Tungo sa Librito at Anting-Anting: Mga Ugat ng Katutubong Pananampalataya."

[4] Prospero R. Covar, "Retablo ng Paniniwala," Tatlong Sanaysay. Papel na ginawa para sa "Pansariling Likha" (Art in Private Spaces) na ginanap sa Bulwagang Juan Luna (Main Gallery) Contemporary Art Museum of the Philippines, CCP noong Hulyo 13, 1988, pp. 21-24.

[5] Covar, "Kapahayagan ng Iba't Ibang Paniniwalang Pilipino," Tatlong Sanaysay (mimeographed). Binasa noong Nobyembre 18, 1988 sa Conference on Popular Culture ng Department of Filipino and Sociology and Anthropology, Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City. p. 17.

[6] "Retablo," p. 24.

[7] Isang posibilidad din na iisa ang Dios ng mga katutubo at ang Dios ng mga Kastila, ayon kay Dr. Bienvenido Lumbera. Ayon naman kay Dr. Mario Rosal, "Filipino Response" ang paliwanag sa pagkakaroon ng Mito ng Infinito Dios o ng anting-anting na ito. Dagdag naman ni Dr. Covar, gumawa sila ng kultura na mas mataas kaysa inilalapit na kultura ng mga kolonisador.

[8] Galing ang mga drowing na ito sa *Logos*, isang katalogo ng mga anting-anting na nabanggit na sa Introduksiyon. Walang awtor at taon ng pagkalimbag ang katalogo. Hindi rin nakasaad kung sino ang naglimbag.

[9] Mula kay Bishop Kenneth Crass at Jose M. de Mesa, "With a Listening Heart," *In Solidarity with the Culture* (Quezon City, Philippines: Maryhill School of Theology, 1987), p. 26.

[10] Melencio T. Sabino, *Karunungan ng Diyos*, 1955, pp. 26-27. Walang lantad na palimbagan ang aklat. Lahat ng mitong nasa kabanatang ito ay galing sa aklat. Inalis ko lamang ang mahahabang oracion na pidgin Latin.

[11] Ginupit ko ang Mata ng Dios Animasola mula sa malaking larawan ng mga Mata na nanggaling sa hipag ni Ka Ambo sa Tanay. May ganito ring drowing sa *Logos*.

[12] Sabino, *Karunungan ng Dios*, 1950, pp. 48, 56.

[13] *Ibid.*, p. 126. Pitong Susi.

[14] *Ibid.*, p. 24. Tatlong Persona.

[15] *Ibid.*, pp. 45-46. Ang sipi ay magmula sa "Nang wala pang mundo" hanggang sa "...iba't ibang mga salita na makapangyarihan." Sa mga sumusunod na tala ay hindi na uulitin pa ang "Ang sipi ay magmula..."

[16] *Ibid.*, pp. 47-52. "Ang una at pinakamatanda sa lahat sa..."

[17] *Ibid.*, pp. 52-54. "Naito naman ang salita ng Dignum Crucis...matagal na oras na hindi nakakibo."

[18] *Ibid.*, pp. 62-64. Sator.

[19] *Ibid.*, p. 84. Ang Paggawa sa Kababaan.

[20] *Ibid.*, pp. 68-69. "Nang matapos na ang mga nasabing gawain...ang lihim niyang pangalan."

[21] *Ibid.*, pp. 54-58. "Pinagkaisahan ng dalawampu't apat na Matatanda...Anak na Lalaki, at Anak na Babae, sa langit at sa lupa."

[22] *Ibid.*, pp. 87-88. "Nagpatuloy ang Dios na pinagmulan ng lahat ... nagbalik na muli sa dating kinalalagyan."

[23] *Ibid.*, pp. 70-73. "Pinagkaisahan: H.A.H....laman at ng buto."

[24] *Ibid.*, p. 26.

[25] *Ibid.*, pp. 79-80. Mga salita sa Rotulo.

[26] *Ibid.*, pp. 70-72. "Ang Paglikha kay Luzbel ... at hindi na nagpakita."

[27] *Ibid.*, p. 86. Ang pagpapakilala ng Infinito Dios sa Birhen.

[28] *Ibid.*, pp. 90-96. Ang Pagliliwaliw ng Mahal na Birhen; Ang Paglalang ng Infinito Dios sa Walong Tao; Kasaysayan ng Tatlong Personas (sic); Ang Paghingi ni Luzbel ng Kapangyarihan sa Infinito Dios.

[29] *Ibid.*, pp. 28-44. "Nang wala pang mundo...na Dios Ama sa langit na kaitaasan."

[30] *Diksyunaryo ng Wikang Filipino* (Limbagan ng mga Wika sa Pilipinas, Instructional Materials Corporation, Kagawaran ng Edukasyon at Isports, National Bookstore, Inc., 1989). Ang kahulugan na ibinigay ng diksyunaryo ay: Taong naniniwala at naninindigan sa mga kuru-kurong panrelihiyong laban sa mga tinatanggap o kinikilala ng kanyang iglesia o tumatanggi sa mga doktrinang ipinag-uutos ng kanyang simbahan.

[31] *Ibid.*

[32] Salud Fandiño Nuevo, "Maikling Kasaysayan ng KGG. Angel Lorenzo, Supremo Nacional ng K.A.L.K." Makinilyado, (1939), pp. 49-51. Si Gng. Nuevo ay sekretarya ng samahan mula nang ito'y maitatag noong 1935.

[33] Nuevo, "Ugat ng K.A.L.K., Mga Ninuno natin at ang Panahon ng mga Kastila sa Pilipinas, Mga Ulat ng Kgg. Angel Lorenzo, Dakilang Patnugot at Nagtatag ng P. ng K.A.L.K.," Dis. 20, 1936.

[34] Venancio P. Wagan, *Bathalismo, Inc. (Inang Mahiwaga)*, (Manila: Vicente Printing Press, walang petsa), p. 8. Ipinagpalagay kong nalimbag noong mga 1949 batay sa mga tala ni V.P. Wagan, Supremo, Obispo ng samahan; ngunit ayon kay Alaras ay 1940. Batay dito sa dokumento ang samahan ay nagparehistro sa United States of America, Commonwealth of the Philippines, City of Manila noong Nov. 23, 1938. Ang aklat ay halu-halong awit, panalangin, kasaysayan ng samahan, mga pahayag at paliwanag ukol sa kanilang pananampalataya. Binubuo ng 120 pahina. Ang aklat ay nagbibigay-linaw din sa iba pang mga samahan at lakaran.

[35] W.E. Retana, *Supersticiones de los Indios Filipinos, Un Libro de Aniterias* (Madrid: Vda. de M. de los Rios, 1894). Sa huling-huling pahina ng aklat makikita ang reprint ng *La Epoca*, 21 de Marzo de 1879. Ang pamagat ng artikulo ay "Supersticiones Filipinas" kung saan nalathala ang dalawang larawan; *Aparato Bibliográfico* (Madrid: Sucesora de M. Minuesa de los Rios, 1906) (Impresion at offset, Pedro B. Ayuda, 1964), pp. 1318-19. Kay Retana din.

[36] Pedro A. Paterno, *La Antigua Civilizacion Tagalog* (Colegio de Sto. Tomas, 1915), pp. 32-40.

[37] Isabelo de los Reyes, *La Religion del "Katipunan" o seá la Antigua de los Filipinos* (Madrid: Palma Alta, 1899), p. 121.

[38] Marrion Wilcox, *Harper's History of War in the Philippines* (New York and London: Harper and Brothers Publishers, 1900), p. 121.

[39] *Notariqon*, mula sa Latin na *notarius* o *shorthand*. Para sa malawig na paglalarawan ng pamamaraang ito, tingnan ang A.E. Waite, *The Holy Kabbalah* (New Jersey: University Books Inc., 1960); Solina, p. 17 at p. 23.

[40] Mathers, "The Key of Solomon," p. 61. S. Lidell MacGregor 1914.

[41] *Ibid.*, p. 63; Solina, p. 18.

[42] Solina, pp. 18-19.

[43] Paramahansa Yogananda, *Autobiography of a Yogi* (California: Self Realization Fellowship, 1947), p. 18.

[44] *Ibid.*, p. 59.

[45] Mathers, p. 63 at p. 65. Ang nasa kaliwa ay tinatawag na "The First Pentacle of Jupiter." Ang nasa kanan ay ang "The Third Pentacle of Mercury," p. 78. Ang gamit nito ay ang sumusunod: "The Third Pentacle of Mercury—This and the following serve to invoke the Spirits subject unto Mercury; and especially those who are written in this Pentacle. Mystical characters of Mercury, and the Names of the Angels: Kokaviel, Gheoriah, Savaniah, and Chokmahiel." p. 76. Solina, pp. 18-19. Ang dalawang Pentacles na ito ang pinagkopyahan ng Adonay.

4

Mga Uri ng Anting-Anting

Saklaw, Batayan at Pamamaraan ng Klasipikasyon

Inihanay dito ang mga anting-anting ayon sa Retablo ng Paniniwala—Dios Ama, Dios Ina, at Dios Anak—na siya ring naging balangkas ng mga mitong nailahad na.

Upang madaling makilala ang mga simbolismo at mailantad ang nilalaman ng anting-anting, lumikha ng mga kategorya batay sa nakalap na humigit-kumulang ay 150 anting-anting. Itong mga kategorya ang naghihiwalay at naglalarawan sa nilalaman ng mga anting-anting. Kung itutulad sa pagsusuri ng nilalaman ng isang pahayag o komunikasyon, ang kategorya ay malinaw na pag-uuri ng tipo ng nilalaman ng isang komunikasyon: kung sa anting-anting halimbawa, ito'y Dios Ama, Dios Ina, Dios Anak, o kung kanino man patungkol o kaugnay ang simbolong nakapaloob dito. Ayon kay Richard Budd:

> *Categories are not merely labels, but compartments of explicitly defined boundaries into which material is grouped for analysis. Further, categories are the counterparts of the questions normally asked in any research study.*[1]

Kung gayon, ang isang sistema o kabuuan ng mga kategorya ay isang iskemang konseptuwal. Ang mga kategorya ang naghihiwalay at naglalarawan sa nilalaman, na siyang sinusuri.

Nilikha ang klasipikasyon ng anting-anting upang bigyan ng kaayusan ang sa unang tingin ay magulo o walang sistema ng paniniwala na nakapaloob sa mga medalyon. Sa pamamagitan ng klasipikasyon, isang tingin lamang ay mababatid na ang nilalaman ng isang partikular na anting-anting.

Batay rin ang klasipikasyon sa sariling interpretasyon ng mananaliksik. Sa ganang akin, ang kapangyarihan ng Nuno o Infinito Dios ay nasa Ama o Tatlong Persona. Ang Infinito Dios ang katutubong Bathala o Maykapal ng mga Pilipino, ang Dios na may lalang ng lahat. Si Bathala ay nagapi ng Dios ng mga Katoliko; ang Katolisismo ang namamayaning pananampalataya ngayon at maging noong panahon ng mga Kastila dahil mas malakas ang armas at kapangyarihan ng hukbong Espanyol. Bilang pag-akma ng katutubong kaisipan o kamalayan na ayaw pagapi sa mananakop,

nalikha ang mito ng Infinito Dios na itinuturing na higit na makapangyarihan sa Dios ng mga Kastila. Sa katutubong kaisipan, bago pa man dumating ang Kristiyanong Dios sa Pilipinas ay nalikha na ang lahat. Hindi alam ng Tatlong-Persona-sa-Iisang Dios—ang panginoon ng mga mananakop—na nagmula sila sa Bathala ng mga katutubo. Kaya, ang Bathala o Nuno ay pilit pa ring bininyagan ng Dios Anak, ang Ikalawang Persona ng Tatlong-Persona-sa-Iisang-Dios. Tulad ng pagbibigay ng isang nakatatanda sa isang nakababata, nagpabinyag ang Nuno sa Dios Anak, ngunit sa bisa rin ng sariling kapangyarihan ng Infinito Dios. Ayon sa *Karunungan ng Diyos* ni Sabino, "hindi ang Nuno ang nabinyagan, kundi ang Amang nag-utos sa Anak na binyagan ang Nuno. Ito ay isang kahanga-hangang pangyayari sa kasaysayan ng Diyos." (p. 15)

Bukod sa mga nabanggit, ibinatay rin ang mga kategorisasyon o klasipikasyon ng anting-anting sa mga sumusunod:

(1) Interpretasyon nina Ka Bert, Aling Cora, at Mang Lito—mga nagtitinda ng anting-anting sa Quiapo, ni Mang Ben Herrera—manggagawa ng anting-anting at kasapi sa AKO, at ni Alex Buenvenida—19 taon nang nag-aaral sa Ispiritwal;

(2) Mga aklat ni Melencio T. Sabino at iba pang librito ng mga oracion at panggagamot;

(3) Pag-aaral ng teksto ng dalit at dasalan ng mga kapatiran—Bathalismo, Inc. (Inang Mahiwaga), Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, Sagrada Familia; at Watawat ng Lahi—at ilang awitin ng Iglesia Sagrada ng Lahi (mula sa pag-aaral ni Motoe Terami-Wada (1987);

(4) Pag-aaral ng simbolismo at ikonograpiya ng mga samahang milenaryo sa Bundok Banahaw; at

(5) Mga aklat at disertasyon tungkol sa mga nabanggit nang samahang milenaryo (Alaras, Alsaybar, Covar, Foronda, Marasigan, Obusan, Pesigan, at iba pa).

Batay sa mga nabanggit na saligan, ang simbolismong ginagamit ng mga kapatiran ay katulad ng mga nakaukit sa anting-anting. May bahagyang pagkakaiba lamang sa pagpapakahulugan. Narito ang ilang pagkakaiba at pagkakatulad sa pagpapakahulugan, batay sa pag-aaral ng mga awit, simbolismo at ikonograpiya ng ilang samahang milenaryo:

Ayon sa awit ng Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, hindi sakop ng Tatlong Persona ang Animasola at Infinito.[2] Magkatimbang ang Ama at Anak o iisa lamang ang kanilang kapangyarihan; gayunman, iba't iba ang anyo ni Kristo sa iba't ibang panahon. Ganito rin ang karaniwang pakahulugan sa relasyon ng Ama at ng Anak.

Ayon pa rin sa mga awit ng Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, si Maria Bernarda Balitaan (MBB), tagapagtatag ng samahan, ay esposa ng Dios Ama; kung

gayon, siya ang Dios Ina. Siya rin ang Inang Pilipinas kaya ang pagmamahal kay MBB ay pag-ibig din sa lupang tinubuan. Si MBB rin ang Tatlong Eva o Tatlong Persona at Pinagkaisahan-ng-Tatlong Persona at Ikatlong Persona ng Sagrada Familia o Santisima Trinidad. Siya rin ang Espiritu Santo at si Jose Rizal. Siya si Bernardo Carpio, ang Hari ng mga Tagalog at Hari ng Timog. Kaya naging Narda si MBB ay dahil sa bulaklak ng Nardo.[3] Sa ibang antas ng paghahambing, si MBB ang Infinito Dios na nagkulong sa loob ng bato sapagkat ipinanganak siyang nakabalot sa bolang lamad na kawangis ng bato. Si Bernardo Carpio naman ay naipit o nakulong sa dalawang nag-uumpugang bato.

Ang Tatlong Eva sa Ciudad ay kawangki ng Tatlong Persona sa samahang Tatlong Persona Solo Dios ng Kinabuhayan, Dolores, Quezon, at ng Bathalismo, Inc. (Inang Mahiwaga) ng San Leonardo, Nueva Ecija.[4] Sa Tatlong Persona Solo Dios, ang Tatlong Birhen o Tatlong Eva ay sumasagisag sa Luzon, Visayas, at Mindanao.

Kinikilala si Rizal bilang Kristong Tagalog ng mga samahang ito: Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, Tatlong Persona Solo Dios, Spiritual Filipino Catholic Church, Iglesia Sagrada ng Lahi, Watawat ng Lahi, Bathalismo, K.A.L.K. o Kapatirang ang Litaw na Katalinuhan, at Sagrada Familia. Sa awit ng Bathalismo, si Rizal ay tulad ng Dios Ama "nang lumitaw sa mundo, hindi rin kinilala paris ni Kristo/ Dinusta ng lahat, minurang totoo/ Nagbabala siyang para din si Kristo."[5] Bukod dito, si Rizal ay sumisikat din sa dakong silangan sapagkat siya ang "Jose, Jesus, Jehoba/ Kayong tatlo ay iisa/ Ngala'y pinag-iba-iba upang huwag makilala."[6]

Matapos isaalang-alang ang mga nabanggit na saligan, inisa-isang lahat ang mga nakalap na anting-anting buhat sa: mga nagtitinda sa Quiapo, Peter's Mystical Book Center, Saldem Commercial, Things, koleksiyon ni Antonio Bantug at Daniel Tantoco.

Dahil kadalasa'y dalawa ang mukha ng anting-anting, ang naging gabay sa pag-uuri ay kung kaninong simbolo o kapangyarihan ang nakaukit o tinutukoy. Hirarkikal (ayon sa antas ng kapangyarihan) ang pag-uuring sinunod: Dios Ama, Dios Ina, Dios Anak, Mga Anghel, Mga Santo, at Mga Kampon ni Becca. Ito ang dahilan kung bakit ang medalyong Dios Ama, bagamat katambal ng santo tulad ni San Jose, ay wala sa kategoryang Mga Santo; nasa kategorya itong Dios Ama. Kapag magkatambal ang Dios Ama at Dios Ina, matatagpuan ito sa kategoryang Dios Ama, hindi sa Dios Ina. Kapag magkatambal ang Dios Ina at Dios Anak, nasa kategoryang Dios Ina, wala sa Dios Anak.

Anim ang nalikhang mga kategorya batay sa Retablo ng Paniniwala. I. Dios Ama, II. Dios Ina, III. Dios Anak, IV. Mga Anghel, V. Mga Santo, at VI. Mga Kampon ni Becca. Kapag hindi nailagay sa alinman sa anim ang isang anting-anting, inilalagay ito sa huling kategorya: VII. Samut-sari (labas sa Retablo ng Paniniwala).[7]

I. Dios Ama. Lahat ng anting-anting na ang tinatawagan at ginagamit na kapangyarihan o tinutukoy ng simbolo ay Dios Ama, Infinito, o Animasola. Kasama rin ang Sagrada Familia at Tatlong Persona. Maaaring nagtataglay ng mukha ng sa Dios Ama, nag-iisa o kalangkap ng iba pang kapangyarihan (halimbawa, maaaring sa Ina, Anak, Anghel, o Santo).

II. Dios Ina. Lahat ng gumagamit at tumutukoy sa kapangyarihan ng Dios Ina, liban doon sa katambal ng Dios Ama. Kasama yaong naglalarawan sa Ina at sa iba't ibang anyo nito. Nasa kategoryang ito ang Birheng Maria ng mga Katoliko.

III. Dios Anak. Lahat ng naglalarawan at tumutukoy sa kapangyarihang Anak at sa iba't ibang anyo nito, liban doon sa katambal ng Dios Ama at Dios Ina. Kabilang rito ang Santo Niño, Jesus Rizal, Ecce Homo, at Sacred Heart/Santa Teresa.

IV. Mga Anghel. Lahat ng naglalarawan at tumutukoy sa kapangyarihan ng mga anghel, liban doon sa katambal ng Dios Ama, Dios Ina, at Dios Anak.

V. Mga Santo. Lahat ng naglalarawan at tumutukoy sa kapangyarihan ng mga santo, liban doon sa katambal ng Dios Ama, Dios Ina, Dios Anak, at Mga Anghel.

Nasa kategoryang Mga Santo yaong anting-anting na kung tawagin ay "Holy Pesos"o mga pisong pilak na lumabas noong panahon ng Amerikano at may diametrong 40 mm. "Pahiyang" o suwerte sa negosyo ang tawag dito ng mga Batangueño na nagtitinda ng kulambo, ayon kay Daniel Tantoco na may-ari ng ilang halimbawang nasa librong ito. Isinama ang Holy Pesos upang ipakita ang pinagmulan ng ilang disenyo ng anting-anting. Hindi kasama sa pag-aaral na ito ang mga pisong pilak. Kinokopya ang mga ito ni Mang Ben Herrera at tinatawag na "kalog" dahil may kapirasong metal na umaalog sa loob ng medalyon. Ganito rin ang ilang orihinal na pilak.

VI. Mga Kampon ni Becca. Lahat ng naglalarawan at tumutukoy sa mga kampon ni Becca o Luxbel; mga gamit sa "kaliwa" o kasamaan, panlaban sa Dios at sa kabutihan.

Sinasabi ni Mang Ben, gumagawa at pinakamalaking supplier ng anting-anting sa mga tindahan sa Kalakhang Maynila, na ang ginagawa lamang niyang medalyon ay yaong para sa kabutihan o sa Dios lamang. Hindi siya gumagawa ng sa kaliwa.[8] Halimbawa ng mga anting-anting na gamit sa kaliwa yaong yari sa Siquijor, ipinagpapalagay ng marami na "bayan ng mga manggagaway, mangkukulam, at aswang." Sa Things lamang matatagpuan ang mga ito at ayon sa tindera, mga turistang Mexicana lamang ang bumibili.

VII. Samut-sari. Lahat ng hindi maipaloob sa konteksto ng mga mito at ng Retablo ng Paniniwala. May mga anting-anting din na mahirap kilanlin, tulad ng dalawang pares sa Koleksiyong Bantug.

May mga pamamaraang sinunod sa pag-uuri ng mga anting-anting.

Unang pinili ang mga baligtaran (o baligtaran) o isang kapangyarihan lamang ang inilalarawan. Halimbawa: Dios Ama Baligtaran; Dios Ina Baligtaran; Dios Anak Baligtaran; Anghel Baligtaran; Santo Baligtaran; at Kaliwa.

Sumunod na pinili yaong ayon sa pagtatambal ng kapangyarihan. Ang resulta ay ganitong kategorya: Dios Ama / Dios Ina; Dios Ama / Dios Anak; Dios Ama sa Pagka-Tatlong Persona at kombinasyon; Dios Ama sa Pagka-Sagrada Familia at Kombinasyon; Dios Ama / Santo.

Narito ang kumpletong talaan ng mga nabuong kategorya batay sa sinunod na pamamaraan:

Kategorya I: Dios Ama

- Dios Ama—Baligtaran Ang Kapangyarihan
- Dios Ama / Dios Ina
- Dios Ama / Dios Anak
- Dios Ama Sa Pagka-Tatlong Persona
- Dios Ama Sa Pagka-Sagrada Familia
- Dios Ama / Santo

Kategorya II: Dios Ina

- Dios Ina—Baligtaran Ang Kapangyarihan
- Dios Ina / Anak
- Dios Ina / Santo

Kategorya III: Dios Anak

Kategorya IV: Mga Anghel

Kategorya V: Mga Santo

Kategorya VI: Mga Kampon ni Becca

Kategorya VII: Samut-Sari (labas sa Retablo Ng Paniniwala)

Resulta at Pagtalakay

Ang mga anting-anting ay sinuri sa pamamagitan ng paggugrupo ng mga ito sa mga kategorya at sa pagsusulit ng dami ng bilang sa bawa't kategorya.

Nang bilangin ang mga medalyon o anting-anting na pumailalim sa bawat kategorya, nangunguna sa dami ang nauukol sa Dios Ama (57), pumangalawa ang sa Dios Ina (28) at pangatlo ang sa Dios Anak (25).

Sa limampu't pitong (57) medalyon ukol sa Dios Ama, labindalawa (12) ang kabuuang bilang ng mga medalyong Dios Ama Baligtaran (Tingnan sa Hanayan Blg. 1). Labing-tatlo (13) naman ang mga medalyong Dios Ama / Dios Ina (Tingnan sa Hanayan Blg. 2). Sa kabilang banda, lima (5) ang mga medalyong Dios Ama / Dios Anak (Tingnan sa Hanayan Blg. 3). Samantala, ang kategoryang Dios Ama sa Pagka-Tatlong Persona at kombinasyon ay binubuo ng siyam (9) na medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 4). Ang kategoryang Dios Ama sa Pagka-Sagrada Familia at kombinasyon ay binubuo ng labing-anim (16) na medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 5). Ang pinakahuling kombinasyon ay ang Dios Ama / Santo na mayroong dalawang (2) medalyon lamang (Tingnan sa Hanayan Blg. 6).

Sa dalawampu't walong (28) medalyon ukol sa Dios Ina, labinglima (15) ang kabuuang bilang ng mga anting-anting na Dios Ina Baligtaran (Tingnan sa Hanayan Blg. 7). Labing-isa (11) ang kabuuang bilang ng medalyon na napasailalim sa kategoryang Dios Ina / Dios Anak (Tingnan sa Hanayan Blg. 8). Sa kabilang dako, ang kategoryang Dios Ina / Santo ay mayroon lamang dalawang (2) medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 9). Tanging ang kategoryang ito lamang ang may katambal na kaliwa. Isang medalyon na Birhen na may hawak na timbangan tulad ng makikita sa Altar ng Tatlong Persona Solo Dios ang may katambal na kalansay.

Mayroong dalawampu't limang (25) medalyon ukol sa Dios Anak Baligtaran (Tingnan sa Hanayan Blg. 10).

Sa Kategorya IV—Mga Angheles, sampung (10) medalyon lamang ang napasama (Tingnan sa Hanayan Blg. 11).

Sa Kategorya V—Mga Santo, labing-anim (16) ang kabuuang bilang ng mga medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 13).

Sa Kategorya VI—Mga Kampon ni Becca, dalawa (2) lamang ang bilang ng medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 14).

Sa Kategorya VII—Mga Anting-Anting na Samut-Sari (labas sa Retablo ng Paniniwala), labing-dalawa (12) ang kabuuang bilang ng medalyon (Tingnan sa Hanayan Blg. 15).

Ang mga bagong disenyo ng anting-anting, tulad ng St. Jude, Perpetual Help, Sacred Heart, Christ the King, Miraculous Medal at iba pa ay karaniwa't kilalang simbolismo at ikonograpiyang Katoliko. Sa kabilang banda, ang simbolismo ng mga patungkol sa Dios Ama ay kakaiba; hindi agad ito mauunawaan ng isang taong hindi "mulat sa mga kaalamang ispiritwal at lihim na karunungan." Ang mga lumang disenyo—ipinagpapalagay na sandaan taon na—ay mas malapit sa katutubong pag-iisip at paniniwala, samantalang ang simbolismo ng mga bagong medalyon ay hindi nalalayo sa laganap na Katolikong paniniwala. Hindi maipagkakailang nilikha ng kaisipang Pilipino ang konsepto ng anting-anting sa anyong medalyon na ayon na

rin sa ating mga kababayan na nananalig dito ay dala ng mga Kastila. Bagamat itinuturing na tatak ng kamangmangan at pamahiin, at kinatatakutan ng iba, makabuluhan ang papel na ginampanan ng anting-anting sa ating kasaysayan (pananggalang sa pananalakay ng mga mananakop sa panahon ng kolonyalismo) at ginagampanan sa kasalukuyan (pananggalang din sa kahirapan at kawalang-katiyakan ng pamumuhay).

Higit na katutubo at interesante ang disenyo ng mga anting-anting tungkol sa Dios Ama dahil tumutukoy ito kay Bathala. Ang Dios na si Bathala ay nalangkapan ng paniniwalang Katoliko—Tatlong Persona sa Iisang Dios at Sagrada Familia. Sa katutubong kaisipan, magulong isipin ang pagkakaroon ng anak ng Dios na may mga taong magulang, at pagkakaroon pa ng naiibang Tatlong Persona sa Iisang Dios. Upang mawala ang kontradiksiyon at maging simple, pinag-isa na lamang ang Sagrada Familia at Tatlong Persona.

Ang binanggit na interpretasyon ng mga mito—pinagbatayan ng klasipikasyon—ay siyang pinakapalasak at tinatanggap ng karamihan batay sa Retablo ng Paniniwala. Sa ibang nakapag-aral nang malalim ng mga karunungang ispiritwal, tulad ni Mang Ben Herrera, magkaiba ang Infinito Dios at ang Animasola. Ang Miraculous Medal ay hindi kabilang sa kategorya ng Dios Ina o labas sa paniwala nila. Kaiba ang kanilang interpretasyon sa puwesto at antas ng mga kapangyarihang nakaukit sa anting-anting batay sa kanilang pag-aaral kay Tandang Ano sa AKO. Kay Mang Ben, magkakaibang kapangyarihan ang Dios Fooc, Animasola, Infinito Dios at Santisima Trinidad. Magkakaiba ang kanilang mga "ranggo." Halimbawa, panlupa ang Infinito Dios, at mas mababa kaysa Siete Arkangheles.

Iba't iba ang interpretasyon ng iba't ibang tao sa parehong simbolo, at nakasalalay ang interpretasyong iyon sa kanilang paniniwala sa Infinito Dios. Walang tama o maling interpretasyon sapagkat buhay sa mga tao ang gayong interpretasyon at paniniwala.

Kategorya I: Dios Ama

Hanayan I: Dios Ama—Baligtaran ang Kapangyarihan

Hanayan 1: Dios Ama—Baligtaran Ang Kapangyarihan

Larawan Blg. 4.1.	Dios Ama / Sator
Larawan Blg. 4.2.	Espiritu Santo / Sator
Larawan Blg. 4.3.	Infinito Dios Hindi Binyagan / Apat na Evangelista
Larawan Blg. 4.4.	Infinito Dios (Bihis o Binyagan) / Apat na Evangelista
Larawan Blg. 4.5.	Dios Ama at Mundo (baligtaran)
Larawan Blg. 4.6.	Infinito Dios (The God Infinite, Deus Infinito Hindi Binyagan) / Santisimo
Larawan Blg. 4.7.	STM Solo Mata (Infinito Dios Apat na Evangelista Walang Hanggan) / Animasola Mata ng Infinito (Mystic Eye with Wings)
Larawan Blg. 4.8.	San Zibar / Infinito
Larawan Blg. 4.9.	Ama Araw / Sagrada Corazon (Dios Ama)
Larawan Blg. 4.10.	Dignum Crucis / Mata (The Worthy Man's Amulet)
Larawan Blg. 4.11.	Matang Baligtaran o Lampasan
Larawan Blg. 4.12.	Dios Ama Supot ng Pera Baligtaran



Larawan 4.1. Dios Ama / Sator



Larawan 4.2. Espiritu Santo / Sator

Larawan 4.3. Infinito Dios Hindi Binyagan / Apat na Evangelista



Larawan 4.4. Infinito Dios (Bihis o Binyagan) / Apat na Evangelista



Larawan 4.5. Dios Ama at Mundo (baligtaran)



Larawan 4.6. Infinito Dios (The God Infinite, Deus Infinito Hindi Binyagan) / Santisimo



Larawan 4.7. STM Solo Mata (Infinito Dios Apat na Evangelista Walang Hanggan) / Animasola Mata ng Infinito (Mystic Eye with Wings)



Larawan 4.8. San Zibar / Infinito



Larawan 4.9. Ama Araw / Sagrada Corazon (Dios Ama)



Larawan 4.10. Dignum Crucis / Mata (The Worthy Man's Amulet)



Larawan 4.11. Matang Baligtaran o Lampasan



Larawan 4.12. Dios Ama Supot ng Pera (Baligtaran)

Hanayan 2: Dios Ama / Dios Ina

Hanayan 2: Dios Ama / Dios Ina

Larawan Blg. 4.13.	Mata / Ina Tumatakas kasama ang Niño
Larawan Blg. 4.14.	Atardar Baligtaran (Ama / Birhen)
Larawan Blg. 4.15.	Infinito / Siete Virgenes
Larawan Blg. 4.16.	Alpha-Omega (Ama't Ina) / Mata ng Birhen
Larawan Blg. 4.17.	Araw / Cinco Vocales (Ama, Anak, Birhen)
Larawan Blg. 4.18.	Araw / Cinco Vocales (antigo, Bantug)
Larawan Blg. 4.19.	Araw / Cinco Vocales (bago, gawang Laguna)
Larawan Blg. 4.20.	Cinco Reales Baligtaran
Larawan Blg. 4.21.	Crus ng Ama (7 Brasos, 7 Kapangyarihan ng Ama) / 9 na Pangalan ng Birhen
Larawan Blg. 4.22.	Mata (Ama) / Lukob (Ina)
Larawan Blg. 4.23.	Tetragramaton / Kataastaasang Ina (Nagsabog ng Biyaya)
Larawan Blg. 4.24.	Portuguez (San Zibar) / Dios Ama-Ina
Larawan Blg. 4.25.	Dios Ama / Birhen



Larawan 4.13. Mata / Ina Tumatakas kasama ang Niño



Larawan 4.14. Atardar Baligtaran (Ama / Birhen)



Larawan 4.15. Infinito / Siete Virgenes



Larawan 4.16. Alpha-Omega (Ama't Ina) / Mata ng Birhen



Larawan 4.17. Araw / Cinco Vocales (Ama, Anak, Birhen)



Larawan 4.18. Araw / Cinco Vocales (antigo, Bantug)



Larawan 4.19. Araw / Cinco Vocales (bago, gawang Laguna)



Larawan 4.20. Cinco Reales Baligtaran



Larawan 4.21. Crus ng Ama (7 Brasos, 7 Kapangyarihan ng Ama) / 9 na Pangalan ng Birhen



Larawan 4.22. Mata (Ama) / Lukob (Ina)



Larawan 4.23. Tetragramaton / Kataastaasang Ina (Nagsabog ng Biyaya)



Larawan 4.24. Portuguez (San Zibar) / Dios Ama-Ina

Larawan 4.25. Dios Ama / Birhen

Hanayan 3: Dios Ama / Dios Anak

Hanayan 3: Dios Ama / Dios Anak

Larawan Blg. 4.26.	Mata-Araw (Araw, Ama) / Anak
Larawan Blg. 4.27.	Santisimo / Santo Niño
Larawan Blg. 4.28.	Dios Ama nakaupo sa bato (Dios Ama at Mundo, God the Father Ruler of the World) / Salvador del Mundo (Jesus Savior of the World)
Larawan Blg. 4.29.	7 Llaves (Ama/Anak iisa ang kapangyarihan, timbang—iba't ibang panahon, iba't ibang anyo ni Kristo) / 7 Bakas, 7 Hari, 7 Arkangheles
Larawan Blg. 4.30.	7 Llaves (Ama-Anak) 7 Virgenes / 7 Bakas




Larawan 4.26. Mata-Araw (Araw, Ama) / Anak

Larawan 4.27. Santisimo / Santo Niño



Larawan 4.28. Dios Ama nakaupo sa bato (Dios Ama at Mundo, God the Father Ruler of the World) / Salvador del Mundo (Jesus Savior of the World)



Larawan 4.29. 7 Llaves (Ama / Anak iisa ang kapangyarihan, timbang—iba't ibang panahon, iba't ibang anyo ni Kristo) / 7 Bakas, 7 Hari, 7 Arkangheles

Larawan 4.30. 7 Llaves (Ama–Anak) 7 Virgenes / 7 Bakas

Hanayan 4: Dios Ama sa Pagka-Tatlong Persona

Hanayan 4: Dios Ama Sa Pagka-tatlong Persona

Larawan Blg. 4.31.	Tres Ojos (Ama, Anak, Ina) [baligtaran]
Larawan Blg. 4.32.	Mata (Ama, Anak, Espiritu Santo) / Cruz (Anak)
Larawan Blg. 4.33.	Mata / Santisima (Birhen)
Larawan Blg. 4.34.	Mata ng Santisima Trinidad (Apat na Evangelista) / Santisima Trinidad
Larawan Blg. 4.35.	Mata (Ama) / Santisima (Birhen) Virgin Mary
Larawan Blg. 4.36.	Tatlong Persona (baligtaran) AHA-JAH
Larawan Blg. 4.37.	Tatlong Persona (baligtaran, tatsulok)
Larawan Blg. 4.38.	Tatlong Persona / Pagkabuhay
Larawan Blg. 4.39.	Tatlong Persona / Anak Salvador del Mundo



Larawan 4.31. Tres Ojos (Ama, Anak, Ina) [baligtaran]



Larawan 4.32. Mata (Ama, Anak, Espiritu Santo) / Cruz (Anak)



Larawan 4.33. Mata / Santisima (Birhen)



Larawan 4.34. Mata ng Santisima Trinidad (Apat na Evangelista) / Santisima Trinidad



Larawan 4.35. Mata (Ama) / Santisima (Birhen) Virgin Mary



Larawan 4.36. Tatlong Persona (baligtaran) AHA-JAH



Larawan 4.37. Tatlong Persona (baligtaran, tatsulok)



Larawan 4.38. Tatlong Persona / Pagkabuhay



Larawan 4.39. Tatlong Persona / Anak Salvador del Mundo

Hanayan 5: Dios Ama sa Pagka-Sagrada Familia

Hanayan 5: Dios Ama Sa Pagka-Sagrada Familia

Larawan Blg. 4.40.	Tatlong Nuno (baligtaran)
Larawan Blg. 4.41.	Tatlong Nuno (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.42.	Sagrada Familia / San Roque (antigo, 1576)
Larawan Blg. 4.43.	Sagrada Familia / San Roque (IETGA)
Larawan Blg. 4.44.	Sagrada Familia / San Jose
Larawan Blg. 4.45.	Sagrada Familia / Santisimo (malaki)
Larawan Blg. 4.46.	Sagrada Familia / Santisimo (antigo)
Larawan Blg. 4.47.	Sagrada Familia / Santisimo (maliit)
Larawan Blg. 4.48.	Sagrada Familia / Tatlong Persona
Larawan Blg. 4.49.	Sagrada Familia (baligtaran)
Larawan Blg. 4.50.	Sagrada Familia (baligtaran, antigo)
Larawan Blg. 4.51.	Sagrada Familia (baligtaran, malaki)
Larawan Blg. 4.52.	Sagrada Familia / Birheng Nakatuntong sa Buwan (The Immaculate Conception)
Larawan Blg. 4.53.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, maliit)
Larawan Blg. 4.54.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, malaki)
Larawan Blg. 4.55.	Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, estrelya)



Larawan 4.40. Tatlong Nuno (baligtaran)

Larawan 4.41. Tatlong Nuno (wala sa likod)



Larawan 4.42. Sagrada Familia / San Roque (antigo, 1576)



Larawan 4.43. Sagrada Familia / San Roque (IETGA)



Larawan 4.44. Sagrada Familia / San Jose



Larawan 4.45. Sagrada Familia / Santisimo (malaki)



Larawan 4.46. Sagrada Familia / Santisimo (antigo)



Larawan 4.47. Sagrada Familia / Santisimo (maliit)



Larawan 4.48. Sagrada Familia / Tatlong Persona



Larawan 4.49. Sagrada Familia (baligtaran)



Larawan 4.50. Sagrada Familia (baligtaran, antigo)



Larawan 4.51. Sagrada Familia (baligtaran, malaki)



Larawan 4.52. Sagrada Familia / Birheng Nakatuntong sa Buwan
(The Immaculate Conception)



Larawan 4.53. Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, maliit)



Larawan 4.54. Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, malaki)



Larawan 4.55. Dios Ama Siete Arkangheles (baligtaran, estrelya)

Hanayan 6: Dios Ama / Santo

Hanayan 6: Dios Ama / Santo

Larawan Blg. 4.56. Apat na Evangelista / Santiago de Galicia
Larawan Blg. 4.57. Espiritu Santo / San Jose



Larawan 4.56. Apat na Evangelista / Santiago de Galicia



Larawan 4.57. Espiritu Santo / San Jose

Kategorya II: Dios Ina

Hanayan 7: Dios Ina / Baligtaran ang Kapangyarihan

Hanayan 7: Dios Ina/Baligtaran Ang Kapangyarihan

Larawan Blg. 4.58.	Immaculate Conception / Miraculous Medal
Larawan Blg. 4.59.	Birhen Concepcion sa Kamay (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.60.	Virgen Infinita na May Labindawalang Bituin (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.61.	Virgen Infinita na May Labindalawang Bituin (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.62.	Tatlong Corona (baligtaran)
Larawan Blg. 4.63.	Birhen Concepcion Magkadaop-palad (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.64.	Birhen Concepcion (Tagunton)
Larawan Blg. 4.65.	Birhen Concepcion (Hindi pa nagsasabog ng biyaya; kopya)
Larawan Blg. 4.66.	La Purisima (wala sa likod)
Larawan Blg. 4.67.	Perpetual Help (baligtaran)
Larawan Blg. 4.68.	Madonna at Anak (antigo, baligtaran)
Larawan Blg. 4.69.	Solam Mitam o Matum / Egredeum Edere (The Mystic Eye with Three Virtues)
Larawan Blg. 4.70.	Solam Mitam o Matum (Peter's)
Larawan Blg. 4.71.	Tatlong Birhen (baligtaran)
Larawan Blg. 4.72.	Birhen Concepcion (baligtaran, bilog)



Larawan 4.58. Immaculate Conception / Miraculous Medal



Larawan 4.59. Birhen Concepcion sa Kamay (wala sa likod)



Larawan 4.60. Virgen Infinita (rebulto) na May Labindalawang Bituin (wala sa likod)



Larawan 4.61. Virgen Infinita na May labindalawang bituin (wala sa likod)



Larawan 4.62. Tatlong Corona (baligtaran)

Larawan 4.63.
Birhen Concepcion Magkadaop-palad (wala sa likod)

Larawan 4.64.
Birhen Concepcion (Tagunton)

Larawan 4.65.
Birhen Concepcion (Hindi pa nagsasabog ng biyaya; kopya)



Larawan 4.66. La Purisima (wala sa likod)

Larawan 4.67. Perpetual Help (baligtaran)



Larawan 4.68. Madonna at Anak (antigo, baligtaran)





Larawan 4.69. Solam Mitam o Matum / Egredeum Edere
(The Mystic Eye with Three Virtues)





Larawan 4.70. Solam Mitam o Matum (Peter's)

Larawan 4.71. Tatlong Birhen (baligtaran)



Larawan 4.72. Birhen Concepcion (baligtaran, bilog)

Hanayan 8: Dios Ina / Anak

Hanayan 8: Dios Ina / Anak

Larawan Blg. 4.73.	Birhen Concepcion / Pagkabuhay (malaki)
Larawan Blg. 4.74.	Birhen Concepcion / Pagkabuhay (maliit)
Larawan Blg. 4.75.	Crus Infinita (Birhen) / Cruz Infinita (Kristo)
Larawan Blg. 4.76.	HAH (Birhen) / JAH (Kristo)
Larawan Blg. 4.77.	Birhen Nagpapasuso (The Virgin of Honor) / Pagkabuhay
Larawan Blg. 4.78.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (malaki)
Larawan Blg. 4.79.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (luma nang kaunti)
Larawan Blg. 4.80a.	Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (antigo)
Larawan Blg. 4.80b.	Birhen Nagpapasuso / Pagkabuhay (maliit)
Larawan Blg. 4.81.	Del Carmen / Sacred Heart
Larawan Blg. 4.82.	Birhen ng Antipolo / Nazareno

Larawan 4.73. Birhen Concepcion / Pagkabuhay (malaki)



Larawan 4.74. Birhen Concepcion / Pagkabuhay (maliit)



Larawan 4.75. Crus Infinita (Birhen) / Cruz Infinita (Kristo)



Larawan 4.76. HAH (Birhen) / JAH (Kristo)



Larawan 4.77. Birhen Nagpapasuso (The Virgin of Honor) / Pagkabuhay

Larawan 4.78. Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (malaki)

Larawan 4.79. Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (luma nang kaunti)



Larawan 4.80a. Birhen Nagpapasuso / Mata ng Niño (antigo)

Larawan 4.80b. Birhen Nagpapasuso / Pagkabuhay (maliit)



Larawan 4.81. Del Carmen / Sacred Heart



Larawan 4.82. Birhen ng Antipolo / Nazareno

Hanayan 9: Dios Ina / Santo

Hanayan 9: Dios Ina / Santo

Larawan Blg. 4.83. Birhen Concepcion / San Jose
Larawan Blg. 4.84. Birhen / Kalansay



Larawan 4.83. Birhen Concepcion / San Jose



Larawan 4.84. Birhen / Kalansay

Kategorya III: Dios Anak

Hanayan 10: Dios Anak Baligtaran

Hanayan 10: Dios Anak Baligtaran

Larawan Blg. 4.85.	Salvador del Mundo / Mata Niño
Larawan Blg. 4.86.	Santo Niño na May Ari at Santo Niño nakatapak sa mundo (isinusupot)
Larawan Blg. 4.87.	Santo Niño na May Ari (may sabitan)
Larawan Blg. 4.88.	Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]
Larawan Blg. 4.89.	Kamay na May Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]
Larawan Blg. 4.90.	Kamay na May Santo Niño (nakahubad) [wala sa likod]
Larawan Blg. 4.91.	Kristo Rey Nakaupo sa Trono (baligtaran)
Larawan Blg. 4.92.	Kristo Nakaupo sa Trono (bago, malaki, baligtaran)
Larawan Blg. 4.93.	Santo Kristo (baligtaran, antigo)
Larawan Blg. 4.94.	Santo Kristo (baligtaran, krus)
Larawan Blg. 4.95.	Dios Anak (baligtaran, bilog)
Larawan Blg. 4.96.	Apat na Paco (modern French version) / Isang uri ng Santo Kristo
Larawan Blg. 4.97.	Santo Kristo (may likod)
Larawan Blg. 4.98.	Santo Kristo (baligtaran)
Larawan Blg. 4.99.	Ecce Homo (likod) [maliit, ulo lang]
Larawan Blg. 4.100.	Ecce Homo (baligtaran)
Larawan Blg. 4.101.	Ecce Homo (nakatingala)
Larawan Blg. 4.102.	Santo Sepulcro (walang likod, may oliba)
Larawan Blg. 4.103.	Nazareno / Gabay ng Jihos Jesus
Larawan Blg. 4.104.	Crus na Bituin / Alpha-Omega
Larawan Blg. 4.105.	Iresumad / Matat
Larawan Blg. 4.106.	Iresumad / Matat (antigo)
Larawan Blg. 4.107.	Jesus Rizal (may likod paris ng rebulto)
Larawan Blg. 4.108.	Jesus Cristus (may likod paris ng rebulto)
Larawan Blg. 4.109.	Cordero ng Dios (baligtaran)



Larawan 4.85. Salvador del Mundo / Mata Niño



Larawan 4.86. Santo Niño na May Ari at Santo Niño nakatapak sa mundo (isinusupot)



Larawan 4.87. Santo Niño na May Ari (may sabitan)



Larawan 4.88. Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]



Larawan 4.89. Kamay na May Santo Niño (nakabihis) [wala sa likod]



Larawan 4.90. Kamay na May Santo Niño (nakahubad) [wala sa likod]

Larawan 4.91. Kristo Rey Nakaupo sa Trono (baligtaran)



Larawan 4.92. Kristo Nakaupo sa Trono (bago, malaki, baligtaran)



Larawan 4.93. Santo Kristo (baligtaran, antigo)



Larawan 4.94. Santo Kristo (baligtaran, krus)



Larawan 4.95. Dios Anak (baligtaran, bilog)



Larawan 4.96. Apat na Paco (modern French version) / Isang uri ng Santo Kristo



Larawan 4.97. Santo Kristo (may likod)



Larawan 4.98. Santo Kristo (baligtaran)




Larawan 4.99. Ecce Homo (likod) [maliit, ulo lang]



Larawan 4.100. Ecce Homo (baligtaran)

4.101. Ecce Homo (nakatingala)



Larawan 4.102. Santo Sepulcro (walang likod, may oliba)

Larawan 4.103. Nazareno / Gabay ng Jihos Jesus



Larawan 4.104. Crus na Bituin / Alpha-Omega



Larawan 4.105. Iresumad / Matat



Larawan 4.106. Iresumad / Matat (antigo)



Larawan 4.107. Jesus Rizal (may likod paris ng rebulto)

Larawan 4.108. Jesus Cristus (may likod paris ng rebulto)



Larawan 4.109. Cordero ng Dios (baligtaran)

Kategorya IV: Mga Anghel

Hanayan 11: Mga Anghel

Hanayan 11: Mga Anghel

Larawan Blg. 4.110.	Anghel (may likod tulad ng rebulto)
Larawan Blg. 4.111.	Siete Arkangheles Mindanao (baligtaran)
Larawan Blg. 4.112.	San Rafael (may likod tulad ng rebulto)
Larawan Blg. 4.113.	San Rafael (may isda, may likod tulad ng rebulto)
Larawan Blg. 4.114.	Anghel sa lupa (kerubin) [may likod tulad sa rebulto]
Larawan Blg. 4.115.	San Miguel / Santiago de Galicia (malaki)
Larawan Blg. 4.116.	San Miguel / Santiago de Galicia (antigo, Bantug)
Larawan Blg. 4.117.	San Miguel / Santiago de Galicia (bago)
Larawan Blg. 4.118.	San Miguel / Santiago de Galicia (maliit)
Larawan Blg. 4.119.	San Miguel / San Cristobal



Larawan 4.110. Anghel (may likod tulad ng rebulto)

Larawan 4.111. Siete Arkangheles Mindanao (baligtaran)



Larawan 4.112. San Rafael (may likod tulad ng rebulto)



Larawan 4.113. San Rafael (may isda, may likod tulad ng rebulto)



Larawan 4.114. Anghel sa lupa (kerubin) [may likod tulad sa rebulto]

Larawan 4.115. San Miguel / Santiago de Galicia (malaki)



Larawan 4.116. San Miguel / Santiago de Galicia (antigo, Bantug)



Larawan 4.117. San Miguel / Santiago de Galicia (bago)



Larawan 4.118. San Miguel / Santiago de Galicia (maliit)

Larawan 4.119. San Miguel / San Cristobal

Kategorya V: Mga Santo

Hanayan 12: Mga Santo

Hanayan 12: Mga Santo

Larawan Blg. 4.120.	San Antonio de Padua (walang likod)
Larawan Blg. 4.121.	San Antonio de Padua (baligtaran)
Larawan Blg. 4.122.	San Pedro (rebulto na may sabitan) [baligtaran]
Larawan Blg. 4.123.	San Pedro (susi) / San Cristobal
Larawan Blg. 4.124.	Susi sa Langit (buo)
Larawan Blg. 4.125.	San Benito / Crus (maliit)
Larawan Blg. 4.126.	San Benito / Crus (malaki)
Larawan Blg. 4.127.	Pugot na Ulo ni San Pablo (baligtaran, Bantug)
Larawan Blg. 4.128.	San Cristobal (baligtaran, Bantug)
Larawan Blg. 4.129.	San Jose Tungkod (baligtaran)
Larawan Blg. 4.130.	Trompeta / San Jose
Larawan Blg. 4.131a.	Cavan / Susi
Larawan Blg. 4.131b.	Holy Peso. Señor Patriarca San Jose / Un Peso Sagrado y Verdadero (Magkakrus na Susi at Tatlong Korona, Roma 1000)
Larawan Blg. 4.131c.	Patriarca Señor San Jose, Virtude Comercio, Holy Pesos. Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1101. Libertad Silver, 40 mm. (May araw sa ibabaw ng dalawang magkakrus na susi) [baligtaran]
Larawan Blg. 4.131d.	Holy Peso. Patriarca Señor San Jose. Virtude Commercio / Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1001
Larawan Blg. 4.132.	Santiago de Galicia (rebulto)



Larawan 4.120. San Antonio de Padua (walang likod)

Larawan 4.121. San Antonio de Padua (baligtaran)



Larawan 4.122. San Pedro (rebulto na may sabitan) [baligtaran]



Larawan 4.123. San Pedro (susi) / San Cristobal



Larawan 4.124. Susi sa Langit (buo)

Larawan 4.125. San Benito / Crus (maliit)

Larawan 4.126. San Benito / Crus (malaki)



Larawan 4.127. Pugot na Ulo ni San Pablo (baligtaran, Bantug)



Larawan 4.128. San Cristobal (baligtaran, Bantug)

Larawan 4.129. San Jose Tungkod (baligtaran)



Larawan 4.130. Trompeta / San Jose



Larawan 4.131a. Cavan / Susi



Larawan 4.131b. Holy Peso. Señor Patriarca San Jose / Un Peso Sagrado y Verdadero (Magkakrus na Susi at Tatlong Korona, Roma 1000)



Larawan 4.131c. Patriarca Señor San Jose, Virtude Comercio, Holy Pesos. Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1101. Libertad Silver, 40 mm.
(May araw sa ibabaw ng dalawang magkakrus na susi) [baligtaran]



Larawan 4.131d. Holy Peso. Patriarca Señor San Jose. Virtude Comercio / Un Peso Sagrado Verdadero. Roma 1001.



Larawan 4.132. Santiago de Galicia (rebulto)

Kategorya VI: Mga Kampon ni Becca

Hanayan 13: Mga Kampon ni Becca

Hanayan 13: Mga Kampon Ni Becca

Larawan Blg. 4.133. Jehova Saday (pangalan ni Satanas; kaliwa; baligtaran)
Larawan Blg. 4.134. Dragon Rojo (Bantug)



Larawan 4.133. Jehova Saday (pangalan ni Satanas; kaliwa; baligtaran)



Larawan 4.134. Dragon Rojo (Bantug)

Kategorya VII: Samut-Sari

Hanayan 14: Samut-Sari (labas sa Retablo ng Paniniwala)

Hanayan 14: Samut-Sari (labas sa Retablo Ng Paniniwala)

Larawan Blg. 4.135.	Kambal Tuko (One Lover Talisman) [walang likod]
Larawan Blg. 4.136.	Puting Duwende na Nagbibigay ng Suwerte, Babae at Lalaki May Supot (rebulto)
Larawan Blg. 4.137.	Agila / Lucky Piece (bahay ng honeybee)
Larawan Blg. 4.138.	Nag-aararo / Babae't Lalaki
Larawan Blg. 4.139.	Buddha (rebulto)
Larawan Blg. 4.140.	Maharajah's Mascot (baligtaran)
Larawan Blg. 4.141.	Talisman Venus (baligtaran)
Larawan Blg. 4.142.	Wheel of Fortune (baligtaran)
Larawan Blg. 4.143.	Tree of Life (baligtaran)
Larawan Blg. 4.144.	Seal of Jupiter (baligtaran)
Larawan Blg. 4.145.	Mascot "Good Luck" Charm (baligtaran) / Doce Zodiacos Horseshoe
Larawan Blg. 4.146.	Kamatayan (Bungo) / simbolo ng Masoneriya (baligtaran)



Larawan 4.135. Kambal Tuko (One Lover Talisman) [walang likod]



Larawan 4.136. Puting Duwende na Nagbibigay ng Suwerte, Babae at Lalaki May Supot (rebulto)



Larawan 4.137. Agila / Lucky Piece (bahay ng honeybee)



Larawan 4.138. Nag-aararo / Babae't Lalaki



Larawan 4.139. Buddha (rebulto)

Larawan 4.140.
Maharajah's Mascot (baligtaran)

Larawan 4.141.
Talisman Venus (baligtaran)



Larawan 4.142.
Wheel of Fortune (baligtaran)



Larawan 4.143.
Tree of Life (baligtaran)



Larawan 4.144.
Seal of Jupiter (baligtaran)





Larawan 4.145. Mascot "Good Luck" Charm (baligtaran) / Doce Zodiacos Horseshoe

Larawan 4.146. Kamatayan (Bungo) / simbolo ng Masoneriya (baligtaran)

Mga Tala

[1] Richard W. Budd, *et al.* "Content Analysis and Research in Communication," *Content Analysis of Communications* (New York: Macmillan Company, 1976), p. 39.

[2] Nenita Pambid, "Ang Tradisyon sa Awit ng Tatlong Samahang Milenaryo: Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios; Bathalismo, Inc., (Inang Mahiwaga); Maria Bernarda," Awit Bilang 38, p. 51 ng *Aklat ng Dalit*, Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, Kapulungan ng Malayang Pilipinas, Santa Lucia, Dolores, Quezon. Narito ang bahagi ng awit:

Si Animasola at ang Infinito
Hindi nasasaklaw, ng Personang Tatlo,
Ang tinatahan, Olimpo Sagrado,
Ngalan ay Carnobim, sa labas ng Mundo

[3] *Ibid.* Makikita ang mga kapahayagang ito sa awit bilang 8 na may pamagat na "Aba po Ina ko Paraisong Bayan."

[4] *Ibid.* Awit bilang 38, "Birheng Maria Bernarda."

Aba Po Ina ko Paraisong Bayan
Espiritu Santo, Santa kailan man,
Oh! Ina'y halina, at kami'y sukuban,
Niyong Espiritu ng kaliwanagan

At kung matapos na, ating makikilala,
Na Ciudad ng Dios, ang Rosa Mistica,
Na isang babae, lahing Pilipina,
Hari ng Timugan, sabi sa Sagrada

Hari ng Timugan, ating pag-aralan
Kung sino at alin, ang tinatamaan,
Maria Bernarda, ay gayon din naman,
Pagka't siya'y Ina, Pilipinang Bayan.

At kung malaman, ng bawa't isa
Na siya nga pala'y, Inang Pilipina
Tayo'y magkaisa, suminta sa kanya
Tayo'y magsiawit, at purihin siya

Salamat sa iyo, bukal ng liwanag
Espiritu Santo naglalang sa lahat
Salamat sa iyo ikatlong Persona
Na pinamagatang, bituin sa Dagat

Purihin ka, Dios naming walang hanggan
Purihin ka Santo, santa kailan man
Purihin ka Ina, Bernarda ng Bayan
Na Haring Bernardo, ng Katagalugan

At ng lagi namin, na maparangalan
Ang bandera namin, iyong ginayakan
Ng tatlong Bituin, na nagniningningan
Sa gitna'y may araw, na makatarungan.

Sapagka't ang Araw, ay tanda ni Ama,
Niyong kabagsikan, o pagka-husticia
Sa bawa't aayaw, suminta sa kanya,
At magbalik loob, talikdan ang sala.

Ito namang mga rayos ng liwanag.
Ay tanda ng Ina, niyong pagkahabag.
Sa bawa't isa, pihong nagsisikap
Sa gawain pihong, makatuwid at tapat

At sa tatlong sulok, puti ng bandera,
Ay tatlong bituin, itong ipininta
Na ang kahuluga'y, ang tatlong pigura,
Niyong tinatawag, na Rosa Mistica

Ang tatlong pigura, puti, pula, azul,
Na siyang dalaga, sa lahat ng Nasyon
Sapagkat siya, ang Dios kahapon
Siyang Dios bukas, at Dios din ngayon

Nangangahulugan ang tatlong pigura
Na tatlong dalaga, siya ng tatlong Eva
Nabuo at naging si Animasola
May tanda ng Araw, ng pagka-husticia

Oh! banderang batbat ng buong kariktan,
May tatlong bituin, na nagniningningan
At sa gitna nito'y, maligayang araw
Na siya ang Ilaw, ng sang-daigdigan

Pagka't siya'y Ilaw, na itinalaga,
Sa lahat ng lugar, Nasyones at Bansa

Kung gayon nga'y ito, na ating Bandera
Ang siyang larawan, ng Hari at Reyna

Ang hari at reyna'y, ating pag-aralan,
Kung sino at alin ang tinatamaan
At kung biglain ko'y, ang Nardang halaman,
Na si Jose Kristo, Pilipinong Bayan

At ang reyna naman ay hindi sasala,
Yaong tinatawag, na Rosa Mistica
Sapagkat bulaklak, ng Nardo at Narda,
Kaya ang dalawang ito, ay mag-esposa

Ang Rosa Mistica, Hari ng Timugan
Na siya ang Narda, at Nardong halaman,
Kay Jose Rizal, ang tinatamaan,
Na haring Bernardo, ng Katagalugan,

Oh! bukal ng walang hanggang kaawaan,
Espiritu Santong walang pinagmulan,
Espiritu Santo wala rin hangganan,
Nagkatawang tao, Maria Balitaan

At kami po Dios, Ina'y dinggin
Hinihingi namin, iyong alisin
Sa amin ang lahat, na likong gawain
Hugasan na kami at pakalinisin

Birhen Maria Bernarda, Inang Filipina
Doctor Jose Rizal, Pilipinong Ama,
Na sa misteryo, sila'y magkakasama,
At dito'y lumitaw, Bansang Filipina

Bansang Filipina, pinaka-iibig,
Ngayo'y sinilangan, ng Arca Fidelis,
Bangkang pamangkaan, ng lahat ng kabig,
Sa lunday ng lawa, ng Bayang hinagpis.

Sa silong ng Langit, na Bayan ng Bauan,
Lalawigan mandin, pangulong Batangan,
Maria Bernarda, doon iniluwal
Inang nagkandili, ng siyam na Buwan.

Sa silong ng Langit, Calambang, naturan,
Probinsiyang Laguna, ay doon lumitaw,
Ang ating bayaning, Dr. Jose Rizal,
Hiwaga ng Dios, ating pag-aralan.

Bansang Pilipinas, kaliit-liitan,
Sa lahat ng Bansa'y kaapi-apihan,
Darating ang oras, darating ang araw,
Maliit na Bansa'y, magiging tanungan.

Iglesia del Ciudad, Mistica de Dios na mahal,
Sa lahat ng Iglesia'y, kaaba-abaan,
Darating ang oras, darating ang araw,
Ang nasa ilalim ay paibabaw.

Aba Eva Caeli, na katawang una,
Pusong bubog ikaw, na luklukang sadya,
Niyong aking Dios, na iisang mata,
Ikaw Espiritu, tanging santo't santa.

Ikaw Eva Soltum, ikalawa naman,
Katawan ng Dios sa Sangkatauhan,
Kaya ang tangan mo, ay palatandaan
Ng kagalitan mo at ng kaawaan.

At ikaw po naman, Oh! Inang Bernarda,
Na siyang ikatlo, si Eva Apdula,
Tangan mo'y timbangan, kumpas at ispada,
Sapagkat po't ikaw, ang huli at una.

Ikaw Eva Caeli, taga Kalangitan
Ikaw Eva Soltum, taga Karagatan,
Si Eva Apdula, taga Kabayanan,
At kayo ang Rosa, Mistica kung turan.

Kayo ang bulaklak, na tanging iisa,
Nguni at mayroon, na tatlong pigura,
Puti, pula, azul, at saka may perma,
Niyong katarungan, araw ng husticia

Kaya nga po Ina, ikaw po'y makinig,
Sa aming pagsamo, ikaw po'y mahapis,

Yaring aming hingi, tanggaping matamis,
Dei Mater Noster, miserere nobis.

Pagka't kayong tatlo, ang Rosa Mistica,
Bulaklak ng Nardo, kaya naging Narda
Nabuo sa isa, kayong tatlong Eva,
At siya ang naging, si Animasola.

[5] *Aklat Bathalismo, Inc. Inang Mahiwaga* (Maynila: Vicente Printing Press, 1940). Mula sa awit/panalangin na "Nunong Noe," ikalawang berso, p. 72.

[6] *Ibid.*, p. 116.

[7] Ang karamihan sa anting-anting na kabilang sa kategoryang "Samu't Sari" ay nanggaling sa "For Your Success and Prosperity, 1988-89 Mystical Catalog" mula sa Peter's Mystical Book Center sa Avenida.

[8] Ang salitang kaliwa ay tumutukoy sa masama (evil). Sa aking pakikipanayam kina Ka Ambo at Ka Bert, kaliwa ang salitang kanilang ginagamit para tukuyin ang mga kapangyarihan na laban sa Dios o Divino o yaong mga kampon ni Luxbel o ng kadiliman.

5

Gamit, Oracion, Consagracion, at Pag-aalaga ng Anting-Anting

Iba't iba ang gamit ng anting-anting, mula *sacra* hanggang *profana*. Batay ito sa mga datos na nakuha sa panahon ng pananakop (mga tala sa kasaysayan at panayam kay Jose Bantug) at sa kasalukuyang panahon (mga katologo at mga nagtitinda ng anting-anting). May mga impormasyon ding galing kay Ka Bert Lopez-Santos; sa mga katologo ng Saldem Commercial at ng Peter's Mystical Book Center; at sa Things, isang tindahan sa Makati na dati'y may ipinagbibiling anting-anting.

Gamit ng Anting-Anting sa Kasaysayan

Sa anumang bagay, may tuwirang ugnayan ang presyo (o halaga) sa gamit (o benipisyo) nito, ideya man ito o konkretong bagay gaya ng isang imbensyon o makina. Kapag malaki ang pakinabang sa isang bagay, malaki rin ang katapat nitong presyo. Totoo ito maging sa isang esoterikong bagay na tulad ng anting-anting.

Noon pa mang 1894, napansin na ni Wenceslao Retana, isang historyador na Kastila, ang mataas na presyo ng anting-anting. Aniya sa kanyang librong *Supersticiones de los Indios Filipinos Un Libro de Aniteria*: "ang bentahan ay apat o limang beses ng orihinal na presyo.[1] Ang dahilan: pinaniniwalaan na may kapangyarihan at kababalaghang nagagawa ang anting-anting, tulad ng mababasa sa mga epiko, awit, at korido.

Ano ba ang kahulugan ng anting-anting noong panahong iyon? Ayon sa *Vocabulario Lengua Tagala* (1860) nina Noceda at San Lucar: "Kadalasan ang mga nagtataglay nito [anting-anting] ay nagiging masasamang tao. Sila'y tiwala na hindi sila masasaling ng kahit anong uri ng armas sa kanilang pananalakay at panloloob at kung sila'y tinutugis ng hustisya. Kung minsan ito'y isang gamot na pangontra o tinatawag nilang mutya."[2]

Mahihinuha mula rito ang palagay ng mga Kastila sa anting-anting: isa itong pamahiin. Sa pamamagitan ng anting-anting ang katutubo ay nananalig na hindi masasaktan ng kanilang mga kaaway sa kahit anong paraan.

Ito marahil ang dahilan kung bakit ang nabanggit na libro ni Retana ay nakuha sa isang tulisan sa Pangasinan. Ayon kay Retana, ginagamit ang anting-anting upang

Larawan 5.1. Birhen / Pagkabuhay (Replika ng anting-anting ni Apo Ipe)

hindi magapi sa labanan, makatakas sa hustisya, magkamal ng kayamanan, makamit ang pag-ibig ng isang babae, huwag tablan ng bala, at may maipananggalang sila sa sarili laban sa lahat ng uri ng kaaway at anumang panganib o sakuna.

Noong Rebolusyong 1896, noong Digmaang Pilipino-Amerikano, at maging noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, banal at dakila ang gamit ng anting-anting: pananggalang at sandata ito laban sa mga dayuhang mananakop. Makabuluhan ang papel na ginampanan ng anting-anting sa layunin at saloobin ng mga rebolusyonaryong Pilipino sa pagtatanggol nila sa lupang tinubuan.

Ang medalyong may larawan ng Birheng Imaculada Concepcion na nakatuntong sa buwan ay ginagamit ngayon upang maging maluwag sa kabuhayan ang isang tao. Dahil pataas ang mga pigura, naniniwala ang mga bumibili nito na ang kanilang negosyo o kabuhayan ay tataas din kung mananalig dito at pag-uukulan ng panalangin. Wala marahil nakakaalam sa mga nagtitinda at gumagawa ng anting-anting ngayon na ganitong medalyon ang ginamit ni Felipe Salvador noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

Si Salvador, higit na kilalang "Apo Ipe," ang nagtatag ng Santa Iglesia.[3] Isa siya sa "pinakatanyag sa 'bandidong' nag-abala sa kampanya ng 'pamamayapa' ng Amerika" sa Gitnang Luzon.[4] Ang nabanggit na anting-anting, at maging yaong sa kanyang kanang kamay na si Manuel Garcia (kilalang "Capitan Tui"), ang pinakapopular na anting-anting sa koleksyon ni Dr. Bantug. Itong mga agimat nina Apo Ipe at Capitan Tui ay kinumpiska ni Don Epifanio de los Santos, noo'y piskal ng Bulacan, nang madakip at sentensiyahan ang dalawang 'bandido.' Nang malaunan, ipinagkaloob ni Don Epifanio de los Santos ang mga anting-anting kay Dr. Bantug.[5]

Si Capitan Tui ng Hagonoy, Bulacan ay isang opisyal ng hukbong rebolusyonaryo na nasa bukana na ng Maynila bago sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899.[6] Ayon kay De los Santos, may di-pangkaraniwang tapang at kapangahasan si Capitan Tui sa labanan. Panatag ang loob niya na hindi siya masasaktan dahil sa taglay na anting-anting. Sa mismong labanan, nakalantad sa kanyang dibdib ang medalyong tanso na Santisima Trinidad, itinali ng panyo malapit sa puso; sa isang bulsikot ay may tansong krusipiho, isang porselanang imahen ng Birhen at Niño Jesus, at iba pang mga medalyong parisukat. May isa pang mas malaking medalyon (may nakaalsang imahen ng Imaculada Concepcion) na nadiskubre noong bandang huli na pag-aari naman ni Apo Ipe. Kasama ng mga medalyon ang iba't ibang librito ng mga panalangin na sa paniwala ni Capitan Tui ay magtatanggol sa kanya laban sa mga kaaway at sa lahat ng kasamaan ng mundo.

May mga agimat din ang mas kilalang mga opisyal ng rebolusyonaryong hukbong Pilipino. Nag-iingat diumano si Hen. Emilio Aguinaldo ng garing na imahen ng Santisima Trinidad. Si Hen. Antonio Luna naman ay may imaheng garing ng Birheng Maria. Ang dalawang imahen, kapwa nasa koleksyon ni Dr. Bantug, ay ipinalalagay na may birtud at kapangyarihan ng anting-anting noong panahon ng Rebolusyon.[7]

Mapapansin na dalawang beses nabanggit ang Santisima Trinidad sa gamit ng mga taong nakikipaglaban. Maiiugnay ito sa isang matandang kaugalian ng isang pamilya sa Tiaong, Quezon. Ayon kay Gng. Concepcion Umali Vda. de Stuart, may paniwala sila na sinumang magdasal ng tresagio patungkol sa Santisima Trinidad ay hindi kailanman mamatay nang marahas.[8] Kapuna-puna din ang paggamit ng anting-anting ng Imaculada Concepcion, opisyal na patron ng Pilipinas at may pinakamalaking bilang ng deboto sa bansa.

Isa pang anting-anting sa koleksyon ni Dr. Bantug yaong ginamit ni Hen. Tagunton. Namatay siya sa labanan sa San Isidro, Nueva Ecija. Pinatunayan mismo ni Heneral Aguinaldo na si Heneral Tagunton ay may isang uri ng medalyon na Birheng Concepcion na ginamit niyang anting-anting.[9]

May iba't ibang uri ang gamit o kapangyarihan ng anting-anting. Noong panahon ng Rebolusyong Pilipino, karaniwan na yaong nagbibigay ng kabal (*immunity*) laban sa baril at iba pang sandata. Sa panahon naman ng kapayapaan tulad ngayon, ginagamit ang anting-anting sa pagpapalago ng negosyo, paghahanap ng trabaho, pagpapahaba ng buhay (walang kamatayan), omnipresencia o pagiging nasa lahat ng dako nang magkapanabay, tagabulag (hindi nakikita), panggayuma, at tagaliwas (o panlihis) sa kaaway.

Isang pugante, ayon kay Dr. Bantug, ang hindi mahuli-huli sa loob ng labinlimang taon dahil sa anting-anting. "Binabakuran" siya—sa distansiyang

Larawan 5.2. Ang Anting-anting ni Heneral Tagunton

dalawampung metro—ng kanyang anting-anting laban sa sinumang nais manakit o magpahamak sa kanya.[10]

Naniniwala si Dr. Bantug na naimpluwensiyahan o nabahiran ng pamahiin ang paggamit ng mga medalyon at imaheng panrelihiyon, dahil agimat o anting-anting ang naging turing sa mga ito. Hindi ito bunga, aniya, ng relihiyon mismo kundi ng labis na debosyon sa mga ritwal at kaugaliang panrelihiyon na minana pa sa mga ninuno. Sa paglakad ng panahon, nababaluktot o nagkakaroon ng eksaherasyon ang pamamanatang ito.

Halimbawa, kapag nakita ng isang bata na hindi na ihinihiwalay ng ama sa kanyang katawan ang isang medalyon dahil sa labis na debosyon dito, tiyak na magkakaroon din ng gayong pagpapahalaga sa medalyon ang bata. Kapag namatay ang ama, ipagpapatuloy ng anak ang gayong debosyon, at iingata't itatago ang medalyon. Sa gayon nabubuhay ang pananalig na ang obheto ay nagtataglay ng kapangyarihan na hindi marahil sumagi sa isipan ng mga namahagi at nagpalaganap nito.[11]

Gamit ng Anting-Anting sa Kasalukuyan

Sa mga panahong ito, hindi lamang sa mga tindera sa Quiapo makakakuha ng impormasyon tungkol sa karaniwang gamit at kapangyarihan ng mga anting-anting. Mababasa ang ganitong impormasyon sa mga katalogo ng Saldem Commercial at Peter's Mystical Book Center, at maging sa mga tindahang tulad ng Things sa Makati.

Ayon kay Ka Bert ng Quiapo, Maynila. Sinasabi ni Ka Bert na may kamahalan ang benta niya sa mga medalyon dahil alam niya kung ano at saan ang gamit nito.[12] Gayunman, hindi niya ito itinuturo sa kahit sino na lamang (malaki man ang pagkakagusto niyang makatulong). Pinipili niyang mabuti ang tuturuan dahil naniniwala siyang kapag ginamit sa masama ang anting-anting, siyang nagturo ay "binabalandrahan, kinakastigo at napaparusahan." Magpapalipas muna ng may sampung taon bago mawala ang mga kamalasang idudulot nito sa kabuhayan, pamilya, at lahat ng may kaugnayan sa nagturo.

Ang mga medalyon, ayon sa kanya, ay karaniwang ginagamit para lumuwag ang kabuhayan o panlaban at panggamot sa kulam. Yaong medalyong nasa likod ng Kataastaasang Ina na Tetragramaton ay ginagamit para humuli ng masasamang espiritu. Ang medalyong St. Anthony ay para sa maysakit. Ang San Jose Pater Salvatore ay para sa paglalakbay, paghahanap ng trabaho, at paghahanap ng mga nawawalang bagay. Ang Sacred Heart na may kabilang mukha ng Haring Araw ay nagbibigay ng biyaya. Upang lumabas ang kalokohan o masamang ugali ng kaharap, dapat gamitin ang Haring Araw na ang katuwang ay Cinco Vocales. Ang San Miguel Arkanghel ay nagbibigay ng lakas at bilis. Bukod sa pagbibigay ng lakas, ang San Cristobal (St. Christopher) ay proteksyon din sa paglalakbay sa dagat. Si San Benito naman ang proteksyon kapag nasa bundok. Ang Sagrada Familia Tatlong Persona ang bantay ng bahay. May medalyon din para maging matiwasay ang pagsasama ng mag-asawa. At mayroong para sa pagkakaroon ng masaganang ani, tulad ng San Isidro.

May kamahalan ang mga anting-anting—mula P5.00 hanggang P250.00—ngunit higit na mahal ang librito ng mga oracion—mula P60 hanggang P1,500. Gayunman, nakakahingi o nakakakopya ng oracion kung kumbinsido ang nakakaalam na tapat sa loob ang paghahanap at pag-uusisa ng isang tao sa isang anting-anting. Sinasabi rin ng librito kung saan ginagamit ang mga oracion.

Sa kalahatan, ang gamit ng anting-anting ay umaalinsunod sa pagpapahalaga, interpretasyon at debosyon ng mga tao sa larawang nakaukit sa medalyon.

Mapapansin na akma sa kasalukuyang panahon (walang mga dayuhang mananakop o digmaang nagaganap) ang gamit ng anting-anting, maliban sa ilan na ang disenyo ay sadyang ginawa kaugnay ng giyera sa Mindanao.

Ayon sa Katologo ng Saldem Commercial sa Paco, Maynila. Dito, ang mga simbolismo at larawang nakaukit sa medalyon ay inilipat sa papel o panyo. Gayunman ay magkapareho pa rin ang gamit ng dalawa. Upang lalong madagdagan ang hiwaga at maging kaakit-akit pa, ang mga agimat o anting-anting na nakalathala sa kanilang *New Exciting General Catalog*—halimbawa'y Atardar o Santo Niño—ay sinasabing nagmula pa sa India. Ilan sa ipinagbibili nilang agimat ang Tatlong Persona, Cinco

Vocales Coronados, Atardar, Santisima Trinidad, Apat na Evangelista, Birhen Nagpapasuso, Infinita na may 24-Sinag ng Korona, Birhen ng Pitong Korona, at iba pa.

Nasa katalogo rin ang Seal of the Sun na hindi kasama sa Retablo ng Paniniwala. Kung minsan, nasa isang aklat ang iba't ibang kapangyarihan (kapangyarihan ni San Benito, Tatlong M at Sator). Ang disenyo ng medalyon, kung minsan, ay inilalagay sa anyong singsing, gaya ng Mata ng Dios Ama.

Ang Larawan 5.3 hanggang 5.6 ay mga halimbawa ng larawang "nililimusan" sa Quiapo at ipinagpapalagay na nagtataglay ng kapangyarihan. Ito rin ang mga agimat na wood laminated na binabanggit sa katalogo.



Larawan 5.3. Cinco Vocales Koronados



Larawan 5.4. Enerium Matam



Larawan 5.5. Gloria Altissimo Deus



Larawan 5.6. Sator Koronados

Ipinangangako naman ng katalogo na sinumang bibili ng anting-anting ng popular na Tiagong Akyat—inilipat sa anyong panyo at nakalagay sa laminated na kuwadrong kahoy—ay magkakaroon din ng katulad na kapangyarihan.

Nangangako ng kababalaghan at milagro ang mga anting-anting na ito. Ngunit ang hirap, hindi marahil ginagamit ng mga tinderang tulad nina Aling Sally ang mga ito upang mahango sila sa kahirapan.

Ayon sa Katologo ng Peter's Mystical Book Center sa Avenida Rizal. Bagamat sinasabi ditong dala ng mga mananakop na Kastila ang mga anting-anting, karaniwang makikita ang mga kopya nito sa Quiapo.

Tingnan ang ilang anting-anting sa sumusunod na pahina na kinuha mula sa katologo na "For Your Success and Prosperity 1988-89 Mystical Catalog."

Napakaingat ng mga katologo sa Saldem at Peter's Mystical, maging ang mga nagtitinda sa Quiapo, sa paggamit ng mga salitang "limos," "donasyon," o "pabilin" sa pagtatamo ng anting-anting sa halip na tuwirang sabihing mabibili ito sa halagang kanilang tinuringan. Lantaran ding sinasabi sa anunsiyo na galing sa simbahan ang ilan sa mga medalyon (tulad ng San Benito).

Kapag naglimos sa medalyon ng San Benito, kasamang ibinibigay ang polyetong nagpapaliwanag sa pinagmulan ng medalyon, paraan ng pagsusuot, at iba't ibang mapaggagamitan nito. Mayroon ding panalangin at oracion kay San Benito na galing sa isang manggagamot.[13]

Marami pang talisman at amuleto na itinitinda sa Peter's Mystical Book Center. Bagamat ipinamamarali na ang ilan dito ay galing sa ibang bansa, may gayunding anting-anting na matatagpuan sa Quiapo.

Manaka-naka ay nagpapaanunsiyo ang Peter's Mystical Book Center sa mga diyaryo at magasin na malawak ang sirkulasyon. Pero sa halip na "Peter's Mystical Book Center" ang pangalang gamitin, Sto. Niño Botanical Center ang inilalagay; sa halip na anting-anting at mga kauri ang itinda, mga halamang gamot (gaya ng tsaa) ang inilalako.[14]

Ayon sa Things ng Greenbelt, Makati. Kakaiba sa dalawang nauna ang istilo ng pagpapakilala sa anting-anting at gamit nito sa Things. Mga turista ang pangunahing parukyano ng tindahan at si Gilda Cordero-Fernando—kilalang manunulat at tagapaglathala—ang ipinalalagay na sumulat at nagsaliksik ng mga ipinagbibiling anting-anting.

Hindi man seryoso ang tono ng pagkakasulat tungkol sa gamit ng mga anting-anting, ilan sa mga ito ang popular sa mga turista: yaong galing sa Siquijor na ginagamit sa kulam, yaong gamit sa panggagayuma, at yaong pangontra sa diborsyo.[15]



Larawan 5.7.
Mula sa katologo ng Peter's Mystical Center



Larawan 5.8.
Panalangin kay San Benito



Larawan 5.9. Patalastas ng Peter's Mystical Book Center

LISTAHAN NG MGA ANTING-ANTING SA THINGS

PANUBO
To be swallowed in emergency need to be saved. (As in case of drowning.)

CINCO VOCALES
Used for healing purposes and for exorcising an evil spirit off a person's body. Ex. Write on 3 pieces of round paper, put in mouth, recite prescribed oracion and your headache will disappear. (Will now be replaced by a stomachache.)

ATARDAR
P45.00. For safety in all endeavors.

MATA 7 HARI
P25.00 Seven Kings for good luck seven days of the week.

MATANG KABILAAN
P40.00 For double protection. Protection from all sides all year round.

PORTUGUEZ
(Portuguese Medal) P55.00 Note that this medal and some other sports the word Roma, Portuguese, etc. when actually they are manufactured in Manila. These are cast in the copies of old moulds used during the Spanish times and are presently being used by faith healers for curing.

GOD THE FATHER RULER OF THE WORLD
(Big) P40.00 Grants the wish to be ruler of emotions and feelings of people around you.

3 OJOS
P35.00 The ever watchful eyes on the 3 corners of this triangle are protection from accidents in Luzon, Visayas and Mindanao.

DEUS INFINITO
P50.00 Protection from bullets.

MAHJONG ANTING
P20.00 Gives you luck in mahjong and all other games of chance.

SATUR
P20.00 Endows you with supernatural strength. Say the oracion with the medal in the palm of your hand. Make a fist and sock the wall. Your hand will go through.

MATA 3 PERSONA KULAM
P30.00 Hexing is done in different ways. One of the weirdest is collecting maggots off the body of a dead animal and keeping them in a jar. When they begin to sprout wings, a hair of your enemy's head may be tied to one of the maggots and the

maggot directed where to go. It will enter the person's body and inflict painful bites on intestines, liver, etc. This medal is an antidote for hex, in case you have a friend who engages in such a pastime.

3 PERSONA BALIKTARAN
P30.00 Same as Mata 3 Persona but with double power.

APAT NA EVANGELISTA
P25.00 Guards the four poles of the hemisphere.

MATA SANTISIMA
P25.00 For the protection of the virginity of women.

LA PURISIMA
P30.00 Protection of the purity of womanhood (mostly against rape). Works for men too—protects them from some women.

SOLAM MITAM
P25.00 Antidotes against kulam.

MATUM
P25.00 Protection from accidents and evil designs of enemies.

VIRGEN INFINITA
with a crown of stars P40.00 An amulet to make one very attractive to the opposite sex. The stars of the crown are a symbol of good luck in commerce.

IMMACULATA CONCEPTION
P45.00

BIRHENG PAGKABUHAY
P30.00 Helps students learn their lessons faster.

PAGKABUHAY AT PAGPAPASUSO
Virgin breast feeding. For an easy delivery.

KRISTONG BALIKTARAN
P75.00 This double nailed figure of Christ will give you protection "in the front and back." No one can be a traitor to you.

IRESUMAD
P20.00 Protection from evil spirits.

STO. NIÑO
(pill size) P25.00 To be swallowed with water and wine seven Fridays before Good Friday. It will make you irresistible to women.

SANTO NIÑO HUBAD
P60.00 (big) with bird.

CAMAY SANTO NIÑO
P55.00 For complete protection.

NAZARENO
P50.00 A help in asking pardon for our sins.

7 ARCANGELS
P40.00 An angel to protect you each day of the week. Special protection is given in forests for keeping wild animals away from the wearer.

SAN RAFAEL
P40.00 For a good catch of fish or a person.

ANGEL SA LUPA
P20.00 This Philippine cupid should be tucked under the tongue when speaking to the loved one and he or she cannot help but fall for your honeyed words (if the amulet does not fall first).

SAN PEDRO
P25.00 Making friends with the keeper of the keys of heaven. Wear this on your person.

ST. PETER
P40.00 A cockfighting amulet. Gives you good luck in the cockpit. Your rooster will never turn tail.

SUSI SA LANGIT
P45.00 Key that opens all doors—front doors, closets, johns, desks, your sister's diary, the door to someone's heart.

SAN JOSE TUNGKOD
P40.00 Gives you luck in business venture.

ST. JOSEPH
(statue) P55.00 Patron of fathers and carpenters.

ST. BENEDICT
P55.00 A medal to protect one against mangkukulams.

TROMPETA
P35.00 For truth. An amulet for the newspaperman.

I LOVE YOU
P25.00 A gayuma (love charm) to make the one you love love you back.

AGUILA
P25.00 For protection during travel especially through the skies.

CAVAN
P35.00 A year of plentiful good harvest. Also good for business deals.

SUN OF VENUS
P30.00 For one who seeks beauty and eternal youth.

LUCKY POCKET
P30.00 The pocket that holds this penny will never be empty.

KAMBAL TUKO
P50.00 An amulet to keep lovers forever together. A guard against divorce and separation.

DUWENDE
P55.00 The ownership of this underground dweller is a good help in searches for buried treasures. Sometimes this is interpreted to mean a help in search for business.

SKELETON
P40.00 Are traditionally the caretakers of farm and homes. They watch over your belongings while you are away and a thief will dare not come near.

ASWANG OR MANANANGGAL
P90.00 The aswang of folklore is a beautiful woman by day but is believed to detach from the lower half of her body at midnight and fly out with arms that grow into batwings. She feasts on human liver that she has stolen from a living person by tearing his abdomen with her nails. See her fangs. Aswangs are afraid of salt, vinegar and spices. You would do well to sprinkle your window sill with these. A better antidote is the ownership of a likeness of the aswang. Vain witches like to be immortalized in medals.

DRAGON ROJO
P55.00 This looks like a whale but is called a golden dragon by folks who can't tell them apart. Some amulets are 'created' from visions of hallucinations. The person who had this made was very angry with his neighbors. He had a vision of a most horrible fish with a large open mouth, its body glittering gold, devouring his neighbors. He had it cast in bronse (sic) and every night he would say evil things to it. His neighbors could not get a wink of sleep. Eventually they fell ill one by one and only got well after they begged forgiveness.

DEMONYO OR TIYANAK
P90.00 Devil with the face of a baby boy or girl who dies unbaptized. This medal is used to wreak vengeance on an enemy's baby, making it bleed to death.

TIKBALANG
P90.00 This creature has a horse's head and a man's body. He makes people follow him and lose their way. If you are brave, you will mount the tikbalang and snatch the 3 golden hair on its head. It will fly over the fields and mountains, to the sky and stars and the moon with you. Eventually it will tire and bring you back home. From then on it will be your faithful slave—plow your fields and run errands for you to the sari-sari store and supermarkets.

Sa tinalakay na pinagmulan ng anting-anting, mapapansing kagila-gilalas ang ipinalalagay na kapangyarihang dulot o taglay nitong mga medalyong tanso. Ito ang paniniwala ni Ka Bert, ni Mang Ben, at maging ni Soli Topacio (pamangkin ni Mang Ben) na nagdedeliber ng mga medalyon sa Quiapo. Kung susundin ang mga tagubilin sa katalogo ng Saldem Commercial tungkol sa pag-aalaga ng anting-anting, makasisiguro na ang mga anting-anting ay magbibigay sa isang tao "ng kaganapan sa kanyang kasalukuyan sa isang tiyak na Magandang Kinabukasan."[16] Magbibigay ito ng "kapangyarihan na magagawa ng isang tao sa kapakanan ng kanyang sarili na maligtas sa mga panganib, (sa pagkalalaki) tungo sa kanyang katanyagan—upang mag-angkin ng kapangyarihan."[17]

Wika ni Mang Ben: "Oo, magagamit mo. At ikaw rin sa sarili mo, walang pinag-iwan sa isang panaginip. Hindi mo akalain magaganap pala, pag inisip mo... meron din kasi akong mga karanasan na totoo."[18]

Ang Oracion ng Anting-Anting

Kalikasan at Batayan ng Oracion. Sa paghimay ng mga aspeto ng gamit at paggamit ng anting-anting, hindi maiiwasan na pag-aralan ang paggawa nito at ang simbolismong nakaukit dito.

Iba't iba ang hugis at laki ng anting-anting: bilog, kuwadrado o parisukat, rektanggulo o parihaba, trespicu o tatsulok, bilohaba at iba pang kombinasyon ng hugis. Paminsan-minsan, may mga rebulto at tatlong-dimensiyong pigura ng mga hayop (gaya ng dragon rojo), mga santo (gaya ng Santo Niño, Virgen Infinita, San Pedro, Santiago de Galicia) at ng mga anghel.

Kasama ng nakaukit na tao at hayop ay titik o letra, acrostic, o salita na hango sa mga mito kaugnay ng anting-anting. Ang acrostic ay daglat o pinaikling mga salita na ang tunay na layunin ay iligaw o ilihis ang mga hindi nakaaalam. Ang tamang kahulugan ay para lamang sa mga gumagamit ng anting-anting. Ang mga salita mismo—kung babaybayin at isusulat nang buo—ay may tunog na kakatwa't kakaiba at kahulugang malabo. Kung minsan, may mga wastong Latin tulad ng "Fiat Voluntas Tua." Ang ibang mga salita naman ay Hebreo ang pinag-ugatan: "Adonay" at "Tetragramaton."

May mga medalyong may kulang na isang letra na matatagpuan sa ibang medalyon. Halimbawa, ang STM Matang may pakpak na nagtataglay ng lihim na pangalan ng Dios Ama ay buo ang apat na GGGG, samantalang sa Portugues ay tatatlo lamang. May mga medalyon naman na kulang talaga ang oracion at ang gumagamit na ang bumibigkas ng karugtong.

Kadalasan, ang mga daglat—gaya ng "M.M.M.", "O.P.A.Y.U.O.L." o "A.A.A"—ay kasama sa panalangin o oraciong ginagamit upang "kargahan" ang anting-anting. Ilang halimbawa ng "basag" ng "A.A.A.": "Abiste Abite Abitem" o kaya'y "Aram Acdam Acsadam."[19] Ang una ay ang tatlong salitang nakatuntong sa korona ng mundo. Ito ang pinagkaisahan ng pitong Arkanghel na kasama ang salitang Ampilam Goam. Ang pangalawang basag naman ay ang pangalan ng tatlong Arkanghel na umaalalay at pumapasan sa mundo.

Bukod sa layuning manlito, ginagamit din ang mga daglat na salita upang pagkasyahin ang mensahe o panalangin sa napakaliit na puwang o espasyo na paglalagyan nito sa anting-anting. Subalit nasa tao man ang oracion o panalangin, kailangan pa rin ang pananalig na ang mga salitang ito ay sumasagisag sa dapat nitong sagisagin.

Ang sinabi ni F. Demetrio S.J. tungkol sa mga oracion o mahiwagang panalangin ay masasabi rin sa mga salitang nakaukit sa mga anting-anting:

> *... the words in these prayers do not carry an objective meaning. They are a mish-mash of Latin, Spanish... as well as vocables without any sense. Runic lines or Sanskrit and Accadian magic formulas may be unintelligible to the ordinary layman. But there are scholars in some parts of the world who know these (Sanskrit and Accadian) languages—these prayers and incantations can be understood. But no one can understand many of the prayers (in the oraciones). Not because they are derived from ancient languages, but because they are gibberish, devoid of meaning. Perhaps the owner had an interior subjective meaning. Then the unintelligible vocables are mere facade.*[20]

Sa India, ang tawag sa oracion o banal na salita ay *mantra*. Higit saan mang lugar, dito sa India naging malawak ang pananaliksik at imbestigasyon ukol sa bisa ng salita.[21]

Ang Oracion-Panawag sa Kadeusan ng Anting-Anting. Ayon kay Mang Ben, may malawak na kahulugan ang mga letrang nakalilok sa medalyon na hindi nauunawaan ng maraming tao. Nauunawaan lamang ito ng ilang taong nag-aral sa mga bagay na ispiritwal, tulad niya. Apat na taon siyang pormal na nag-aral sa AKO sa kanyang Tiyo na si Tandang Icasiano Nasaire. Itinuturing niya na bahagi ng kanyang pag-aaral yaong mga panahon na nakakahingi ng kapirasong oracion o kaya'y pagkuha dito ng patago; samakatwid walang permiso kay Tandang Ano. Gumagamit siya ng panalangin at gumagamit ng medalyon. Ayon sa kanya, ang kanyang paniniwala ay wala sa medalyon kundi doon sa ibig sabihin ng medalyon. Ang mga nakalarawan sa medalyon, halimbawa'y yaong Infinito Dios, ay may mga kahulugan: ang ibon, agila, kerubin, at baka ay nangangahulugan ng tubig, lupa,

apoy, hangin—mga simbolo ng apat na elemento. Ang dalawang nasa tabi ng Santisimo ay ang dalawang matanda na nag-aalaga ng lupa at langit. Sila ang mga angheles at serafines. Tinawag silang "matanda" dahil sila ang mga unang nilikha ng Dios. Sila ang nagbabantay sa Sagrada Santisimo. Ayon pa rin kay Mang Ben, sila ang "puntos" ng Dios. Sinasabi nila: "Egosum Deus, Gavinit Deus, Deus, Deus." (Sa Tagalog: "Ako nga ang gabinete ng Dios.") Kung ihahambing sa ating pamahalaan na may presidente at may gabinete, sila ang katumbas ng gabinete ng Dios.

Ang gabinete ng Dios ay binubuo ng mga tinig—mula sa tinig ng lupa, apoy, hangin, tinig ng tubig, hanggang sa mga tinig ng tao na sinasabi sa kasulatan. Sila ang bumubuo sa gabinete ng Dios. Bukod dito, kasama ring nakalagay sa mga medalyon ang mga panalangin. Bawat letrang nakaukit ay may kahulugan. Itong mga panalangin o oracion ang pantawag sa espiritu na tutulong sa tao upang makaiwas sa kapahamakan. Sa kalahatan, hindi nagbibigay ng oracion si Mang Ben. Kung nais ng isang tao na magtamo ng karunungang lihim, itinuturo niya sa tao na magtungo kay Tandang Ano. Gumagawa lamang daw siya ng medalyon at walang karapatang magturo.

Inihahambing ni Mang Ben ang pagtuturo ng oracion at lihim na karunungan sa isang perlas na dapat ingatan at baka makain ng baboy. Kapag nakain, baka "balikan" ang nagmamay-ari ng perlas, ibig sabihi'y abutan ng masamang kapalaran o malasin sa buhay. Karamihan, aniya, sa mga taong naghahangad ng kapangyarihan ay parang asong namumulot ng mumo sa dulang ng panginoon; hangad nitong gamitin sa masama ang gayong kapangyarihan. Ayon nga kay Paramahansa Yogananda na itinuturing na santo sa India:

> *The Chinese mystic Lau-tzu rightly taught: "He who knows, tells it not; he who tells, knows it not." The final mysteries of God are not "open to discussion." The decipherment of His secret code is an art that man cannot communicate to man; here the Lord alone is the Teacher.*[22]

Sa paghahanap ng hermetikong pilosopiya na salalayan ng pananalig sa paggamit ng anting-anting, may ilang teksto na kadalasang itinuturo bilang awtoridad.

Isang apokripal na teksto ang nagsasabi: ang Infinito Dios ay lumikha ng mas mababababang dios na nagtangkang gumawa't lumikha subalit nabigo. Sa halip, narinig nila ang tinig ng Dios na nagsabi: "Kung hindi ninyo ako tatawagan ay wala kayong magagawa."[23] Ito—at ang unang berso ng Ebanghelyo ni San Juan na nagbubukas sa mga salitang, "Nang pasimula Siya ang Logos, at ang Logos ay sumasa-Dios. Ito rin nang pasimula'y sumasa-Dios,"[24]—ang batayan ng mga oracion.

Ang pag-uukit naman ng mga pangalan ng Dios sa mga mukha ng anting-anting ay ipinagpapalagay din na ibinatay sa mga sipi mula sa Luma at Bagong Tipan. Ayon kay Sabino, sinasabi sa Revelation (2:24) o Apokalipsis:

> *Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang Bagong Pangalan na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap.*[25] *[To the victor I will give the hidden manna; I will also give him a white stone upon which is inscribed a new name to be known only by him who receives it.]*

Ginawang batayan din ang Revelation (3:12):

> *Ang magtagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya lalabas pa doon; at isusulat ko sa kanya ang pangalan ng aking Dios, at ang aking sariling Bagong Pangalan.*[26] *[I will inscribe on him the name of my God and the name of the city of my God, the new Jerusalem which he will send down from heaven, and my own name which is new.]*

Ipinapalagay na ang pangalan ng Dios ay banal at makapangyarihan. Pinaniniwalaan din na ang kapangyarihang supernatural ay maaari lamang magmula sa Dios. Sinumang nakaaalam ng pangalan ng Dios ay may kapangyarihan sapagkat sa pagtawag sa Kanyang pangalan, nakakamit ng isang tao ang ninanais niyang kapangyarihan.

Ang mga salitang nakaukit sa anting-anting ay likas na kakaiba at hindi maaaring suriin sa pamamaraan at interpretasyong linggwistiko. Ang mga salitang ito'y sagisag (pampahiwatig o code) na nagtataglay o naglalaman ng lihim na mga pangalan ng Dios.[27] Ang nag-aalaga lamang ng anting-anting ang kinakailangang makaalam ng lihim na pormula para manawagan sa Dios upang ipagkaloob sa kanya ang kapangyarihang supernatural. Sa kabilang banda, hindi kinakailangang ipaliwanag o bigyan ng makatwirang batayan ang mga salita lalo na ang mga oracion. Ang pag-unawa at pagbibigay-katwiran sa anting-anting ay nakakabawas at nakakaubos ng pananalig, samakatwid ay nakakasagabal sa kapangyarihan na nagmumula sa kawalan upang magpamalas o muling mabuhay.

May mga pagkakataon na ang batayan ng ilang titik o acrostics ay hango sa ilang bahagi ng Lumang Tipan. Subalit nadiskubre ni Solina na ang pinagbatayang ito ay isa lamang salin at hindi orihinal. Halimbawa, ayon kay Sabino, isa sa mga pangalan ng Dios na binabanggit sa Bibliya ay Aha.[28] Bagama't ang ibang nga pangalan na kanyang ibinigay—Eloim (sic), El Shaddai at Jehovah Sabaoth—ay mula sa orihinal na Hebreo, ang salitang Aha ay makikita lamang sa Ingles. Sa Psalm 40:16 (Mga Awit 4:15 at 35:21)[29], sinasabi na, "Let them be dismayed in their shame,

who say to me, "Aha, aha!" Sa orihinal na Hebreo, ang mga salita ay הֶאָח הֶאָח o HACh.[30]

Gamit ng Oracion. Karaniwan, hindi nagbibigay ng oracion ang mga nagtitinda ng anting-anting. Ayon kay Mang Ben, ang salita ng Dios ay hindi ipinagbibili, gusto man nilang makatulong. Subalit kung magpakita ng tunay na interes sa paghahanap sa Dios at sa pag-arok ng kaalamang ispiritwal ang isang tao, tinuturuan naman siya ng mga taong nakakaalam, kahit unti-unti lamang. Sinipi ni Mang Ben ang Bibliya: "Mag-ipon ng kayamanang di tinatanga; hanapin ang kaharian ng Dios at ang lahat ay ibibigay sa iyo."

Ganito ang paliwanag kung bakit lubhang pinahahalagahan at iniingatan ang oracion:

Ang oracion ay mga salita ng Dios. Ang oracion ay maaari ring mga lihim na pangalan ng Dios. May hawak na kapangyarihan ang isang taong nakakaalam ng mga oracion sapagkat ang bawat oracion ay may kapangyarihang lumikha at magwasak, at gumawa ng himala at kababalaghan.

Ang oracion—na kung hindi pidgin Latin ay nasa wikang accadian—ay hindi ordinaryong panalangin. Ang mga salitang ito ay ginagamit upang manawagan sa Kadeusan upang gampanan ang sinasabing gamit o kapangyarihan ng anting-anting. Tinatawag din itong "miracle words" o "power words." Sa pamamagitan nito ay nakagagawa ng sarisaring kababalaghan.

Ang oraciong ginagamit upang dagliang manawagan sa espiritu ay tinatawag na "llave" o "susi." Oracion ang "pagkain" ng anting-anting at oracion din ang ginagamit sa ritwal ng consagracion o pagbabasbas sa anting-anting. May mga oracion din na "Palakas ng Oracion" at "Palakas at Susi sa Lahat"—parang isang "master key" na magbubukas sa pinto ng lahat ng kapangyarihan.

May mga oracion na nagsisilbing panalangin o dasal na "pagkain" ng anting-anting at ginagamit upang manawagan sa partikular na Kadeusan na pinatutungkulan ng oraciong nakaukit sa medalyon. Itinuturing itong sagrado at lihim na karunungan ng mga taong nag-iingat nito.[31]

Nasa mga Larawan 5.10 at 5.11 ang mga oracion para sa Sagrada Familia, Santisimo, San Miguel Santiago at 7 Llaves [32]

Maaaring sa tingin ng karaniwang tao ay pabalbal ang mga salitang ginagamit sa oracion. Ngunit kung susuriin, kamangha-mangha ang pagiging eksakto ng mga salitang ito. Bagamat nagkakaiba ang mga ito sa baybay (dahil marahil isinusulat mula sa memorya), naroroon pa rin ang pagsisikap na panatilihin ang orihinal na oracion o salita.



Larawan 5.10. Oracion ng San Miguel Santiago at Sagrada Familia at Santisimo



Larawan 5.11. Oracion sa 7 Llaves

Ginagamit ang mga oraciong "Palakas at Susi sa Lahat" at ang "Palakas ng Oracion" upang maging higit na mabisa ang oracion sa panggagamot.

Consagracion ng Anting-anting

Iba't iba ang paniniwala kung paano pasisimulan ang paggamit ng anting-anting. May nagsasabi na ang bagong medalyon ay dapat munang dumaan sa apat na elemento—apoy, hangin, tubig, at lupa. Isang paraan ito upang linisin ang anting-anting at "gisingin" ang bisa nito bago pa man "consagrahin" o gawing banal. Gagawin ito sa loob ng tatlong araw, sa tatlong magkakasunod na unang Biyernes ng tatlong magkakasunod na buwan. Halimbawa: mula sa unang Biyernes hanggang Linggo sa buwan ng Hulyo (tatlong araw), nakabaon sa lupa ang anting-anting; sa susunod na unang Biyernes hanggang Linggo ng Agosto, nakababad ito sa tubig. Ipagpapatuloy ito hanggang sa makumpleto ang ritwal ng puripikasyon sa pamamagitan ng apat na elemento.

Nakabatay ang pamamaraan at ritwal sa maisip o kinagawian ng isang tao. Maaari niyang ilagay ito sa bubong ng bahay at ibilad sa araw para sa apoy at hangin; ibabad sa tubig ng isang sagradong balon; at ibaon sa lupa. O kaya naman, idarang sa apoy ng kandila, ilubog ng isang araw sa distiladong tubig, paikutin sa hangin, at sa bandang huli, balutin ang anting-anting sa pinong lupa.[33] Hindi naman eksaktong sinusunod ang tatlong araw na paglalantad ng anting-anting sa apat na elemento. Maaaring gawin ang lahat sa loob ng isang araw lamang, depende sa paniniwala ng taong gumagawa ng ritwal. Sa paggawa ng medalyon, sadyang ginagamit ang apat na elemento kaya may paniwala ang iba na hindi na kinakailangang idaan pang muli sa mga ito ang anting-anting.

Walang tiyak na alituntuning sinusunod kung anong araw o oras dapat gawin ang ritwal.[34] May nagsasabing magandang gawin ito kung Biyernes, lalo na't Biyernes Santo. May nagsasabi namang Martes. Para sa iba, magagawa ito kahit anong araw dahil "lahat ng araw ay ginawang mabuti ng Dios."

Tungkol sa oras, may naniniwala na magandang gawin ang ritwal tuwing umaga pagkagising, upang magkaroon ng sariwang "karga" o bisa sa araw na iyon. Para naman sa iba, minsan lamang gawin ang ritwal ay sapat na, tulad ng binyag ng mga Kristiyano na minsan lamang ginagawa sa buhay ng isang tao.

Binibigyang-buhay ang anting-anting sa pamamagitan ng lihim na pagdarasal nang pabulong o sa isip. Sapagkat panalangin ang nagbibigay ng bisa sa anting-anting, hindi maihihiwalay, kung gayon, ang pagdarasal sa proseso ng "pagkakarga."

Iba't iba ang mga terminong ginagamit kaugnay ng ritwal ng pagbuhay sa anting-anting: pagpapagana, pagpapabisa, pagpapaandar, pagbubuhay, pagkakarga (*charge*) tulad sa baterya, pagbibinyag, at pagkokonsagra (tulad sa *consecration* ng ostiya ng mga Katoliko).

Kung tutuusin, ang medalyon—tulad ng ostiya na nagiging katawan ni Kristo sa ritwal ng misa—ay hindi na isang ordinaryong medalyon lamang pagkaraan ng ritwal. May kapangyarihan na ito ng Dios; isa nang sagradong bagay na tagapagpaalala sa taong nag-aalaga sa mga kapangyarihang nakapaligid sa kanya. Ang anting-anting, sa paglakad ng panahon, ay nagkakaroon ng sariling kapangyarihan, hindi man "alagaan" o "pakainin" ng dasal.

May paniwalang maaaring maging panghabang-panahon ang buhay o bisa ng medalyon depende kung sino ang nagbigay-buhay rito. Ang anting-anting, kung gayon, ay mananatiling makapangyarihan sa kamay ng taong marunong gumamit nito. Sa Peter's Mystical Book Center, konsagrado na ang mga anting-anting at iba pang gamit. Ayon sa nagtitinda, hindi na kailangan ang oracion sapagkat may bisa na ang mga medalyon nila. Gayunman, higit itong magiging mabisa at makapangyarihan kung batid ng nag-aalaga ang partikular na oraciong ginagamit sa hawak niyang anting-anting. Hindi ibinibigay ang oracion dahil nangangamba ang mga nagtitinda na baka gamitin iyon sa masamang paraan at silang nagtinda ang "balikan" o parusahan.

Pamamaraan ng consagracion. Ayon kay Ka Bert, upang gumana ang anting-anting ay sapat nang dasalan ng mga sumusunod: isang "Ama Namin," isang "Aba Ginoong Maria," isang "Luwalhati," at isang "Sumasampalataya." Ibinubulong naman ni Ka Ambo ang oracion sa medalyon at ayon sa kanya sapat na iyon upang magkabisa ang anting-anting. Mapapansin na hango sa mga aklat at librito ni Sabino ang oracion ni Ka Ambo sa consagracion subalit mas maigsi nga lamang (Larawan 5.12). Ang acrostic ng "Ito ang Buhay" ay JAH, JAH, AHA, HAH na ibig sabihi'y Tatlong Persona o Infinito Dios.

Nakalimbag sa isang polyeto ang "opisyal" na paraan ng consagracion ng Peter's Mystical Book Center. Kasama sa polyeto ang mga tagubilin (sa Ingles at Tagalog) kung paano aalagaan ang anting-anting upang hindi mawala ang bisa nito (Larawan 5.13).

Hindi simple, tulad ng mga nauna, ang paraang ginagamit ni Demetrio Sibal (yumao na) sa consagracion "sa gamit (sa Tao, Medalyon, Talisman, Rebulto, Librito at Chaleco)." Lahat ng karunungang esoteriko ay pinagsama-sama ni Sibal sa isang librito, *Aklat Secreto ng Kabalistico*. Mababasa sa nalathalang anunsiyo sa katalogong *New Exciting General Catalog* kung ano ang kanyang paniniwala rito.



(Ito ang buhay)
JAH AHA HAH
JOHAOC ABHA HICAAC
AERISIT HOCTACSIT ALIMIRACTIM
HOCMITAC AMINATAC HIPTAC

(pang buhay ng gamit)
JUA AHU HAI JAH (AH hinga).

(Consagracion gamit)
NIUM CIM ET SIGNUM

(Consagracion 3 Persona)
CREUM DUM DEUM DEUS ANIMASOLA
DEUS MATER, DEUS PATER, DEUS FILII,
DEUS ESPIRITO SANTO, DEUS OMNIPOTENCE,
DEUS HUM, DEUS HAM, DEUS HAH,
TE BAUTECE.

Larawan 5.12. Oracion ni Ka Ambo na pang-consagra

Nakahanay sa *Aklat Secreto...* ang sunud-sunod na mga hakbang sa consagracion. Marami sa mga panalangin ang nasusulat sa pidgin Latin gaya ng "Ama Namin," "Aba Ginoong Maria," "Luwalhati" at "Sumasampalataya." Ang ibang dasal naman ay patungkol sa Kadeusan na lumitaw sa klasipikasyon ng anting-anting: kay Animasola at 7 Kanunununuan. Mukhang higit na seryoso at "propesyonal" ang ganitong paraan sa pag-aanting at yaong gumagamit nito'y may malalim na kaalamang ispiritwal.[35]

Makikita sa naging pagtalakay sa kultura ng anting-anting na ang tradisyong Tagalog ay malayo sa tradisyong hermetiko ng kabalisticong mahika, sa maraming aspeto.[36]

Sa tradisyong hermetiko, hindi maipamamana o maisasalin sa iba ang anting-anting dahil may posibilidad na hindi ito makasundo ng bagong may-ari. Bago gamitin ng pinamanahan ng anting-anting, dapat muna itong idaan sa pagsubok upang malaman kung "malamig" o hindi sa bagong may-ari. Bago muling buhayin ang anting-anting, kailangan munang "linisin" ito upang maalis ang mga "bakas" (*vibration* kung sa slang na Ingles) ng dating may-ari. "Nalilinis" ang anting-anting kapag pinararaan ito sa apat na elemento: apoy, tubig, hangin at lupa. At sa halip na ipamana, mas mainam na sirain na lamang ang anting-anting kung wala nang paggagamitan pa ang may-ari.

PETER'S Mystical Book Center

HOW TO CONSECRATE YOUR OWN TALISMANS, NECKLACES, AMULETS, HANDKERCHIEFS, MYSTICAL HERBS AND MYSTICAL BOOKS IN ORDER TO REVIVE THEIR MYSTICAL POWER.

According to our latest research, in order that your Talisman will become more effective, you must consecrate each of them personally.

The exclusive and proper ways of consecrating your own Talisman from our office for effective Mystical Power are as follows:

1) It should be done only during first FRIDAYS of any month.
2) It must be in the morning between 7:00 to 9:00 o'clock. In the afternoon, between 3:00 to 6:00 o'clock only.
3) It is better not to commit sins for 3 days before the consecration. Fasting or Purification can be done.

—HOW TO CONSECRATE—

In your private room where nobody can disturb you, place your Talisman to be consecrated in your left palm. Kneel down facing EAST and make the sign of the Cross. Pray 1 (one) I BELIEVE, 3 (three) OUR FATHER, 3 (three) HAIL MARY and 3 (three) GLORY BE. After your prayer, recite the following BLESSING over your Talisman in your left palm for 3 times:

"IN THE NAME OF THE GOD THE FATHER, AND OF GOD THE SON, AND THE HOLY SPIRIT, AMEN . . . . "
"ALMIGHTY AND ALL WISE FATHER OF ALL PEOPLE,I HUMBLY BESEECH THY DIVINE AID IN THE FURTHERANCE OF MY PRAYER, BLESS THIS . . . .
(mention the name of your talismen, books, etc.) BLESS THIS HUMBLE PENTACLE, SUPPLICANT, MAY YOU IN YOUR DIVINE WISDOM AND MERCY FIND IT ACCEPTABLE IN YOUR SIGHT TO HELP ME IN MY QUEST, AMEN."

After this consecration, place your Talisman in a suitable box and don't touch it for 24 hours. After that, you can use already this Talisman. When using pray 1 (One) I BELIEVE, 3 (three OUR FATHER, 3 (three) HAIL MARY and 3 (three) GLORY BE, consecutively for 9 nights. After 9 nights, you can discontinue or continue the prayer. After your prayer, don't forget to make your REQUEST. This consecration must be done for every Talisman. Don't consecrate 2 or 3 Talismans at one time!

—PRECAUTIONS—

1) When using this Talisman, don't let anybody borrow or touch it.
2) If you are married, remove this Talisman before going to bed. Remove also when taking a bath.
3) Don't bring this Talisman to night clubs, motels, sauna bath or red house.

ANG WASTONG PAMAMARAAN NG "PAG-"CONSAGRA" NG INYONG TALISMAN, MEDALYA, KUWENTAS, LIBRITO, PANYO, MYSTICAL HERBS AT MYSTICAL NA KAGAMITAN UPANG MAGKAROON NG BISA.

Ayon sa aming pinakabagong pananaliksik, ang inyong Talisman o Librito ay lalong magiging mabisa kung kayo ang siyang mag-kokonsagra nito: Kaya't naito ang lihim na pamamaraan ng pag-kokonsagra ng mga mystical na kagamitan na galing lamang sa aming opisina.

1) Ang inyong talisman ay dapat konsagrahan lamang sa unang biyernes (First Friday) ng alin mang buwan. Maari din na magkonsagra kahit ordinaryong Biernes. Subalit dapat ulitin ang konsagracion sa susunod na "First Friday."
2) Ang pag-kokonsagra ay dapat gawin lamang sa pagitan ng ika-7:00 hanggang ika-9:00 ng umaga. Sa hapon naman ay sa pagitan ng ika-3:00 hanggang ika-6:00 ng hapon. Ang pagkokonsagra ay dapat gawin lamang ng isang beses. Kapag nakonsagrahan na sa umaga, hindi na dapat ulitin sa hapon, at sa susunod pang "First Friday."
3) Lalong makabubuti kung hindi gagawa ng kasalanan sa loob ng tatlong araw bago magkonsagra. Mainam rin na mag-"FASTING," "FURIFICATION," o MAGKUMPISAL at MAGKUMUNYON.

—WASTONG PAMAMARAAN—

Gawin ang pagkokonsagra sa inyong silid na walang makakakita. Ilagay sa kaliwang palad ang inyong talismang kokonsagrahan,. Lumuhod na nakaharap sa silangan (EAST) at magdasal ng 1 SUMASAMPALATAYA, 3 AMA NAMAIN, 3 ABA GINOONG MARIA at 3 GLORIA PATRI. Pagkatapos, dasalin ng tatlong beses ang sumusunod na "blessing" habang nakatitig sa talisman na nasa inyong kaliwang kamay:

"IN THE NAME OF THE GOD THE FATHER, AND OF GOD THE SON, AND THE HOLY SPIRIT, AMEN . . . . "
"ALMIGHTY AND ALL WISE FATHER OF ALL PEOPLE, I HUMBLY BESEECH THY DIVINE AID IN THE FURTHERANCE OF MY PRAYER, BLESS THIS . . . .
(mention the name of your talismen, books, etc.) BLESS THIS HUMBLE PENTACLE, SUPPLICANT, MAY YOU IN YOUR DIVINE WISDOM AND MERCY FIND IT ACCEPTABLE IN YOUR SIGHT TO'HELP ME IN MY QUEST, AMEN". . .

Pagkatapos nito, ilagay ang talisman sa sobre, kahon o jewelry box (huwag isasama sa ibang bagay o gamit) at ilagay sa altar, aparador o "drawer" na may susi. Huwag gagalawin o hihipuin sa loob ng 24 na oras. Pagkaraan nito puwede ng gamitin ang talisman. Makabubuti rin ang habang ginagamit ang talisman ay magdasal ng 1 SUMASAMPALATAYA, 3 AMA NAMIN, 3 ABA GINOONG MARIA, at 3 GLORIA PATRI sa loob ng sunod-sunod na 9 na gabi. Sa ika-10 araw maari ng huwag ituloy o ituloy ang pagdadasal gabi-gabi. Huwag kalimutan na banggitin ang KAHILINGAN pagkatapos magdasal. Ang mga Talisman o libro ay dapat konsagrahan ng isa-isa. (Isang konsagracion bawat isang Talisman). Yaong mga "HERBS" na iniinom at ipinaliligo katulad ng Beth Root, Five Finger Grass, Basil Sweet, etc., ay maari ng gamitin pagkatapos na makonsagrahan. Hindi na dapat pagdasalan pa ng 9 na gabi.

—MAHALAGANG TAGUBILIN—

1) Habang ginagamit ang inyong Talisman ay huwag ipahihiram o ipahihipo sa iba.
2) Kung kayo ay may-asawa, alisin ang Talisman bago matulog. Alisin din kung maliligo.
3) Huwag dadalhin ang mga talisman o Librito sa mga bahay aliwan, sauna bath at motel.

Larawan 5.13a. Pamamaraan ng consagracion ng Peter's Mystical Book Center (Ingles at Tagalog)

PRAYERS(ENGLISH)

OUR FATHER:

Our Father, who art in heaven, hollowed be thy name, thy kingdom come, thy will be done on earth as it is in heaven.

Give us this day our daily bread and forgive us our trespasses as we forgive those who trespassed against us and lead us not into temptation but deliver us from evil. AMEN.

HAIL MARY:

Hail Mary full of grace, the Lord is with thee; blessed art thou amongst women and blessed is the fruit of thy womb Jesus.

Holy Mary Mother of God, pray for us sinners now and at the hour of our death. AMEN.

GLORY BE:

Glory be to the Father and to the Son and to the Holy Spirit.

As it was in the beginning, is now and ever shall be world without end. AMEN.

I BELIEVE (APOSTLE'S CREED):

I believe in God, the Father Almighty, creator of heaven and earth and in Jesus Christ, His only Son, our Lord, who was conceived by the Holy Spirit, born of Virgin Mary, suffered under Pontius Pilate, was crucified, died and was buried. He descended into hell, the third day He arose again from the dead; He ascended into heaven, sitteth at the right hand of God the Father Almighty, from thence He shall come to judge the living and the dead. I believe in the Holy Spirit, the Holy Catholic Church, the communion of saints, the forgiveness of sins, the resurrection of the body and life everlasting. AMEN.

DASAL SA TAGALOG

AMA NAMIN:

Ama Namin, sumasalangit ka, sambahin ang ngalan mo, mapasama kami sa Kaharian Mo, sundin ang loob mo dito sa lupa kapara ng sa langit.

Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw, at patawarin Mo kami sa aming mga utang para ng pagpapatawad namin sa nagkakautang sa amin, at huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya Mo kami sa dilang masasama. AMEN.

ABA GINOONG MARIA:

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasiya, ang Panginoong Diyos ay sumasainyo, bukod kang pinagpala sa babaing lahat at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin Mo kaming makasalanan ngayon at kung kami'y mamamatay. AMEN.

LUWALHATI (GLORIA PATRI):

Luwalhati sa Ama, at sa Anak at sa Diyos Espiritu Santo.

Gaya noong una, ngayon at magpasawalang hanggan, SIYA NAWA.

SUMASAMPALATAYA:

SUMASAMPALATAYA ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo iisang anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang tao, siya'y lalang ng Diyos Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen, pinagpakasakit ni Poncio Pilato, IPINAKO sa krus, namatay at ibinaon, nanaog sa impierno, nang may ikatlong araw ay nabuhay na mag-uli, umakyat sa langit doon naluluklok, sa kanan ng Diyos Ama na makapangyayari sa lahat. Doon magmumula, paririto at huhukom sa nangabubuhay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Espiritu Santo, sa Santa Iglesiya Katolika, sa kasamahan ng mga Santo, sa ikawawala ng mga kasalanan at sa pagkabuhay na mag-uli ng nangamatay na tao at may buhay na walang hanggan, SIYA NAWA.

Larawan 5.13b. (karugtong) Mga Panalangin

AKLAT SECRETO
NG
KABALISTICO

NGAYON! Sa kaunaunahang pagkakataon ay naririto na, ang pambihirang AKLAT SECRETO NG KABALISTICO. Ang kapangyarihan sa KABAL at KUNAT na magagawa ng isang tao sa kapakanan ng kanyang sarili na maligtas sa mga PANGANIB, Sa PAGKALALAKI tungo sa kanyang KATANYAGAN. Ang aklat na ito ay lubhang makapangyarihan. Ang sino mang nagmamais na mag-angkin ng ganitong KAPANGYARIHAN ay makakaasa na magkakaroon ng KABAL at KUNAT sa katawan upang hindi TABLAN ng BALA ng BARIL o PATALIM sa loob ng 24 Oras. at sundin lamang ang mga alituntunin o pamamaraan na dapat gawin ay hindi kayo mabibigo at iyan ay matutupad, at narito pa rin upang inyong matutuhan sa AKLAT na ito ang PAGKO-CONSAGRA sa mga gamit (sa Tao, Medalya at Chaleco). Ang kabilin-bilinan ko lamang sa mga taong mag-iingat ng karunungang ito ay dapat ang magpakahinahon, igalang ang kahinaan ng kapuwa, at huwag gagamitin sa kasamaan, sapagkat kapag ito'y inyong ginamit sa kasamaan ay may hangganan o katapusan.

Ang mga nilalaman sa Aklat na ito ay pawang mga ORIHINAL sa SALITA at totoong MAKAPANGYARIHAN. Tunghayan ang mga sumusunod:

1. (a) Pag-aayos ng mga gamit na Ko-Consagrahan sa ibabaw ng lamesa na paharap sa ALTAR.
   (b) Mga materiales o mga gamit na kailangan sa CONSAGRACION.
2. Mga Panalangin at Dasal bago Mag-Consagra, Mag-Buhay at Mag-Binyag sa mga gamit.
   (a) Panalangin ng PAGLILINIS sa sarili.
   (b) Panalangin sa SAGRADA FAMILIA O TATLONG PERSONAS.
   (c) Panalangin sa IISANG MATA (AMANG DIOS).
   (d) Panalangin sa ANIMASOLA.
   (e) Panalangin sa KALIGTASAN.
   (f) Panalangin at pagbati sa ANGEL DE LA GUARDIA.
   (g) Panalangin sa 7 — KANUNUNUNUAN.
   (h) Panalangin sa MAHAL NA VIRGEN.
   (i) Magdasal ng isang CREDO (SUMA SAMPALATAYA).
   (j) Magdasal ng isang LA SALVE (ABA PO SANTA MARIANG HARI) Pagpupuri sa INANG VIRGEN.
   (k) Magdasal ng isang EL AVE MARIA (ABA GINOONG MARIA). Ito ang salitang ginamit ng ANGEL SAN GABRIEL na sinugo ng DIOS ng batiin ang SANTA MARIA.
   (l) Magdasal ng isang PATER NOSTER.
   (m) Magdasal ng isang EL GLORIA.
3. (a) CONSAGRACION sa mga Gamit.
   (b) PAGBUHAY sa mga Gamit.
   (c) PAGBIBINYAG sa mga Gamit.
   (d) CONSAGRACION sa TAO.
4. Tatlong CIRCULO ng KABALISTICO. Ito'y PANUBO, KABAL AT KUNAT sa katawan ng Tao laban sa BALA ng BARIL AT PATALIM na PANG 24 ORAS.

Ito'y mga ORIHINAL na salita at walang ORACION na pinutol sa AKLAT na ito upang malubos ang KAPANGYARIHAN. Ipadadala agad sa inyo ang AKLAT SECRETO NG KABALISTICO pagkatanggap namin ng halagang ₱24.95 bilang limos. Kumilos ngayon din.

Larawan 5.14. Aklat Secreto ng Kabalistico

PAGKOCONSAGRA sa mga gamit (sa Tao, Medalya, Talisman, Rebulto, Librito, at Chaleco.) Ang kabilin-bilinan ko lamang sa mga taong mag-iingat sa karunungang ito ay dapat tuparin ang magpakahinahon, igalang ang kahinaan ng kapwa at huwag gagamitin sa kasamaan, sapagkat kapag ito'y inyong ginamit sa kasamaan ay may hangganan o katapusan.

Ang mga nilalaman sa aklat na ito ay pawang mga original na salita at totoong makapangyarihan. Tunghayan ang mga sumusunod.

1. Bago magconsagra o magbuhay ng mga gamit sa harap ng altar ay maglagay muna sa lamesa ng mga sumusunod:
   a) Dalawang kandilang perdun o kahit na dalawang ordinaryong kandila.

2

   b) Isang basong tubig ulan, ito'y primerong patak ng ulan sa buwan ng Mayo o kahit na tubig sa gripo ay maauri din.
   c) Isang basong Tinto Dulce, ito'y inumin ng taong magpapa-consagra o matapos ma-consagrahan. Kaunti lamang ang inom ng Tinto Dulce ng mga taong matapos maconsagrahan.
   d) Bato Ara. Ito pong Bato Ara ay isang bato na katulad ng isang marmol na pinagpapatungan ng Kalis sa pagmimisa ng Pari. Kahit po wala nitong Bato Ara ay puede rin.

PAUNAWA: Lahat ng gamit ay nakalatag sa lamesa at bago magsimula ng pagkoconsagra at magbuhay ay usalin muna sa sarili itong mga sumusunod:

1. Panalangin ng PAGLILINIS sa

3

sarili.

O Dios ko, ikinalulumbay ko ang mga kasalanan ko at di na ako muling magkakasala sapagkat napakabuti mo at ikaw ay iniibig ko.

ANIMA CHRISTE SANCTISSIMA SANCTIFICAME CORPUS CHRISTE SACRATISSIMUM SALVAME SANGGUIS CHRISTE PRETIOSISSIME INEBRA ME AQUALATERIS CHRISTE PURISSIMA MUNDAME SUDOR VOLTUS CHRISTE VIRTUOSISSIME SANAME PASSIO CHRISTE PISIMA CONFORTAME OH BONE JESUS CUSTODIME INTRA VULNERA TUA ABSCONDEME NON PERMITAS ME SEPARARE ADTE

4

ABHOSTE MALIGNO DEFFEU DE ME IN HORA. MORTIS VOCAME JUBE ME. VENIRE ADTE ET PONE ME JUXTATE UT CUM ANGELIS ET ARCHANGELIS TUIS LAUDEM TE PER INFINITA SECULA SECULURUM AMEN ANIMA DOMINUS DEUS SABAOTH CHRISTE JESUS JESUS JESUS CORPUS CHRISTE ATUM PECATUM EGOSUM JERUSALEM BARSEDIT LAVAME SALVAME.

2. Panalangin sa SAGRADA FAMILIA O TATLONG PERSONAS:
JESUS DOMINO NIÑO JESUS QUEM TEMBLA EL NIÑO, JESUS, MARIA Y JOSEP ET VERBUM ACTUMES ET HAVIT ABIT HINOBIS ANGELORUM

5

DOMINO AVE VERITAS NUTIS PULISTAS SABUTOLARO BIJILA LENISTE NAZARENUM ATAMIA MITAM NUDIRIGNUM CABIBINIO CABILIGNUM MOMENTUM TISDE SAPITISEM SUBSUM SANCTUM.

3. Panalangin sa ANIMASOLA (SOLO DIOS O INFINITO DEUS) ESPIRITUS SANCTI SALVATOR SAR MUNDI ECAM PATER DEUS AECAM ASTROS DEL MUNDO VAECAM SALVAME ELUM JUB ELIM JUCAC EJEDRES VAITO ESPIRITO SANCTI SALVAME VERAGA HECOA QOE HEOC ECAM VAICAM AEICAM AECAM ELIM SANCTE EVE SALVAME.
4. Panalangin sa KALIGTASAN:
JESUS JESUS JESUS DOMI-

6

NUS DEUS SABAOTH PATRE IN DEUM LIBRANOS PACTUM SABAOTH MATAM MOMIT MITAM GRAGAR ABDIG SANTO OMO DEDADOG SALINDANG BAY'OY JUB JUCAC VERBUM.

5. Panalangin at pagbati sa ANGEL DE LA GUARDIA:
ANGEL ng DIOS, tagatanod kong mahal, na ang PANGINOON sa iyo ako'y hinabilin, sumapiling kang lagi, ANGEL na BANAL, ako'y TANGLAWAN, INGATAN, PAMAHALAAN at AKAYIN. IN CONSPECTUS ANGELORUM PSALM TIBI DEUS MEUS ADORABLE AL TEMPLUM SANCTUM TUUM ET CONFITEBUR NOMINE TUO MACMAMITAM SALDEDAS LUMPACAS PEREIT AVOBIS CAPACSAC COPNUM PANAPTAM SABAB

7

Larawan 5.15. Pagkokonsagra

Sa consagracion sa tradisyong hermetiko, pinag-aaralan at pinipiling mabuti ang tiyak na oras at araw kung kailan gagawin ang ritwal. Malaki ang kinalaman dito ng astrolohiya: isinasaalang-alang sa pagpili ang impluwensiya ng mga planeta at ng kanilang nakapangyayaring mga anghel sa partikular na araw at oras.

Lahat ng nabanggit ay hindi binibigyang-halaga sa tradisyong Tagalog. Ang tanging pinahahalagahan ay ang lihim na consagracion at pag-aalaga ng anting-anting. Binago ng mga Tagalog ang ilang konseptong hermetiko at kinuha lamang ang ilang bagay, tulad ng malawak o palasak na gamit ng Kristiyanong motif sa pagbubuo ng kasalukuyang anyo.[37]

Paggamit, Pag-aalaga, at Pagsubok sa Anting-anting

Pagkatapos ng consagracion, ang anting-anting ay kailangang "pakainin" ng panalangin ng may hawak: tahimik niyang dadasalin (sa isip lamang) ang mga oraciong ibinigay sa kanya. Ang mga oracion, tulad ng mantra sa yoga, ay hindi dapat binibigkas nang malakas sapagkat, ayon kay Mang Ben, nakapipinsala sa espiritu ang gayong paraan ng pagdarasal. Kapag sinambit nang malakas ang oracion at pangalan ng mga Dios, maaaring magkaroon ng singaw o putok sa gilagid at labi ang isang tao, ayon pa rin kay Mang Ben na nagkaroon na ng ganitong karanasan.

Ang oracion ay dapat taimtim na isaisip at isapuso, kalangkap ng matinding debosyon, konsentrasyon, at pananalig na ang mga salitang minememorya ay makapangyarihan at may kakayahang manawagan at magpakilos sa espiritu upang tumulong sa debotong nangangailangan.

Nagbigay si Ka Ambo ng isang kongkretong halimbawa kung paano ginagamit ang anting-anting na Infinito Dios. (Larawan 5.16) Ayon sa kanya, ang 24 na alagad ng Infinito Dios—nakabalabal din sa Atardar o Dios Ama—ay tumutukoy sa bawat oras sa loob ng isang araw (24 na oras). Kung susundin ang kanyang sinabi, si Hocmon ay ala-una; si Amoman ay alas-dos, hanggang makarating sa huli. Bawat espiritu ay nakakapangyari sa bilang ng oras na katapat o nakatoka sa kanya. Kung sino ang nakatapat sa isang partikular na oras na may pangangailangan ang tao, ang partikular na espiritung iyon ang dapat tawagan. May kapangyarihan ang espiritu na magligtas sa panganib, makatulong sa panggagamot, magbantay, magpalayas sa masasamang espiritu, magtamo ng lakas, magpabilis, magpatapang, magpakabal, magpakunat, magsa-tagaliwas, magsa-tagabulag, at iba pa.

Lahat ng anting-anting ay hindi dapat gamitin sa sugal, sa pananakit o pamiminsala sa kapwa o sa anumang layuning masama.

May detalyado ring gamit ang mga anting-anting na Birhen Nagpapasuso at ang Siete Arkangheles mula sa Saldem Commercial. De-kahon o may sinusunod

na pormularyo sa paggamit ng anting-anting: ang pagdarasal sa sunud-sunod na pitong Biyernes at pagkatapos tuwing Biyernes, Oracion ng Panalangin, Kahilingan, Basag at Pampalakas ng Anting-Anting, Llave o Susi. Iisa lamang ang ginagamit na oracion ng pagpapalakas ng talisman. Ang pinakasikreto talaga sa mga papel na ito ay ang llave o susi na kagyat na panawag sa espiritu. Bilang pag-iingat, isinusulat lamang ito ni Ginang Sally Sibal kung "nalimusan" na ang papel. Subalit hindi ito garantiya na magiging lihim ang llave o susi sapagkat ipinakokopya (sa pamamagitan ng photocopier) ng mga tindera ng anting-anting sa Quiapo ang papel at "pinalilimusan" din sa mga taong nakakaalam o interesado kung paano ginagamit ang anting-anting. Palihim at hindi lantaran ang ganitong gawain. Hindi nakalantad ang papel at kung iaabot sa taong naglimos, tinutupi ito't palihim kung iabot. Kung minsan pa, itinatanggi ng nagtitinda na may kaalaman siya sa anting-anting kapag sa kanyang tingin ay hindi karapat-dapat ang taong naghahangad nito. Sa haba ng mga oraciong dapat isaulo, talagang napakahalaga ng debosyon, pananalig at pagsasapuso't isip sa mga ito; ng paniniwalang sagrado nga ang mga salitang ito na siyang magliligtas sa tao kung hindi niya unang maisip na kabaliwan ang umasa at isaulo ang mga oracion.

Pag-aalaga ng Anting-Anting. Bukod sa pagkakaroon ng iwing kapangyarihan, naririto ang ilang halimbawa ng mga paniwalang kaugnay sa paggamit ng anting-anting.

May naniniwala na kapag ang anting-anting ay ipinamana o ipinasa ng isang tao sa anak o sa kaibigan, nawawalan na siya ng kapangyarihan at hindi na protektado ng anting-anting. Naniniwala naman ang iba na tumitindi ang bisa ng anting-anting habang nagpapasalin-salin sa mga henerasyon. Sa madaling salita, ang kapangyarihan ng agimat ay naiipon habang ito'y ipinapasa sa iba't ibang tao. Nagiging dahilan ito kung bakit ang kasalukuyang paggawa ng anting-anting ay hinahamak at hindi sinasang-ayunan ng mga nananalig dito.

Kailangan ding ang anting-anting ay isuot na nakadikit sa katawan sa lahat ng oras upang tunay na maging mabisa. Gayunman, sa Cavite, pinaniniwalaan na ang paliligo na suot ang anting-anting ay nagdudulot ng pansamantalang pag-aalis ng kapangyarihan ng anting-anting.[38]

Kaugnay rin ng paniwalang ito ang nangyaring kapahamakan kay Capitan Tui, tauhan ni Apo Ipe ng Santa Iglesia. Bagamat matapang, si Capitan Tui—dahil walang ingat—ay napatay ng mga konstable sa isang engkuwentro sa kanugnog ng Hagonoy, Bulacan.[39] Naniniwala ang iba na nawalan ng bisa ang amuleto ni Capitan Tui sapagkat siya'y basa. Kung tinamaan siya ng bala nang siya'y tuyo, hindi siya mamamatay.



Plate Bilang 325
Infinito Deus

INFINITO DEUS

REX PODERESIMUS MITAM.
O PODER SANCTI SANCTISSIMUS MICAM.
INFINITO DEUS TUDO PODEROSO.
Y UNICO SALVADOR DEL MUNDO.
SALVAME SALVAME SALVAME.
DEUS MEUS MERAM ABIC CATOC.
ASIS EVAM EL PODEROSO MITAM.
LLAMADO REY DE LOS EREJES.
PAX TULLA DIGO MIPHARO DEL RAPTO
SINIS MIPHARO SINIS.

Ipahintulot mo po na matutungan ko ang pangalan na inyong 24 na alagad.

+ OJAE REX + BERBANTIM

NOCNOM
AMOHAM
HUMAAM
JENTIM
NATAC
PAMPANABAL
AQUIAD
AQUIERRA
NUCCIUM
MULATUM
LUMAYUS
ESNATAC
ABERICA
GENTIUM
NATAM
ANIMASUA
SURICAM
MALAMUROC
LAUSBAL
TUCSAM
SUAM
PETRUM
NATUM
GENTILLORUM

EDUC DEUS, GEDUC DEUS, DUC DEUS.
DEUS DEUS DEUS, EGOSUM GAVINIT DEUS
GANPANANIGAN, GANLAPNANIGAN, GALPAGAN
POTESTATIS INFINITOS DEUS IN CORPUS (Lealgapna)
MEUM, COMDERETATIS VERBUM DEUM
DEUS PATER EGOSUM.
ALPE, YUDICA, META, BETA, META, IEDU.
+ OJAE REX + BERBANTIM
DAJITAM DANEM SANCTUM BETE ET
AETERNA ET SALUTARIS TUUM
CALISSIM PERPETUM.

Larawan 5.16. Infinito Deus



HOW TO TAKE GOOD CARE OF YOUR AMULET TO BE MORE EFFECTIVE.

The efficacy and power of an amulet depends not only on the magical symbols or power words shown on it, etc. but also on how it is "Consecrated" and how it is used.

Granting that you already have the amulet, and "Consecrated" it according to our instructions on "How To Consecrate" your Talisman, Amulets, etc. The following are the simple instructions to be strictly followed to get the very best out of your amulet or to be more effective.

1. HOW TO WEAR YOUR AMULET

a) Wear your amulet as a necklace or as a pendant. In this case, make a small hole in one corner of the parchment paper on which the amulet is drawn or printed. Put a golden or silver neck chain through the hole, and wear around your neck under your clothes, in order not to be seen by others.
b) The Amulet may be folded, put into a locket or red flannel bag and wear it like a necklace.
c) Finally, the amulet may be carried or folded in your wallet, purse or in the pocket of your clothes. Always wear or carry your amulet wherever you go. The longer you carry it, the quicker will the expected results come.

2. BE CONSTANTLY AWARE AT THE PRESENCE OF YOUR PARTICULAR AMULET.

Remind yourself always that you have the amulet on your person, and you have as a "COMPANION" a force that is quietly, deligently and powerfully working to your advantage. This is necessary to complement the mystical power of the amulet in order to obtain your desire.

3. DO NOT ALLOW OTHER PERSONS TO TOUCH YOUR AMULET.

a) As much as possible, do not allow other persons to touch or otherwise handle your amulet. Why? Because, whether deliberately or inadvertently, other persons might, if they should touch or handle your amulet, transmit onto/into it negative psychic energies which could, unless removed, cut down the magical power invested in the amulet.
b) It is even better, in addition, that you do not make other persons see your amulet! Perhaps the best way to prevent your amulet being touched or even seen by other people is to fold it and keep it inside a locket which you then hang around your neck by chain or keep (inside a small envelope, bag if you wish) it inside your wallet, purse, handbag, briefcase, etc.

In case your amulet is accidentally touch by other, you must consecrate it again.

4. DO NOT TELL OTHER PEOPLE ABOUT YOUR AMULET.

a) You should not tell anyone about your amulet unless you are certain that they share your interest in the occult.
b) The need to keep quite, or silent, about your amulet and about your occult work in general stems mainly from the fact that the majority of people are afraid of the occult and of people who are associated with it — and what people are afraid of, they tend to attack with all their might! If you did tell just anyone about your amulets, or that you practised magic, etc., they would, probably, not only shun your company and spread false information about but they might also suspect you of being behind their personal problems. Of course you would be innocent of the misdeeds they suspect you of but how are you going to prove that to them?
c) Let your amulet work for you — quietly and effectively. It is not your duty to convince anyone that amulets do work when consecrated and used properly; you could, in your bid to convince, talk to someone from dawn to dusk, and they might still consider you an ass for believing "such things", anyway! So why don't you please let them alone? Let your amulet help you to prosperity-and let other people wonder at your success and "luck"!

5. DO NOT DOUBT THE EFFICACY OF YOUR AMULET.

a) If you should, even before you commence to use your magical amulet, get it into your mind that it would not work, well, then you have succeeded in cutting back drastically its magical power! This is a point you will do well to remember: in all matters spiritual, the degree of one's faith or belief in the particular spiritual formula being used helps to determine the degree of the persons success or failure in the use of formula concerned. It does not matter who or what you are praying to, are asking for help from, or are using: if you strongly disbelieve in its ability to work for you, well, it won't.
b) The uninitiated are, to a large extent, puzzled by magic and by other forms of the occult. How and why, they often ask themselves, do a few (usually silly-sonding) words, phrases and sentences, or some funny-looking symbols drawn on parchment or embossed on metal and carried around, produce such remarkable results? They often conclude that it is illogical that such methods could produce the said effects; that the "effects", should they occur as expected, were the result of pure coincidence!
c) It is quite likely that the person who has had no prior experience with the occult will think this way; the problem is that thoughts like this, when held long and strongly enough, tend to inhibit the effectiveness of the amulet (or other magical/spiritual method) being used. The best attitude to adopt, in a situation like that, is one of open-mindedness. Amulets and other magical devices have been around since prehistoric times; they have been used throughout history by kings, queens, nobility in general, as well as by common ordinary people. Ano they are still being used today in all corners of the world! If there was really nothing in them, it is logical to expect that they would have been out of use centuries ago!

WE HOPE FOR YOUR SUCCESS AND PROSPERITY!

Larawan 5.17. Pag-aalaga ng Anting-Anting

Ang pakikiapid o pakikipagtalik ay isa ring dahilan kung bakit nawawalan ng bisa ang anting-anting. May polyeto ang Peter's Mystical Book Center na nagbibigay ng limang tagubilin kung paano aalagaan ang anting-anting.

Sa pag-aalaga ng anting-anting, ang isang tao ay hindi dapat hakbangan kapag suot ito.[40] Itinuturing na paglapastangan ang paglakdang ng isang mortal na tao sa Kadeusan na nasa anting-anting na suot ng isang tao.

Pagsubok sa Bisa ng Anting-Anting. Dalawang bagay ang kailangan, ayon kay Dr. Bantug, upang magkabisa ang anting-anting: pananampalataya at panalangin (oracion). Hindi kumpleto ang anting-anting, ayon naman sa matatanda sa una, kung walang katambal na librito ng mga panalanging kailangang usalin tuwing hapon sa oras ng Oracion (alas-sais ng hapon). Kay Mang Ben, dapat isaisip ang oracion o panalangin sa lahat ng oras. At kung nag-iingat ng medalyon, dapat itong mahalin habambuhay, huwag kalilimutan kailanman, at laging pakakainin ng dasal.[41] May nagsasabi na gawin ang pagdarasal tuwing Biyernes; may nagsasabi namang gabi-gabi. Ang mga medalyon na gamit sa kaliwa (tulad ng San Benito Bungo) ay dapat dasalan sa pagitan ng alas-dose ng hatinggabi at alas-tres ng umaga. Mahirap

diumanong alagaan ang ganitong medalyon sapagkat kung hindi pakakainin ng dasal, hihilahin nito sa kasamaan ang may tangan.

Binibigyang-diin ang kahalagahan ng paniniwala: kailangang maniwala ang tao sa espiritung tutulong sa kanya. Kung minsang masubok na may bisa nga, iniingatan na ito, at doon nagsisimula o nabubuhay ang paniniwala sa anting-anting. Ayon kay Mang Ben, kailangang isipin ng isang nag-aalaga ng anting-anting na may nakapalibot at nagbabantay sa kanyang mga espiritu o Kadeusan.[42] Kung halimbawang pumikit siya at makita ang Siete Arkangheles, ang Infinito, o ang Animasola, maaari siyang manawagan sa mga ito sa pamamagitan ng oracion. Kung madalas na magpaalala sa espiritu sa pamamagitan ng dasal o oracion, madali itong matatawagan sa oras ng kagipitan o pangangailangan. Walang Dios na lalapit sa tao upang siya'y tulungan. Ayon pa rin kay Mang Ben, walang binigyan ng pangalan na wala. Ang wala ay mayroon.

Ipinakikita sa kuwento tungkol kay Tandang Ano Nasaire ang kahalagahan ng pananampalataya. Ayon kay Mang Ben, pinagkalooban ng anting-anting ng kanyang ama si Tandang Ano bago magtungo sa giyera noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa buong panahon ng digmaan, hindi siya nagkainteres pumatay gayong may hawak na balatik at garan. Nanalig siya sa kanyang anting-anting na ilalayo siya sa panganib at tiyak na kamatayan, na siya ngang nangyari. Pagkatapos ng giyera, nakauwi siya nang buhay. Ayon kay Mang Ben, ang laman ng pulang tela na pinagbalutan ng anting-anting ay tatlong buto lamang ng mais.

May interesanteng kuwento si Dr. Bantug kaugnay ng anting-anting. Tungkol ito sa pagpapanggap niya na nais niyang tumanggap ng inisasyon sa pag-aanting, sa kanyang pagnanais na arukin ang malalim na lihim ng ilang kabalistikong signos o simbolo na makikita sa mga anting-anting at librito.[43]

Sa loob ng tatlong taon, hinintay ni Dr. Bantug ang pagdating ng *tiong-araw* (tawag sa taong nakakaalam ng mga bagay-bagay tungkol sa anting-anting) upang sumang-ayon itong maibahagi sa kanya ang lihim na karunungan. Ang partikular na araw ay Biyernes Santo, alas tres ng hapon, kung kailan pinaniniwalaang binawian ng hininga si Hesus habang nakapako sa krus. (May nagsasabing ito ang partikular na araw dahil patay si Hesus o ang Dios at masusubok kung mabisa ang anting-anting dahil naglipana ang kasamaan.) Nangangahulugan na ito lamang ang *tanging araw* at oras kung kailan ang tiong-araw ay nagbibigay ng anting-anting. Ayon kay Dr. Bantug, ang mga ritwal na ginagawa sa pagsubok sa mga naghahangad ng anting-anting ay ang pagdarasal, pagpepenitensiya, at pagpepetisyon. Para naman sa mga may hawak ng anting-anting, sinusubukan nila sa araw na ito kung ang hawak nila'y may bisa o kapangyarihan pa.

Isang karaniwang paraan ng pagsubok ay ang pagbaril sa anting-anting na isinasabit sa puno na sampung hakbang ang layo sa babaril. Kapag nabutas,

nangangahulugan na wala nang bisa ang anting-anting. Kung sa tatlong beses na pagbaril ay hindi tinamaan o di man lamang nakupi ang medalyon, dalawa ang maaaring ibig sabihin: ang bumaril ay tatlong beses na pulpol, o ang anting-anting ay may bisa pa rin. Subalit ayon kay Dr. Bantug, ang tiong-araw kailan man ay hindi sasabihing hindi asintado.[44] Sa kasalukuyan, may mga sumusubok pa rin sa kanilang anting-anting sa Pagsanjan, Laguna; sa Bundok Banahaw; at sa mga kabundukan ng Tanay at Antipolo sa Rizal.

Para naman sa mga nasa siyudad (di kailangan ang kabal at kunat sa patalim o baril) na ang hangad ay umunlad ang negosyo at maging mapayapa ang pagsasamahan ng mag-asawa, sapat na ang mag-oracion at maniwala. Ang oracion at pananalig ang nagdudulot ng nais na mangyari kahit hindi Biyernes Santo.

Kung bisa ang talagang susukatin, mahirap patunayan o subukin ang galing ng anting-anting. Una, paano isasagawa ang siyentipikong pagsubok sa isang bagay na itinuturing na sagrado? Baka magalit ang mga espiritu sa "paglalaro" ng tao sa kanilang kapangyarihan. Napapahintulutan lamang ang ganito kung Biyernes Santo o Mahal na Araw tulad ng nabanggit na kuwento ng pagbaril ng tiong-araw sa anting-anting na itinali sa puno. Ang lihim na karunungan tulad sa anting-anting ay may ganitong kalikasan:

> *... this science is not a science of argument and open reasoning, but that on the contrary, it is entirely mysterious and occult, we should not argue and deliberate over these matters, and it is sufficient to believe firmly to enable us to bring into operation that which hath already been taught.*[45]

Kahit yaong mga naghahawak ng anting-anting ay bantulot magsalita o magkuwento kung may bisa nga ito o wala. Sasabihin nga nilang may bisa subalit hindi naman nila isasalaysay ang partikular na karanasan na magpapatunay sa bisa ng kanilang anting-anting. May ilang tao na nagsasalaysay ng mga karanasang kaugnay nito.

Si Danny Benitez, 32 taong gulang, Katoliko, at taga-Nueva Ecija, ay dating drayber subalit pagsasaka ang kasalukuyang ikinabubuhay. Asawa niya si Fe Lagmay, 29 taong gulang at isang Aglipayano. May dalawa silang anak: si Jennifer, 2 taon, at Sherylene, 1 taon. Nakatira sila sa 22 Escobar St., Lagmay Residence, San Jose City.

Nakatapos hanggang ikatlong taon ng mechanical engineering si Danny sa University of the East at tapos naman ng BSE si Fe. Nagsimulang manggamot si Fe noong 1976 mula nang siya'y sapian ng Mahal na Birhen.

Nakatagpo ko si Danny sa Peter's Mystical Center nang minsang lumuwas ito ng Maynila dahil pinabili ni Fe ng isang anting-anting na pangontra sa masamang espiritu.

Para tumalab ang kapangyarihan ng anting-anting, ayon sa kanya, kailangan itong ilagay sa altar, dasalan at consagrahin kung Biyernes Santo o Huwebes Santo. Upang maging mabisa, kailangang paniwalaan ang gamit at dasalan ito. Kapag kinontra ang kapangyarihan, hindi ito tatalab. Kung pagdududahan ang bisa nito, dagdag pa niya, kailangang ulitin ang pagdarasal at consagracion.

"Anib" ang tawag niya sa anting-anting. Ang kanya raw "anib" ay upang hindi siya "mabati" ng engkanto. Pangontra din ito sa mga lamang-lupa at masasamang espiritu na naglipana sa mga bundok at bukid. At dahil magsasaka, madalas siya sa gayong mga lugar. Ang gamit niyang anting-anting ay San Zibar at San Miguel Arkanghel.

Wala siyang tiyak na sagot sa katanungan ko tungkol sa bisa ng kanyang anting-anting. Lagi lamang niyang itinutugon na buo ang kanyang paniniwala na ililigtas siya ng kanyang anib sa lahat at kahit anong klaseng kapahamakan. Ni minsan, aniya, sa awa ng Dios ay hindi pa siya nabati o naengkanto ng lamang-lupa o ng masamang espiritu. At para sa kanya, sapat nang dahilan iyon upang alagaan ang anib at manalig dito. Tutal, wika niya, wala namang mawawala sa kanya at natutulungan pa siya.

Iba naman ang karanasan ni Cora Reyes, tindera ng anting-anting sa Quiapo at isang Cursilista. Nang unang ikuwento sa akin ni Aling Cora kung paano siya iniligtas ng anting-anting na Birheng Nagpapasuso/Pagkabuhay, parang isang milagro ang nangyari sa kanya. Ngunit nang usisain ko siyang muli tungkol dito, naging mas natural o mas kapani-paniwala't realistiko na ang mga pangyayari.

Nangyari ito noong 1975. May mga lalaking nagpanggap na magpapagawa ng mga anting-anting. Para raw siyang nagamitan ng hipnotismo ng mga lalaking iyon kaya napasama siya at ang kanyang anak sa isang bahay malapit sa Alfredo's Steak House sa Quezon City. Habang hinihintay ang isa pang kasamahan, niyaya ng mga lalaki na makipagsugal sa kanila si Aling Cora. Noong una ay nananalo si Aling Cora ngunit sa bandang huli ay natalo na siya. Dahil dito, napilitan si Aling Cora, kasama ang anak, na bumalik ng Quiapo upang mag-withdraw ng P7,000.00 sa Philippine Savings Bank doon. At sakay ng taxi kasama ang mga lalake ay muli silang nagbalik sa bahay sa Quezon City.

Sa madaling salita, nagantso si Aling Cora. Nadiskubre niya na inupahan lamang ang bahay ng isang araw, at nang makuha ang kanyang pera ay isa-isang nangawala ang mga lalaking iyon. Habang nagaganap ang lahat, hawak at pinipisil-pisil naman niya ang Birheng Nagpapasuso.

Sa palagay ni Aling Cora, ang pag-usal niya ng oracion at pananalig sa Mahal na Birhen ang nagpabait sa mga lalaki. Sa halip na saktan silang mag-ina, umalis na lamang nang isa-isa ang mga iyon at iniwanan pa sila ng P50.00 na pamasahe.

Bukod sa kuwentong ito, napapansin din ni Aling Cora na sa mga araw na matumal ang benta, sapat nang kalansingin niya sa kanyang bulsa ang anting-anting upang lumapit ang mga mamimili.

Si Lito Bautista ay isa ring tindero ng anting-anting sa labas ng Simbahan ng Quiapo. Ang bisa ng kanyang anting-anting, aniya, ay makikita kung nanghuhuli ng sidewalk vendor ang mga pulis sa Quiapo. Hindi raw siya nahuhuli kahit na nasa tapat na siya ng pulis. Bukod dito, hindi naman daw sila sumasala sa pagkain ng kanyang pamilya—nakapagmi-miryenda pa nga, napag-aaral niya ang kanyang anak, nakababayad sa katulong at sa apartment na kanilang tinitirhan sa Quiapo.

May ibang karanasan si Rudy Musngi, 37 taong gulang, tubong San Simeon, Pampanga. Kapag bumibigat o umiinit sa katawan ang anting-anting, aniya, pahiwatig ito na may darating na panganib. Ito ang patunay na may bisa ang anting-anting sa kanyang buhay. Sa pag-aalaga ng anting-anting, ay naging magaan at maluwag ang buhay niya.

Isang drayber ng taksi na dating kilala bilang "kilabot ng Sampaloc" ang may ganito namang karanasan sa anting-anting. Sisenta anyos si "Tatang" nang makapanayam ko, may labindalawang pinapakain, at dating kawani sa city hall ng Maynila.

"Lampasan" kung tawagin ni Tatang ang hawak na anting-anting. Napatunayan diumano niya ang bisa nito nang ihabla siya sa korte. Sa pagtataka ng marami, napawalang-bisa ang kaso at ang gayong pangyayari, sa tingin niya, ay dahil sa kanyang lampasan. Mahirap matiyak kung anting-anting nga ang tunay na dahilan ng pagka-dismiss ng kanyang kaso. Subalit sa persepsyon ni Tatang, isang milagro ang nangyari, at ang tanging dahilan ay ang pag-iingat niya ng anting-anting na dinadasalan niya tuwing alas-sais ng hapon. Ang tanging hinanakit niya sa buhay ay ang pagkakaroon niya ng mga lasenggong manugang.

Higit na mahalaga ang oracion kay Ben Herrera, isang manggagawa ng anting-anting. Dalawang kataga lamang, ani Mang Ben, ang kanyang ginamit nang binubuhat na siya ng dalawang pulis habang mahigpit siyang nakakapit sa estribo ng Saulog na bus: hindi man lamang daw siya natinag sa kanyang puwesto.

Ang isa pang di-kapani-paniwalang karanasan ni Mang Ben ay noong magsugal siya at biglang maghulihan sa sugalan: hindi raw siya nakikita ng mga pulis kahit siya'y nasa harap na nila. Ang talagang maituturing na milagro, anya, ay nang buhayin niya ang kanyang anak. Patay ang bata nang iniluwal at dahil dito, mataimtim silang nagdasal at inusal ang oracion. Pagkatapos, hiniling niya sa Dios na nais lamang niyang marinig ang tinig ng anak. Pagkalipas lamang ng ilang saglit, lahat silang nangaroon ay hindi makapaniwala nang biglang umuha ang bata.

Kay Mang Ben, ang gayong mga pangyayari ay patunay na may bisa ang anting-anting. Kaya ngayon, pinagsusuot niya ang mga anak ng medalyong may nakaukit

na oracion na kanyang ginamit sa pagbuhay sa isa sa mga iyon. Kapag tinatanong kung sino sa mga anak ang dinasalan niya, ngumingiti lamang siya.

Iba naman ang karanasan ng isang kaibigan na Franciscan Brother at kandidato para sa pagka-Councilor General ng kanilang orden. Humigit-kumulang, 32 taong gulang siya, tubong-Samar, at naglilibot ngayon sa Amerika at Europa kaugnay ng kanyang gawain sa orden.

Isang anting-anting na Siete Arkangheles ang ibinigay sa kanya ng kanyang ama. Lagi niya itong isinusuot subalit isang araw, nang magsisimba na, bigla siyang kinabahan nang kapain niya ang dibdib at wala roon ang medalyon. Bigla niyang naalala na naiwan niya ito sa kanilang banyo. (Matatandaan na isa sa mga ipinagbabawal sa pag-aalaga ng anting-anting ang pagsusuot nito kung naliligo; hindi ito dapat mabasa.) Kaagad siyang nanawagan sa pitong arkanghel at inusal ang oracion. Noo'y nasa kusina ang dalawa niyang kapatid at isang katulong, at naghahanda ng pagkaing lulutuin sa isang mesa. Sa kalapit na banyo, nakita diumano ng tatlo na naglabasan ang pitong lalaki—na malalaki at hukot. Dahil dito, napagalitan siya ng kanyang mga kapatid.

Sinasabi rin ng kaibigang ito na maaari niyang utusan ang isa sa mga arkanghel na bantayan ang isang partikular na tao at—tulad ng isang detektib—mag-report sa kanya kung kanyang nanaisin. Para sa kanya, ang medalyon o anting-anting ay manipestasyon ng Kadeusan o Divino; isa lamang itong tagapagpaalala.

Importante ang oracion at pananalig sa medalyon. Ayon sa kanya, ang pananalig sa anting-anting ay hindi salungat sa kanyang pagiging Franciscan Brother. Nawala ang kanyang anting-anting sa dagat nang minsang tangayin ito ng malaking alon. Naniniwala siya na may kasamang sumpa ang anting-anting: ang sinumang magmay-ari nito ay hindi yayaman. At matatag ang kanyang pananalig na laging may mabuting magagawa ito sa buhay ng humahawak nito dahil galing ito sa Dios.

Ang pagbuhay at pag-aalaga ng anting-anting ay tulad din sa halaman: kailangang diligin araw-araw para hindi mamatay. Kahit na anong gamit kapag hindi pinahahalagahan, wika nga, ay namamatay o nawawalan ng silbi. Ganito ang nangyari kay R., 28 taong gulang, tapos ng A.B. at M.A. Economics sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman.

Nagtatrabaho siya sa shipping at naipadala na sa ibang bansa ng kanyang opisina upang magsanay sa kanyang larangan. Isa rin siyang kinikilalang aktor sa telebisyon at tanghalan. Dati siyang nanghuhula subalit ayaw na niya ngayon. Ayon sa kanya, may misteryo nang mapasakanya ang anting-anting; misteryoso din ang pagkawala nito. May nagsabing maghukay siya sa isang lugar at may matatagpuan daw siya roon. Tunay nga na may natagpuan siyang gintong krusipiho na may puso-puso. Mula noon ay hindi na niya ito inihiwalay sa kanyang dibdib.

Subalit sa pagtagal ng panahon, nakalimutan na niya ang anting-anting at siya'y naging masama. Isang araw, habang nagdadaan siya sa mga nagtitinda ng anting-anting sa Quiapo, bigla na lamang nalagot sa kanyang leeg ang kuwintas na may krusipiho. Dinig na dinig niya ang paglagpak nito sa konkretong kalsada—"tongk! tongk! tongk!..."—pero hindi na niya nakita pa. Kusang dumating ang krusipiho sa buhay niya, kusa ring umalis, at hindi na muling nagpakita pa.

Isinalaysay ni Paramahansa Yogananda, sa kanyang *Autobiography of a Yogi*, na ang kanyang anting-anting ay nagmula sa mga guro ng mga nakaraang buhay—mga gurong kahit hindi nakikita sa kasalukuyang pisikal na buhay ay gumagabay pa rin sa landas na kanyang tinatahak.[46] Nawala rin ang kanyang anting-anting subalit sa pagkawala nito, nagkaroon naman siya ng *guru*.

Mga Tala

[1] Retana, "Prologo." (Madrid, Vda. de M. de los Rios, 1894).

[2] Juan de Noceda y P. Pedro de San Lucar, *Vocabulario Lengua Tagala* (Manila: Imprenta de Ramirez y Giraodier, 1860), p. 366.

[3] Ang nilalaman ng talata ay hango mula sa panayam kay Dr. Jose Bantug sa Kastila sa artikulo na "Anting-Antings, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion" na sinulat ni Roman Joven sa *Philippines Free Press*, Manila, Septiembre 28, 1929, p. 54. Natagpuan ko ang magasin sa Rare Book Collection ng Pambansang Aklatan.

[4] Alfredo C. Robles, Jr., Erie Maestro, Cristina Pargas, Milagros Felipe, Rosemarie de la Cruz, Melinda Agustin, Patricio Abinales, Jr., Mary Ann Maglipon, Erlinda Marzan, "Mga Kilusang Mesiyaniko sa Pilipinas: 1900-1906, Si Felipe Salvador at ang Santa Iglesia," *LIKAS, Dyornal ng Kasaysayan*, Tomo 1, Blg. 1 (Q.C.: U.P. Press, Disyembre, 1976), p. 66.

[5] Roman Joven, p. 54.

[6] *Ibid.*

[7] *Ibid.*

[8] Panayam kay Ginang Concepcion Umali Vda. de Stuart sa kanyang tahanan sa # 66 Lopez-Rizal St., Mandaluyong noong Pebrero 1989.

[9] Joven, p. 54.

[10] *Ibid.*, p. 55.

[11] Joven, p. 63.

[12] Panayam kay Ka Bert Lopez-Santos sa kanyang puwesto sa pintuan ng simbahan ng Quiapo noong ikalawang semestre ng taong aralang 1987-1988.

[13] Galing kay Aling Cristy.

[14] Advertisement na lumabas sa *Philippine Panorama*, Enero 15, 1989, p.21.

[15] Panayam noong Abril, 1989.

[16] "New Exciting Catalog," p. 28.

[17] *Ibid.*, p. 27.

[18] Panayam kay Mang Ben sa kanyang tahanan sa Cavite, ikalawang semestre, 1987-88.

[19] Melencio T. Sabino, *Karunungan ng Dios*, 1955, p. 12.

[20] Francisco R. Demetrio, S.J., *Myths and Symbols Philippines* (Manila: National Book Store, 1978).

[21] Paramahansa Yogananda, *Autobiography of a Yogi* (California: Self Realization Fellowship, 1947).

[22] *Ibid.*, p. 570.

[23] Melencio T. Sabino, *Karunungan ng Dios*, 1950, p. 93.

[24] *LOGOS*, p. 1.

[25] Sabino, p. 8. Ang salin sa Ingles ay mula sa *The New American Bible* (Chicago, 111. Good Counsel Publishers, 1971); Solina, p. 16.

[26] *Ibid.*

[27] Arens, pp. 122-23.

[28] Sabino, p. 398.

[29] *Ibid.* Ang mga sumusunod ang salin ni Sabino: "Mangapahamak nawa sila dahil sa kanilang kahihiyan na nagagsasabi (sic) sa akin, AHA, AHA."

[30] *Ibid.*, p. 40.

[31] Ang mga oracion na ito ay nagmula sa isang nagtitinda ng anting-anting na minarapat ko nang huwag ibigay ang pangalan.

[32] Pumayag si Ka Ambo na ibahagi ang kanyang nalalaman sapagkat naniniwala siya na napapanahon na upang ibunyag ang lihim na karunungan para sa kabutihan ng mas nakakarami.

[33] Solina, p. 23.

[34] *Ibid.*, p. 7.

[35] *New Exciting Catalog*, pp. 27-28.

[36] Ang mga sumusunod ay xerox na kopya ng librito na ang pamagat ay *Aklat Secreto ng Kabalistico*, pp. 2-7. Ito ay sinulat ni Demetrio O. Sibal. Si Ka Ambo ang nagbigay sa akin nitong sipi na punit ang ilang pahina. Nang lumaon sa aking pananaliksik ay natuklasan ko na makabibili pa rin nito sa Saldem Commercial.

[37] Solina, p. 19.

[38] *Ibid.*, p. 20.

[39] *Ibid.*, p. 15.

[40] Joven, p. 54.

[41] Panayam kay Ka Dune Samiano na bayaw ng Suprema ng samahang Iglesia del Ciudad Mistica de Dios sa Parang, Dolores, Quezon.

[42] Panayam kay Mang Ben noong Enero 1989.

[43] Joven, p. 63.

[44] *Ibid.*

[45] S. Liddell MacGregor Mathers, *The Greater Key of Solomon* (Chicago: The de Laurence Company, 1914), p. 57.

[46] Yogananda, p. 22.

[26] Ayon mga [illegible]

[27] Sobral, p. 19

[28] Ibid., p. 20

[29] [illegible]

[30] Jones, p. 64

[31] [illegible]

[32] [illegible]

[33] Jones, p. 63

[34] Ibid.

[35] [illegible] *[illegible]* [illegible] Company, 19[illegible], p. 57

[36] [illegible], p. 22

Panghuling Salita

G. Prospero R. Covar

Sa pahapyaw na tingin, masalimuot ang pagdalumat ng paniniwala at pananampalataya. Ang larangan ay tila buhul-buhol na sinulid na may iba't ibang kulay. Kailangang hulihin ang puno't dulo ng hibla, himaymaying isa-isa at panibagong isaayos.

Sa pag-aaral ko ng relihiyon, may ilang hibla ang aking nabatid. *Anitismo* ang pinagbibinhian ng iba't ibang paniniwala at pananampalataya sa Pilipinas, kasama na rito ang Pilipino-Kristianong tradisyon. Ang Kristianong paniniwala ay ini-uugpong at pinasusupang sa sanga ng anitismong kahoy. Nagsanga-sanga ang matatawag na Pilipino-Kristianong relihiyon na mày angkin at mayamang espiritualidad na maituturing na kawangis nguni't hindi katulad ng Hudeo-Kristianong tradisyon.

Ang anitismo ay kinastilang salitang hango sa anito. May dalawang antas na gamit ang anitismo. Una, pinaniniwalaang lamang-lupa at lamang-dagat ang mga anitong pangkalikasan. Sila ang nagbabantay at nag-aalaga sa iba't ibang uri ng kalikasan gaya ng: parang, halaman, hayop, bato, yungib, burol, bundok, balon, talon, spa, ilog, dagat—sa kabuuan ang kalikasang ginagalawan ng tao. May mga pahiyang na isinasagawa ang tao upang amuin, patawarin, pagpalain, at idulog ang maraming pangangailangan. Mayroon ding talaytayan, babaylan, katalonan, mambunong, atbp., na mga tagapamagitan sa tao at mga anito.

Sa kamalayan ng Pilipino, ang tao ay inihahantulad sa isang banga. Gaya ng banga, ang katawan ng tao ay may labas, loob, at lalim. Sa ilalim ng loob ng katawan tumatahan ang kaluluwa. Ang kaluluwa ang nagpapagalaw sa tao. Ang pagkatao ay sinusukat ayon sa uri ng kaniyang kaluluwa.

Pumapanaw, yumayao, nalalagutan ng hininga—ay mga paglalarawan ng pagkalag o paghiwalay ng kaluluwa sa katawan. Ang katawan ng tao ay namamatay at nabubulok subali't ang kaluluwa ng tao ay sumasalangit. Pumapasok sa mas mataas na antas ng kapamuhayan ang mga sumakabilang buhay na kaluluwa.

Ang paglaho ng kaluluwa ay parang pagsasatagabulag. Hindi siya nakikita nguni't nakakakita. Hindi siya naririnig nguni't nakaririnig. Mayroon siyang kakayahang magparamdam. Ang sumakabilang buhay na kaluluwa ay itinuturing na pangalawang uri ng anito, hindi ng kalikasan kundi ng kamag-anakan, pamayanan, at sangbayanan. Ang anito ng kamag-anakan, pamayanan, at sambayanan ay nagiging tagapamagitan ng mga tao sa mga anito ng kalikasan upang maiayos ang

pagsasamahan ng tao at kanunuan. Ang pag-aanito ay isang katutubong ritwal sa kapuluan.

May mga kababalaghan sa kalikasan na lingid sa kaalaman ng karaniwang tao. Isa na rito ay yaong makakita ng anito. Ang mga anito ay nagbibigay ng mutya, galing, at panggayuma sa mga taong kanilang kaibigan at nakakita sa kanila. May mga taong kinukusang pinagkakalooban ng kagalingan sa pagtatanim, pangangaso, pangingisda at iba pang mga hanap-buhay. Sila ay itinuturing na pinagpala.

Mayroon din namang pinagpala sa pagtatanggol ng lipunan. Sila ay tinataguriang bagani o bayani. Ang mga bagani o bayani at ninuno sa kabilang buhay ay itinataas ang antas ng kapamuhayan. Si Kabunian, Lumawig, at Gat Dr. Jose P. Rizal ay magandang halimbawa ng anito ng pamayanang etniko at sambayanan.

Nang dumating sa kapuluan ang mga Kastila, ang relihiyong Catolico Romano ay kanilang dala, pati na rin ang mga kalaban ng kadeusang Kristiano. Katulad ng relihiyong Budhismo, Hinduwismo, at Islam, dala rin ng mananampalataya ang kamalayan tungkol sa mga maligno gaya ng tiyanak, aswang, tikbalang, kapre, duwende, diwata, engkanto, at demonyo. Ang mga ito ay napahanay na rin sa katutubong espiritualidad, alalaumbaga ang anitismo. Kagaya ng anito, nagbibigay din sila ng galing o anting-anting.

Nang dumating ang Kristianong kadeusan sa kapuluan, ang katesismo ay nagturo ng doktrina Kristiana tungkol sa iisang Dios na may tatlong persona: Dios Ama, Dios Anak, at Dios Espiritu Santo. Batid na ng mga katutubo ang paniniwala sa Bathala kaya't hindi naging mahirap sa kanila ang maniwala sa iisang Dios. Ang hindi maintindihan at nagbigay ng kalituhan ay ang lohika ng pagkakaroon ng Ama at Anak at walang Ina. Dahil sa kalituhan, kusang ipinasok ng mga mananampalataya ang konsepto ng Dios Ina. Ang pagkapersona ng tatlo ay naging katanggap-tanggap sa paglakip ng espiritu santo sa bawa't isa na animo'y tao. Sa kasalukuyang paniniwala, ang mga espiritu ng bawa't isang kadeusan ang lumalangkap, sumasanib, o sumasapi sa mga pinagpala o hinirang na luklukan.

Kasama rin sa kadeusan ng Kristianismo ang paniniwala sa mga arkangheles, anghel, kerubin, serapim, pati na rin ang mga satanas at demonyo. Ang mga di karaniwang mananampalataya sa kadeusan ay ginagawang santo at santa dahilan sa kanilang kabanalan. Ang lahat na ito ay matutunghayan sa Banal na Tipan at mga babasahing pangsimbahan.

Sa haba ng panahong pag-iral ng Kristianismo sa Pilipinas, hindi napigilan ang pag-usbong ng mga mito tungkol sa Kristianong kadeusan. Si G. Melencio T. Sabino ang pangunahing batis ng mga ito. Sa pag-uuri ni Tita Pambid ng mga medalyang anting-anting, iniugnay niya ang iba't ibang anting-anting sa kani-kaniyang mito sa kadeusang Kristiano. Lumalabas sa dalumat na ang mga medalya ay pangontra sa maligno o dili kaya'y panagot sa iba't ibang pangangailangan kagaya ng

pagsasatagabulag, kabal, kunat, paglipad, paglakad sa ibabaw ng tubig, pagbabalatkayo, laban sa gutom, uhaw, atbp. Ang mga medalyang anting-anting ay may mga salitang Latin, Hebreo, at Griego na pinaniniwalaang mga salitang ginamit ng Kristianong kadeusan na nagbunga ng milagro at kababalaghan.

Apat na elemento ang kailangan sa paggawa ng medalyang bronse: apoy, lupa, tubig, at hangin, bukod sa tinunaw na tanso at tin. Ang medalya ay kinukonsagra at kinakargahan ng panalangin para magkabisa. Ang pagpapakain ng panalangin sa medalya ay masugid na isinasagawa sa takdang araw at oras. Ang medalyang anting-anting ay may potensiya at lumalakas ito sa pagsasakripisyo. Ang anting-anting ay hindi ipinagsasabi, ipinagyayabang, o ipinagmamalaki. Hindi rin ito ginagamit sa masamang, lalo na sa mga taong walang kakayahang lumaban o ipagtanggol ang sarili. Sa madaling sabi ang may anting-anting ay mapagkumbaba. Ang anting-anting ay sa gipit nasusubukan.

Inandukha at inangking parang sarili ng maraming Pilipino ang kadeusan ng Kristianismo. Malakas ang pagsampalataya sa paniniwala. Ang anting-anting ay isa lamang kapahayagan ng marubdob na pananampalataya sa kadeusang Kristiano. Ini-ukit ang imahe at salita ng kabatlayaan sa medalyang anting-anting upang laging nakadikit sa balat ng mananampalataya ang kadeusang pinagdarasalan.

Bakit nagtatago sa loob ng bato si Bathala? Ang sagot: upang si Bathala ang magpakilos at magpagalaw sa kalooban ng mananampalataya.

Index

7 Llaves, 7x7 Vertudes, 13
7 Llaves, 39, 70 (larawan), 142 (larawan), 240

Abo Natac, 61, 63, 65 (larawan), 97 (larawan)
acrostic, 111, 236, 239
Adonay, 109, 110 (larawan), 112 (larawan)
Agila, 211 (larawan)
agimat, 7, 11, 19, 20, 29
Aglipay, Gregorio, 15, 31; *Novena del Dr. Jose Rizal, dedicada a las mujeres filipinas*, 31
Agnus Dei, 11, 27, 105, 108
Aguinaldo, Emilio, 7-8, 16-17, 223
Aklat Secreto ng Kabalistico, 11, 12 (larawan), 243-244, 246 (larawan), 259
Aklat Bathalismo, Inc. Inang Mahiwaga, 219
AKO, 3, 50, 105, 108, 118, 123, 237
Alaras, Consolacion, 11, 27, 29, 91; "Millenarian Discourse: Ang Pagbubukas sa Tipan ng Mahal na Ina," 29, 91, 118
Alcantara, Manuel V. Jr., 28 ; Colored Photographs of Bronze Reproduction of Old Filipino Amulets, 28
Alpha-Omega, 134 (larawan)
Alsaybar, Bangele G., 31, 118 ; "New Person, New Nation: An Interpretative Anthropological Study of the Lapiang Malaya," 31
amuleto, 7, 19, 21, 23, 27
Amuman, 69, 71, 76, 81, 105
Anak Bayan, 7; "Anting-Anting," 7
Anima, Nid, 29; "Anting-Anting," 29
Animasola, 39, 60, 61, 62 (larawan), 69, 75 (larawan), 104 (larawan), 105, 114, 118, 120, 123, 129 (larawan), 215, 252; mito ng, 73
anghel, 81, 86, 119, 120, 121, 193 (larawan), 195 (larawan); kategorya, 120-123
aniterias, 7
anitismo, 261
anting-anting, 5; ang pagbibigay kahulugan sa, 18-25; ang tradisyon sa anting-anting ng mga Tagalog, 18; ayon kay Miranda, 17; bulong, 20; consagracion ng, 242-244, 248; dupil, 19, 20; galing, 11, 15, 19, 20; gamit ng (ayon kay Retana), 221-222; gamit sa kasalukuyan (ayon kay Herrera), 225; gamit sa kasalukuyan (ayon sa katalogo ng Saldem Commercial), 225-226, 229; gamit sa kasalukuyan (ayon sa katalogo ng Peter's Mystical Book Center), 229; gamit sa kasalukuyan (ayon sa Things), 229; guinarapa, 23; gulo, 20, 21; halaga ng, 225; iniugnay sa mga kilusan, 15; kahulugan ng, 18-21 kahulugan (ayon kina de Noceda at de Sanlucar), 19; kahulugan (ayon

kay Laktaw), 20; kalikasan at batayan, 236-237; klasipikasyon, 117-121; mga kategorya ng, 120-123; mga uri ng, 117-124; pag-aalaga ng, 249, 251, 251 (larawan); mga pag-aaral tungkol sa anting-anting sa pamantasan, 14-18; mutya, 11, 19, 20, 21; paggamit ng, 248, 249, 251; paggawa ng, 50-53; paggawa ng medalyon, 50, 51-54, 98 (larawan); pagsubok sa kapangyarihan, 10, 16, 49, 251-257; pamahiin, 19, 21; paraan ng pagtatamo ng (ayon kay Ileto), 16; pinagmulan ng (ayon kay Franco), 9-10; pinagmulan ng medalyon, 49; sa Catbalogan, 18; sa panitikan at kasaysayan, 6-11; ritwal, 16, 23; ugnayan sa panggagamot, 33-41; uri (ayon kay Retana), 7; uri (ayon kay Abrera), 14
Apat na Evangelista, 127 (larawan), 128 (larawan), 129 (larawan), 146 (larawan), 159 (larawan)
Apo Ipe, 15, 222, 223, 249
Apo Paniang, 58 (larawan)
Arens, Richard, S.V.D., 14 , 21, 29, 30, 258; "The Use of Amulets and Talismans in Leyte and Samar," 14, 21, 29
arroba, 101
"Asuntos de Anting-Anting," 18
aswang, 9, 235
Atardar, 39, 40 (larawan), 41, 44 (larawan), 45, 49, 55, 56 (larawan), 73, 81, 133 (larawan), 108, 225, 226, 232
Averni (o Impierno), 91, 95
babaylanes, 15
Bagong Jerusalem, 26 (larawan)
"Bagong Liwanag, ang Tinig ng Katotohanan, 25
Bagong Tipan, 11, 103
Balein, Jose C., 9, 28; "Fanaticism in the Philippines," 9, 28
Balitaan, Maria Bernarda (MBB), 57, 118, 119, 217
Bantug, Antonio, 25, 31, 119
Bantug, Jose P., 31, 221-223, 251-253, 257
Baphomet, 41
Barthes, Roland, 30; *Writing Degree Zero and Elements of Semiology*, 30
Bathala, 106, 109, 123, 117-118, 262-263
Bathalismo, Inang Mahiwaga, 71, 108, 118
Berthelsen, Nita Umali, 27 ; Anting-Anting, Magic Amulet, 27
Birheng Maria (kapareho ng Mahal na Birhen at Birheng Imaculada Concepcion), 39, 41, 55, 73, 81, 86, 87, 89, 91, 93, 98 (larawan), 101, 106, 115, 120, 138 (larawan), 147 (larawan), 155 (larawan), 163-165 (larawan), 168 (larawan), 171-174 (larawan), 177-178 (larawan), 222, 223, 226, 233, 253, 254; Bulaklak, 86, 93, 94 (larawan), 95; Gumamela Celis, 83, 105; ibang pangalan ng, 76; La Purisima, 166 (larawan); Perpetual Help, 41, 166 (larawan)
Birhen Nagpapasuso, 248, 254
Bonifacio, Andres, 23
Boord, bundok ng, 100, 101
brujerias, 7
Budd, Richard, 117, 15; "Content Analysis and Research in Communication," 15

Buddha, 212 (larawan)
Buenvenida, Alex, 109, 118

Cacarong de Sili, 17
Calang, Juan, 14, 29; Librito sa Orasyones, 14, 29
Capitan Tui, 222-223, 249
Carballo, Bibsy M., 28; "The Filipino Fetish for the Pseudo-Religious," 28
Carpio, Bernardo, 119
Cinco Reales, 136 (larawan)
Cinco Vocales, 35, 39, 134 (larawan), 135 (larawan), 225, 226 (larawan), 232; A E I O U, 34; kahulugan ng, 37
cirio pascual, 16
Cofradia de San Jose, 9, 16
consagracion, 28; pamamaraan ng (ayon kay Herrera), 243-244, 248; pamamamaraan ng (ayon sa Peter's Mystical Book Center), 245
consagrar, 20
Consistorio del Santisima Trinidad, 72 (larawan)
Cordero ng Dios, 190 (larawan)
Cordero-Fernando, Gilda, 5, 25, 28, 229; "Whammy Against the Evil Eye," 28
Covar, Prospero, 11, 17, 18, 24, 29, 31, 55, 118; "The Iglesia Watawat ng Lahi: A Sociological Study of a Social Movement," 31; "The Iglesia Watawat ng Lahi: An Anthropological Study of a Social Movement in the Philippines," 31; "Kapahayagan ng Iba't Ibang Paniniwalang Pilipino, 114; "Potensiya, Bisa at Anting-Anting," 29; "Retablo ng Paniniwala, 114
Crass, Kenneth; "With a Listening Heart," 114
Cruz, E. Aguilar, 28; "Anting-Anting," 28

de la Cruz, Apolinario, 16; Cofradia de San Jose, 14
de Laurence, L.W., 30; *The Great Book of Magical Art*, 30
de los Reyes, Isabelo, 28, 32, 108, 116 ; *La Religion del "Katipunan" o seá la Antigua de los Filipinos*, 32, 108, 116
de los Santos, Epifanio, 222-223
de los Santos, Valentin, 1, 15
de Mesa, Jose M.; "With a Listening Heart," 114
de Noceda, Juan, 19, 30, 221, 257; *Vocabulario Lengua Tagala*, 19, 30, 211, 257
de Sanlucar, P. Pedro, 19, 30, 257; *Vocabulario Lengua Tagala*, 19, 30, 257
de Stuart, Concepcion Umali, 223, 257
de Villa, Rodrigo, 6
del Prado, Jaime, 6
Demetrio, Francisco R. S.J., 14, 237, 258; *Myths and Symbols Philippines*, 258
Di-Mabunggo, Eusebio, 17
Diez Mundos, 63, 68 (larawan)
dignum, 105
Dignum Crucis, 77, 79 (larawan), 130 (larawan)
Diksyunaryo ng Wikang Pilipino, 20, 30, 115
Dios Ama, 3, 37, 39, 41, 55, 56 (larawan), 57, 82, 85, 87, 91, 93, 98 (larawan), 99, 101, 103, 105, 106, 107, 108, 117, 118, 119, 120, 121,

128 (larawan), 130 (larawan), 136 (larawan), 138 (larawan), 141 (larawan), 156 (larawan), 226, 262; Araw, 134 (larawan), 135 (larawan); Dios Ubod Utak Katarungan Kalangkap ng Dilim at Buong Liwanag, 37; kategorya, 120-123, 125-160; lihim na pangalan, 37; "Ulilang Kaluluwa," 60, 61; "Walang Hanggang Dios," 60, 61, 69, 71, 85, 91
Dios Anak, 3, 13, 37, 39, 45, 55, 57, 59, 82, 91, 96, 97, 98 (larawan), 99, 101, 103, 105, 107, 117, 118, 119, 120, 121, 141 (larawan), 185 (larawan), 262; kategorya, 120-123
Dios Dios, 15
Dios Espiritu Santo, 91, 98 (larawan), 101, 107, 119, 127 (larawan), 262
Dios Fooc, 71, 80, 82-83, 91, 105, 123
Dios Ina, 3, 37, 39, 55, 57, 59, 73, 82, 85, 91, 93-103, 98 (larawan), 105, 107, 117, 119, 120, 133 (larawan), 137 (larawan), 138 (larawan), 262; kategorya, 120-123; mga mito (sa panahon ng Dios Ama Fooc, 69-84; iba pang mito sa panahon ng Dios Ama, 85-91
Dios na Liwanag, 60, 62 (larawan), 69
distance healing, 1
divine healers, 1
Dragon Rojo, 208 (larawan), 235
duwende, 34, 37, 210 (larawan), 235

Ecce Homo, 120, 187 (larawan)
Eco, Umberto, 30; *Semiotics and the Philosophy of Language*, 30
Egosum, 39
El Shaddai, 239
"Eloim," 61
Encanto de Dios, 41
Enerium Matam, 227 (larawan)
Espiritu Santo, 3, 37, 127 (larawan), 159 (larawan), 160 (larawan), 215, 217
Eugenio, Damiana L., 27; *Awit and Corrido, Philippine Metrical Romances*, 27

Facsimile de un Amuleto Tagalo, 110 (larawan)
Fansler, Dean S., 27; *Filipino Popular Tales*, 27
Filipino theogony, 18
Foronda, Marcelino Jr., 31; *Cults Honoring Rizal*, 31
Francia, Jose R., 28; *Hindi Biro! ... o Ang Anting-Anting*, 8, 28
Franco, Ernesto A., 9, 28; "Anting-Anting, the Native Defense Against Evil Contained in a Medal, or Amulet," 9

Garcia, Manuel (tingnan ang entry na Capitan Tui)
Ginang Orara, 54
Gloria Altissimo Deus, 227 (larawan)
Guardia de Honor de Maria, 15
Guiguinto, Pablo, 1, 3, 13, 23, 33, 34, 35, 36 (larawan), 37, 38 (larawan), 40 (larawan), 41, 42, 55, 93, 108, 114, 219, 221, 248, 258
guru, 257

H.A.H., 71, 78, 80, 81, 82, 83, 84
Hermano Pule, 9; Cofradia de San Jose, 9, 16
Herrera, Ben (Mang Ben), 3, 27, 50-54, 55, 118, 120, 123, 219, 237-238, 240, 248, 241, 258, 259

Holy Peso, 203-204 (larawan)
Houdini, 29
Huterrer, Karl, S.V.D., 14, 29, 30; "Some Oracion Tattoos from Samar," 14, 29

Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, 71, 106, 118, 119, 218, 259
Iglesia Sagrada ng Lahi, 118, 119
Iglesia Watawat ng Lahi, 9, 24 (larawan), 25, 26 (larawan)
Ileto, Reynaldo, 15, 27, 29, 30; *Pasyon and Revolution, Popular Movements in the Philippines*, 15, 27, 29, 30
Imaculada Concepcion, 223, 233
Infinito Dios, 11, 37, 39, 45, 55, 56 (larawan), 57, 59, 61, 64 (larawan), 66, 71, 78, 81, 85-86, 87, 89, 91, 93, 93-103, 104 (larawan), 105, 106, 107, 108, 109, 113, 114, 115, 117-118, 120, 123, 215, 232, 238, 243, 248, 252; binyagan, 13, 128 (larawan); Dios na Walang Hanggan ("Eloim"), 62, 64 (larawan), 71, 85; hindi binyagan, 13, 47 (larawan), 55, 104 (larawan), 127 (larawan), 128 (larawan), 129 (larawan), 133 (larawan); Kanunununuan, 64 (larawan); mga mito, 59-69; pang-combate (larawan), 102
INRI, 71, 73
Ira, Luning B., 27; Shazzam! for a Charmed Life, 27
Iresumad, 189 (larawan), 233

Jesus, 37, 57, 99-100, 101, 103, 106, 119, 190 (larawan); Kristo, 61, 63, 82, 83, 118, 184-186 (larawan)
Jehova Saday, 207 (larawan)
Jehovah Sabaoth, 239
Jocano, Landa F., 32; "Folk Medicine in a Philippine Municipality, An Analysis of the System of Folk Healing in Bay, Laguna, and its Implications for the Introduction of Modern Medicine," 32
Joven, Roman, 27, 28, 257, 259; "Anting-Antings, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion," 7, 27, 28, 257

Ka Ambo (tingnan ang entry na Guiguinto, Pablo)
Ka Felix, 1
Kababalaghang Lihim ng Niño Jesus, 13
Kabalistikong Pentacles, 113
Kabbalistic Power of Occultism, The, 13
Kadeusan, 34, 37, 39, 252; anyong mata, 46 (larawan), 55, 56 (larawan), 92 (larawan), 256
Kambal Tuko, 211 (larawan), 235
Kamlon, 6
Kapatirang ang Litaw na Katalinuhan, Kataastaasang Ama ng Lupa't Kalangitan (K.A.L.K.), 106, 119
kapre, 9
Kasaysayan ng Langit, Kapangyarihan Laban sa Kasamaan, 13, 93
Kataastaasang Ina, 40 (larawan), 41, 55, 56 (larawan), 105, 108, 137 (larawan), 225; hindi pa nagsasabog ng biyaya, 43 (larawan), 55, 56 (larawan)
Katoliko, 1, 105, 109, 117, 123; impluwensiya ng Katolisismo, 14, 106
Kayme, Sargent, 8, 28 ; *Anting-Anting Stories and Other Strange Tales of the Filipinos*, 8, 28

Kerubines, 98 (larawan)
Kilusang Mesiyaniko sa Pilipinas, 15
Kristiyanismo, 262-263
Kristong Itim, 15

La Compaña, 36 (larawan), 37, 54
La Compaña de Jesus (Society of Jesus), 54
La Lectura Popular, 1, 27
La Purisima, 166 (larawan), 233
Laktaw, Pedro Serrano, 30
Lapiang Malaya, 1, 15
Levin, Agnes Prieto, 1
Libro Secreto De Crie Eleison, 13
Likas, Dyornal ng Kasaysayan, 15, 29
Lipunang Pangkasaysayan, 15
Logos, 13, 59, 114, 238, 258
Lopez, Josefina (o Apo Paniang), 57, 58 (larawan)
Lopez-Santos, Bert (Ka Bert), 3, 23, 49, 50-53, 106, 108, 118, 221, 257
Lorenzo-Abrera, Bernadette G., 14; "Ang Numismatika ng Anting-Anting, Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino," 14
Lucky Pocket, 235
Lumarat Ehic, 76
Lumarat Laum, 76, 77 (larawan)
Lumarat Manaut, 76
Lumbera, Bienvenido, 27, 114; *Philippine Literature: A History and Anthology*, 27
Luna Antonio, 223
Luzbel (kasingkahulugan ng Luxbel, Lucifer at Becca), 37, 61, 63, 68 (larawan), 71, 78, 81, 82, 84, 85 (larawan), 89, 91, 115, 119, 120, 219; kategorya, 120-123

Mabun Paramitam (MP), 41
Maharajah's Mascot, 212 (larawan)
mahica blanca, 37
mangkukulam (o *manggagaway*), 9
manipulat, 9
mantra, 237
Marasigan, Vicente, S.J., 31, 118; *A Banahaw Guru, Symbolic Deeds of Agapito Illustrisimo*, 31
Marcos, Ferdinand E., 15
Mascot "Good Luck" Charm, 214 (larawan)
Mata, 130 (larawan), 133 (larawan); ng Ama, 137 (larawan), 141 (larawan), 145 (larawan), 146 (larawan), 147 (larawan); ng Birhen, 134 (larawan);
Mathers, S. Liddell MacGregor, 259; *Greater Key of Solomon, The*, 111, 259
medalyon (tingnan ang entry na anting-anting)
Miraculous Medal, 55, 163
Miranda, Claudio, 17, 30 ; *Costumbres Populares*, 17, 30
mito; ng Dios Ina sa Panahon ng Dios Ama, 85-91; ng Dios Ina Animasola sa Panahon ng Dios Ama Fooc at Pag-paplano ng Panahon ng Dios Anak, 69-84; tungkol sa Infinito Dios, 55-69;
monstrance, 16
Montañez, Peter, 109

Nardong Putik, 6
Nasaire, Icasiano (tingnan ang entry na Tandang Ano)
Nazareno, 3, 188 (larawan), 234
New American Bible, The, 258
New Exciting General Catalog, 225, 243, 258

New York Herald, 16
Nograles, Cynthia, 27; *Philippine History: A History and Anthology*, 27
Notariqon, 109, 116
Nuevo, Salud Fandino, 25, 106, 115, 116; Maikling Kasaysayan ng Kgg. Angel Lorenzo, Supremo Nacional ng K.A.L.K., 25, 115; Ugat K.A.L.K. (Kapatirang ang Litaw ng Katalinuhan) Mga Ninuno Natin at ang Panahon ng mga Kastila sa Pilipinas, Mga Ulat ng Kgg. Angel Lorenzo, Dakilang Patnugot ng P. ng K.A.L.K., 25, 116

Obusan, Teresita B., 31, 118; "Tatlong Persona Solo Dios: A Study of a Filipino Folk Religion," 31
Ocampo, Ambeth, 25
Ocampo, Nilo, 32
Ohos Animasola, 57
oracion, 241 (ng San Miguel Santiago at Sagrada Familia at Santisimo, larawan), 241 (sa 7 Llaves, larawan); gamit ng, 240, 242; gamit sa masama, 37; sa Infinito Deus, 250 (larawan); ni Ka Ambo na pang-consagra, 39, 244 (larawan); kaloob ng espiritu, 3; Mula Oracion tungo sa Anting-Anting, 41-49; nakapaloob sa mga librito, 11-14; sa pagbasbas ng ostiya, 107; pinagmulan, 3, 17, 36; ugnayan sa panggagamot, 33-41
ostiya, 17, 20, 107

Pambid, Nenita, 215; "Ang Tradisyon sa Awit ng Tatlong Samahang Milenaryo," 215
Panganiban, Jose Villa, 30; *Diksyunaryo-Tesauro Pilipino-Ingles*, 30
Panubo, 62 (larawan), 232
Papa Isio, 15
Papa Rios, 15
Pastores, Elizabeth, 15, 29; "Religious Leadership in Lapiang Malaya: A Historical Note," 29
Paterno, Pedro A., 32, 107-108, 116; *La Antigua Civilizacion Tagalog*, 32, 107, 116
Perpetual Help, 166 (larawan)
Pesigan, Guillermo M., 31, 118; "Pag-akyat sa Tuktok Banahaw: *Mistica* Drama-Rituals for Possible Salvation," 31; "Religion in Society: A Study of the Mt. Banahaw Complex," 31
Peter's Mystical Book Center, 3, 4 (larawan), 41, 109, 119, 219, 221, 230 (katalogo, larawan), 231 (patalastas, larawan), 243, 251, 253
Philippines Free Press, 7; "Anting-Antings, Las Armas mas Poderosas de la Revolucion," 7
Pilato, 71, 83, 84 (larawan)
Pitong Kanunununuan, 74 (larawan)
Pitong Susi, 61, 69, 70 (larawan), 114
Portuguez, 232
Pulahanes, 15
Puting Duwende, 211 (larawan)

Quirino, Jose A., 27; "Philippine Anting-Antings," 27

Renacimiento Filipino, 7
Retablo ng Paniniwala, 55, 57-59, 86, 109, 117, 119, 120, 121, 123, 226
Retana, Wenceslao, 6, 27, 28, 107, 221, 257; *Aparato Bibliografico de la Historia General de Filipinas*, 6, 27,

107, 116; "Prologo," 257; *Supersticiones de los Indios Filipinos, Un Libro de Aniterias*, 6, 27, 107, 116, 221
Reyes, Cora, 3, 49, 118, 254
Ricarte, Artemio, 17, 30; *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa mga Kastila*, 17, 30
Rizal, Jose P., 32, 119; Amang Doktor Rizal, 3, 39, 41, 45; Bathalang Amang Rizal, 37, 56 (larawan); Hari ng mga Engkantadong Divino, 37 ; Jesus Rizal, 55, 120, 190 (larawan); *La Curacion de los hechizados*, 32; Omnipotente ng Pilipinas, 37; Rizalista ng Tanay, 109; Templo Rizal, 106;
Rosal, Mario, 114

Sabino, Melencio T., 11, 59, 79, 93, 105, 108, 114, 118, 239, 258, 262; *Karunungan ng Diyos*, 11, 17, 59, 69, 93, 114, 118, 258; *Secreto: Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan*, 11, 12 (larawan), 93, 108
Sacred Heart, 3, 34, 120, 174 (larawan), 225
Sagisag, 17, 30
Sagrada Familia, 11, 25, 39, 45, 91, 98 (larawan), 100, 105, 118, 119, 120, 121, 123, 152-155 (larawan), 225, 240
Sagrada Familia (samahan), 25, 119
Sakay, Macario, 22 (larawan)
Saldem Commercial Enterprises, 4 (larawan), 5, 53, 56 (larawan), 109, 119, 221, 236, 248, 259
Salvador, Felipe (tingnan ang entry na Apo Ipe)
samahang milenaryo, 11, 25, 32
Samahang Santisima Trinidad Samahang Santo Niño, 1, 2 (larawan), 3, 33, 108
Samiano, Dune, 259
San Antonio de Padua, 6, 199 (larawan)
San Benito, 201 (larawan), 226, 230 (larawan)
San Cristobal, 196 (larawan), 202 (larawan), 225
San Jose, 152 (larawan), 154 (larawan), 177 (larawan), 202 (larawan), 234
San Jose Pater Salvatore, 225
San Juan, 9
San Miguel, 6, 86, 195 (larawan), 196 (larawan), 225, 254
San Miguel Santiago, 240
San Pedro, 200 (larawan), 234
San Rafael, 194 (larawan), 234
San Roque, 152 (larawan)
San Zibar, 129 (larawan), 138 (larawan), 254
Santa Iglesia, 15
Santiago de Galicia, 159, 195-196 (larawan), 204 (larawan)
Santisimo Sacramento, 11
Santisima Trinidad, 11, 39, 57, 71, 72 (larawan), 91, 96, 105, 107, 108, 146 (larawan), 223, 226, 233, 238, 240
Santo Niño, 3, 35, 36, 120, 141 (larawan), 181-183 (larawan), 225, 233
Santo Kristo, 184-186 (larawan)
San Pablo, 201 (larawan)
Santo Sepulcro, 18 (larawan)
Satanas, 37
Sator, 5, 49, 78, 79 (larawan), 109, 111, 112 (larawan), 115, 127 (larawan), 228 (larawan), 232
Scheans, Daniel J., 14, 29, 30; "Some Oracion Tattoos from Samar," 14, 29

Seal of Jupiter, 214 (larawan)
"Sediciones y Rebelliones, Medico Titulares," 18
Serrano, Leopoldo R., 28; "Anting-Anting, and Why Filipinos have Learned to Laugh at Danger," 28
Sibal, Demetrio, 4 (larawan), 11, 109, 259
Sibal, Sally, 248
Siete Arkangheles (o Pitong Arkanghel), 39, 49, 63, 66 (larawan), 67 (larawan), 73, 86, 90 (larawan), 123, 153 (larawan), 156 (larawan), 193 (larawan), 234, 248, 252, 256; gawang Batangas, 48 (larawan), 49; gawang Cavite, 48 (larawan), 49; hindi binyagan, 67 (larawan), 123
Siete Virgenes, 39, 56 (larawan), 71, 73, 91, 133 (larawan), 142 (larawan)
sigbinan, 9
sillar, 101
Sister Jean, 1, 3
skeleton, 235
Solam Mitam, 167 (larawan), 232
Solina, Romeo A., 18, 23, 30, 116, 259; "Talismanic Tradition Among Tagalogs," 18, 23, 30
Somera, Rene D., 32; "Pamumuwestong ng Bundok Banahaw," 32
Soriano, Emelina B., 28; Quiapo's Charm Market, 28
Spence, Hartzell, 29; Marcos of the Philippines: A Biography, 29
Spiritual Filipino Catholic Church, 25, 106, 119
S.T.M., 69, 76, 77 (larawan), 87, 96, 98 (larawan), 129 (larawan)
Suarez, Isabel, 57
Sun of Venus, 235
Suprema de la Iglesia del Ciudad Mistica de Dios, 25, 57, 118, 215
Susi ng Langit, 200 (larawan)

talisman, 18, 21, 23; halimbawa, 21, 23
Talisman Venus, 213 (larawan)
Tandang Ano, 3, 27, 50, 51, 105, 108, 123, 237-238, 252
Tantoco, Daniel, 119, 120
Tatlong Corona, 164 (larawan)
Tatlong Nuno, 151 (larawan)
Tatlong Persona (o Tres Persona), 55, 59, 63, 69, 71, 72 (larawan), 85, 86, 87, 88 (larawan), 89, 91, 93-103, 98 (larawan), 106, 107, 114, 117-118, 120, 121, 123, 147-148 (larawan), 154 (larawan), 225, 233, 243; ng bulaklak, 72 (larawan), 76 (larawan)
Tatlong Persona Solo Dios, 25, 71, 106, 109, 117, 119
Terada, Takefumi, 31; "The Spirit Cult of Santo Niño, An Anthropological Study of Popular Religiosity in the Philippines," 31
Terami-Wada, Motoe, 31, 118; "The Iglesia Sagrada ng Lahi, A Social Movement in the Philippines," 31
Tetragramaton, 137 (larawan), 225
Things, 5, 119
Tiagong Akyat, 6, 229
tianak, 9, 235
Tiempo, Edilberto K., 8, 28; "Amulet, The," 8, 28
tikbalang, 9, 235
Tiñoso, Don Juan, 6
tiong-araw, 252-253
tirong, 10
Topacio, Soli, 3, 30, 49, 236

Tree of Life, 213 (larawan)
Tres Ojos, 145 (larawan), 232
trespico solo ojos, 24
Trompeta, 234

Uph Madac, 61, 63, 65 (larawan), 97 (larawan)

Valdemoro, Padre Filomeno, 36, 54
Venegas, Paco, 7, 27; Amuletos Guerreros de la Pasada Revolucion, 7, 27; El Anting-Anting, 7, 27
Ver, Agnes, 3
Ver, Fabian C., 3
Virgen Encanto de Dios, Viaje Sta. Maria, 14
Virgen Infinita, 232

Wagan, Venancio, 25, 106, 116; *Aklat Bathalismo Inang Mahiwaga*, 25
Watawat ng Lahi, 118, 119
Wheel of Fortune, 213 (larawan)
white magic (tingnan ang entry na mahica blanca)
Wilcox, Marrion, 7, 28, 116; *Harper's History of the War in the Philippines*, 7, 28, 108, 116
World Book Encyclopedia, The, 54

Yogananda, Paramahansa, 111, 116, 238, 257, 258, 259; *Autobiography of a Yogi*, 116, 257, 258
Yu, Yeung Yeung, 31; "Quiapo Church: A Study of its Life-style and Rituals," 31

Tungkol sa May-akda

Si Nenita D. Pambid ay nagtapos ng kanyang M.A. (1989) at Ph.D. (1997) sa Pilipinolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas, at ng Theatre Arts Full Time Program sa Lee Strasberg Theatre Institute sa Los Angeles, California noong 1991. Nagturo siya sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, CAL, UP Diliman (1986-1989), Department of Speech Communication and Theatre Arts, CAS, UP Manila (1992) at Department of Film and Audio-Visual Communication, CMC, UP Diliman (1992-1993). Naging Government Exchange Professor din siya sa Peking University, People's Republic of China noong 1989-1990 sa Departamento ng Wika at Panitikang Oriental.

Naging visiting professor siya sa Center for Southeast Asian Studies, Department of East Asian Languages and Cultures ng University of California sa Los Angeles (UCLA) kung saan nagturo siya ng Introduction to Philippine Literature at ng Intermediate Tagalog. Sa kasalukuyan, siya ay lecturer sa Loyola Marymount University (LMU) at California State University sa Long Beach (CSULB). Nagtuturo siya ng Wikang Filipino sa LMU at Filipino Language, Literature and Culture sa CSULB.

Naninirahan siya ngayon sa Los Angeles, kasama ang kanyang kabiyak na si Reuben T. Domingo, at mga anak na sina Vita, Noel, Vera, at Jose Juan Hari.



ISBN 971-542-069-9
9 789715 420693

Cover design by Bones Calleja